
# Bagong Tipan

## Manwal ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo



# Bagong Tipan

**Manwal ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo**

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

Pabalat: *Ang Pangangaral sa Bundok*, ni Carl Bloch. Ginamit nang may pahintulot ng National Historic Museum ng Frederiksborg.

© 1998 ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 1/98
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 1/98
Pagsasalin ng *New Testament Gospel Doctrine Teacher's Manual*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| Bilang at Pamagat ng Aralin | | Pahina |
|---|---|---|
| Mga Tulong Para sa Guro | | v |
| 1 | "Upang Kayo'y Magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo" (Isaias 61:1–3; Pagsasalin ni Joseph Smith, Lucas 3:4–11; Juan 1:1–14; 20:31) | 1 |
| 2 | "Dinadakila ng Aking Kaluluwa ang Panginoon" (Lucas 1; Mateo 1) | 6 |
| 3 | "Sapagka't Ipinanganak sa Inyo Ngayon . . . ang Isang Tagapagligtas" (Lucas 2; Mateo 2) | 10 |
| 4 | "Ihanda Ninyo ang mga Daan ng Panginoon" (Mateo 3–4; Juan 1:35–51) | 15 |
| 5 | "Ipanganak na Muli" (Juan 3–4) | 21 |
| 6 | "At Pagdaka'y Iniwan Nila ang mga Lambat" (Lucas 4:14–32; 5; 6:12–16; Mateo 10) | 26 |
| 7 | "[Siya] Rin ang Kumuha ng Ating mga Sakit, at Nagdala ng Ating mga Karamdaman" (Marcos 1–2; 4:35–41; 5; Lucas 7:11–17) | 31 |
| 8 | Ang Pangangaral sa Bundok: "Isang Daang Kagalinggalingan" (Mateo 5) | 36 |
| 9 | "Hanapin Muna Ninyo ang Kaniyang Kaharian" (Mateo 6–7) | 42 |
| 10 | "Pasanin Ninyo ang Aking Pamatok at Mag-aral Kayo sa Akin" (Mateo 11:28–30; 12:1–13; Lucas 7:36–50; 13:10–17) | 49 |
| 11 | "Pinagsalitaan Niya Sila ng Maraming mga Bagay sa mga Talinghaga" (Mateo 13) | 54 |
| 12 | "Ako ang Tinapay ng Kabuhayan" (Juan 5–6; Marcos 6:30–44; Mateo 14:22–33) | 59 |
| 13 | "Ibibigay Ko sa Iyo ang mga Susi ng Kaharian" (Mateo 15:21–17:9) | 65 |
| 14 | "Sino ang Aking Kapuwa Tao?" (Mateo 18; Lucas 10) | 71 |
| 15 | "Ako ang Ilaw ng Sanglibutan" (Juan 7–8) | 77 |
| 16 | "Ako'y Naging Bulag, Ngayo'y Nakakakita Ako" (Juan 9–10) | 82 |
| 17 | "Ano ang Gagawin Ko Upang Magmana ng Buhay na Walang Hanggan?" (Marcos 10:17–30; 12:41–44; Lucas 12:13–21; 14; 16) | 87 |
| 18 | "Siya'y Nawala, at Nasumpungan" (Lucas 15; 17) | 93 |
| 19 | "Pinagaling Ka ng Pananampalataya Mo" (Lucas 18:1–8, 35–43; 19:1–10; Juan 11) | 98 |
| 20 | "Sa Aba Ninyo . . . mga Mapagpaimbabaw" (Mateo 21–23; Juan 12:1–8) | 103 |

| | | |
|---|---|---|
| 21 | "Ano ang Magiging Tanda ng Iyong Pagparito" (Joseph Smith—Mateo [Mateo 24]) | 109 |
| 22 | "Manahin Ninyo ang Kahariang Nakahanda sa Inyo" (Mateo 25) | 114 |
| 23 | "Kung Paanong Iniibig Ko Kayo, ay Mangag-ibigan Naman Kayo sa Isa't Isa" (Lucas 22:1–38; Juan 13–15) | 119 |
| 24 | "Ito ang Buhay na Walang Hanggan" (Juan 16–17) | 124 |
| 25 | "Huwag Mangyari ang Aking Kalooban, Kundi ang Iyo" (Mateo 26:36–46; Marcos 14:32–42; Lucas 22:39–46) | 130 |
| 26 | "Ako'y Ipinanganak Dahil Dito" (Mateo 26:47–27:66; Marcos 14:43–15:39; Lucas 22:47–23:56; Juan 18–19) | 135 |
| 27 | "Siya'y Wala Rito; Sapagka't Siya'y Nagbangon" (Mateo 28; Lucas 24; Juan 20–21) | 142 |
| 28 | "Mga Saksi Kami" (Ang Mga Gawa 1–5) | 148 |
| 29 | "Dumadami ang Bilang ng mga Alagad" (Ang Mga Gawa 6–9) | 155 |
| 30 | "Hindi Nagtatangi ang Dios ng mga Tao" (Ang Mga Gawa 10–14; 15:1–35) | 161 |
| 31 | "Kaya Nga, ang mga Iglesia'y Pinalakas sa Pananampalataya" (Ang Mga Gawa 15:36–18:22; I at II Mga Taga Tesalonica) | 167 |
| 32 | "Nangabubuhay sa Pamamagitan ng Espiritu" (Ang Mga Gawa 18:23–20:38; Mga Taga Galacia) | 173 |
| 33 | "Kayo'y Templo ng Dios" (I Mga Taga Corinto 1–6) | 179 |
| 34 | "Iniingatan Ninyong Matibay ang mga Turo, na Gaya ng Ibinigay Ko" (I Mga Taga Corinto 11–16) | 185 |
| 35 | "Kayo'y Makipagkasundo sa Dios" (II Mga Taga Corinto) | 191 |
| 36 | "Mga Iniibig ng Dios, Tinawag na mga Banal" (Mga Taga Roma) | 196 |
| 37 | Jesucristo: "Ang Gumawa at Sumakdal ng Ating Pananampalataya" (Sa Mga Hebreo) | 202 |
| 38 | "Nagpapatoo Ka sa Akin" (Ang Mga Gawa 21–28) | 208 |
| 39 | "Sa Ikasasakdal ng mga Banal" (Mga Taga Efeso) | 214 |
| 40 | "Lahat ng mga Bagay ay Aking Magagawa [sa Pamamagitan ni Cristo]" (Mga Taga Filipos; Mga Taga Colosas; Filemon) | 219 |
| 41 | "Natapos Ko na ang Aking Takbo" (I at II Kay Timoteo; Kay Tito) | 225 |
| 42 | "Dalisay na Relihion" (Santiago) | 230 |
| 43 | "Isang Lahing Hirang" (I at II Ni Pedro; Judas) | 235 |
| 44 | "Ang Dios ay Pag-ibig" (I, II, at III Ni Juan) | 240 |
| 45 | "Ang Matagumpay ay Magmamana ng mga Bagay na Ito" (Apocalipsis 1–3; 12) | 245 |
| 46 | "Siya'y Mananahan sa Kanila, at Sila'y Magiging mga Bayan Niya" (Apocalipsis 5–6; 19–22) | 252 |

# Mga Tulong Para sa Guro

Matapos magpakita ang nabuhay na mag-uling Panginoon sa kanyang mga Apostol, siya ay muling nagpakita sa isang pangkat nila sa Dagat ng Galilea. Habang kasama niya sila ay tinanong niya si Pedro nang makatatlong ulit: "Iniibig mo baga ako?" Sa tuwing sasagot si Pedro ng, "Nalalaman mo na kita'y iniibig" ay ganito ang naging tugon ng Panginoon sa pahayag ni Pedro: "Pakanin mo ang aking mga kordero. . . .  Alagaan mo ang aking mga tupa. . . . Pakanin mo ang aking mga tupa" (Juan 21:15–17).

Bilang isang guro sa Doktrina ng Ebanghelyo ay maipakikita ninyo ang inyong pagmamahal sa Panginoon sa pamamagitan ng pagpapakain sa kanyang tupa, na tinitiyak na ang bawat miyembro ng inyong klase ay "maalaala at mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos" (Moroni 6:4). Ang isang mahalagang layunin ng salita ng Diyos ay upang tulungan tayong "magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo, ang Anak ng Dios; at sa pagsampalataya ay magkaroon [tayo] ng buhay sa kaniyang pangalan" (Juan 20:31). Sa paggabay ng Espiritu ay matutulungan ninyo ang mga miyembro ng klase na palakasin ang kanilang mga patotoo tungkol sa Tagapagligtas, sa kanilang pananampalataya sa kanya, at sa kanilang pangakong ipamumuhay ang kanyang ebanghelyo. Matutulungan din ninyo silang tanggapin ang iba pang mga biyayang nagmumula sa taimtim na pag-aaral ng Bagong Tipan, tulad ng ipinahayag ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Ang buong mensahe ng Bagong Tipan ay nagdudulot ng diwa ng pagpukaw sa kaluluwa ng tao. Ang mga anino ng kawalang pag-asa ay pinapawi ng mga sinag ng pag-asa, ang kalungkutan ay nagagapi ng kagalakan, at ang damdamin ng kawalang-kabuluhan sa kalipunan ng mga tao sa buong daigdig ay naglalaho sa tiyak na kaalaman na ang ating Ama sa Langit ay nagmamalasakit sa bawat isa sa atin" ("The Spirit Giveth Life," *Ensign*, Hunyo 1997, 2).

**Pagtuturo sa Pamamagitan ng Espiritu**

Kapag naghahanda para sa klase ng Doktrina ng Ebanghelyo, mahalagang hangarin ninyo ang inspirasyon at patnubay mula sa Espiritu Santo. "Ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya" ang sabi ng Panginoon, "at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo" (Doktrina at mga Tipan 42:14). Tandaan na ang Espiritu Santo ang siyang guro sa inyong klase.

Masusumpungan ninyo ang Espiritu sa pamamagitan ng pananalangin, pag-aayuno, pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw, at pagsunod sa mga kautusan. Habang naghahanda para sa klase, manalangin na tulungan kayo ng Espiritu na maunawaan ang mga banal na kasulatan at ang mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Matutulungan din kayo ng Espiritu na makapagplano ng makabuluhang mga paraan upang matalakay ang mga banal na kasulatan at maipamuhay ang mga ito sa kasalukuyan (tingnan sa 1 Nephi 19:23). Sa pamamagitan ng patnubay ng Espiritu kayo ay magiging mabisang kasangkapan sa kamay ng Panginoon upang maituro ang kanyang salita sa kanyang mga anak.

Nakasaad sa ibaba ang ilang mungkahi kung paano maaanyayahan ang Espiritu sa inyong klase:

1. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na mag-alay ng mga panalangin bago magsimula at pagkatapos ng aralin. Habang nagkaklase, mataimtim na manalangin na patnubayan kayo ng Espiritu na buksan ang puso ng mga miyembro ng klase, at magpatotoo at magbigay inspirasyon sa kanila.
2. Gamitin ang mga banal na kasulatan (tingnan sa "Pagtutuon ng Pansin sa mga Banal na Kasulatan," sa ibaba).
3. Magbigay ng patotoo sa tuwing bibigyang-inspirasyon kayo ng Espiritu, hindi lamang sa pagtatapos ng aralin. Magpatotoo tungkol kay Jesucristo. Madalas na anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbigay ng kanilang mga patotoo.
4. Gamitin ang mga himno, mga awit sa Primarya, at iba pang sagradong musika upang maihanda ang puso ng mga miyembro ng klase na madama ang Espiritu.
5. Ipadama ang pagmamahal sa mga miyembro ng klase, sa iba, at sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.
6. Magbahagi ng mga ideya, damdamin, at karanasan na may kaugnayan sa aralin. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na gawin din ang gayon. Maaari ring sabihin ng mga miyembro ng klase kung paano nilang naisagawa ang mga alituntuning tinalakay sa mga nakaraang aralin.

---

**Pagtutuon ng Pansin sa mga Banal na Kasulatan**

Itinuro ni Elder Boyd K. Packer na, "Ang totoong doktrina, kapag naunawaan, ay akapagpapabago ng pag-uugali at saloobin" (sa Conference Report, Okt. 1986, 20; o *Ensign*, Nob. 1986, 17). Sa inyong paghahanda at habang nagkaklase, ituon ang pansin sa mga nakapagliligtas na doktrina ng ebanghelyo ayon sa pagkakalahad ng mga ito sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Hinihingi nito na pag-aralan ninyo nang buong tiyaga at may panalangin ang mga banal na kasulatan. Iniutos ng Panginoon na, "Huwag hangaring ipahayag ang aking salita, kundi hangarin munang matamo ang aking salita." Habang natatamo ninyo ang kanyang salita sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay ipinangangako ng Panginoon na, "pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila; pagkatapos, kung iyong nanaisin, mapapasaiyo ang aking Espiritu at ang aking salita, oo, ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao" (Doktrina at mga Tipan 11:21).

Himukin ang mga miyembro ng klase na dalhin ang kanilang mga banal na kasulatan sa klase linggu-linggo. Sama-samang basahin ang mga piling talata ng banal na kasulatan habang tinatalakay ninyo ang mga ito.

Ang bawat miyembro ng klase ay dapat mabigyan ng kopya ng *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase sa Bagong Tipan* (35682 893). Matutulungan ng buklet na ito ang mga miyembro ng klase na pag-ibayuhin ang kanilang mga kasanayan sa pag-aaral at bumaling sa mga banal na kasulatan para sa mga kasagutan sa kanilang mga tanong. Makatutulong ito sa kanila upang maunawaan ang mga banal na kasulatan, ipamuhay ang mga ito, maghandang talakayin ang mga ito sa klase, at gamitin ang mga ito sa mga talakayan ng pamilya.

## Paggamit sa Manwal na Ito

Ang manwal na ito ay isang gamit na tutulong sa inyo upang maituro ang mga doktrina ng ebanghelyo mula sa mga banal na kasulatan. Isinulat ito para sa mga klase ng Doktrina ng Ebanghelyo ng mga kabataan at ng mga nasa wastong gulang at gagamitin ito tuwing ikaapat na taon. Hindi na kailangan ang mga karagdagang sanggunian at komentaryo upang ituro ang mga aralin.

Ang mga aralin sa manwal na ito ay naglalaman ng higit na kailangang impormasyon kaysa maaari ninyong maituro sa isang oras ng klase. Hangarin ang Espiritu ng Panginoon sa pagpili ng mga pangyayari sa banal na kasulatan, mga tanong, at iba pang mga materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

Ang bawat aralin ay naglalaman ng sumusunod na mga bahagi:

1. *Pamagat*. Ang pamagat ay binubuo ng dalawang elemento: isang maikling naglalarawang parirala o siping-banggit at ang mga banal na kasulatan na dapat ninyong basahin bago ihanda ang aralin.
2. *Layunin*. Ang pangungusap na nagsasaad ng layunin ay nagmumungkahi ng isang pangunahing ideya na mapagtutuunan ninyo ng pansin habang inihahanda at itinuturo ninyo ang aralin.
3. *Paghahanda*. Ibinubuod ng bahaging ito ang mga pangyayari sa banal na kasulatan na nasa banghay ng aralin at nagbibigay ng mga mungkahi upang matulungan kayong makapagturo nang mas mabisa. Maaari rin itong kabilangan ng karagdagang pagbabasa at iba pang mga mungkahi para sa paghahanda, kagaya ng mga materyal na nais ninyong dalhin sa klase.
4. *Gawaing pantawag-pansin*. Ang bahaging ito ay binubuo ng isang simpleng gawain, pakay-aralin, o tanong upang tulungan ang mga miyembro ng klase na maghandang matuto, makilahok, at madama ang impluwensiya ng Espiritu. Kung gamit man ninyo ang gawaing pantawag-pansin ng manwal o ang gawain na inyong ginawa, mahalagang ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase sa simula ng aralin. Dapat ay maikli lamang ang gawain.
5. *Talakayan at pagsasagawa ng banal na kasulatan*. Ito ang pangunahing bahagi ng aralin. Pag-aralan nang may panalangin ang mga pangyayari sa banal na kasulatan upang mabisa ninyong maituro at matalakay ang mga ito. Gamitin ang mga mungkahing nasa “Paghimok ng Talakayan sa Klase” at “Paggamit ng Iba’t Ibang Paraan sa Pagtuturo ng mga Banal na Kasulatan” (mga pahina 00 [vii–viii] upang maiba ang paraan ng inyong pagtuturo at upang mapanatili ang interes ng mga miyembro ng klase.
6. *Katapusan*. Ang bahaging ito ay tumutulong sa inyong maibuod ang aralin at himukin ang mga miyembro ng klase na ipamuhay ang mga alituntunin na inyong natalakay. Pinaaalalahanan din kayo nito na magbigay ng patotoo. Tiyaking maglaan ng sapat na oras upang tapusin ang bawat aralin.
7. *Karagdagang mga ideya sa pagtuturo*. Ang bahaging ito ay matatagpuan sa halos lahat ng aralin sa manwal. Ito ay maaaring kabilangan ng mga karagdagang katotohanan mula sa mga pangyayari sa banal na kasulatan, panghaliling pamamaraan ng pagtuturo, gawain, o iba pang mga mungkahi na nagsisilbing karagdagan sa banghay ng aralin. Maaaring naisin ninyong gamitin ang ilan sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

Pagbalik-aralan ang bawat aralin ng kahit isang linggo man lamang bago ituro. Kapag pinag-aaralan ninyo ang takdang babasahin at ang materyal ng aralin nang maaga, makatatanggap kayo ng mga kaisipan at impresyon sa buong linggo na tutulong sa inyo na maituro ang aralin. Habang pinagninilay-nilayan ninyo ang aralin sa buong linggo, manalangin na patnubayan kayo ng Espiritu. Manalig na pagpapalain kayo ng Panginoon.

---

**Paghimok ng Talakayan sa Klase**

Karaniwan ay hindi kayo dapat magbigay ng mga lektyur. Sa halip ay tulungan ang mga miyembro ng klase na makisali nang makabuluhan sa pagtalakay ng mga banal na kasulatan. Ang pakikilahok ng mga miyembro ng klase ay nakatutulong sa kanila upang:

1. Higit na matutuhan ang mga banal na kasulatan.
2. Matuto kung paano isasagawa ang mga alituntunin ng ebanghelyo.
3. Magkaroon ng mas matibay na pangako na ipamuhay ang ebanghelyo.
4. Anyayahan ang Espiritu sa klase.
5. Turuan at patatagin ang bawat isa (Doktrina at mga Tipan 88:122) upang makinabang sila mula sa mga kaloob, kaalaman, karanasan, at mga patotoo ng bawat isa.

Ang mga talakayan sa klase ay dapat makatulong sa mga miyembro na lumapit kay Cristo at mamuhay bilang kanyang mga disipulo. Iwasan ang mga talakayan na hindi magsasakatuparan sa mga layuning ito.

Hangarin ang patnubay ng Espiritu habang pinag-aaralan ninyo ang mga tanong sa manwal na ito at magpasiya kung alin ang mga itatanong. Ang manwal ay naglalaan ng mga sanggunian sa banal na kasulatan upang tulungan kayo at ang mga miyembro ng klase na matagpuan ang mga sagot sa karamihan sa mga tanong na ito. Ang mga sagot sa iba pang mga tanong ay magmumula sa mga karanasan ng mga miyembro ng klase.

Mas mahalagang tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan at maipamuhay ang mga banal na kasulatan kaysa talakayin ang lahat ng materyal ng aralin na inyong inihanda. Kung ang mga miyembro ng klase ay natututo mula sa isang mabuting talakayan, madalas na makatutulong kung hahayaang magpatuloy ito sa halip na piliting talakayin ang kabuuan ng materyal ng aralin.

Gamitin ang sumusunod na mga panuntunan upang humimok ng talakayan sa klase:

1. Magtanong ng mga katanungan na mangangailangan ng pag-iisip at talakayan sa halip na mga sagot na "oo" o "hindi." Ang mga tanong na nagsisimula sa *bakit*, *paano*, *sino*, *ano*, *kailan*, at *saan* ay karaniwang pinakamabisa sa paghimok ng talakayan.
2. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nagpapakita kung paano magagamit sa kanilang buhay ang mga alituntunin at doktrina sa banal na kasulatan. Himukin din silang ibahagi ang kanilang damdamin tungkol sa natututuhan nila mula sa mga banal na kasulatan. Magbigay ng mga positibong komentaryo tungkol sa kanilang mga naiambag.
3. Maging sensitibo sa mga pangangailangan ng bawat miyembro ng klase. Kahit na dapat himukin ang lahat ng miyembro ng klase na makisali sa mga

talakayan sa klase, ang ilan ay maaaring mag-atubiling tumugon. Maaari ninyong naising makipag-usap sa kanila nang sarilinan upang malaman kung ano ang kanilang damdamin tungkol sa pagbabasa nang malakas o pakikisali sa klase. Mag-ingat at huwag tawagin ang mga miyembro ng klase kung magiging sanhi ito ng kanilang pagkapahiya.

4. Magbigay ng mga sangguniang banal na kasulatan upang matulungan ang mga miyembro ng klase na matagpuan ang mga sagot sa ilang tanong.

5. Himukin ang mga miyembro ng klase na pagnilay-nilayin ang mga tanong sa *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase sa Bagong Tipan* habang pinag-aaralan nila ang mga takdang babasahin sa bawat linggo. Habang inihahanda ninyo ang bawat aralin, isaalang-alang kung paano tatalakayin ang mga tanong na ito sa klase. Mas madaling makasasali sa mga talakayan ang mga miyembro ng klase kung napag-aralan nila ang takdang babasahin at kung magtatanong kayo ng mga katanungan na handa nilang sagutin.

---

**Paggamit ng Iba't Ibang Paraan sa Pagtuturo ng mga Banal na Kasulatan**

Gamitin ang sumusunod na mga mungkahi upang mas mabisang maituro ang mga pangyayari sa banal na kasulatan at upang magkaroon ng pagkakaiba-iba:

1. Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung ano ang itinuturo ng mga banal na kasulatan tungkol kay Jesucristo. Hilingin sa kanila na isaalang-alang kung paano napag-iibayo ng ilang talata ang kanilang pananampalataya sa Tagapagligtas at kung paano ito nakatutulong sa kanila na madama ang kanyang pagmamahal.

2. Hilingan ang mga miyembro ng klase na mag-isip at magbahagi ng mga tiyak na paraan kung paano magagamit ang isang talata ng banal na kasulatan sa kanilang buhay. Hayaang ituring nila na sila ang tinutukoy sa mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng paghalili ng kanilang pangalan sa mga piling talata nang sa isip lamang.

3. Bilang karagdagan sa pagtuturo ng doktrina, bigyang-diin ang mga kuwento sa Bagong Tipan na nakapagpapatatag ng pananampalataya, na tinitiyak na ang mga ito ay nauunawaan ng mga miyembro ng klase at talakayin ang mga paraan kung paano maisasagawa ang mga ito.

4. Papaghanapin ang mga miyembro ng klase ng mga salita, parirala, o ideya na madalas ulitin sa isang talata ng banal na kasulatan o may natatanging kahulugan para sa kanila.

5. Ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* ay sadyang makatutulong sa pansariling pag-aaral at talakayan sa klase.

6. Isulat sa pisara ang mga parirala, pangunahing salita, o tanong na may kaugnayan sa pangyayari sa banal na kasulatan. Pagkatapos ay basahin o ibuod ang pangyayari. Habang pinakikinggan ng mga miyembro ng klase ang mga parirala, pangunahing salita, o sagot sa mga tanong, tumigil at talakayin ang mga ito.

7. Sa buong Aklat ni Mormon, ang pariralang "Oo, sa gayon nakikita natin" ay ginagamit upang ipakilala ang buod ng mga alituntuning itinuturo (tingnan

ang halimbawa sa Helaman 3:28). Matapos talakayin ang isang talata ng banal na kasulatan, hilingin sa mga miyembro ng klase na ipaliwanag ang alituntunin sa talata na ginagamit ang pariralang "Oo, sa gayon nakikita natin."

8. Maghanap at talakayin ang mga sagisag na ginagamit sa Bagong Tipan. Halimbawa, ang Kasintahang lalaki at babaeng ikakasal ay sumasagisag sa Tagapagligtas at sa kanyang mga tao.
9. Pansinin kung paano maihahambing sa isa't isa ang mga tao at pangyayari sa mga banal na kasulatan.
10. Ipasadula sa mga miyembro ng klase ang mga kuwento sa banal na kasulatan sa pamamagitan ng pagbabasa nang malakas sa mga salita ng magkakaibang tauhan sa mga kuwento. Tiyaking ang mga pagsasadula ay nagpapakita ng kaukulang paggalang sa mga banal na kasulatan.
11. Hatiin ang klase sa dalawa o tatlong maliliit na grupo. Pagkatapos nito ay pagbalik-aralan ang isang pangyayari sa banal na kasulatan, ipasulat sa bawat grupo ang mga alituntunin at doktrina na itinuro sa salaysay. Pagkatapos ay hayaang maghalinhinan ang mga grupo sa pagtalakay kung paano maisasagawa ang mga aral na ito sa ating buhay.
12. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magdala ng lapis upang markahan ang mahahalagang talata habang tinatalakay ninyo ang mga ito.

---

## Pagtulong sa mga Bagong Miyembro

Bilang guro ng Doktrina ng Ebanghelyo, maaaring magkaroon kayo ng pagkakataong turuan ang mga miyembro na bago pa lamang sa Simbahan. Ang inyong pagtuturo ay makatutulong sa mga bagong miyembro na maging matatag sa pananampalataya.

Sinabi ng Unang Panguluhan na: "Ang bawat miyembro ng Simbahan ay kailangang mahalin at pangalagaan, lalo na sa mga unang ilang buwan matapos ang kanilang binyag. Kapag ang mga bagong miyembro ay nakatanggap ng tapat na pakikipagkaibigan, mga pagkakataon upang makapaglingkod, at espirituwal na pangangalaga na nagmumula sa pag-aaral ng salita ng Diyos, sila ay nakararanas ng pangmatagalang pagbabago at nagiging 'mga kababayan na kasama ng mga Banal, at sangbahayan ng Dios' (Mga Taga Efeso 2:19)" (Liham ng Unang Panguluhan, ika-15 ng Mayo 1997).

---

## Pagtuturo ng Ebanghelyo sa mga Kabataan

Kung tinuturuan ninyo ang mga kabataan, alalahanin na kadalasan ay kailangan nila ng aktibong pakikisali at mga bisuwal na paglalarawan ng mga doktrina na tinatalakay. Ang paggamit ninyo ng mga pagpapalabas ng video, larawan, at gawain na iminumungkahi sa manwal ay makatutulong sa mga kabataan na manatiling interesado sa mga aralin. Para sa iba pang mga ideya na makatutulong sa inyo sa pagtuturo ng ebanghelyo sa kabataan, sumangguni sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (33043 893) at ang Gabay sa Pagtuturo (34595 893).

# "Upang Kayo'y Magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo"

Aralin 1

*Isaias 61:1–3; Pagsasalin ni Joseph Smith, Lucas 3:4–11; Juan 1:1–14, 20:31*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na patatagin ang kanilang mga patotoo kay Jesucristo sa pamamagitan ng pag-aaral ng Bagong Tipan.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Isaias 61:1–3; Pagsasalin ni Joseph Smith, Lucas 3:4–11. Sina Isaias at Juan Bautista ay nagpropesiya tungkol sa misyon ng Tagapagligtas.
   b. Juan 1:1–14; 20:31. Ang Apostol na si Juan ay nagpatotoo na si Jesucristo ang "tunay na Ilaw." Ipinahayag niya na ang kanyang layunin sa pagsusulat ng kanyang patotoo ay upang tulungan ang iba na "magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo."

2. Kumuha ng kopya ng *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase sa Bagong Tipan* (35682) para sa bawat tao sa inyong klase. (Dapat ay na-order na ng purok ang mga gabay na ito sa pag-aaral bilang bahagi ng taunang order ng kurikulum. Ang isang miyembro ng pamunuang obispo ang dapat magbigay ng mga ito sa panguluhan ng Panlinggong Paaralan.)

3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, hilingan ang ilang miyembro ng klase na maghandang basahin o ibuod ang isang paboritong talata sa Bagong Tipan at maikling ipaliwanag kung bakit nakapagbibigay inspirasyon o nakatutulong sa kanila ang talatang iyon.

4. Kung makukuha ang sumusunod na mga larawan, gamitin ang mga ito sa aralin: Nagsusulat si Isaias Tungkol sa Pagsilang ni Cristo (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 113) at Nangangaral sa Ilang si Juan (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 207). Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala rin ng ilang larawan na nagpapakita ng mga pangyayari sa Bagong Tipan, katulad ng Pinagagaling ni Jesus ang Bulag (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 213) at Si Maria at ang Nabuhay na Mag-uling Panginoon (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 233).

5. Mungkahi sa pagtuturo: Himukin ang mga miyembro ng klase na kumpletuhin ang takdang babasahin sa bawat linggo at dumating sa klase na handang talakayin ang kanilang nabasa. Ang paghahandang ito ay makatutulong upang maisakatuparan ang pangako ng Panginoon na "siya na nangangaral at siya na nakatatanggap [sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan] ay nauunawaan ang isa't isa, at sila ay kapwa pinagtitibay at magkasamang magsasaya" (Doktrina at mga Tipan 50:22).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Magpakita ng mga retrato na naglalarawan ng mga pangyayari mula sa Bagong Tipan.

Hilingan ang mga miyembro ng klase na pag-isipan ang sumusunod na tanong:

- Anong mga pangyayari o turo sa Bagong Tipan ang partikular na nakapagbigay inspirasyon o nakatulong sa inyo?

Bigyan ng ilang minuto ang mga miyembro ng klase upang makapag-isip, at pagkatapos ay anyayahan ang bawat isa sa mga inatasang miyembro ng klase na basahin o ibuod ang isang paboritong talata sa Bagong Tipan. Kung nais ng ibang miyembro ng klase na magbahagi ng paboritong talata, pahintulutan ang ilan sa kanila na makapagbahagi.

Ipahayag ang inyong damdamin tungkol sa pagkakataong makapagturo at pag-aralan ang Bagong Tipan ngayong taong ito. Ipaliwanag na ang layunin sa taong ito ng pag-aaral ng Bagong Tipan ay upang tulungan ang mga miyembro ng klase na patatagin ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo at higit na matutuhan ang tungkol sa kanyang buhay at misyon.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

**1. Sina Isaias at Juan Bautista ay nagpropesiya tungkol sa misyon ng Tagapagligtas.**

Basahin at talakayin ang Isaias 61:1–3 at Pagsasalin ni Joseph Smith, Lucas 3:4–11. (Ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Lucas 3:4–11 ay matatagpuan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.)

Ipakita ang larawan ni Isaias na nagsusulat tungkol sa pagsilang ng Tagapagligtas. Ipaliwanag na mapatatatag natin ang ating mga patotoo tungkol kay Jesucristo at ang ating pasasalamat sa Bagong Tipan sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga salita ni Isaias at ng iba pa na nagpropesiya tungkol sa misyon ng Tagapagligtas.

- Anong mga aspeto ng misyon ng Tagapagligtas ang inilalarawan sa Isaias 61:1–2? (Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Maaaring maibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba.)

  a. “Ipangaral ang mabubuting balita sa mga maamo” (talata 1).
  b. “Magpagaling ng mga bagbag na puso” (talata 1).
  c. “Magbukas ng bilangguan sa nangabibilanggo” (talata 1).
  d. “Aliwin yaong lahat na nagsisitangis” (talata 2).

- Paano natupad ni Jesus ang mga propesiyang ito? (Himukin ang mga miyembro ng klase na magbigay ng mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan at magbahagi ng pansariling mga karanasan.)

Ituro na binanggit ni Jesus ang talatang ito sa pagsisimula ng kanyang ministeryo upang ipahayag na siya ang Mesiyas (Lucas 4:16–21; tingnan sa aralin 6).

Ipakita ang larawan ni Juan Bautista na nangangaral sa ilang. Ipaliwanag na si Juan Bautista ay nagpropesiya tungkol sa misyon ng Tagapagligtas bago sinimulan ni Jesus ang kanyang mortal na ministeryo.

- Paano inilarawan ni Juan Bautista ang misyon ng Tagapagligtas? (Tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Lucas 3:4–9. Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Kung walang makuhang Pagsasalin ni Joseph Smith ng mga talatang ito, isulat ang mga propesiya na tulad ng ipinakikita sa ibaba.)

  a. "Alisin ang kasalanan ng sanlibutan" (talata 5).
  b. "Magdala ng kaligtasan sa mga bansang di-binyagan" (talata 5).
  c. "Sama-samang tipunin ang mga yaong nangawala" (talata 5).
  d. "Isagawa ang pangangaral ng ebanghelyo sa mga Gentil" (talata 6).
  e. "Maging isang ilaw sa lahat ng yaong nakaupo sa kadiliman" (talata 7).
  f. "Maisakatuparan ang pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay" (talata 7).
  g. "Maggawad ng katarungan sa lahat" (talata 9).
  h. "Ipakita sa lahat ng makasalanan ang kanilang mga makasalanang gawa" (talata 9).

- Paano natupad ni Jesus ang mga propesiyang ito? (Himukin ang mga miyembro ng klase na magbigay ng mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan at magbahagi ng pansariling mga karanasan.)

- Ano ang nadarama ninyo kapag naiisip ninyo ang tungkol sa mga bagay na ginawa ni Jesus para sa atin? Ano kaya ang magiging buhay natin kung hindi ginawa ni Jesus ang mga bagay na ito para sa atin?

**2. Ang Apostol na si Juan ay nagpatotoo na si Jesucristo ang "tunay na Ilaw."**

Basahin at talakayin ang Juan 1:1–14; 20:31. (Gamitin ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Juan 1:1–14 kung may makukuha nito. Matatagpuan ito sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.)

- Ano ang matututuhan natin tungkol kay Jesucristo mula sa Juan 1:1–3, 14? (Tingnan sa listahan sa ibaba. Pansinin na "ang Verbo" sa Juan 1:1, 14 ay tumutukoy sa Tagapagligtas.)

  a. Siya "nang pasimula'y" sumasa Diyos Ama (Juan 1:1–2). Pansinin na ang misyon ng Tagapagligtas ay nagsimula sa daigdig bago pa ang buhay rito sa lupa, matagal na panahon bago pa siya isilang sa Bet-lehem.
  b. Siya ay Diyos (Juan 1:1). Ipaliwanag na kapag pinag-uusapan natin ang Diyos ay karaniwan nating tinutukoy ang Ama sa Langit. Gayunman, "ang personahe na kilala bilang Jehova noong kapanahunan ng Lumang Tipan . . . ay ang Anak, na kilala bilang Jesucristo, . . . na isa ring Diyos. Si Jesus ay kumikilos sa ilalim ng pamamahala ng Ama. . . . Marami sa mga bagay na isinasaad ng banal na kasulatan na ginawa ng Diyos ay isinagawa ni Jesus . . . sa katunayan" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Diyos," 46–47).
  c. Sa pamamagitan niya ang ebanghelyo ay ipinangaral sa daigdig bago pa ang buhay na ito (Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:1).
  d. Ginawa niya ang lahat ng bagay (Juan 1:3).
  e. Siya ang Bugtong na Anak ng Diyos sa laman (Juan 1:14; tingnan din sa 1 Nephi 11:14–21). Ang doktrinang ito ay tinatalakay rin sa aralin 2.

- Sinabi ni Apostol Juan na "nasa kanya [Jesus] ang buhay" (Juan 1:4). Pinatotohanan din niya na si Jesus "ang tunay na Ilaw, samakatuwid baga'y ang ilaw na lumiliwanag sa bawat tao na pumaparito sa sanglibutan" (Juan 1:9). Paano kayo nabigyan ng buhay at liwanag ng Tagapagligtas? (Habang tinatalakay ng mga miyembro ng klase ang tanong na ito, maaari ninyong naisin na sumangguni sa Juan 8:12; I Mga Taga Corinto 15:20–22; Moroni 7:15–18, 41; Doktrina at mga Tipan 88:6–14; at Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Ilaw, Liwanag ni Cristo," 79–80.)
- Ano ang layunin ni Juan sa pagsusulat ng kanyang patotoo? (Tingnan sa Juan 20:31.) Ano ang ibig sabihin ng "sumampalataya na si Jesus ay ang Cristo"? (Ipaliwanag na ang *Christ* ay salitang Griyego na ang ibig sabihin ay hinirang. Kapag mayroon tayong patotoo na si Jesus ang Cristo, alam nating siya ang Anak ng Diyos at hinirang siya at noon pa inordenan na maging ating Tagapagligtas.) Paano kaya matutulungang mapatatag ng pag-aaral ng Bagong Tipan sa Panlinggong Paaralan sa taong ito ang inyong patotoo na si Jesus ay ang Cristo?
- Ano ang maaaring gawin ng bawat isa sa atin at ng buong klase upang mapatnubayan ng Espiritu habang pinag-aaralan natin ang Bagong Tipan? (Tingnan sa Santiago 1:5–6; Doktrina at mga Tipan 50:17–22; 88:118.)
- Paano maiaakma sa atin ang mga salita sa Juan 1:10–14, kahit na wala pa tayo sa daigdig noong panahon ng mortal na ministeryo ng Tagapagligtas?

Itinuro ni Elder Thomas S. Monson na:

"Hindi natin kailangang dalawin ang Banal na Lupain upang madamang malapit siya sa atin. Hindi natin kailangang lumakad sa baybayin ng Galilea o sa mga burol ng Judea upang lumakad sa nilakaran ni Jesus.

"Sa tunay na kahulugan, ang lahat ay makalalakad sa nilakaran ni Jesus kapag naglalakbay tayo sa buhay na ito na taglay sa ating mga labi ang kanyang mga salita, nasa ating puso ang kanyang espiritu, at nasa ating buhay ang kanyang mga aral" (sa Conference Report, Abr. 1974, 70; o *Ensign*, Mayo 1974, 48).

---

Katapusan

Magpatotoo tungkol kay Jesucristo at ipahayag ang inyong damdamin hinggil sa pagkatuto tungkol sa kanya sa pamamagitan ng pag-aaral ng Bagong Tipan.

Bigyang-katiyakan ang mga miyembro ng klase na ang kanilang mga patotoo tungkol sa Tagapagligtas ay madaragdagan habang hinahangad nila ang patnubay ng Espiritu sa kanilang pag-aaral ng Bagong Tipan at habang nakikibahagi sila sa mga talakayan sa klase. Himukin silang gamitin ang *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase sa Bagong Tipan* habang pinag-aaralan nila ang mga banal na kasulatan bilang paghahanda sa bawat klase.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Pananaw sa Bagong Tipan**

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na buklatin ang pahina ng Mga Nilalaman ng Biblia at pagbalik-aralan ang mga pangalan ng 27 aklat sa Bagong Tipan. Ipaliwanag na ang Bagong Tipan ay maaaring hatiin sa apat na bahagi (maaari ninyong isulat ang mga ito sa pisara):

a. Ang mga Ebanghelyo (Mateo, Marcos, Lucas, at Juan), na tala at patotoo tungkol sa buhay, misyon, at mga aral ni Jesucristo.
b. Ang aklat ng Ang Mga Gawa, na ulat ng ministeryo ng mga Apostol makalipas ang pagkamatay at Pagkabuhay na mag-uli ni Jesus. Ang aklat na ito ay nakatuon sa mga gawa ni Pedro sa mga Judio at sa mga gawa ni Pablo sa mga Gentil.
c. Ang mga sulat (liham) ni Pablo at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan, na isinulat upang tagubilinan at palakasin ang mga Banal noong kanilang kapanahunan.
d. Ang paghahayag ng Panginoon sa Apostol na si Juan sa pulo ng Patmos.

**2. Mga pagpapalabas ng video**

Kung may makukuhang *Karagdagang Video ng Gabing Pantahanan ng Mag-anak* (5x736 893), maaari ninyong naising ipalabas ang limang-minutong yugto na "Ano ang Palagay Ninyo kay Cristo?" Gamitin ang pagpapalabas ng video upang pasimulan ang Bagong Tipan at bigyang-diin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng patotoo na si Jesus ang Cristo.

Kung may makukuhang *New Testament Video Presentations* (53914), maaari rin ninyong naising ipalabas ang "The Message of the New Testament," palabas na may dalawang-minutong yugto.

**3. "Siya ang . . . pumarito upang kaniyang patotohanan ang Ilaw" (Juan 1:8)**

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Juan 1:6–8.

- Sino ang taong binabanggit sa mga talatang ito? (Juan Bautista.) Ano ang kanyang misyon? (Tingnan sa Juan 1:8.) Paano nating "patototohanan ang Ilaw" tulad ni Juan?

Aralin
# 2
# "Dinadakila ng Aking Kaluluwa ang Panginoon"

*Lucas 1, Mateo 1*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na magkaroon ng mas malaking pananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng pag-aaral ng buhay nina Elisabet, Zacarias, Juan Bautista, Maria, at Jose.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Lucas 1:5–25, 57–80. Nagpakita si anghel Gabriel kay Zacarias at sinabi, bilang sagot sa panalangin, na ang asawa ni Zacarias na si Elisabet, ay magluluwal ng isang anak na lalaki. Ang anak na ito, na pangangalanang Juan, ang maghahanda sa mga tao para sa pagdating ng Panginoon. Nag-alinlangan si Zacarias sa mga salita ni Gabriel at siya ay napipi. Naglihi si Elisabet kahit na matanda na siya, at si Juan ay isinilang. Nagpamalas si Zacarias ng panibagong lakas ng pananampalataya habang siya ay nagpopropesiya tungkol sa misyon ni Juan.

   b. Lucas 1:26–56; Mateo 1:18–25. Sinabi ni anghel Gabriel kay Maria na siya ang magiging ina ng Anak ng Diyos. Sina Maria at Elisabet ay nangagalak sa balitang darating ang Tagapagligtas. Nalaman ni Jose na si Maria ang magsisilang sa Tagapagligtas.

2. Kung makukuha ang sumusunod na mga larawan, gamitin ang mga ito sa aralin: Nangangaral sa Ilang si Juan (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 207) at The Annunciation: The Angel Gabriel Appears to Mary (Gospel Art Picture Kit 241).

3. Mungkahi sa pagtuturo: Kapag ang tao ay nagtuturo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, "ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang nagdadala nito sa puso ng mga anak ng tao" (2 Nephi 33:1). Ang pagkadama sa impluwensiya ng Espiritu ay nagpapalakas sa patotoo ng mga miyembro ng klase, sa kanilang pagmamahal sa Panginoon at sa bawat isa, at sa kanilang pangakong mamuhay nang matwid. May panalanging isaalang-alang kung ano ang magagawa ninyo upang maanyayahan ang Espiritu sa bawat aralin. (Tingnan sa mga pahina v–vi ng manwal na ito at sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, (33043 893) Yunit A, Paksa 9, "Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu," 17–18; at Yunit E, Paksa 2, "Pagtuturo sa Pamamagitan ng Espiritu," 96–97.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Itanong sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na mga katanungan:

- Kung makakadaupang-palad ninyo ang sinuman sa Bagong Tipan maliban kay Jesus, sino ang nanaisin ninyong makilala? Bakit gugustuhin ninyong makilala ang taong iyon?

Matapos sagutin ng ilang miyembro ng klase ang mga tanong, ipaliwanag na madalas ay gusto natin ang mga taong matwid dahil sinusunod nila ang Tagapagligtas at nagpapatotoo sila tungkol sa kanya. Habang higit nating nakikilala ang mga taong ito ay mas nakikilala rin natin si Jesucristo. Tinatalakay ng araling ito ang ilang tao na nagpakita ng mabubuting halimbawa na makatutulong sa atin upang higit na mapalapit sa kanya.

---

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan. Dahil hindi madaling itanong ang bawat katanungan o talakayin ang bawat punto ng aralin, piliin nang may panalangin ang mga pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

**1. Isinilang si Juan Bautista kina Elisabet at Zacarias.**

Talakayin ang Lucas 1:5–25, 57–80. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Paano inilalarawan sina Elisabet at Zacarias sa mga banal na kasulatan? (Tingnan sa Lucas 1:6–9.)
- Anong biyaya ang hiniling sa panalangin nina Zacarias at Elisabet? (Tingnan sa Lucas 1:7, 13.) Paano sinagot ang panalanging ito sa dakong huli? (Tingnan sa Lucas 1:11–13, 24–25. Ituro na malamang ay maraming taon nang ipinanalangin ni Zacarias at Elisabet na magkaroon ng isang anak. Gayunman, hindi ipinagkaloob sa kanila ng Ama sa Langit ang biyayang ito hangga't hindi dumarating ang tamang panahon upang maisakatuparan ang kanyang mga layunin.) Paano tayo mananatiling matapat at paano natin maiiwasan ang mawalan ng pag-asa kapag hindi kaagad sinagot ang ating taimtim na mga panalangin sa paraang nais natin?
- Ano ang propesiya ni Gabriel tungkol sa misyon ni Juan? (Tingnan sa Lucas 1:14–17. Ipakita ang larawan ni Juan na nangangaral sa ilang, at ibuod ang mga propesiya ni Gabriel sa pisara. Talakayin ang kahulugan ng mga propesiyang ito, kung paano naisakatuparan ni Juan ang mga ito, at kung paano natin masusundan ang halimbawa ni Juan sa mga bagay na ito.)

  a. "Papagbabaliking-loob [ni Juan ang maraming tao] sa Panginoon na kanilang Diyos" (Lucas 1:16).
  b. "Papagbabaliking-loob [niya] ang mga puso ng mga ama sa mga anak" (Lucas 1:17).
  c. "Ang mga suwail ay [palalakarin niya sa] karunungan ng mga matuwid" (Lucas 1:17).
  d. Kanyang "ipaglalaan ang Panginoon ng isang bayang nahahanda" (Lucas 1:17).

  Paalala: Si Juan Bautista "ang bantog na nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Aaron sa buong kasaysayan" (*Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Juan Bautista," 99). Maaari ninyong naising talakayin kung paano maiaangkop sa mga miyembro ng klase na nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang mga naunang aspeto ng misyon ni Juan.

- Ano ang nangyari kay Zacarias nang mag-alinlangan siya sa mga salita ng anghel? (Tingnan sa Lucas 1:18–20.) Paano ipinakita ng mga kilos ni Zacarias ang panibagong lakas ng kanyang pananampalataya pagkatapos maisilang si Juan? (Tingnan sa Lucas 1:59–63. Pinangalanan nila ni Elisabet ang kanilang

anak na Juan, sa gayon ay sumunod sila sa utos ng Diyos sa halip na sundin ang nakaugalian na sa kanilang lugar.)

- Habang nagpopropesiya si Zacarias tungkol sa misyon ng kanyang anak ay nagsalita rin siya tungkol sa pagtubos, kaligtasan, kapatawaran ng mga kasalanan, magiliw na awa, at liwanag (Lucas 1:68–79). Sino ang kanyang tinutukoy noong magsalita siya ng tungkol sa mga bagay na ito? (Jesucristo.) Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang Juan 1:6–9. Magpatotoo na tulad ni Juan Bautista ay dapat nating ituon ang ating paglilingkod sa pagtulong sa iba na lumapit kay Cristo.
- Pagkatapos maisilang si Juan, siya ay lumaki at "lumakas sa espiritu" (Lucas 1:80). Bakit sa palagay ninyo kailangan ni Juan na lumakas sa espiritu upang matupad ang kanyang misyon? Ano ang magagawa natin upang maging malakas sa espiritu?

**2. Nalaman nina Maria at Jose na si Maria ang magiging ina ng Anak ng Diyos.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Lucas 1:26–56 at Mateo 1:18–25. Ipakita ang larawan ng Pagbati.

- Ano ang napag-alaman ni Maria mula kay anghel Gabriel? (Tingnan sa Lucas 1:26–33.) Bakit kinailangang maging anak ng isang mortal na ina at isang imortal na Ama ang Tagapagligtas?

  Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie ang bagay na ito tungkol kay Jesucristo:

  "Ang Diyos ang kanyang Ama, kung saan mula sa Imortal na Personaheng ito . . . ay minana niya ang kapangyarihan ng imortalidad, na siyang kapangyarihan na mabuhay magpakailanman; o dahil sa pinili [niyang] mamatay, ito ang kapangyarihan na magbangong muli tungo sa imortalidad, at doon mabuhay magpakailanman at hindi na muling mamamatay. . . .

  " . . . Si Maria ang kanyang ina, na kung saan mula sa mortal na babaeng ito . . . ay minana niya ang kapangyarihan ng mortalidad, na siyang kapangyarihang mamatay. . . .

  "Nang dahil dito . . . sa pagsasanib ng banal at mortal sa iisang katauhan, kung kaya naisagawa ng Panginoon ang walang-katapusan at walang hanggang pagbabayad-sala. Dahil sa ang Diyos ang kanyang Ama at si Maria ang kanyang ina, kung kaya nagkaroon siya ng kapangyarihang mabuhay o mamatay, batay sa nais niya, at sa kusang pagbibigay ng kanyang buhay ay may kapangyarihan din siyang kunin itong muli. At sa gayon, sa isang paraan na hindi natin nauunawaan, ay ipinaabot ang mga epekto ng pagkabuhay na mag-uling iyon sa lahat ng tao upang ang lahat ay muling magbangon mula sa libingan" (*The Promised Messiah* [1978], 470–71).

- Ano ang matututuhan natin tungkol kay Maria mula sa kanyang mga pakikipag-usap sa anghel at kay Elisabet? (Tingnan sa Lucas 1:26–38, 45–49; tingnan din sa Alma 7:10. Ibuod sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Kung kabataan ang inyong tinuturuan, maaari ninyong naising imungkahi na ituring nila si Maria bilang halimbawa ng isang mabuting kabataang babae.)

  a. Si Maria ay kinalugdan ng Diyos (Lucas 1:28, 30). Ano ang ibig sabihin ng makalugdan ng Diyos? Ano ang ibang bagay na inaasahan ng ilang tao na pagmumulan ng lugod? Paano nagiging mahirap na makalugdan ng Diyos kapag naghahanap tayo ng lugod mula sa ibang mga bagay na ito?
  b. Si Maria ay naging karapat-dapat upang mapasakanya ang Panginoon (Lucas 1:28). Ano ang maaari nating gawin upang maging karapat-dapat tayo sa pagpapalang ito?

c. Si Maria ay mapagpakumbaba at masunurin sa kalooban ng Panginoon (Lucas 1:38, 48). Bakit mahalaga para sa atin ang sumunod sa kalooban ng Panginoon? Paano tayo magiging higit na mapagpakumbaba at masunurin?
d. Si Maria ay nagalak sa kanyang Tagapagligtas (Lucas 1:47). Paano tayo magagalak sa Tagapagligtas?

- Bakit nagalak si Elisabet at ang kanyang anak na nasa sinapupunan pa noong dumalaw si Maria? (Tingnan sa Lucas 1:39–44; tingnan din sa Lucas 1:15. Ituro na ang isa sa mga pangunahing ginagampanan ng Espiritu Santo ay ang magpatotoo tungkol kay Jesucristo.) Kung naaangkop, ikuwento kung paano kayo natulungan ng Espiritu Santo na magkaroon ng patotoo tungkol kay Jesucristo, at anyayahan ang iba na gawin din ang gayon.
- Paano sinubok ang pagmamahal ni Jose kay Maria? (Tingnan sa Mateo 1:18.) Ano ang naging reaksiyon ni Jose nang malaman niyang nagdadalantao si Maria? (Tingnan sa Mateo 1:19. Ituro na sang-ayon sa batas ay maaaring paratangan ni Jose si Maria na sumira ito sa tipan ng kasal at sa gayon ay litisin sa publiko. Ang gayong paglilitis ay maaaring humantong sa kaparusahang kamatayan. Sa halip na gawin ito, nagpasiya siyang bigyang-laya si Maria mula sa kasunduan ng pagpapakasal.)
- Paano tinulungan ng Ama sa Langit si Jose na matanggap ang kalagayan ni Maria at makapaghanda para sa kanyang sariling mga pananagutan? (Tingnan sa Mateo 1:20–23.) Ano ang ginawa ni Jose bilang pagtugon sa panaginip na ito? (Tingnan sa Mateo 1:24–25.) Ano ang inihahayag ng tugon na ito tungkol sa kanyang pagkatao?

---

Katapusan

Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang Lucas 1:46. Ipaliwanag na sa talatang ito, ang salitang *dinadakila* ay nakapatungkol sa mga pagsisikap ni Maria na papurihan ang Panginoon at tulungan ang iba na makita ang kanyang kagitingan.

- Paano nakatulong sa inyo ang mga halimbawa nina Elisabet, Zacarias, Juan Bautista, Maria, at Jose na makita ang kadakilaan ng Tagapagligtas at madagdagan ang inyong pananampalataya sa kanya? Paano natin matutulungan ang iba na madagdagan ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo?

Ipahayag ang inyong pasasalamat sa mabubuting halimbawa nina Elisabet, Zacarias, Juan Bautista, Maria, at Jose. Magpatotoo tungkol sa mga katotohanang tinalakay ninyo.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. "Upang mapagkilala mo ang katunayan tungkol sa mga bagay na itinuro sa iyo" (Lucas 1:4)**

- Ipinatungkol ni Lucas ang kanyang patotoo sa isang taong nagngangalang Teofilo (Lucas 1:3). Ano ang layunin ni Lucas sa pagsusulat ng kanyang patotoo? (Tingnan sa Lucas 1:3–4. Upang matulungan si Teofilo na malaman ang katiyakan ng mga bagay na naituro.) Paano kayo napalakas ng pakikinig sa iba na nagpapatotoo tungkol sa mga pangkaraniwang doktrina at kilalang mga pangyayari sa banal na kasulatan?

Aralin

# 3 "Sapagka't Ipinanganak sa Inyo Ngayon . . . ang Isang Tagapagligtas"

*Lucas 2; Mateo 2*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na magalak sa pagsilang ni Jesucristo at sundan ang ipinakita niyang halimbawa noong kanyang kabataan, "[lumaki] sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao" (Lucas 2:52).

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Lucas 2:1–7. Si Jesucristo ay isinilang.
   b. Lucas 2:8–39. Ang mga anghel at marami pang iba ay nagalak sa pagsilang ni Jesus.
   c. Mateo 2. Dinalaw si Jesus ng mga pantas mula sa silanganan at hinandugan siya ng mga regalo. Si Herodes, na nakadama ng takot sa pagsilang ng Hari ng mga Judio, ay nag-utos na patayin ang lahat ng mga batang dalawang taong gulang pababa na naninirahan sa Bet-lehem at sa mga karatig pook nito. Isang anghel ng Panginoon ang nag-utos kay Jose na magtungo sa Egipto na kasama sina Maria at Jesus at pagkaraan ay magbalik sa Israel na kasama nila.
   d. Lucas 2:40–52. Sa pamamagitan ng patnubay ng Ama, si Jesus ay lumaki at naghanda noong kanyang kabataan para sa kanyang ministeryo.

2. Karagdagang pagbabasa: Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 3:24–26; 1 Nephi 11:1–23; Helaman 14:1–8; 3 Nephi 1:4–21; 27:13–16; Doktrina at mga Tipan 93:11–20.

3. Kung makukuha ang sumusunod na mga materyal, gamitin ang ilan sa mga ito sa aralin:

   a. "Luke II," isang anim-na-minutong yugto mula sa *New Testament Video Presentations* (53914).
   b. Ang mga larawang No Room at the Inn (62115); Ang Pagsilang ni Jesus (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 200); Ang Kapanganakan ni Jesus (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 201); Ang Pagpapahayag ng Pagsilang ni Cristo sa mga Pastol (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 202); Ang mga Pantas na Lalaki (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 203); Pagtakas Patungong Egipto (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 204); Ang Batang si Jesus sa Templo (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 205); Ang Pagkabata ni Jesucristo (34730; 893 Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 206); at Jesus and His Mother (Gospel Art Picture Kit 242).

4. Mungkahi sa pagtuturo: Gumamit ng mga angkop na larawan at pagpapalabas ng video upang maanyayahan ang Espiritu, magkaroon ng mga iba't ibang paraan sa pagtuturo sa mga aralin, at matulungan ang mga miyembro ng klase na maalala ang mga pangyayari sa banal na kasulatan na tinatalakay nila (tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit G, "Paghahanda at Paggamit ng mga Kagamitan sa Pagtuturo," 189).

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

### Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isulat ang sumusunod na mga tao sa pisara: *isang pastol, Simeon, isang pantas mula sa silanganan, Herodes, isang taong nasa bahay panuluyan, Ana, isang anghel, Maria.*

Basahin ang sumusunod na mga sagot sa pagsilang ni Jesucristo. Hilingin sa mga miyembro ng klase na itugma ang bawat tugon sa angkop na tao:

1. Naglakbay ako nang malayo upang hanapin siya, binigyan ko siya ng mga regalo, at sinamba siya. (Isang pantas mula sa silanganan; Mateo 2:1–2, 9–11.)
2. Hindi ko siya binigyan ng silid. (Isang taong nasa bahay panuluyan; Lucas 2:7.)
3. Sa pagtanggap ko ng patotoo mula sa Espiritu Santo, kinarga ko ang bata at alam kong maaari na akong mamatay nang payapa. (Simeon; Lucas 2:25–32.)
4. Sinabi kong, "Luwalhati sa Dios sa kataas-taasan, at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya." (Isang anghel; Lucas 2:13–14.)
5. Kaagad akong nagpunta upang makita siya. (Isang pastol; Lucas 2:15–16.)
6. Nabagabag ako at tinangka kong patayin siya. (Herodes; Mateo 2:3–4, 16.)
7. Pagkatapos ko siyang makita sa templo, nagpahayag ako ng pasasalamat at ipinamalita ang kanyang pagsilang. (Ana; Lucas 2:36–38.)
8. Pinag-isipan kong mabuti ang pangyayari sa aking puso. (Maria; Lucas 2:19.)

Hilingan ang mga miyembro ng klase na pagnilay-nilayin ang sumusunod na mga tanong sa aralin:

- Ano ang inyong nadarama tungkol sa pangyayari sa pagsilang ng Tagapagligtas? Ano ang inyong nadarama tungkol sa kanyang buhay, kamatayan, pagbabayad-sala, at pagkabuhay na mag-uli?

---

### Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata mula sa banal na kasulatan, tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung bakit dapat tayong magalak sa pagsilang ng Tagapagligtas. Talakayin ang mga paraan ng pagsunod sa ipinakita niyang halimbawa noong kanyang kabataan.

**1. Si Jesucristo ay isinilang.**

Basahin at talakayin ang Lucas 2:1–7. Ipakita ang ilan sa mga larawan na nakalista sa bahaging "Paghahanda."

- Si Jesus ay may kaluwalhatian sa piling ng Ama sa Langit "bago ang sanglibutan ay naging gayon" (Juan 17:5). Nilikha niya ang kalangitan at ang mundo (Mosias 3:8). Bilang si Jehova ay inihayag niya ang mga kautusan at katotohanan ng ebanghelyo sa mga propeta ng Lumang Tipan (3 Nephi 15:2–5). Bakit nagpunta sa daigdig si Jesus? (Tingnan sa 3 Nephi 27:13–16.)
- Ano ang mga kalagayan noong isinilang si Jesus? (Tingnan sa Lucas 2:7.) Paano inilarawan noong una pa ng mga kalagayang ito ang kanyang mortal na ministeryo at ang kanyang pagbabayad-salang sakripisyo? Sa paanong mga

paraan tumatanggi ang mga tao sa ngayon na maglaan ng silid para sa Tagapagligtas sa kanilang buhay? Ano ang magagawa natin upang mapaglaanan siya ng silid sa ating buhay?

**2. Ang mga anghel at marami pang iba ay nagalak sa pagsilang ni Jesus.**

Talakayin ang Lucas 2:8–39. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata. Ipakita ang ilan sa mga larawang nakalista sa bahaging "Paghahanda."

Kung gagamitin ninyo ang pagpapalabas ng video na "Luke II", ipalabas na ito ngayon.

- Ano ang sinabi ng mga anghel habang ibinabalita nila ang pagsilang ni Jesus? (Tingnan sa Lucas 2:13–14.) Paano niluwalhati ni Jesus ang Ama? Paano siya nagdulot ng kapayapaan at kabutihan sa lahat ng tao at sa inyo na rin mismo? Paano natin maipakikita ang ating pasasalamat sa Diyos sa pagkakaloob niya ng kanyang Anak?
- Ano ang ginawa ng mga pastol matapos nilang makita ang bagong silang na Tagapagligtas? (Tingnan sa Lucas 2:17–18.) Ano ang magagawa natin upang masundan ang kanilang halimbawa? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na mag-isip ng isang tao na mababahaginan nila ng kanilang patotoo tungkol sa Tagapagligtas.
- Ano ang ginawa ni Maria pagkatapos ng pagsilang ni Jesus at ng pagdalaw ng mga pastol? (Tingnan sa Lucas 2:19.) Ano ang inihahayag nito tungkol kay Maria? Bakit mahalagang mag-ukol ng panahon sa pagpapahalaga at pagninilay-nilay ng mga sagradong karanasan?
- Paano inihanda sina Simeon at Ana para makita ang batang si Jesus? (Tingnan sa Lucas 2:25–26, 37.) Ano ang kanilang reaksiyon nang kanilang makita siya? (Tingnan sa Lucas 2:27–35, 38.) Ano ang matututuhan natin tungkol sa Tagapagligtas mula sa kanilang mga propesiya?

**3. Dumating ang mga pantas na lalaki upang sambahin ang batang si Jesus. Hinanap siya ni Herodes upang patayin.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mateo 2. Ipakita ang ilang larawan mula sa bahaging "Paghahanda."

- Bakit hinanap si Jesus ng "mga pantas na lalaking mula sa silanganan"? (Tingnan sa Mateo 2:1–2.) Ano ang ginawa nila nang makita nila si Jesus? (Tingnan sa Mateo 2:11. Pansinin na noong makita nila si Jesus sa dakong huli, siya ay isang "sanggol" na ang tunay na ibig sabihin nito ay isang batang paslit o musmos at hindi batang kasisilang pa lamang.) Anong mga regalo ang maaari nating ihandog sa Panginoon?
- Bakit gusto ni Herodes na matagpuan si Jesus? (Tingnan sa Mateo 2:3–6, 13. Siya ay nababagabag, at nais niyang patayin si Jesus.) Bakit nababagabag ang hari sa pagsilang ni Jesucristo? (Tingnan sa Mateo 2:2, 6. Sang-ayon sa propesiya, si Jesus ay maghahari sa Israel.)
- Paano napangalagaan si Jesus mula kay Herodes? (Tingnan sa Mateo 2:13–15.) Paano nalaman ni Jose na dapat na palang magbalik mula sa Egipto? (Tingnan sa Mateo 2:19–23.) Bakit sa palagay ninyo natanggap ni Jose ang ganitong patnubay mula sa Diyos? Ano ang maaaring gawin ng mga ama at ina sa ngayon upang makatanggap sila ng paghahayag tungkol sa kanilang mga

pamilya? Paano kayo natulungan ng Diyos habang hinahangad ninyo ang kanyang patnubay para sa inyong pamilya?

4. **Sa pamamagitan ng patnubay ng Ama ay nakapaghanda si Jesus noong kanyang kabataan para sa kanyang ministeryo.**

Basahin at talakayin ang Lucas 2:40–52. Ipakita ang ilang larawan na nakalista sa bahaging "Paghahanda." Ipaliwanag na taun-taon ay ipinagdiriwang nina Jose at Maria at ng iba pang matatapat na mga Judio ang Kapistahan ng Paskua sa Jerusalem. Tulad ng nakagawian na, sinamahan sila ni Jesus noong sumapit siya sa gulang na 12 (Lucas 2:41–42).

- Pagkatapos maidaos ang Kapistahan ng Paskua sa Jerusalem ay sinimulan na nina Maria at Jose ang kanilang paglalakbay pabalik sa Nasaret nang matanto nila na ang 12 taong gulang na si Jesus ay hindi nila kasama (Lucas 2:43–45). Saan nila natagpuan si Jesus sa dakong huli? (Tingnan sa Lucas 2:46.) Kung hindi alam ng inyong mga magulang o ng ibang mga mahal sa buhay kung saan kayo naroroon, makatitiyak ba sila na ginagawa ninyo ang mga bagay na kalugud-lugod sa inyong Ama sa Langit?
- Sinasabi sa Lucas 2:46 ng Pagsasalin ni Joseph Smith na ang mga kalalakihan [guro] sa templo ay "nakikinig [kay Jesus], at nagtatanong sa kanya." Ano ang inihahayag nito tungkol sa kabataan at kasanayan ni Jesus?
- Nang makita nina Maria at Jose si Jesus ay sinabi ni Maria sa kanya na, "Ang iyong ama at ako [ay] hinahanap kang may hapis" (Lucas 2:48). Sino ang tinutukoy niya nang sabihin niyang "ang iyong ama"? (Si Jose.) Paano sinagot ni Jesus ang pag-aalala ni Maria? (Tingnan sa Lucas 2:49.) Sino ang tinutukoy ni Jesus nang sabihin niyang, "aking Ama"? (Ang Ama sa Langit.) Ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa pagkaunawa ng batang si Jesus sa kanyang misyon na inordena noon pa?
- Paano pinakitunguhan ni Jesus sina Maria at Jose noong kanyang kabataan? (Tingnan sa Lucas 2:51. Kahit na siya ang Anak ng Diyos, siya ay nagpasailalim sa kanyang ina at kay Jose.) Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawang ito?
- Noong kanyang kabataan, si Jesus ay "lumaki sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao" (Lucas 2:52). Sa madaling salita, siya ay umunlad sa kaisipan, sa pangangatawan, sa espirituwal, at sa pakikisalamuha sa mga tao. Ano ang ilang tiyak na mga bagay na magagawa natin upang umunlad tayo sa kaisipan, pangangatawan, sa espirituwal, at sa pakikisalamuha sa mga tao?
- Ano ang matututuhan natin mula sa Doktrina at mga Tipan 93:11–17 tungkol sa paglaki ng Tagapagligtas noong kanyang kabataan? (Sa kanyang paghahanda upang maging ating Manunubos, hindi kaagad-agad na natanggap ni Jesus ang lahat ng kailangang katalinuhan, kapangyarihan, karunungan, at kaluwalhatian. Natanggap niya ang mga ito nang "biyaya sa biyaya," nang unti-unti.) Paano naaangkop sa atin ang katotohanang ito? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:18–20.)

---

Katapusan

Magpatotoo sa mga katotohanang tinalakay ninyo sa araling ito. Himukin ang mga miyembro ng klase na magalak sa pagsilang ng Tagapagligtas at sundan ang halimbawang ipinakita niya noong kanyang kabataan.

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. "Datapuwa't iningatan ni Maria ang lahat ng mga pananalitang ito na pinagbulay-bulay sa kaniyang puso" (Lucas 2:19)**

Habang tinatalakay ninyo ang may paggalang na pagtugon ni Maria hinggil sa pagsilang ni Jesus, anyayahan ang isang ina na sabihin ang kanyang nadama matapos maisilang ang isa sa kanyang mga anak.

**2. Gawaing pangkabataan**

Pumili ng limang mahahalagang talata ng banal na kasulatan mula sa aralin, at ipabatid sa mga miyembro ng klase ang mga nilalaman ng bawat talata. Pagkatapos ay ipasara sa mga miyembro ng klase ang kanilang mga Biblia. Magbigay ng mga pahiwatig na magtuturo sa mga miyembro ng klase tungo sa mga talata ng banal na kasulatan na inyong pinagbalik-aralan, na sinasabi ang bawat pahiwatig upang hindi magkaroon ng pag-aalinlangan kung aling talata ang inyong tinutukoy. (Halimbawa, maaari ninyong sabihing, "Ang talatang ito ay naglalaman ng mga salita ng papuri ng anghel sa Diyos noong isilang si Jesus." Ang tanging posibleng sagot ay ang Lucas 2:14.) Matapos ninyong basahin ang isang pahiwatig, ipabuklat sa mga miyembro ng klase ang kanilang mga Biblia at ipahanap ang tamang talata. Gamitin ang gawaing ito upang maging lalong pamilyar sa mga talata ng banal na kasulatan sa halip na mauwi sa paligsahan. Huwag gugugol nang hihigit sa ilang minuto rito.

# “Ihanda Ninyo ang mga Daan ng Panginoon”

Aralin
# 4

*Mateo 3–4; Juan 1:35–51*

**Layunin**

Bigyang-inspirasyon ang mga miyembro ng klase na lumapit sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagsisisi ng kanilang mga kasalanan, pagtupad sa kanilang mga tipan sa pagbibinyag, at paglaban sa mga tukso.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Mateo 3:1–12. Si Juan Bautista ay nangaral ng pagsisisi at nagbinyag at inihanda ang daan ng Panginoong Jesucristo.
   b. Mateo 3:13–17. Si Jesus ay bininyagan ni Juan Bautista.
   c. Mateo 4:1–11. Pinaglabanan ni Jesus ang mga panunukso ni Satanas sa ilang.
   d. Juan 1:35–51. Ang ilan sa mga disipulo ni Juan Bautista ay nagpasiyang sumunod kay Jesus.
2. Karagdagang pagbabasa: Marcos 1:1–13; Lucas 3:1–22; 4:1–14; Juan 1:19–34; 2:1–25; 2 Nephi 31: *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Pagbibinyag,” 176–178; “Juan Bautista,” 99; “Magsisi o Pagsisisi,” 142.
3. Kung makukuha ang sumusunod na mga larawan, gamitin ang mga ito sa aralin: Nangangaral sa Ilang si Juan (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 207) at Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 208).
4. Mungkahi sa pagtuturo: Maging matalino sa paggamit ng oras ng klase. Planuhin kung ano ang inyong tatalakayin at kung gaanong oras ang nais ninyong gugulin sa bawat bahagi ng aralin, ngunit hayaang patnubayan kayo ng Espiritu. Huwag tapusin ang isang mahalagang talakayan upang matalakay lamang ang buong aralin. Mas mahalagang matuto at madama ng mga miyembro ng klase ang Espiritu kaysa talakayin ang bawat punto ng aralin.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isulat ang sumusunod sa pisara, at tanungin ang mga miyembro ng klase kung alam nila ang sinasabi nito:

משיח

Ipaliwanag na ito ang salitang Hebreo na Messiah, na ang ibig sabihin ay hinirang. Daan-daang taon na ang ipinaghintay ng mga Judio sa pagdating ng Mesiyas, na, sang-ayon sa propesiya, ay siyang hihirangin bilang kanilang Hari at Tagapagligtas. Ang salitang Griyego para sa Messiah ay Christ. Si Jesucristo ang matagal nang hinihintay na Mesiyas, at si Juan Bautista ang propetang ipinadala upang ihanda ang daan para sa kanya.

---

## Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Talakayin kung paanong higit na makapagpapalapit sa atin sa Tagapagligtas ang mga turo sa sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan. Dahil hindi madaling itanong ang bawat katanungan o talakayin ang bawat punto ng aralin, piliin nang may panalangin ang mga pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

**1. Inihanda ni Juan Bautista ang daan ng Panginoong Jesucristo.**

Basahin at talakayin ang Mateo 3:1–12. Ipakita ang larawan ni Juan na nangangaral, at ibahagi ang sumusunod na impormasyon sa inyong sariling mga pananalita tungkol sa nangyari:

Daan-daang taon bago pa sumapit ang pagsilang ni Juan ay nakini-kinita na ng maraming propeta ang kanyang ministeryo at nagpatotoo sila tungkol sa kanyang kadakilaan bilang siyang maghahanda ng daan para sa Mesiyas (Isaias 40:3; 1 Nephi 10:7–10). Bilang paghahanda sa ministeryo ni Juan ay ibinalita ng anghel Gabriel ang nalalapit na pagsilang ni Juan (Lucas 1:13–19), nagpropesiya si Zacarias tungkol sa araw ng pagpapangalan at pagtutuli kay Juan (Lucas 1:67–79), at inordenan ng isang anghel sa kanyang misyon ang walong araw na gulang na si Juan (Doktrina at mga Tipan 84:27–28). Ang pinakamataas na antas ng pananalita tungkol sa kagitingan ni Juan ay nagmula mismo sa Tagapagligtas na nagsabing, "Sa mga ipinanganak ng mga babae ay walang dakila [propeta] kaysa kay Juan [Bautista]" (Lucas 7:28).

Si Juan ay isinilang nang mga anim na buwan bago isilang si Jesus. Pagkatapos na pagkatapos na maisilang si Jesus, si Herodes, na natatakot sa pahayag na isang bagong hari ng mga Judio ang isinilang, ay nag-utos at "ipinapatay ang lahat ng mga sanggol na lalake na nangasa Bet-lehem, at sa buong palibot-libot noon, mula sa gulang na dalawang taon hanggang sa pababa" (Mateo 2:16). Upang mapangalagaan si Jesus, isang anghel ang nagpakita kay Jose sa isang panaginip at inutusan siyang dalhin sina Jesus at Maria sa Egipto (Mateo 2:13–15). Upang

mapangalagaan si Juan, "Inutusan ni Zacarias [si Elisabet] na dalhin siya [si Juan] sa mga kabundukan, kung saan siya pinalaki sa pamamagitan ng pagpapakain sa kanya ng balang at pulot-pukyutan" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 261). Paglipas ng maraming taon ay sinimulan ni Juan ang kanyang ministeryo sa publiko, una ay nangaral siya sa ilang at pagkatapos sa Jerusalem at sa "buong lupain sa palibot-libot ng Jordan" (Mateo 3:5).

- Ano ang misyon ni Juan Bautista? (Tingnan sa Lucas 1:76–79; 3:3–4.) Bakit sa palagay ninyo mahalagang may maghanda ng daan ng Panginoon?
- Anong mensahe ang ipinangaral ni Juan upang maihanda ang mga tao sa pagdating ng Tagapagligtas? (Tingnan sa Mateo 3:1–2.) Ano ang ibig sabihin ng magsisi? (Habang tinatalakay ng mga miyembro ng klase ang mga sagot sa tanong na ito, isulat sa pisara ang ilang aspeto ng pagsisisi tulad ng nakapakita sa ibaba. Maaari ninyong naising anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang kasamang mga banal na kasulatan.)

  a. Pagkadama ng kalumbayang mula sa Diyos para sa kasalanan (II Mga Taga Corinto 7:9–10).
  b. Pag-amin at pagtalikod sa mga kasalanan (Doktrina at mga Tipan 58:42–43).
  c. Pagtutuwid, kung maaari, ng mga kamaliang nagawa (Lucas 19:8).
  d. Pagsunod sa mga kautusan (Doktrina at mga Tipan 1:31–32).
  e. Pagbaling sa Panginoon at paglilingkod sa kanya (Mosias 7:33).

- Paano tayo inihahanda ng pagsisisi upang makapanirahan sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo? (Tingnan sa 3 Nephi 27:19.) Paano tayo natutulungan ng pagsisisi na mapalapit sa kanila sa bawat araw?
- Nasaksihan ng mga Fariseo at Saduceo ang mga pagbibinyag na isinagawa ni Juan ngunit pinili nilang huwag magpabinyag (Mateo 3:7; Lucas 7:29–30). Pinagalitan sila ni Juan at hinikayat silang magsisi at magbunga ng karapat-dapat sa pagsisisi (tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 3:35; alalahanin na ang salitang *magbunga* ay tumutukoy sa mga resulta at ang ibig sabihin ng salitang *karapat-dapat* ay naaangkop). Anu-ano ang bunga ng pagsisisi? (Tingnan sa Moroni 8:25–26.)
- Si Juan ay nagbinyag "sa tubig sa pagsisisi" at nangakong si Jesus ay magbabautismo "sa Espiritu Santo, at apoy" (Mateo 3:11). Ano ang ibig sabihin ng magbautismo "sa Espiritu Santo, at apoy"?

  Binabautismuhan tayo sa Espiritu Santo at apoy kapag tinatanggap natin ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay (Doktrina at mga Tipan 20:41). "Ang kaloob na Espiritu Santo ay ang karapatang mapasaatin, sa tuwing karapat-dapat ang isang tao, ang paggabay ng Espiritu Santo. . . . Ito ay nagsisilbing panlinis upang dalisayin ang isang tao at pabanalin siya mula sa lahat ng kasalanan. Kung kaya't ito ay kadalasang tinutukoy bilang 'apoy' " (Bible Dictionary, "Holy Ghost," 704).

**2. Si Jesus ay bininyagan ni Juan Bautista.**

Basahin at talakayin ang Mateo 3:13–17. Ipakita ang larawan ni Juan na binibinyagan si Jesus.

- Bakit nag-atubili si Juan na binyagan si Jesus? (Tingnan sa Mateo 3:14.) Bakit kinailangang binyagan si Jesus? (Tingnan sa Mateo 3:15; 2 Nephi 31:6–7,

9–11.) Bakit kailangan tayong binyagan? (Tingnan sa 2 Nephi 31:5, 12–13, 17–18; Doktrina at mga Tipan 20:71; 49:13–14.)

- Anong mga tipan ang ating ginagawa kapag tayo ay binibinyagan? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:37.) Paano dapat makaapekto sa ating pang-araw-araw na mga kilos ang mga tipang ito? (Tingnan sa Mosias 18:8–10.)

**3. Pinaglabanan ni Jesus ang mga panunukso ni Satanas sa ilang.**

Basahin at talakayin ang Mateo 4:1–11. (Tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Mateo 4:1–2, 5–6, 8–9, at 11 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.)

- Pagkatapos na pagkatapos na mabinyagan si Jesus, siya ay inakay ng Espiritu patungo sa ilang upang makapiling ng Diyos (Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 4:1). Paano sa palagay ninyo naihanda si Jesus ng karanasang ito upang mapaglabanan niya ang mga tukso ni Satanas? Paano tayo pinatatatag ng pag-aayuno, panalangin, at "pag-akay . . . ng Espiritu" laban sa tukso?
- Anong pagnanasa (appetite) ang sinubukang akitin ni Satanas noong tuksuhin niya si Jesus, na noon ay nag-aayuno, na gawing tinapay ang mga bato? (Tingnan sa Mateo 4:2–3. Sinubukan niyang akitin ang pagnanasang bigyang kasiyahan ang pisikal na hilig sa pagkain.) Paano tayo tinutukso ni Satanas na pagbigyan ang pisikal na hilig sa pagkain? Paano natin makikilala at mapaglalabanan ang mga tuksong ito?
- Sinubukan ni Satanas na gawing daan ang kapalaluan nang tuksuhin niya si Jesus na magpatihulog mula sa taluktok [ng templo] at patunayan na may kapangyarihan siyang maligtas ng mga anghel (Mateo 4:5–6). Paano sinusubukan ni Satanas na pairalin natin ang ating kapalaluan? Paano natin makikilala at mapaglalabanan ang mga tukso na bigyang- kasiyahan ang mapagnasang kapalaluan?
- Ano ang inialok ni Satanas kung sasambahin siya ni Jesus? (Tingnan sa Mateo 4:8–9.) Paano tayo tinutukso ni Satanas ng makamundong mga kayamanan at kapangyarihan? Paano natin makikilala at mapaglalabanan ang ganitong mga tukso? (Tingnan sa Mateo 4:10.)
- Ano ang hindi totoo sa alok ni Satanas na ibibigay kay Jesus ang mga kaharian ng daigdig? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 104:14.) Anong mga kabulaanan ang iniaalok ni Satanas sa ngayon upang ganyakin tayo sa kasalanan?
- Tinugon ni Jesus ang bawat panunukso ni Satanas sa pamamagitan ng pagbanggit sa mga banal na kasulatan (Mateo 4:3–4, 6–7, 8–10). Paano tayo binibigyan ng lakas ng mga banal na kasulatan upang mapaglabanan ang tukso? (Tingnan sa Helaman 3:29–30.)
- Dalawang ulit na tinanong ni Satanas si Jesus kung siya ang Anak ng Diyos (Mateo 4:3, 6). Bakit kaya ito itinanong ni Satanas? Paano niya ito itinatanong sa daigdig sa ngayon? Kapag nahaharap tayo sa tukso, paano nakatutulong ang kaalaman na tayo ay mga anak ng Diyos? (Tingnan sa Moises 1:12–22.)
- Paano makatutulong sa atin ang malaman na si Jesus, ang Anak ng Diyos, ay naharap din sa mga tukso na tulad ng mga nakakaharap natin? (Habang tinatalakay ng mga miyembro ng klase ang tanong na ito, maaari ninyong naising ipabasa sa kanila ang sa Mga Hebreo 4:14–15.)

Sinabi ni Elder Joseph B. Wirthlin na: "Alam na alam ng Panginoon ang ating buhay sa mundo. Alam niya ang ating mga kahinaan. Nauunawaan niya ang mga hamon ng ating pang-araw-araw na pamumuhay. Lubos ang kanyang pakikiramay sa mga tukso ng makamundong hilig at pagkahumaling" (sa Conference Report, Abr. 1996, 46; o *Ensign*, Mayo 1996, 34).

**4. Ang ilan sa mga disipulo ni Juan Bautista ay nagpasiyang sumunod kay Jesus.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Juan 1:35–51.

- Noong simulan ni Jesus ang kanyang mortal na ministeryo, ano ang hinimok ni Juan Bautista na gawin ng kanyang sariling mga disipulo? (Tingnan sa Juan 1:35–37.) Nang makita ni Jesus na sinusundan Siya ng dalawa sa mga disipulo ni Juan Bautista, ano ang kanyang ginawa? (Tingnan sa Juan 1:38–39.)
- Nang marinig at makilala ni Andres ang Tagapagligtas, ano ang kanyang ginawa? (Tingnan sa Juan 1:40–42.) Matapos makatanggap ng patotoo na si Jesus ang Mesiyas, paano sinagot ni Felipe ang mga agam-agam ni Natanael? (Tingnan sa Juan 1:43–46.) Ano ang maaari nating gawin upang maanyayahan ang iba na "pumarito at tingnan" ang Tagapagligtas?

---

Katapusan

Magpatotoo na ang paanyayang "pumarito at tingnan" ang Tagapagligtas ay ipinaabot sa ating lahat. Ipaliwanag na maaari nating tanggapin ang paanyayang iyon sa pamamagitan ng pagsisisi, pagpapabinyag, pagtupad sa ating mga tipan sa pagbibinyag, at paglaban sa tukso.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Mahahalagang bagay na dapat malaman mula sa pagbibinyag ng Tagapagligtas**

Pagbalik-aralan ang Mateo 3:16–17.

- Paano ipinakikita ng salaysay tungkol sa naging binyag ng Tagapagligtas na ang binyag ay kailangang maisagawa sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig? (Tingnan sa Mateo 3:16; tingnan din sa Juan 3:23; Mga Taga Roma 6:3–6; 3 Nephi 11:23–26; '*Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Pagbibinyag, Binyagan,' " 176–178, na nagpapaliwanag na ang salitang *pagbibinyag* ay "nagmula sa salitang Griyego na ang ibig sabihin ay *itubog* o *ilubog*.")
- Ano ang nakita ni Juan matapos niyang binyagan si Jesus? (Tingnan sa Mateo 3:16.) Kaninong tinig ang kanyang narinig? (Tingnan sa Mateo 3:17.) Ano ang itinuturo sa atin ng salaysay ng pagbibinyag ng Tagapagligtas tungkol sa katauhan ng Panguluhang Diyos? (Ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ay magkakahiwalay na katauhan.)

**2. Nagpakita si Jesus ng paggalang at pagmamahal sa kanyang ina**

Ipaliwanag na pagkatapos mabinyagan si Jesus, siya at ang kanyang mga disipulo ay dumalo sa isang piging ng kasal sa Cana (Juan 2:1–11). Nang sabihin sa kanya

ng kanyang ina na walang alak para sa piging ay itinanong niya sa kanyang ina kung ano ang nais nitong gawin niya para sa kanya at sinabing gagawin niya ito (tingnan sa Joseph Smith Translation, John 2:4).

- Ano ang inihayag ng mga salita ni Jesus sa kanyang ina tungkol sa kanyang damdamin para sa ina? Ano ang ginawa niya para tulungan ang ina? (Tingnan sa Juan 2:6–11. Ituro na ito ang unang himala ni Jesus na natala sa Bagong Tipan.)

**3. Si Jesus ay nagpakita ng paggalang habang nililinis niya ang templo**

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Juan 2:13–17, na naglalaman ng kuwento tungkol sa nakita ni Jesus na paglapastangang ginawa ng mga mangangalakal at mamamalit ng salapi sa templo. Kung may makukuhang larawan ng Ang Paglilinis ni Jesus ng Templo (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 224), ipakita ito. Ituro na nagpakita ng paggalang at pagpipitagan si Jesus nang "itinaboy niyang lahat sa templo, . . . at ibinubo niya ang salapi ng mga mamamalit, at ginulo ang kanilang mga dulang" (Juan 2:15). Ipaliwanag na ang pagpipitagan sa ating Ama sa Langit ay hindi lamang kinapapalooban ng tahimik na pag-upo sa Simbahan. Kabilang dito ang pagpapakita sa pamamagitan ng ating mga kilos na mahal natin siya at kinikilala natin ang kanyang kapangyarihan.

# “Ipanganak na Muli”

Aralin
5

*Juan 3–4*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na upang makatanggap ng buhay na walang katapusan ay kailangan nating “ipanganak na muli” at patuloy na sundan si Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Juan 3:1–22. Itinuro ni Jesus kay Nicodemo na ang lahat ay kailangang maipanganak na muli sa tubig at Espiritu upang makapasok sa kaharian ng Diyos. Itinuro ni Jesus na siya ang Bugtong na Anak ng Diyos, na ipinadala upang iligtas ang sangkatauhan.
   b. Juan 4:1–42. Tinuruan ni Jesus ang isang babaeng taga Samaria na nasa Tabi ng Balon ni Jacob. Maraming Samaritano ang nagbalik-loob.

2. Karagdagang pagbabasa: ‘*Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* “Buhay na Tubig,’ 32.”

3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala sa klase ng:

   a. Isang halamang maganda ang tubo at nadidiligang mabuti at isang halamang lanta dahil sa kakulangan ng tubig (o magdrowing sa pisara ng isang halamang maganda ang tubo at isang lantang halaman, tulad ng nakapakita sa gawaing pantawag-pansin).
   b. Isang pitsel ng tubig.

4. Kung makukuha ang sumusunod na mga materyal, gamitin ang ilan sa mga ito sa aralin:

   a. Ang larawan ng Ang Babae sa May Balon (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 217).
   b. “The Woman at the Well,” isang walong minutong yugto mula sa *New Testament Video Presentations* (53914).
   c. Mapa ng Palestina noong panahon ng Bagong Tipan (mapa 4 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*).


5. Mungkahi sa pagtuturo: “Ang pangunahing layunin ng pagtuturo sa Simbahan ay tumulong na makapagdulot ng mga kapaki-pakinabang na pagbabago sa buhay ng mga tao. Ang pakay nito ay bigyan ng inspirasyon ang isang tao na mag-isip, makadama, at pagkatapos ay kumilos tungkol sa mga katotohanan at alituntunin ng ebanghelyo” (Rex A. Skidmore, sinipi sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit E, Paksa 6, “Nakahihikayat na Pagtuturo ng Ebanghelyo”, 103–104).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang halamang may maganda ang tubo at ang nalantang halaman (tingnan sa bahaging "Paghahanda"), o idrowing ang mga ito sa pisara tulad ng nakapakita sa kasunod na pahina. Ipakita rin ang pitsel ng tubig.



- Ano ang nangyayari sa isang halaman kapag hindi ito tumatanggap ng tubig? Ano ang nangyayari sa atin kapag hindi tayo tumatanggap ng tubig?

Ipaliwanag na kung paanong tayo ay pisikal na mamamatay kapag hindi tayo tumatanggap ng tubig ay gayundin naman na espirituwal tayong mamamatay kapag hindi tayo tumatanggap ng espirituwal na tubig. Isinasaad ng araling ito ang mga aral ni Jesus tungkol sa pagsilang sa pamamagitan ng tubig at ng Espiritu at tungkol sa buhay na tubig na kanyang iniaalay.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

1. **Itinuro ni Jesus kay Nicodemo na ang lahat ay kailangang maipanganak na muli sa tubig at Espiritu upang makapasok sa kaharian ng Diyos.**

Talakayin ang Juan 3:1–22. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata. Ipaliwanag na si Nicodemo ay isang pinuno sa pamayanang Judio. Nagpunta siya kay Jesus dahil alam niyang si Jesus ay isang "guro na nagbuhat sa Dios" (Juan 3:2).

- Ano ang itinuro ni Jesus kay Nicodemo na kailangan niyang gawin upang makapasok sa kaharian ng Diyos? (Tingnan sa Juan 3:5.) Ano ang ibig sabihin ng "ipanganak ng tubig"? (Juan 3:5; mabinyagan). Paano naging sagisag ng pagsilang na muli ang pagbibinyag? (Ang paglulubog sa tubig ay sagisag ng kamatayan o paglilibing ng ating mga nakaraang kasalanan; sa pagbangon natin mula sa tubig, tayo ay nagsisimula ng panibagong buhay.) Ano ang ibig sabihin ng "ipanganak ng . . . Espiritu"? (Juan 3:5; tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo).

- Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie na "ang mga miyembro ng Simbahan ay hindi ipinapanganak na muli sa pamamagitan lamang ng pagbibinyag" (*Doctrinal New Testament Commentary*, 3 tomo [1966–73], 1:142). Bukod sa pagbibinyag at pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, ano pa ang kailangan upang maipanganak na muli? (Tingnan sa Juan 3:16, 18; Mosias 5:1–7; 27:25–26; Alma 5:14–35; 22:15–18. Maaari ninyong naising pamarkahan sa mga miyembro ng klase ang mga parirala sa mga talatang ito na may kaugnayan sa pagkapanganak na muli. Isang halimbawa ng listahan ang nasa ibaba. Ituro na nililinaw ng mga talata mula sa Aklat ni Mormon ang ibig sabihin ng maipanganak na muli.)

  a. Pagsampalataya kay Jesucristo (Juan 3:16, 18).
  b. Pagdanas ng "malaking pagbabago sa . . . aming mga puso, kaya nga kami ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti" (Mosias 5:2; tingnan din sa Alma 5:12–14, 26).
  c. Pagkakaroon ng "[pagbabago] mula sa [isang] makamundo at pagkahulog na kalagayan, tungo sa kalagayan ng kabutihan" (Mosias 27:25).
  d. Pagiging "mga anak ni Cristo, mga anak niyang lalaki, at mga anak niyang babae" (Mosias 5:7; 27:25).
  e. Pagiging "mga bagong nilikha" (Mosias 27:26).
  f. Pagtataglay "ng larawan ng Diyos na nakaukit sa [ating] mga mukha" (Alma 5:19; tingnan din sa talata 14).
  g. Pagsisisi nang sa gayon ang ating "kasuotan [ay kailangang] dalisayin hanggang sa ito ay maging malinis sa lahat ng dumi, sa pamamagitan ng dugo niya [ni Cristo]" (Alma 5:21; tingnan din sa Alma 5:19, 33–34; 22:18).

- Itinuro rin ni Elder Bruce R. McConkie na ang pagkapanganak na muli ay "hindi nangyayari sa isang iglap. [Ito] ay isang proseso" ("Jesus Christ and Him Crucified," sa *1976 Devotional Speeches of the Year*, 399). Ano ang maaari nating gawin upang maipagpatuloy ang prosesong ito sa buong buhay natin? (Tingnan sa 2 Nephi 31:19–20.) Paano natin mapaglalabanan ang kawalan ng pag-asa o mga sagabal sa ating espirituwal na pag-unlad? Anong mga pagbabago ang inyong napansin sa inyong sarili o sa isang tao habang nasa proseso ng pagkapanganak na muli?

- Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin nang malakas ang Juan 3:14–18. Paano nauugnay ang mga katotohanang ito tungkol sa misyon ng Tagapagligtas sa kanyang kautusan na tayo ay ipanganak na muli?

- Ginamit ni Jesus ang mga konsepto ng liwanag at kadiliman upang turuan si Nicodemo (Juan 3:19–21). Bakit pinipili ng ilan ang kadiliman sa halip na liwanag? Paano natin mapananatili ang kakayahang mahalin ang liwanag at itakwil ang kadiliman? Anong mga pangako ang ginawa ng Panginoon sa mga lumalapit sa liwanag? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 50:24; 88:67.)

**2. Tinuruan ni Jesus ang isang babaeng taga Samaria na nasa Tabi ng Balon ni Jacob.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Juan 4:1–42. Ipakita ang mapa ng Palestina. Ipaliwanag na habang naglalakbay si Jesus at ang kanyang mga disipulo mula sa Judea patungong Galilea (maaari ninyong naising ituro ang mga lugar na ito sa mapa), sila ay tumigil upang magpahinga sa tabi ng Balon ni Jacob sa Samaria. Habang nakaupo si Jesus sa tabi ng balon, isang babaeng taga Samaria ang lumapit upang umigib ng tubig.

Ipakita ang larawan ng babaeng nasa tabi ng balon. Kung gagamitin ninyo ang pagpapalabas ng video na “The Woman at the Well,” ipalabas na ninyo ito ngayon.

- Ang mga Judio ay “hindi nakikipag-usap sa mga Samaritano” (Juan 4:9) at karaniwang iniiwasan ang Samaria kapag naglalakbay sila. Gayunman ay kusang dumaan si Jesus sa Samaria. Ano ang inihahayag nito tungkol sa kanya? Sino ang ilan sa “mga Samaritano” sa daigdig sa ngayon? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng sinumang tao o grupo na itinuturing na nakabababa.) Paano natin sila dapat pakitunguhan?
- Paano ginawa ng babaeng taga Samaria na mas madali siyang maturuan ni Jesus? (Tingnan sa Juan 4:9, 11–12, 15, 19, 25. Maaaring maibilang sa sagot na siya ay mapagpakumbaba, naghangad siyang madagdagan pa ang kanyang nalalaman, at pinaniwalaan niya ang kanyang mga salita.) Ano ang maaari nating gawin upang mas madali nating matanggap ang mga aral ng Tagapagligtas?
- Paano nabago ang babaeng taga Samaria habang nakikipag-usap sa kanya si Jesus? Paano nakatulong si Jesus upang maisagawa ang pagbabagong ito? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang tinuruan niya ang babae sa antas na abot ng kanyang pang-unawa, nagpatotoo siya tungkol sa kanyang sarili, mabisa niyang ginamit ang sagisag ng tubig, at nagpakita siya ng habag.) Paano natin masusundan ang kanyang halimbawa habang tinuturuan natin ang iba?
- Sinabi ni Jesus sa babaeng taga Samaria na siya ay mabibigyan niya ng “tubig na buhay” (Juan 4:10). Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng “tubig na buhay”? (Tingnan sa 1 Nephi 11:25; Doktrina at mga Tipan 63:23. Maaaring maibilang sa mga sagot ang mga doktrina ng ebanghelyo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang Pagbabayad-sala.) Paano natin makakamtan ang tubig na buhay? Paano kayo napagpala ng tubig na buhay na ito?
- Ang babaeng taga Samaria ay nagpunta sa balon para sumalok ng tubig (Juan 4:7). Gayunman, pagkatapos niyang makipag-usap kay Jesus ay iniwan niya ang kanyang pitsel sa tabi ng balon at umalis upang sabihan ang iba tungkol sa karanasang ito (Juan 4:28–29). Ano ang matututuhan natin mula sa kanyang halimbawa?
- Paano napagpala ang ibang tao dahil sa pananampalataya ng babaeng taga Samaria? (Tingnan sa Juan 4:39–42.) Paano kayo napagpala o paano ninyo nakitang napagpala ang iba sa paniniwala sa Panginoon? Paano maaapektuhan ng ating pananampalataya ang mga nakapaligid sa atin?

---

Katapusan

Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, muli ninyong ipakita ang mga halaman at tubig na nasa pitsel. Ipaliwanag na kung paanong kailangan ng mga halaman ang tubig upang mabuhay, ay gayundin naman na kailangan nating sundin ang Tagapagligtas at ang kanyang mga aral upang maipanganak na muli at magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Magpatotoo tungkol sa mga katotohanang tinalakay ninyo sa aralin. Hamunin ang mga miyembro ng klase na hanapin si Jesucristo, sundan siya, at magpatuloy sa proseso ng pagkapanganak na muli.

## Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. "Hindi ako ang Cristo, kundi . . . ako'y sinugo sa unahan niya" (Juan 3:28)**

- Sa Juan 3:25–36, ano ang saloobin ni Juan tungkol sa kanyang ginampanang tungkulin at sa pagkilala niya sa tungkuling ginampanan ng Tagapagligtas? Paano ipinakita ng saloobin ni Juan ang pagiging tunay na disipulo? Paano natin maisasagawa ang ganitong saloobin sa ating paglilingkod sa Simbahan?

**2. "Ang mga bukid . . . [ay] mapuputi na upang anihin" (Juan 4:35)**

- Ano ang itinuro ni Jesus sa kanyang mga disipulo tungkol sa gawaing misyonero sa Juan 4:35–38? Ano ang ibig niyang ipakahulugan nang sabihin niyang ang bukid ay maputi na at handa nang anihin? Paano iniugnay ng Tagapagligtas ang sagisag ding ito sa Doktrina at mga Tipan 4:1–4 at 75:3–5? Hilingan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga naging karanasan nila sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba.

**3. Pinagaling ni Jesus ang anak ng isang taong mayaman**

Basahin at talakayin ang Juan 4:46–54.

- Ano ang kailangan kay Jesus ng lalaking mayaman? (Tingnan sa Juan 4:46–47.) Ano ang unang isinagot ni Jesus sa kanya? (Tingnan sa Juan 4:48.) Paano tumugon ang lalaking mayaman? (Tingnan sa Juan 4:49.)
- Ano ang pangalawang sagot ni Jesus sa lalaking mayaman? (Tingnan sa Juan 4:50.) Ano ang naging reaksiyon ng lalaking mayaman? (Tingnan sa Juan 4:50.) Ano ang naging bunga ng pananampalataya ng lalaking mayaman? (Tingnan sa Juan 4:51–54.) Ano ang matututuhan natin mula sa pangyayaring ito tungkol sa kapangyarihan ng pananampalataya?

Aralin
6

# "At Pagdaka'y Iniwan Nila ang mga Lambat"

*Lucas 4:14–32; 5; 6:12–16; Mateo 10*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na ang mga Apostol ay tinawag upang maging natatanging saksi ni Jesucristo at pinagpapala tayo kapag itinataguyod at sinusunod natin sila.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Lucas 4:14–32. Nagturo si Jesus sa isang sinagoga sa Nazaret at nagpatotoo na siya ang Mesiyas na ipinropesiya ni Isaias. Galit na galit na tinanggihan siya ng mga tao.
   b. Lucas 5:1–11, 27–28; 6:12–16. Tinawag ni Jesus ang kanyang Labindalawang Apostol.
   c. Mateo 10. Inordenan at tinagubilinan ni Jesus ang Labindalawang Apostol at isinugo sila upang ipangaral ang ebanghelyo.
2. Karagdagang pagbabasa: Isaias 61:1–2; Mateo 4:18–22; Marcos 1:16–20; 3:13–19; 6:7–13; Lucas 9:1–6; 12:1–12; Doktrina at mga Tipan 107:23–24, 33–35, 39, 58; '*Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Apostol," 13. '
3. Kung makukuha ang sumusunod na mga larawan, gamitin ang mga ito sa aralin: Pagtawag sa mga Mangingisda (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 209) o Si Jesus at ang mga Mangingisda (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 210); Inoordenan ni Cristo ang mga Apostol (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 211); at isang larawan ng kasalukuyang Korum ng Labindalawang Apostol (mula sa pinakahuling isyu ng *Ensign* o Liahona na nauukol sa komperensiya).
4. Mungkahi sa pagtuturo: Alamin at gamitin ang mga pangalan ng mga miyembro ng klase. Kapag ganito ang ginagawa ninyo, makikita ng mga miyembro ng klase na nagmamalasakit kayo sa kanila bilang mga indibiduwal. Ang malaman ang mga pangalan ng mga miyembro ng klase ay makatutulong din sa inyo na makahimok ng paglahok dahil magagawa ninyong ibaling ang mga tanong sa tiyak na tao. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit E, Paksa 16, "Paggamit ng mga Tanong Upang Pumukaw ng Pag-iisip," 128–130.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang unang bahagi ng Mosias 27:31 (hanggang sa "kikilalanin na siya ay Diyos"). Ipaliwanag na sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo ay kikilalanin siya ng lahat bilang Tagapagligtas. Hindi ito

nangyari noong kanyang unang pagparito. Pinag-aralan ng mga Judio ang mga propesiya tungkol sa pagdating ng Tagapagligtas sa loob ng daan-daang taon, subalit marami sa mga nakarinig kay Jesus ang nabigong makilala siya bilang siyang Tagapagligtas. Dahil hindi pinalaya ni Jesus ang mga Judio mula sa pamumuno ng Roma, na tulad ng inasahan nilang gagawin ng Mesiyas, marami sa kanila ang nagtakwil sa kanya at sa kanyang mensahe.

Ituro na tatalakayin ng unang bahagi ng araling ito kung ano ang nangyari noong unang ipahayag ni Jesus na siya ang matagal nang hinihintay na Mesiyas. Tatalakayin naman ng iba pang mga bahagi ng aralin ang pagtawag ni Jesus ng mga Apostol upang tulungan siya sa pagpapalaganap ng kanyang mensahe.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin ang mga biyayang nagmumula sa pagkakilala na si Jesucristo ang Tagapagligtas at sa pagsunod sa mga Apostol.

**1. Ipinahayag ni Jesus na siya ang Mesiyas.**

Talakayin ang Lucas 4:14–32. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga piling talata. Ipaliwanag na inanyayahang magbasa si Jesus ng isang talata ng banal na kasulatan at nahilingan din na magbigay ng puna tungkol dito habang dumadalo sa pagpupulong sa sinagoga sa Nazaret.

- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Lucas 4:16–19. (Ituro na ang mga talata 18–19 ay sinipi mula sa Isaias 61:1–2. Si Isaias ay tinawag na "Esaias" sa Lucas 4:17.) Tungkol saan ang mga talatang ito? (Ang mga ito ay paglalarawan ng propeta tungkol sa mga bagay na gagawin ng Mesiyas; tingnan sa aralin 1.)
- Nang matapos basahin ni Jesus ang talata mula sa Isaias, anong patotoo ang kanyang ibinigay? (Tingnan sa Lucas 4:21. Ipinahayag niya na siya ang Mesiyas na ipinropesiya ni Isaias at siya ring hinihintay ng mga Judio sa loob ng daan-daang taon.) Paano tumugon ang mga tao sa sinagoga sa pahayag ni Jesus? (Tingnan sa Lucas 4:22–29.)
- Bakit sa palagay ninyo nahirapan ang mga tao sa sinagoga sa pagtanggap kay Jesus bilang ang Mesiyas? (Tingnan sa Lucas 4:22. Maaaring maibilang sa mga sagot na siya ay kilala nila at nakita ang kanyang paglaki, kung kaya't hindi nila maubos maisip kung paano siya magiging ang dakilang Mesiyas na inaasahan nilang darating.) Bakit sa palagay ninyo nahihirapan ang ilang mga tao sa ngayon na tanggapin si Jesucristo? Paano natin mapalalakas ang ating mga patotoo na si Jesus ang Tagapagligtas?

**2. Tinawag ni Jesus ang kanyang Labindalawang Apostol.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Lucas 5:1–11, 27–28; 6:12–16. Ipakita ang larawan ni Jesus at ng mga mangingisda at ang larawan ng kasalukuyang Labindalawang Apostol. Habang tinatalakay ninyo ang mga talata ng banal na kasulatan, tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na ang mga Apostol ay tinawag upang gawin nila ang ginawa mismo ni Jesus sa sinagoga sa Nazaret—ipahayag na siya ang Mesiyas, ang Tagapagligtas.

- Ano ang ginagawa nina Simon Pedro, Santiago, at Juan noong magpunta si Jesus sa kanila? (Tingnan sa Lucas 5:1–2.) Ano ang sinabi sa kanila ni Jesus tungkol sa kung paano mababago ang kanilang buhay kung susunod sila sa

kanya? (Tingnan sa Lucas 5:10.) Paano naapektuhan ang inyong buhay dahil sa inyong pasiyang sundin si Jesucristo?

- Paano nagmistulang pagbabadya ang himala na nangyari sa mga lambat tungkol sa magiging mga karanasan nina Pedro, Santiago, at Juan bilang "mga mamamalakaya ng mga tao"? (Marcos 1:17). Sabihin sa mga miyembro ng klase na isaalang-alang ang sumusunod na mga parirala:

  a. Lucas 5:5: "Sa iyong salita ay ihuhulog ko ang mga lambat." (Gagawa sila kung saan sila papuntahin ni Jesus.)
  b. Lucas 5:6: "Nakahuli sila ng lubhang maraming isda; at nagkampupunit ang kanilang mga lambat." (Matatagpuan nila ang maraming tao na tatanggap sa ebanghelyo.)
  c. Lucas 5:7: "Kinawayan nila ang mga kasamahan . . . upang magsilapit at sila'y tulungan." (Tatawagin nila ang iba pa upang tumulong sa gawain.)

- Ituro na sa Lucas 5:1–11 ay tinawag ni Jesus sina Pedro, Santiago, at Juan na maging kanyang mga disipulo. Sa dakong huli ay tatawagin niya sila upang maging mga Apostol. Isulat sa pisara ang *Disipulo* at *Apostol*. Ano ang kaibahan ng isang disipulo at isang Apostol?

  Ipaliwanag na ang disipulo ay sinumang tagasunod ni Jesucristo (*Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Disipulo," 44–45). Ang Apostol ay isang disipulo na tinawag na maging isang natatanging saksi ni Cristo (Doktrina at mga Tipan 107:23). Ang ibig sabihin ng salitang *Apostol* ay "isang isinugo" (*Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Apostol," 13). Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay isinusugo upang magpatotoo sa daigdig na si Jesus ang Tagapagligtas at Manunubos ng sangkatauhan.

- Bakit mahalaga ang pagtawag ni Jesus ng mga Apostol? (Tingnan sa Mateo 9:36–38; 16:19; Marcos 3:14–15; Juan 20:19–21, 23; Mga Taga Efeso 4:11–15. Tutulungan nila si Jesus na ipangaral ang ebanghelyo at pamunuan ang Simbahan at ipagpatuloy ang awtoridad ng pagkasaserdote kapag wala na si Jesus.) Bakit mahalaga na tumawag ang Panginoon ng mga Apostol sa ngayon?

- Paano pinili ni Jesus ang orihinal na Labindalawang Apostol? (Tingnan sa Lucas 6:12–13.) Paano inihanda ni Jesus ang kanyang sarili sa pagtawag sa kanila? Paano ito maihahambing sa paraan ng pagtawag sa mga tao sa ngayon na maging mga Apostol at maglingkod sa iba pang mga tungkulin sa Simbahan? (Ang mga pinuno ng Simbahan ay nananalangin at naghahangad ng inspirasyon na malaman kung sino ang nanaisin ng Panginoon na maglingkod sa bawat tungkulin.)

- Ano ang sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan tungkol sa nakaraan at pagkatao ng mga lalaking tinawag ni Jesus na maging mga Apostol? (Tingnan sa Lucas 5:5, 8, 11, 27–28. Maaaring maibilang sa mga sagot na hindi sila nagkaroon ng pormal na pagsasanay para sa ministeryo, ngunit sila ay mapagpakumbaba, masunurin, masisipag na kalalakihan na buong-pusong magsasakripisyo ng lahat nang mayroon sila para lamang sumunod sa Panginoon.) Ano ang ipinahihiwatig nito tungkol sa kung paano nagiging karapat-dapat ang isang tao na maglingkod sa Panginoon? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 4:3, 5–6; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5.)

**3. Inordenan at tinagubilinan ni Jesus ang Labindalawang Apostol.**

Basahin at talakayin ang piling mga talata mula sa Mateo 10. Ipakita ang larawan ni Cristo na inoordenan ang mga Apostol.

- Pagkatapos tawagin ni Jesus ang Labindalawang Apostol ay ibinigay niya sa kanila ang kapangyarihan ng pagkasaserdote at itinuro sa kanila ang kanilang mga pananagutan. Ano ang natututuhan natin tungkol sa mga kapangyarihan at pananagutan ng mga Apostol mula sa payo ni Jesus sa Mateo 10? (Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Maaaring maibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba.)

  a. May kapangyarihan silang pagalingin ang may espirituwal at pisikal na karamdaman (talata 1).
  b. Isinugo sila sa mga ligaw na tupa ng Israel upang ipangaral na ang kaharian ng langit ay malapit nang dumating (mga talata 6–7).
  c. Gagamitin nila ang kanilang kapangyarihan ng pagkasaserdote upang basbasan at pagalingin ang mga tao (talata 8).
  d. Hahanapin nila ang mga nakahandang makinig sa ebanghelyo (mga talata 11–14).
  e. Magtuturo sila ayon sa patnubay ng Espiritu (mga talata 19–20).
  f. Iuukol nila ang kanilang buong buhay sa gawain ng Tagapagligtas (talata 39).

- Paano maihahambing ang mga kapangyarihan at tungkuling ibinigay sa orihinal na mga Apostol sa mga ibinigay sa mga Apostol sa huling araw? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:23, 33, 35; 112:14, 19–22, 30–31.) Paano ninyo nakitang isinasakatuparan ng mga Apostol sa huling araw ang mga tungkuling ito?

- Anong mga biyaya ang ipinapangako sa mga sumusunod sa mga Apostol? (Tingnan sa Mateo 10:40–42; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 124:45–46.)

  Sinabi ni Elder Spencer W. Kimball na: “Ang sinuman sa Simbahang ito ay hindi kailanman maliligaw ng landas kung buong katapatan at walang pagbabago nilang susundin ang mga Awtoridad ng Simbahan na itinalaga ng Panginoon sa kanyang Simbahan. Ang Simbahang ito ay hindi kailanman maliligaw ng landas; hindi kayo kailanman ililigaw ng Korum ng Labindalawa; hindi ito kailanman nangyari at hindi ito kailanman mangyayari” (sa Conference Report, Abr. 1951, 104).

---

Katapusan

Magpatotoo na si Jesucristo ang tunay na Mesiyas at ang Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi niya. Maaari ninyong naising magbahagi ng isang karanasan kung saan pinagpala ang inyong buhay ng pagsunod sa payo ng isang Apostol.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ang kasalukuyang Labindalawang Apostol**

Ipakita ang mga larawan ng kasalukuyang Labindalawang Apostol at tulungan ang mga miyembro ng klase na matutuhan ang kanilang mga pangalan. Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na maikling pagsusulit:

Bigyan ang bawat miyembro ng klase ng lapis at isang piraso ng papel, at hilingin sa kanilang lagyan nila ng bilang ang kanilang mga papel mula 1 hanggang 12. Ipakita ang larawan ng bawat Apostol nang hindi ibinubunyag ang kanyang pangalan, at hilingin sa mga miyembro ng klase na isulat ang pangalan sa kanilang mga papel na kasunod ng angkop na bilang. Kapag naipakita na ninyong lahat ang mga larawan, balikan ang tamang mga sagot.

**2. Ang orihinal na Labindalawang Apostol**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na matutuhan ang mga pangalan ng orihinal na Labindalawang Apostol (Mateo 10:2–4). Ilahad ang sumusunod na impormasyon sa sarili ninyong pananalita upang tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano tinutukoy sa mga banal na kasulatan ang iba't ibang Apostol:

Dalawang Apostol ang nagngangalang Santiago: si Santiago na anak ni Zebedeo at si Santiago na anak ni Alfeo. Dalawa ang nagngangalang Simon: si Simon Pedro at si Simon na Cananeo, na tinatawag ding Simong Masikap ("ang taong masyadong masigasig"). Dalawa ang nagngangalang Judas: si Judas (na tinatawag ding [Lebbaeus] Tadeo) at si Judas Iscariote, na nagkanulo kay Cristo. Si Mateo ay tinatawag na Levi sa Lucas 5:27–28. Si Tomas ay kilala rin bilang si Didimo, na ang ibig sabihin ay "kambal." Ang Apostol na tinukoy na Bartolome sa mga ebanghelyo nina Mateo, Marcos, at Lucas ay ipinagpapalagay na siya ring tinutukoy na Natanael sa ebanghelyo ni Juan.

**3. "Ang umiibig sa ama o sa ina ng higit kaysa akin ay hindi karapat-dapat sa akin" (Mateo 10:37)**

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Mateo 10:35–38.

- Paano natutupad kung minsan ang mga talata 35 at 36 kapag sumasapi ang isang tao sa Simbahan? Bagaman nalalaman natin na nais ng Panginoon na maging mapayapa at nagkakaisa ang ating mga pamilya, bakit kaya sa palagay ninyo binigkas niya ang mga pangungusap na ito? Kanino natin dapat iukol ang ating buong katapatan? (Tingnan sa mga talata 37–38; tingnan din sa Lucas 14:33.)

**4. Pagpapalabas ng video**

Ang unang yugto ng "New Testament Customs," isang piling bahagi mula sa *New Testament Video Presentations* (53914), ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa araling ito. Ang yugtong ito ay kinapapalooban ng impormasyon tungkol sa kung ano ang kahulugan kay Jesus ng kanyang sariling pagpapahayag na siya ang hinirang (anointed one), o Mesiyas (Lucas 4:18); tungkol sa pagsamba sa sinagoga; at kung ano ang ibig sabihin ng ipangaral ang ebanghelyo nang walang supot ng salapi at supot ng pagkain, na tulad ng ibinilin ni Jesus na gawin ng kanyang mga Apostol (Mateo 10:9–10).

# "[Siya] Rin ang Kumuha ng Ating mga Sakit, at Nagdala ng Ating mga Karamdaman"

Aralin
7

*Marcos 1–2; 4:35–41; 5; Lucas 7:11–17*

---

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang ilan sa mga dahilan kung bakit nagsagawa ng mga himala ang Tagapagligtas.

---

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Marcos 1:14–15, 21–45. Si Jesus ay naglakbay sa buong Galilea na nagtuturo ng ebanghelyo, nagtataboy ng mga demonyo, at nagpapagaling ng maysakit. Itinaboy niya ang isang karumal-dumal na espiritu mula sa isang tao, pinagaling ang biyenan na babae ni Simon Pedro, at pinagaling ang isang ketongin.
   b. Marcos 2:1–12. Pinatawad ni Jesus ang mga kasalanan ng isang tao at pinagaling ang isang lalaking lumpo.
   c. Marcos 4:35–41; 5:1–20; Lucas 7:11–17. Pinayapa ni Jesus ang maunos na dagat, itinaboy ang isang pulutong ng mga demonyo, at binuhay mula sa mga patay ang anak na lalaki ng balo ng Nain.
   d. Marcos 5:21–43. Pinagaling ni Jesus ang babaing inaagasan at binuhay mula sa mga patay ang anak na babae ni Jairo.

2. Karagdagang pagbabasa: Mateo 8–9; Lucas 4:33–44; 5:12–32; 8:22–56; Alma 7:11–12; Mormon 9:7–20; Moroni 7:27–29, 33–37; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Himala," 74.

3. Kung ang mga larawang Pagpapatigil sa Bagyo (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 214) at Binabasbasan ni Jesus ang Anak na Babae ni Jairo (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 215) ay makukuha, gamitin ang mga ito sa aralin.

4. Mungkahi sa pagtuturo: Kailangang malaman ng mga miyembro ng klase kung bakit mahalaga sa panahon ngayon ang mga turo sa mga banal na kasulatan. Habang inihahanda ninyo ang bawat aralin, may panalanging isaalang-alang kung ano ang magagawa ninyo upang himukin ang mga miyembro ng klase na iakma sa kanilang pamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, 136; Yunit E, Paksa 21, "Pagtulong sa mga Miyembro ng Klase na Ipamuhay ang mga Alituntunin ng Aralin," 144–146.)

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

**Gawaing Pantawag-pansin**

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

- Ano ang himala? (Isang hindi pangkaraniwang pangyayari na sanhi ng banal o espirituwal na kapangyarihan; tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Himala," 74.)
- Ano ang isa sa mga himala ng Tagapagligtas na nais sana ninyong masaksihan? Bakit? (Maaari ninyong naising isulat sa pisara ang ilan sa mga himala ni Cristo upang tulungan ang mga miyembro ng klase na sagutin ang tanong na ito.)

Ipaliwanag na tatalakayin sa araling ito ang ilan sa mga himala ng Tagapagligtas at ang kanyang dahilan sa pagsasagawa ng mga ito.

---

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na pamumuhay. Bigyang-diin na si Jesus ay patuloy na gumagawa ng mga himala sa ating buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi, kung naaangkop, ng mga himalang naranasan na nila. (Maaari ninyong naising paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ang ilang mga karanasan ay napakasagrado upang ibahagi. Matutulungan sila ng Espiritu Santo na malaman kung kailan nararapat na ibahagi ang isang karanasan.)

**1. Si Jesus ay naglakbay sa buong Galilea na nagtuturo ng ebanghelyo at nagsasagawa ng mga himala.**

Talakayin ang Marcos 1:14–15, 21–45. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Habang naglalakbay si Jesus sa buong Galilea na nagtuturo ng ebanghelyo, siya ay gumawa ng maraming himala, kabilang na ang pagpapagaling ng maysakit at pagtataboy ng mga demonyo (Marcos 1:34, 39). Bakit ginawa ni Jesus ang mga ito at ang iba pang mga himala sa panahon ng kanyang ministeryo? (Maaaring maibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba.)

  a. Upang magpakita ng pagmamahal at habag (tingnan sa Marcos 5:19; tingnan din sa 3 Nephi 17:6–7).
  b. Upang patatagin at pagtibayin ang pananampalataya (tingnan sa Mateo 9:27–30).
  c. Upang patunayan ang kanyang kabanalan at kapangyarihan (tingnan sa Marcos 1:27; 2:10–11).

  Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase, at iwanan ang listahang ito sa pisara hanggang sa katapusan ng aralin. Habang tinatalakay ninyo ang mga himalang isinagawa ni Jesus, talakayin ang ilan sa mga layunin na natupad sa pamamagitan ng bawat himala. Idagdag sa listahan ang anumang karagdagang mga layunin na binanggit sa aralin.

- Bakit namangha ang mga tao sa sinagoga sa Capernaum sa mga aral ni Jesus at sa kanyang kakayahang magtaboy ng masasamang espiritu? (Tingnan sa Marcos 1:22, 27.) Sa pamamagitan ng anong awtoridad nagturo si Jesus at nagsagawa ng mga himala? (Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote, na hindi taglay ng mga eskriba.) Paano napapasaatin sa ngayon ang kapangyarihan at awtoridad na ito?
- Sang-ayon sa Marcos 1:41, ano ang isang dahilan kung bakit pinagaling ni Jesus ang ketongin? Ituro na maraming isinagawang himala si Jesus na tuwirang nagbigay pagpapala sa isang tao lamang. Ano ang ipinakikita ng mga pangyayaring ito hinggil sa nadarama ni Jesus sa bawat isa sa atin? Paano siya nakapagpakita ng pagmamahal at pagkahabag sa inyo?
- Paano natin maipakikita ang pagmamahal at pagkahabag na tulad ng kay Cristo sa mga taong nakapaligid sa atin? Paano nakapagpakita sa inyo ng pagmamahal at pagkahabag na tulad ng kay Cristo ang ibang tao?

**2. Pinatawad ni Jesus ang mga kasalanan ng isang tao at pinagaling ang isang lalaking lumpo.**

Basahin at talakayin ang Marcos 2:1–12.

- Kaninong pananampalataya ang nakatulong sa pagpapagaling sa lalaking lumpo? (Tingnan sa Marcos 2:3, 5.) Paano ipinakita ng mga taong ito ang kanilang pananampalataya? (Tingnan sa Marcos 2:1–4.) Paano natin mapaiiral ang pananampalataya para sa kapakanan ng iba? Paano nakatulong ang pananampalataya ng iba sa inyo o sa isang tao na kakilala ninyo?
- Ano ang inisip ng ilan sa mga eskriba nang sabihin ni Jesus sa lalaking lumpo na ang kanyang mga kasalanan ay napatawad na? (Tingnan sa Marcos 2:5–7.) Paano tinugon ni Jesus ang mga eskribang ito? (Tingnan sa Marcos 2:8–11.) Ituro na kung paanong isang himala ang paggaling ng lalaki sa kanyang pagiging lumpo ay gayundin naman na himala para sa kanya ang mapatawad sa kanyang mga kasalanan. Bigyang-diin na ang himalang ito ay makakamtan ng bawat isa sa atin kapag tayo ay nagsisisi.
- Anong higit na dakilang kapangyarihan ng pagpapagaling ang maaaring isagisag ng pisikal na pagpapagaling ng Tagapagligtas? (Tingnan sa Isaias 53:5; 2 Nephi 25:13; 3 Nephi 9:13.) Paano kayo pinagpala ng espirituwal ng kapangyarihan ni Jesus na magpagaling? Paano natin masusumpungan ang espirituwal na pagpapagaling?

**3. Pinayapa ni Jesus ang dagat, itinaboy ang mga demonyo, at binuhay mula sa mga patay ang anak na lalaki ng balo ng Nain.**

Basahin at talakayin ang piling mga talata mula sa Marcos 4:35–41; 5:1–20 at Lucas 7:11–17. Ipakita ang larawan ni Jesus na pinapayapa ang unos.

- Ang mga pisikal na aspeto ng mga himala ng Tagapagligtas ay kadalasang sumasagisag sa mga espirituwal na katotohanan. Anong mga espirituwal na katotohanan ang matututuhan natin mula sa sumusunod na mga himala? (Ang mga posibleng sagot ay nasa panaklong.)
    a. Marcos 4:35–41. Pinayapa ni Jesus ang dagat. (Mabibigyan niya tayo ng kapayapaan.)

b. Marcos 5:1–20. Itinaboy ni Jesus ang isang pulutong ng mga demonyo. (Maitataboy rin niya si Satanas at ang kanyang impluwensiya sa ating buhay.)
c. Lucas 7:11–17. Binuhay ni Jesus ang isang kabataang lalaki mula sa mga patay. (Dahil sa kanyang Pagbabayad-sala, tayo ay mabubuhay mula sa mga patay sa Pagkabuhay na mag-uli.)

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na banggitin ang iba pang mga himala na isinagawa ng Tagapagligtas at ang mga espirituwal na katotohanan na matututuhan natin mula sa mga himalang iyon.

- Anong iba pang mahahalagang bagay ang napag-alaman ninyo mula sa pag-aaral ng tatlong himalang ito?

**4. Pinagaling ni Jesus ang babaeng inaagasan at binuhay mula sa mga patay ang anak na babae ni Jairo.**

Basahin at talakayin ang piling mga talata mula sa Marcos 5:21–43.

- Paano ipinakita ng babaeng inaagasan ang kanyang pananampalataya? (Tingnan sa Marcos 5:25–29.) Ano ang dahilan ng kanyang paggaling? (Tingnan sa Marcos 5:34. Bigyang-diin na ang kanyang pananampalataya sa kapangyarihan ni Jesus, hindi ang paghipo sa kanyang kasuotan, ang dahilan ng kanyang paggaling.)
- Ipakita ang larawan ni Jesus na binabasbasan ang anak na babae ni Jairo. Paano ipinakita ni Jairo ang kanyang pananampalataya sa Tagapagligtas? (Tingnan sa Marcos 5:22–23.) Ano ang sinabi ni Jesus upang palakasin ang pananampalataya ni Jairo noong marinig ni Jairo na ang kanyang anak na babae ay patay na? (Tingnan sa Marcos 5:36.) Paano ninyo maisasagawa ang mga salitang ito sa inyong buhay?
- Bakit sa palagay ninyo kailangang mauna muna ang pananampalataya kaysa sa mga himala? (Tingnan sa Eter 12:12, 18; Moroni 7:37; at ang sumusunod na siping-banggit.) Bakit hindi tanging ang mga himala lamang ang makapagbibigay ng matibay na pundasyon para sa pananampalataya?

  Sinabi ni Brigham Young na: "Ang mga himala, o ang mga hindi pangkaraniwang pagpapatunay na ito ng kapangyarihan ng Diyos, ay hindi para sa mga di-mananampalataya; ang mga ito ay para sa ikagagaan ng loob ng mga Banal, at upang palakasin at pagtibayin ang pananampalataya ng mga nagmamahal, may takot, at naglilingkod sa Diyos" (*Discourses of Brigham Young*, pinili ni John A. Widtsoe [1941], 341).

- Bakit mahalaga sa inyo ang mga himalang isinagawa ni Jesus noong panahon ng kanyang buhay sa lupa? Bakit mahalagang malaman na patuloy pa rin siyang gumagawa ng mga himala sa ngayon? Ano ang ilang halimbawa ng makabagong mga himala?

Katapusan

Magpatotoo na ang Tagapagligtas ay makapagpapagaling kapwa ng espirituwal at pisikal na karamdaman. Ipahayag ang inyong pasasalamat sa lahat ng kanyang ginawa para sa atin. Kung naaangkop, maaari ninyong naising isalaysay ang isang himala na nagpala sa inyong buhay.

Hilingin sa mga miyembro ng klase na tahimik na pagnilay-nilayin ang mga himalang naranasan na nila. Himukin silang makilala at pasalamatan ang mga himala sa kanilang buhay.

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Mga himala sa Lumang Tipan**

Ipaliwanag na ang mga himala ay hindi bago sa mga Judio. Ang mga himala ay naisagawa na noong una ng mga propetang iginalang ng mga Judio sa Lumang Tipan. Sandaling pagbalik-aralan ang sumusunod na mga halimbawa:

a. Binuhay mula sa mga patay ng propetang si Elijah ang isang batang lalaki (I Mga Hari 17:17–24).
b. Pinakain ng propetang Eliseo ang isang pulutong sa pamamagitan ng kaunting pagkain (II Mga Hari 4:42–44).
c. Pinagaling ni propetang Eliseo si Naaman, na isang ketongin (II Mga Hari 5:1–19).

- Sa anong kapangyarihan nagsagawa ng mga himala ang mga propetang ito? (Ang pagkasaserdote, ang banal na kapangyarihan na ibinigay sa kanila ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.)

**2. “Hindi nangangailangan ng manggagamot ang mga walang sakit” (Marcos 2:17)**

- Ano ang naging reaksiyon ng mga eskriba at mga Fariseo nang makita nilang kumakain si Jesus na kasalo ang mga taong itinuturing nilang mga makasalanan? (Tingnan sa Marcos 2:15–16.) Ano ang sinabi ni Jesus sa kanila? (Tingnan sa Marcos 2:17.) Ano ang ibig sabihin nito? Sa anong mga paraan tayong lahat “nangangailangan . . . ng manggagamot”?

Aralin
# 8 Ang Pangangaral sa Bundok: "Isang Daang Kagalinggalingan"

*Mateo 5*

---

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng pagsasabuhay sa mga alituntuning itinuro niya sa Pangangaral sa Bundok.

---

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Mateo 5:1–12. Sa isang bundok sa Galilea ay itinuro ni Jesus sa kanyang mga disipulo ang mga Lubos na Pagpapala [Beatitudes].
   b. Mateo 5:13–16. Ipinahayag ni Jesus na ang kanyang mga disipulo ang "asin ng lupa" at ang "ilaw ng sanglibutan."
   c. Mateo 5:17–48. Ipinahayag ni Jesus na siya ay dumating upang tuparin ang batas ni Moises, at itinuro niya ang isang mas mataas na batas.

2. Karagdagang pagbabasa: Lucas 6:17–36; Mosias 13:28–35; Alma 34:13–16; 3 Nephi 12; Eter 12:11; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Lubos na Pagpapala, Mga," 134; at "Pangangaral sa Bundok," 207.

3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, bigyan ang bawat miyembro ng klase ng bolpen o lapis at isang piraso ng papel.

4. Kung makukuha ang sumusunod na mga materyal, gamitin ang mga ito sa aralin:

   a. Ang larawan ng Sermon sa Bundok (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 212).
   b. Isang lalagyan ng asin at isang ilawan.

5. Mungkahi sa pagtuturo: Si Jesucristo ang Dakilang Guro. Habang pinag-aaralan ninyo ang Pangangaral sa Bundok, pansinin ang mga paraan ng kanyang pagtuturo at maghanap ng mga paraan kung paano ninyo siya pamamarisan bilang guro. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit A, Paksa 10, "Magturo nang Tulad ng Pagtuturo ni Jesus," 19–20, para sa iba pang mga mungkahi sa kung paano masusundan ang halimbawa ng Tagapagligtas bilang isang guro.)

---

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Bigyan ang bawat miyembro ng klase ng isang piraso ng papel at bolpen o lapis. Ipaliwanag na ang mga banal na kasulatan ay kinapapalooban ng maraming paanyaya mula sa Tagapagligtas. Maaari ninyong naising ipabasa sa mga miyembro ng klase ang mga paanyaya ng Tagapagligtas sa Mateo 11:28–29 at

3 Nephi 27:27. Hilingin sa mga miyembro ng klase na isulat ang *Inaanyayahan ako ng Tagapagligtas na:* sa itaas ng papel. Pagkatapos ay ipaliwanag na ang araling ito ay nakatuon sa Pangangaral sa Bundok, na naglalaman ng maraming paanyaya mula sa Tagapagligtas. Himukin ang mga miyembro ng klase na humanap ng mga paanyaya habang tinatalakay ang aralin at isulat ang mga ito sa piraso ng papel.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan. Dahil hindi madaling itanong ang bawat katanungan o talakayin ang bawat punto ng aralin, piliin nang may panalangin ang mga pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

**1. Itinuro ni Jesus ang mga Lubos na Pagpapala sa kanyang mga disipulo.**

Ipaliwanag na maraming daang taon pagkatapos na maibigay ng hindi pa mortal noon na Cristo ang batas ni Moises sa Bundok ng Sinai, ang mortal na Mesiyas ay bumaba sa isa pang bundok upang ipahayag ang higit na mataas na batas sa isang diskurso na tinatawag na Pangangaral sa Bundok. Ipakita ang larawan na Pangangaral sa Bundok.

Ang unang mga turo sa sermong ito ay kilala bilang ang mga Lubos na Pagpapala (Mateo 5:1–12). Ang salitang *lubos na pagpapala* (beatitudes) ay nagmula sa Latin na *beatus*, na ang ibig sabihin ay mapalad, masaya, o pinagpala. Basahin ang mga Lubos na Pagpapala at talakayin ang mga ito tulad ng nakabalangkas sa ibaba.

- *Mateo 5:3*. Ano ang ibig sabihin ng "mapapagpakumbabang-loob"? (Maging mapagpakumbaba. Tingnan din sa 3 Nephi 12:3.) Bakit mahalaga na maging mapagpakumbaba tayo? Paano tayo magiging higit na mapagpakumbaba?
- *Mateo 5:4*. Ano ang ilang mga paraan na inilalaan ng Panginoon upang maaliw tayo? (Tingnan sa Juan 14:26–27 at Mosias 18:8–9 para sa ilang halimbawa.) Paano kayo naaliw sa mga oras ng pagdadalamhati?
- *Mateo 5:5*. Ano ang ibig sabihin ng maging maamo? (Maging magiliw, mapagpatawad, o mapagkawanggawa.) Paano tayo magiging maamo? (Tingnan sa Mosias 3:19; Alma 7:23; 13:28.)
- *Mateo 5:6*. Ano ang ipinangako ni Jesus sa mga "nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran"? (Tingnan sa Mateo 5:6; 3 Nephi 12:6.) Ano ang maaari nating gawin upang sa halip na hangarin ang mga bagay ng daigdig ay hangarin natin ang mga bagay na nauukol sa katuwiran?
- *Mateo 5:7*. Paano tayo makapagpapakita ng habag sa iba? Bakit kailangan natin ang habag mula sa Panginoon? (Tingnan sa Alma 42:13–15.)
- *Mateo 5:8*. Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng magkaroon ng dalisay na puso? Paano natin mapadadalisay ang ating mga puso? (Tingnan sa Helaman 3:35.) Bakit kailangan nating magkaroon ng dalisay na puso para makita natin ang Diyos at mamuhay sa kanyang piling? (Tingnan sa Moises 6:57.)
- *Mateo 5:9*. Paano tayo magiging mga tagapagpayapa sa ating mga tahanan at pamayanan?

- *Mateo 5:10–12*. Bakit inuusig kung minsan ang mabubuting tao? Paano tayo dapat tumugon sa pag-uusig? (Tingnan sa Mateo 5:44; Lucas 6:35.)

Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, hilingin sa mga miyembro ng klase na isulat ang mga paanyaya na nasa mga Lubos na Pagpapala na sa pakiramdam nila ay malaki ang maitutulong sa kanila.

**2. Ipinahayag ni Jesus na ang kanyang mga disipulo "ang asin ng lupa" at "ang ilaw ng sanglibutan."**

Basahin at talakayin ang Mateo 5:13–16. Habang tinatalakay ninyo ang mga talatang ito, maaari ninyong naisin na magpakita ng isang lalagyan ng asin at isang ilawan.

- Sinabi ni Jesus na ang kanyang mga disipulo "ang asin ng lupa" (Mateo 5:13; Doktrina at mga Tipan 101:39). Ano ang ilang gamit ng asin? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng, ang asin ay pampalasa at pangpreserba.) Paano magiging "ang asin ng lupa" ang mga Banal sa mga Huling Araw?
- Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang Doktrina at mga Tipan 103:9–10. Anong mahahalagang bagay ang idinaragdag ng mga talatang ito tungkol sa kahulugan ng pagiging "ang asin ng lupa"? Paano tayo magiging "mga tagapagligtas ng tao"? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagbabahagi ng ebanghelyo at paggawa ng gawain sa templo.)
- Paano magiging "ang ilaw ng sanglibutan" ang mga Banal sa mga Huling Araw? (Mateo 5:14; tingnan din sa talata 16). Ano ang mangyayari kung ang isang kandila ay ilalagay sa "ilalim ng isang takalan"? (Mateo 5:15; pansinin na ang takalan ay isang malaking basket). Bilang mga miyembro ng Simbahan, paano natin kung minsan inilalagay ang ating ilaw sa ilalim ng isang takalan? Paano natin mapaliliwanag ang ating ilaw sa paraan na maaakay nito ang iba na "luwalhatiin ang [ating] Ama . . . na nasa langit"? (Tingnan sa Mateo 5:16; 3 Nephi 18:24.)

**3. Itinuturo ni Jesus ang isang mas mataas na batas kaysa sa batas ni Moises.**

Talakayin ang Mateo 5:17–48. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Sinabi ni Jesus na siya ay dumating upang tuparin ang batas ni Moises, hindi para sirain ito (Mateo 5:17–18). Paano niya tinupad ang batas ni Moises?

  Ipaliwanag na ang batas ni Moises ay "maibibigay sa mga anak ni Israel, . . . sapagkat sila ay mga taong matitigas ang leeg, mabilis sa paggawa ng kasamaan, at mabagal sa pag-alaala sa Panginoon nilang Diyos." Iyon ay "isang batas ng mga gawain at ng mga ordenansa, . . . na kanilang [Israelita] susundin sa araw-araw, upang mapanatili sila sa pag-alaala sa Diyos at sa kanilang tungkulin sa kanya" (Mosias 13:29–30). Ang mga nakaunawa sa batas ay "matatag na umaasa kay Cristo, hanggang sa matupad ang mga batas. Sapagkat, sa layuning ito ibinigay ang mga batas" (2 Nephi 25:24–25).

  Tinupad ng Tagapagligtas ang batas ni Moises nang magbayad-sala siya para sa ating mga kasalanan (Alma 34:13–16). Pagkatapos ng Pagbabayad-sala, ang mga tao ay hindi na inutusang maghandog ng mga hayop, na kinailangan bilang bahagi ng batas ni Moises upang maituro ang pagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo. Sa halip, ang mga tao ay inutusang "mag-aalay [kayo]

bilang pinaka-hain . . . ng isang bagbag na puso at nagsisising espiritu" (3 Nephi 9:20; tingnan din sa talata 19).

- Sinabi rin ni Jesus na ang katuwiran ng kanyang mga disipulo ay dapat na "hihigit . . . sa katuwiran ng mga eskriba at mga Fariseo" (Mateo 5:20). Ano ang kulang sa "katuwiran" ng mga eskriba at mga Fariseo? (Ang tanging pinagtutuunan nila ng pansin ay ang panlabas na anyo ng batas at ipinagwawalang-bahala ang kahalagahan ng panloob na katapatan. Kung natupad nila ang batas na tulad ng kung paano ito ibinigay ay maaaring nakilala nila si Jesus bilang ang Mesiyas.)

Sa gawing kaliwa sa itaas na bahagi ng pisara ay isulat ang *Narinig ninyo na sinabi*. Ipaliwanag na sa Pangangaral sa Bundok ay ginamit ni Jesus ang mga salitang ito noong tukuyin niya ang mga kautusan na bahagi ng batas ni Moises. Sa gawing kanan sa itaas na bahagi ng pisara ay isulat ang *Datapwat sinasabi ko sa inyo*. Ituro na ginamit ni Jesus ang mga salitang ito noong ituro niya sa kanyang mga disipulo ang mas mataas na batas.

- Sa Mateo 5:21, anong sinaunang batas ang tinukoy ni Jesus? (Isulat ang *Huwag kang papatay* sa ibaba ng *Narinig ninyo na sinabi*.) Anong mas mataas na batas ang ibinigay ni Jesus na may kaugnayan sa kautusang ito? (Tingnan sa Mateo 5:22. Isulat ang *Huwag magagalit* sa ibaba ng *Datapwat sinasabi ko sa inyo*. Paano mas mataas ang kautusan na pag-iwas sa galit kaysa sa kautusang huwag papatay? Paano nakaaapekto ang ating damdamin ng pagkagalit sa ating pakikipag-ugnayan sa Diyos? Ano ang maaari nating gawin upang makontrol ang mga damdamin ng pagkagalit at hangaring alisin ang mga ito sa ating buhay?
- Binanggit ng Tagapagligtas ang tungkol sa pagdadala ng "hain sa dambana," na tinutukoy ang sinaunang kaugalian ng pagdadala ng sakripisyong alay sa dambana (Mateo 5:23). Ano ang sinabi ni Jesus na dapat gawin ng kanyang mga disipulo kung sila ay may galit habang naghahanda silang magdala ng hain sa dambana? (Tingnan sa Mateo 5:23–24.) Paano ito maiaakma sa atin?
- Ano ang dapat nating gawin kapag nasaktan ng isang tao ang ating kalooban? (Tingnan sa Mateo 5:24; 18:15; Doktrina at mga Tipan 64:8–11.) Ano ang mga panganib ng paghihintay sa taong nakasakit sa ating damdamin na humingi sa atin ng kapatawaran?
- Sa Mateo 5:27, anong sinaunang batas ang tinukoy ni Jesus? (Isulat ang *Huwag kang mangangalunya* sa ibaba ng *Narinig ninyo na sinabi*.) Anong batas ang ibinigay ni Jesus na kahalili ng kautusang ito? (Tingnan sa Mateo 5:28. Isulat ang *Iwasan ang mahahalay na kaisipan* sa ibaba ng *Datapwat sinasabi ko sa inyo*.) Ano ang ilang bunga ng maruruming kaisipan? (Tingnan sa Mosias 4:30; Alma 12:14; Doktrina at mga Tipan 63:16.) Ano ang maaari nating gawin upang mapanatiling dalisay ang ating mga kaisipan?
- Isinasaad ng Pagsasalin ni Joseph Smith na ang mata at kamay na binanggit sa Mateo 5:29–30 ay sumasagisag sa mga kasalanan. Ano ang itinuturo sa atin ng mga talatang ito tungkol sa kung ano ang dapat nating gawin sa ating mga kasalanan?
- Sang-ayon sa nakatala a Mateo 5:33, paano ipinahiwatig ng mga tao noong kapanahunan ng Lumang Tipan na nagsasabi sila ng katotohanan? (Isulat ang *Tuparin ang mga ipinangako sa Panginoon* sa ibaba ng *Narinig ninyo na sinabi*.)

Anong batas ang ibinigay ni Jesus bilang kapalit ng gawaing ito? (Tingnan sa Mateo 5:34–37. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie. Pagkatapos ay isulat ang *Tuparin ang inyong sinabi* sa ibaba ng *Datapwat sinasabi ko sa inyo*.)

Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie na: "Sa ilalim ng batas ni Moises ang panunumpa ay tunay na pangkaraniwan at malawak ang nasasakupan nito kung kaya, sa pang-araw-araw na buhay ay kakaunti lamang ang katotohanang nakapaloob sa mga pangungusap na ginawa nang walang panunumpa. . . . Sa ilalim ng perpektong batas ni Cristo ang salita ng bawat tao ay pangakong binitiwan, at ang lahat ng binibigkas na pangungusap ay kasing totoong tulad ng mga binigkas na salita na may kaakibat na panunumpa" (*The Mortal Messiah*, 4 na tomo [1979–81], 2:140).

- Sa Mateo 5:38, anong sinaunang batas ang tinukoy ni Jesus? (Isulat ang *Mata kung mata* sa ilalim ng *Narinig ninyo na sinabi*. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng "mata kung mata" ay tatanggapin ng taong nakasakit sa kanyang kapwa ang katulad na sakit bilang kaparusahan; tingnan sa Levitico 24:17–21.) Anong kautusan ang humalili sa batas na ito? (Tingnan sa Mateo 5:39–40. Isulat ang *Iharap ang kabilang pisngi* sa ibaba ng *Datapwat sinasabi ko sa inyo*.) Anong mga alituntunin ang itinuro ni Jesus nang banggitin niya ang tungkol sa paghaharap ng kabilang pisngi sa isang taong nananakit sa atin at ang pagbibigay ng ating balabal sa isang taong kumuha sa ating tunika?
- Sa Mateo 5:43, anong sinaunang kaugalian ang tinukoy ni Jesus? (Isulat ang *Mahalin ang iyong kapwa at kamuhian ang iyong kaaway* sa ibaba ng *Narinig ninyo na sinabi*.) Anong kautusan ang humalili sa kaugaliang ito? (Tingnan sa Mateo 5:44–47. Isulat ang *Mahalin ang inyong kaaway* sa ibaba ng *Datapwat sinasabi ko sa inyo*.) Paano tayo magkakaroon ng pagmamahal sa ating kaaway? (Tingnan sa Moroni 7:47–48 para sa halimbawa.) Paano mababago ang ating buhay kapag minamahal natin ang ating mga kaaway? Paano maaaring mabago ang kanilang buhay?

Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, hilingin sa mga miyembro ng klase na tumingin sa pisara at isulat ang mga paanyaya sa Mateo 5:17–47 na sadyang makatutulong sa kanila.

- Paano ang dapat na maging pag-unawa natin sa utos ng Tagapagligtas na maging sakdal tayo? (Ang iba pang kahaliling salin sa wikang Griyego ng salitang *sakdal* ay "kumpleto, tapos na, buung-buo na." Paano makahihikayat sa atin ang utos na maging sakdal sa halip na magpahina sa ating kalooban?

  Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith na:

  "Naniniwala akong hindi nagbibiro ang Panginoon noong sabihin niya: na kailangan nating maging sakdal na tulad ng pagiging sakdal ng ating Ama sa langit. Hindi mangyayari nang minsanan ang lahat ng ito, kundi nang taludtod sa taludtod, at tuntunin sa tuntunin, halimbawa sa halimbawa, at magkagayon man ay hindi pa rin sa buhay na ito, dahil makararating pa tayo sa kabilang buhay bago natin makamtan ang kasakdalang iyon at magiging katulad ng Diyos.

  "Ngunit dito natin itinatatag ang pundasyon. Dito itinuturo sa atin ang mga simpleng katotohanang ito ng ebanghelyo ni Jesucristo, sa pansamantalang

kalagayan na ito, upang ihanda tayo sa kasakdalang iyon. Tungkulin nating maging mas mabuti ngayon kaysa kahapon, at maging mas mabuti bukas kaysa ngayon. . . . Kung sinusunod natin ang mga kautusan ng Panginoon, tayo ay nasa landas patungo sa pagiging sakdal" (*Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 2:18–19; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 93:11–14, 19–20).

- Paano tayo tinutulungan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na makamit ang pagiging sakdal? (Tingnan sa Moroni 10:32–33; Doktrina at mga Tipan 76:68–70.) Paano tayo tinutulungan ng mga turo ng Pangangaral sa Bundok na "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya"?

---

Katapusan

Magpatotoo na ang mga turo sa Pangangaral sa Bundok ay nakatutulong sa atin na "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya" (Moroni 10:32). Himukin ang mga miyembro ng klase na isagawa ang mga aral na iyon sa kanilang buhay. Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, hilingin sa mga miyembro ng klase na tingnan ang mga paanyaya na isinulat nila at pumili ng isa o dalawa na pagtutuunan nila ng pansin sa loob ng darating na linggo.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. "Higit na mabuting paraan" (Eter 12:11)**

Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na dumating sa klase na nakahandang magbahagi ng mga ideya tungkol sa kung paano makatutulong sa kanila sa tahanan, sa paaralan, o sa trabaho ang mga aral sa Mateo 5.

**2. Ang itinuturo ng Tagapagligtas hinggil sa diborsiyo**

Kung may tanong kayo o ang mga miyembro ng klase tungkol sa Mateo 5:31–32, tingnan ang ikalimang karagdagang ideya sa pagtuturo sa aralin 14 (tingnan sa pahina 00 [60].

**3. Pagpapalabas ng video**

Ang ikalawang yugto ng "New Testament Customs," na piling bahagi mula sa *New Testament Video Presentations* (53914), ay ipinapaliwanag ang katagang *tagapagturo*, na ginagamit sa Mga Taga Galacia 3:24–25 upang ilarawan ang batas ni Moises. Kung ipapalabas ninyo ang yugtong ito, talakayin kung paanong ang batas ni Moises ay isang tagapagturo upang dalhin ang mga tao kay Cristo.

Aralin
# 9
# “Hanapin Muna Ninyo ang Kaniyang Kaharian”

*Mateo 6–7*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na maging higit na matapat na mga disipulo ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan, bilang pagpapatuloy ng Pangangaral sa Bundok:
   a. Mateo 6:1–6, 16–21. Tinuruan ni Jesus ang kanyang mga disipulo na maglimos, manalangin, at mag-ayuno nang lihim at mangagtipon ng mga kayamanan sa langit sa halip na sa lupa.
   b. Mateo 6:7–13, 7:7–11. Ipinakita niya sa kanyang mga disipulo kung paano manalangin at itinuro na babasbasan ng Ama sa Langit ang mga humihingi sa kanya ng kanilang kailangan.
   c. Mateo 6:14–15; 7:1–6, 12. Itinuro ni Jesus sa kanyang mga disipulo na patawarin ang iba, na magbigay nang matwid na paghatol, at pakitunguhan ang iba na tulad ng nais nilang maging pakikitungo sa kanila.
   d. Mateo 6:22–34; 7:13–29. Itinuro niya sa kanyang mga disipulo na pagpapalain sila sa paglilingkod nila sa Ama sa Langit at sa pagsunod sa kanyang kalooban.
2. Karagdagang pagbabasa: Lucas 6:37–49; 11:1–13, 34–36; 12:22–34; 16:13; 3 Nephi 13–14.
3. Kung makukuha ang sumusunod na mga materyal, gamitin ang mga ito sa aralin:
   a. Ang larawang Sermon sa Bundok (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 212).
4. Maaari ninyong naising maghanda upang awitin ang “Ang Matalino at Ang Hangal” (*Aklat ng mga Awit Pambata*) na kasama ang mga miyembro ng klase.
5. Mungkahi sa pagtuturo: Mailalarawan ng mga kuwento ang mga alituntunin ng ebanghelyo at mas makukuha nito ang pansin ng mga miyembro ng klase kaysa sa ilang ibang pamamaraan ng pagtuturo. Madalas na gumamit ng mga kuwento si Jesus upang ituro ang mahahalagang aral o upang linawin ang malalabong ideya. Habang inihahanda ninyo ang inyong mga aralin, isaalang-alang kung paano ninyo magagamit ang mga kuwentong ito upang matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Kapag nagkukuwento kayo, tiyaking nauunawaan ng mga miyembro ng klase kung ito ay tunay na pangyayari o kathang-isip lamang na kuwento na nilikha ninyo upang ituro ang isang punto. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit E, Paksa 13, “Pagkukuwento,” 119–122; at Yunit F, Paksa 5, “Ano ang Bumubuo sa Isang Magandang Kuwento?,” 157.)

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

**Gawaing Pantawag-pansin**

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isalaysay ang sumusunod na kuwento sa inyong sariling pananalita:

Minsan ay nakipag-usap si Elder William R. Bradford ng Pitumpu sa obispo ng isang purok na may mga kabataan na nagtrabaho upang kumita ng salapi para sa isang gawain. Tinanong ng obispo si Elder Bradford kung matutulungan niya ang mga kabataan na tumanggap ng parangal sa kanilang ginawa. Nagulat ang obispo nang sabihin ni Elder Bradford na hindi niya gagawin ito. Sinabi niyang natutuwa siya na nagsikap na mabuti ang mga kabataan, ngunit hindi naman mahalaga na tumanggap sila ng parangal ng madla para sa trabahong kanilang ginawa.

Nang magpasiya ang mga kabataan na iambag ang kanilang salapi sa pangkalahatang pondo ng misyonero sa Simbahan sa halip na gamitin ito para sa gawain, ninais nilang magpakuha ng retrato na kasama si Elder Bradford habang ginagawa nila ang pagbibigay-donasyon, at nais nilang mailagay ang retrato, kalakip ang isang artikulo sa pahayagan. Muli ay ginulat sila ni Elder Bradford sa pamamagitan ng pagsasabing "hindi." Sinabi niya sa obispo na: "Baka naman gusto mong tulungan ang iyong mga kabataan na matutuhan ang isang mas mataas na batas ng pagpaparangal. Ang pagpaparangal mula sa kaitaasan ay tahimik na ginagawa. Buong ingat at tahimik itong itinatala roon. Hayaan mong damahin nila ang kagalakan at kamtin ang yaman sa kanilang puso at kaluluwa na nagmumula sa tahimik, at hindi makasariling paglilingkod" (sa Conference Report, Okt. 1987, 90–91; o *Ensign*, Nob. 1987, 75).

- Anong mga aral ang matututuhan natin mula sa sagot ni Elder Bradford sa mga kabataan?

Ituro na ang isang aral na ating matututuhan ay dapat nating gawin ang mabubuting bagay dahil mahal natin ang Diyos at nais nating bigyan siya ng kasiyahan, hindi dahil sa nais nating tumanggap ng parangal mula sa ibang tao. Ito ang isa sa mga katangian ng isang tunay na disipulo ni Jesucristo.

Isulat sa pisara ang *Tunay na mga Disipulo*. Habang tinatalakay ninyo ang Pangangaral sa Bundok, isulat ang mga katangian ng tunay na disipulo na itinuro ng Tagapagligtas sa sermong ito.

---

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, himukin ang bawat miyembro ng klase na isaalang-alang ang kailangan nilang gawin upang maging higit na masigasig at matapat na disipulo ni Cristo. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng pansariling mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng pagiging tunay na disipulo.

**1. Ginagawa ng tunay na mga disipulo ang tamang mga bagay sa tamang dahilan.**

Basahin at talakayin ang Mateo 6:1–6, 16–21.

- Bakit tinuligsa ni Jesus ang ilang tao sa paggawa ng mabubuting bagay na tulad ng pagbibigay ng limos (sa mahihirap), pananalangin, at pag-aayuno? (Tingnan sa Mateo 6:1–2, 5, 16. Ginagawa nila ang mga bagay na ito sa maling dahilan.) Tinawag ni Jesus ang mga taong ito na mga mapagpaimbabaw. Ano ang taong mapagpaimbabaw? (Isang taong nagkukunwaring nagtataglay ng ilang katangian ngunit sa katunayan ay wala naman ito sa kanya; isang taong nagsisikap na magmukhang mabuti ngunit hindi naman. Ang salitang Griyego ng mapagpaimbabaw ay maaari ring isalin bilang mapagkunwari. Tingnan sa Mateo 15:8; Lucas 11:39.)

- Ano ang magiging gantimpala ng mga taong gumagawa ng mabubuting bagay para lamang makita ng iba? (Tingnan sa Mateo 6:2, 5, 16.) Anong mga bagay ang maaaring gawin natin para lamang makita ng iba sa halip na bigyang kasiyahan ang Diyos? Paano natin mapadadalisay ang ating mga pakay sa paglilingkod at paggawa ng iba pang mabubuting gawa?

- Sa sermong ito, ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa dapat nating pahalagahan sa lahat? (Tingnan sa Mateo 6:19–21.) Ano ang ibig sabihin ng "mangagtipon ng mga kayamanan sa langit"? Ano ang ilan sa mga makalangit na kayamanan na maaari nating hangarin? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 18:14–16 at 130:18–19 para sa dalawang halimbawa.)

- Ano ang ibig sabihin ng "kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso"? Paano natin malalaman kung ano ang ating pinahahalagahan? (Ang isang paraan ay timbangin kung gaanong panahon, salapi, at kaisipan ang ginugugol natin sa isang bagay.) Ano ang pinahahalagahan ng mga tao sa ngayon? Hilingin sa mga miyembro ng klase na isipin ang mga bagay na kanilang pinahahalagahan at tahimik na isaalang-alang kung ano ang ipinahihiwatig ng mga kayamanang ito tungkol sa kung saan naroon ang kanilang puso.

**2. Sinusunod ng tunay na mga disipulo ang halimbawa ng panalangin ng Tagapagligtas.**

Basahin at talakayin ang Mateo 6:7–13; 7:7–11. Ituro na ang Mateo 6:9–13 ay kilala bilang ang Panalangin ng Panginoon.

- Ano ang itinuturo sa atin ng Panalangin ng Panginoon tungkol sa kung paano tayo dapat manalangin? (Tingnan sa Mateo 6:9–13.)

- Paano ipinapakita ng Panalangin ng Panginoon ang pagpipitagan at paggalang ni Jesus sa Ama sa Langit? Paano natin maipakikita ang pagpipitagan at paggalang sa Ama sa Langit kapag nananalangin tayo?

  Pinuna ni Elder Dallin H. Oaks ang uri ng pananalita na dapat nating gamitin kapag nananalangin tayo: "Ang natatanging lengguwahe ng panalangin ay iba-ibang kaayusan ang sinusunod sa iba't ibang wika, ngunit ang prinsipyo ay iyon pa rin. Dapat nating ipatungkol ang mga panalangin sa ating Ama sa Langit na gamit ang mga salitang ginagamit ng mga nagsasalita ng wikang iyon na may kaugnayan sa pagmamahal at paggalang at pagpipitagan at pagiging malapit. . . . Ang mga kalalakihan at kababaihan na nagnanais magpakita ng paggalang ay mag-uukol ng panahon upang matutuhan ang natatanging lengguwahe ng panalangin" (sa Conference Report, Abr. 1993, 17, 20; o *Ensign*, Mayo 1993, 16, 18).

- Paano natin maiiwasan ang paggamit ng "walang kabuluhang paulit-ulit" kapag nananalangin tayo? (Tingnan sa Mateo 6:7.)
- Dahil alam na ng Ama sa Langit kung ano ang kailangan natin bago pa man tayo manalangin (Mateo 6:8), bakit kailangan pa nating manalangin? Bakit mahalaga sa ating espirituwal na pag-unlad ang paghiling, paghahanap, at pagkatok (Mateo 7:7)? Paano tayo magiging higit na masigasig sa paghahangad ng tulong mula sa Ama sa Langit?
- Paano ang dapat na maging pagkaunawa natin sa pangako ng Tagapagligtas na "ang bawat humihingi ay tumatanggap"? (Mateo 7:8.) Bakit kung minsan ay hindi natin tinatanggap ang ating hinihingi sa oras na hinihiling na ito o sa paraang nais natin? (Tingnan sa 3 Nephi 18:20.) Paano ninyo nalaman na alam ng Diyos ang pinakamainam para sa inyo?

**3. Ang tunay na mga disipulo ay buong kabaitan at pantay-pantay na nakikitungo sa iba.**

Basahin at talakayin ang Mateo 6:14–15; 7:1–6, 12.

- Bakit sa palagay ninyo inuutusan tayo ng Tagapagligtas na patawarin ang ibang tao? Paano tayo magiging higit na mapagpatawad?
- Iniwasto ng Pagsasalin ni Joseph Smith ang Mateo 7:1 upang mabasa nang ganito, "Huwag hahatol nang di makatarungan, upang huwag kayong hatulan; datapwat humatol nang makatarungan" (Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 7:2). Ano ang makatarungang paghatol? Anong pinsala ang maaaring sapitin natin at ng mga taong hinahatulan natin kung di makatarungan ang ating paghatol? Paano tayo makatitiyak na makatarungan ang ating paghatol? (Tingnan sa Mateo 7:3–5; Moroni 7:14–18.)
- Sinabi ni Jesus na ang taong nagsisikap na ituwid ang iba nang hindi makatarungan ay isang mapagpaimbabaw (Mateo 7:4–5). Paanong palatandaan ng pagpapaimbabaw ang hindi makatarungang paghatol?
- Ang turo na nasa Mateo 7:12 ay karaniwang tinatawag na Ginintuang Aral. Anong mga karanasan ang nagpakita sa inyo ng kahalagahan ng alituntuning ito? Paano tayo ginagawang higit na mabubuting disipulo ni Jesucristo ng pagsunod sa Ginintuang Aral?

  Inilarawan ni Elder Marvin J. Ashton ang isang pulong kung saan isinaalang-alang ng isang grupo ng mga miyembro ng Simbahan ang katanungang ito "Paano ninyo masasabi na ang isang tao ay nagbalik-loob kay Jesucristo?":

  "Sa loob ng apatnapu't limang minuto ang lahat ng dumalo ay nagbigay ng ilang mungkahi bilang tugon sa tanong na ito, at buong ingat na isinulat ng pinuno ang bawat sagot sa isang malaking pisara. Ang lahat ng mga puna ay pinag-isipan at naaangkop. Ngunit paglipas ng ilang sandali ay binura lahat ng magiting na gurong ito ang kanyang mga isinulat. Pagkatapos kilalanin na ang lahat ng mga puna ay naging kapaki-pakinabang at pinasasalamatan ay itinuro niya ang isang mahalagang alituntunin: 'Ang pinakamainam at pinakamaliwanag na sukatan na tayo ay espirituwal na umuunlad at lumalapit kay Cristo ay ang paraan ng ating pakikitungo sa ibang tao.' "

  Idinagdag pa ni Elder Ashton na: "Ang paraan ng ating pakikitungo sa mga miyembro ng ating pamilya, sa ating mga kaibigan, sa mga kasamahan natin

sa trabaho sa araw-araw ay kasing halaga ng ilan sa mga higit na kapansin-pansing mga alituntunin ng ebanghelyo na ating binibigyang-diin paminsan-minsan" (sa Conference Report, Abr. 1992, 25; o *Ensign*, Mayo 1992, 20).

**4. Ang tunay na mga disipulo ay naglilingkod sa Diyos at sinusunod ang kanyang kalooban.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mateo 6:22–34; 7:13–29.

- Bakit imposibleng pagsilbihan kapwa ang Diyos at ang kayamanan, o kamunduhan? (Tingnan sa Mateo 6:24.) Anong mga pagpapala ang ipinapangako ng Diyos sa mga naglilingkod sa kanya? (Tingnan sa Mateo 6:25–33; Doktrina at mga Tipan 11:7.)
- Ipinangako ni Jesus na kung ating "hanapin muna . . . ang kanyang [Diyos] kaharian," ay ibibigay sa atin ang iba pang mga bagay na kailangan natin (Mateo 6:33). Anong mga karanasan ang nakatulong sa inyo upang magkamit ng patotoo tungkol sa pangakong ito?
- Paano mahihila papalayo sa kamunduhan ang ating katapatan at paglilingkod sa Diyos? Ano ang ilang mga paraan kung paano maaari tayong matuksong hanapin muna ang mga bagay ng daigdig bago hanapin ang mga bagay na nauukol sa Diyos? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagpapaliban sa pagbabayad ng ikapu hangga't hindi nabibili ang mga bagay na kailangan o gusto natin o pagpapasiyang huwag nang magmisyon dahil sa paghahangad sa makamundong mga bagay.)
- Noong malapit nang matapos sa kanyang pangangaral si Jesus, ano ang itinuro niya tungkol sa pagpasok sa kaharian ng langit? (Tingnan sa Mateo 7:13–14, 21–23.) Bakit mahalaga na ang daan patungo sa buhay na walang hanggan ay makipot, samantalang ang daan patungo sa kapahamakan ay malawak?
- Sa dakong huli ng Pangangaral sa Bundok ay ikinuwento ni Jesus ang talinghaga ng matalinong lalaki at ng mangmang na lalaki (Mateo 7:24–27). Paano naaangkop sa atin ang talinghagang ito? Ano ang "bato" na dapat nating pagtayuan? (Tingnan sa Helaman 5:12.) Sa anong mga bagay, na maaaring maihambing sa buhangin, itinatatag ng ilang tao ang kanilang buhay?

  Maaaring naisin ninyong ipaawit sa mga miyembro ng klase ang "Ang Matalino at ang Hangal" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

Katapusan

Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng pagsunod kay Jesucristo. Himukin ang mga miyembro ng klase na isipin kung ano ang kailangan nilang gawin upang maging mas mabubuting disipulo ni Cristo.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. “Sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila” (Mateo 7:20)**

- Binalaan ni Jesus ang kanyang mga tagasunod tungkol sa bulaang mga propeta—mga taong nagtuturo ng maling doktrina o sinisikap na akayin ang mga tao papalayo kay Cristo (Mateo 7:15). Paano natin makikilala ang bulaan at ang tunay na mga propeta? (Tingnan sa Mateo 7:16–20; tingnan din sa Moroni 7:5, 10–11.) Paano maiaakma sa atin at gayundin sa mga propeta ang Mateo 7:20?

**2. Pagpapalabas ng video**

Ang ikalawang yugto ng “New Testament Customs,” isang piling bahagi mula sa *New Testament Video Presentations* (53914), ay nagpapaliwanag tungkol sa paggamit ng mga Judio ng mga pilakteria at tirintas. Kung ipapalabas ninyo ang yugtong ito, talakayin kung paano ang mga bagay na ito, na minsa’y ginamit upang ipakita ang pagsunod sa Diyos, ay naging mga sagisag ng paghahangad ng mga Fariseo na “makita ng mga tao” habang sila ay sumasamba (Mateo 6:5).

**3. Paghanap sa tahilan na nasa ating sariling mata**

Ibahagi ang sumusunod na kuwento tungkol sa kung paano tinuruan ni Propetang Joseph Smith ang isang kapatid na babae na hanapin ang tahilan sa kanyang sariling mata kapag nakasakit ng iba:

Isang babae na nagagalit sa ilang bagay na sinabi tungkol sa kanya ng isa pang miyembro ng simbahan ang nagpunta kay Propetang Joseph Smith. Sinabi ng Propeta sa kanya na kung ang mga sinabi ng lalaki ay hindi totoo, ay dapat niyang ipagwalang-bahala ang bagay na iyon, dahil ang mga katotohanan ay mangingibabaw at ang mga kasinungalingan ay hindi mananaig. Nadama ng babae na ang mga puna ay hindi totoo, ngunit hindi mapanatag ang kanyang kalooban sa pagwawalang bahala sa bagay na ito. Sa gayon ay isiniwalat ng Propeta ang kanyang paraan ng pakikitungo sa gayong mga puna:

“Kapag ang isang kaaway ay gumawa ng kuwento upang siraan siya, na madalas na ginagawa sa kanya, bago siya humatol ay tumitigil siya at ibinabalik sa kanyang alaala ang oras at lugar at pangyayaring nauugnay sa kuwento. Ipinapalagay niya na marahil nabuo ang kuwento dahil sa ilang hindi sinasadyang salitang nabanggit niya o ikinilos. Kung matutuklasan niyang nagawa nga niya ang gayon ay sinasabi niya na noon din sa kanyang puso ay pinatatawad niya ang kaaway, at nagpapasalamat na nakatanggap siya ng babala tungkol sa isang kahinaan na hindi niya batid na taglay niya.”

Sinabi ng Propeta sa kapatid na babae na dapat ay isipin niyang mabuti kung hindi sinasadya na nabigyan niya ng dahilan ang taong iyon upang sabihin ang mga bagay na sinabi nito. Pagkatapos ng matagal na pag-iisip, nagpasiya siya na nagawa nga niya ang gayon, at pinasalamatan niya ang Propeta at lumisan na. (Tingnan sa Jesse W. Crosby, sinipi sa Hyrum L. Andrus at Helen Mae Andrus, mga nagtipon sa *They Knew the Prophet* [1974], 144.)

**4. Gawaing pangkabataan**

Isulat ang lahat ng sumusunod na mga parirala mula sa Mateo 6 at 7 sa isang hiwalay na kard:

| | |
|---|---|
| Huwag maalaman ng iyong kaliwang kamay (6:3) | Ang ginagawa ng inyong kanang kamay (6:3) |
| Iyong Ama na nakakikita sa lihim (6:6) | Ay gagantihan ka (6:6) |
| Huwag ninyong gamitin (6:7) | Ang walang kabuluhang paulit-ulit (6:7) |
| Ipatawad ninyo sa mga tao (6:14) | Ang kanilang mga kasalanan (6:14) |
| Mangagtipon kayo (6:20) | Ng mga kayamanan sa langit (6:20) |
| Hindi kayo makapaglilingkod (6:24) | Sa Diyos at sa mga kayamanan (6:24) |
| Hanapin muna ninyo (6:33) | Ang kaharian ng Diyos (6:33) |
| Alisin mo muna ang tahilan (7:5) | Sa iyong sariling mata (7:5) |
| Magsihingi kayo (7:7) | At kayo'y bibigyan (7:7) |
| Magsihanap kayo (7:7) | At kayo'y mangakasusumpong (7:7) |
| Mangag-ingat kayo (7:15) | Sa mga bulaang propeta (7:15) |
| Sa kanilang mga bunga (7:20) | Ay mangakikilala ninyo sila (7:20) |

Ilatag nang pataob ang mga kard sa mesa o sa sahig. Hatiin ang mga miyembro ng klase sa dalawang koponan, at hayaang maghalinhinan ang dalawang koponan sa pagpili ng dalawang kard. Kung magkatugma ang mga kard, aalisin ang mga ito ng koponang iyon mula sa mesa o sahig at sila pa rin ang pipili. Kung hindi magkatugma ang mga kard, ilalagay itong muli ng koponan sa kanilang dating kinalalagyan, at ang kabilang koponan naman ang pipili. Magpatuloy hanggang sa mapagtugma ang lahat.

# “Pasanin Ninyo ang Aking Pamatok at Mag-aral Kayo sa Akin”

Aralin **10**

*Mateo 11:28–30; 12:1–13; Lucas 7:36–50; 13:10–17*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na sa pagpasan natin ng pamatok ng Tagapagligtas at paggawa sa kanyang kalooban, tayo ay makasusumpong ng kapayapaan at kagalakan na ipinangako niya.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Mateo 11:28–30. Inaanyayahan ni Jesus ang lahat ng napapagal at nabibigatan sa kanilang pasanin na lumapit sa kanya, pasanin ang kanyang pamatok, at mag-aral sa kanya.
   b. Mateo 12:1–13; Lucas 13:10–17. Ipinahayag ni Jesus na siya ang Panginoon ng Sabbath. Nagpapagaling siya sa Sabbath at binatikos dahil dito.
   c. Lucas 7:36–50. Isang babaing naghahangad ng kapatawaran ang naghugas sa mga paa ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang mga luha; binatikos ni Simon na Fariseo si Jesus sa pagpayag na mahawakan Siya ng babaing makasalanan. Itinuro ni Jesus kay Simon ang talinghaga ng dalawang taong may utang at pinatawad ang babae.

2. Karagdagang pagbabasa: Isaias 58:13–14; Mateo 11:16–19; 12:14–50; 26:6–13; Marcos 2:23–3:12; 14:3–9; Lucas 6:1–11; Doktrina at mga Tipan 59:9–19.

3. Kung makukuha ang sumusunod na mga materyal, gamitin ang mga ito sa aralin:

   a. “Come Unto Me,” isang pitong minutong yugto mula sa *New Testament Video Presentations* (53914).
   b. Ang larawang Mary Fielding Smith and Joseph F. Smith Crossing the Plains (62608; Gospel Art Picture Kit 412), na nagpapakita ng pares ng dalawang baka na nakapamatok.

4. Mungkahi sa pagtuturo: Habang inihahanda ninyo ang bawat aralin, isaalang-alang nang may panalangin kung paano hihikayatin ang bawat miyembro ng klase na makilahok. Ang mga palabas, maliliit na grupong talakayan, pagsasadula, at iba pang naaangkop na mga gawain ay makatutulong sa mga miyembro ng klase na aktibong makisali. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit F, Paksa 9, “Maliliit na Grupong Talakayan [Buzz Sessions],” 164–165; Yunit F, Paksa 11, “Pagtatanghal,” 168–169; Yunit F, Paksa 16, “Pagsasadula at Pagsasadrama,” 178–180; Yunit F, Paksa 17, “Mga Larong Nagtuturo,” 181–183.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Hilingan ang isang miyembro ng klase na magpunta sa harapan ng klase at itaas ang kanyang mga kamay. Maglagay ng ilang aklat o iba pang mabibigat na bagay sa mga kamay ng taong ito. Patuloy na lagyan ng mga bagay ang mga kamay ng miyembro hanggang sa mabigatan na siya. Pagkatapos ay itanong:

- Gaano katagal mo makakayanan ang dalahin na ito bago ka magpahinga? Ano ang mga dapat mong ilagay sa ayos upang mabuhat mo ang pasaning ito sa malayo?

Ipaliwanag na maraming uri ng pasanin, o dalahin. Ang ilan ay pisikal, samantalang ang iba naman ay espirituwal o emosyonal at hindi madaling makita. Marami sa mga hindi nakikitang pasanin ang higit pa sa makakaya nating dalhin nang mag-isa, at tayo ay napapagod. Tinatalakay sa araling ito kung paano mapagagaan ng Panginoon ang ating mga pasanin at kung paano tayo mabibigyan ng kapahingahan.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

**1. Inaanyayahan tayo ni Jesus na pasanin ang kanyang pamatok, at mag-aral sa kanya.**

Basahin at talakayin ang Mateo 11:28–30.

- Ano ang ibig sabihin ng "nangapapagal at nangabibigatang lubha"? (Mateo 11:28). Ano ang ilang halimbawa ng mga pasanin na tinitiis natin sa buhay na ito? Paano "[tayo] mabibigyan ng kapahingahan" ng Panginoon mula sa pasaning ito?
- Ano ang pamatok? (Ipakita ang larawan nina Mary Fielding at ni Joseph F. Smith at ituro ang mga bakang may pamatok na nasa larawan. Ipaliwanag na ang pamatok ay isang kahoy na inilalagay sa dalawang tao o mga hayop na humihila o nagdadala ng mabibigat na pasanin. Binabalanse ng pamatok ang pasanin at nagiging madali ang paghila o pagbuhat nito. Bilang karagdagan sa literal na kahulugan nito, ang konsepto ng isang pamatok ay makikita rin sa maraming banal na kasulatan bilang metapora (metaphor) ng pagkaalipin o pagkabusabos; tingnan sa Jeremias 28:2; Alma 44:2.) Ano ang ibig sabihin ng pasanin natin ang pamatok ni Cristo? (Buong pagpapakumbabang gawin ang kanyang kalooban at pahintulutan siyang gabayan tayo at pangasiwaan ang ating buhay.)

Kung gagamitin ninyo ang palabas sa video na "Come Unto Me," ipakita na ngayon ang unang bahagi nito. Itigil ang video kapag natapos na sa pagsasalita si Pangulong Howard W. Hunter.

- Sinabi ng Panginoon na, "Malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan" (Mateo 11:30). Sa paanong paraan malambot ang pamatok ng Tagapagligtas? Bakit iniisip ng ilang tao na ang mga turo ng Panginoon ay masyadong mahigpit? Paano pinagagaan ang ating mga dalahin ng pagsunod at paglilingkod sa Panginoon?

**2. Ipinahayag ni Jesus na siya ang Panginoon ng Sabbath.**

Talakayin ang Mateo 12:1–13 at Lucas 13:10–17. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Ano ang ginawa ng mga Fariseo nang makita nila ang mga disipulo ni Jesus na namimitas ng mais sa araw ng Sabbath? (Tingnan sa Mateo 12:1–2. Ipaliwanag na ang naging pakahulugan ng mga Fariseo sa batas ni Moises ay nagwalang bahala sa tunay na diwa at layunin ng Sabbath at sa halip ay nagtuon ng pansin sa mga tradisyon na naghihigpit na mabuti sa mga gawain sa araw ng Sabbath.) Ano ang itinuro ng Panginoon sa pagtugon niya sa kanilang paratang? (Tingnan sa Mateo 12:3–8.)
- Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin niyang, "Habag ang ibig ko, at hindi hain"? (Mateo 12:7. Nais niyang ituon ng mga tao ang kanilang pansin sa pagmamahal sa iba, at hindi lamang sa pagsasagawa ng mga seremonyang nauukol sa relihiyon sa harap ng madla.) Paano natin magagamit ang alituntuning ito upang magabayan tayo sa ating mga gawain sa araw ng Sabbath?
- Ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa layunin ng Sabbath noong pagalingin niya ang lalaking tuyo ang kamay at ang babaing matagal nang maysakit? (Tingnan sa Mateo 12:10–13; Lucas 13:10–17.) Ano ang itinuro niya tungkol sa Sabbath sa Marcos 2:27–28? (Ituro na ipinaliliwanag ng Pagsasalin ni Joseph Smith ng Marcos 2:26 na ang Sabbath ay ibinigay bilang isang araw ng pamamahinga at araw upang luwalhatiin ang Diyos.) Ano ang maaari nating gawin sa araw ng Sabbath upang luwalhatiin ang Diyos? Paano makapagpapagaan sa ating mga pasanin at makapagdudulot ng kapahingahan ang pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath?

**3. Pinatawad ni Jesus ang isang babae na nasa bahay ni Simon na Fariseo.**

Kung ginagamit ninyo ang palabas sa video na "Come Unto Me," ipalabas na ngayon ang nalalabing bahagi nito. Pagkatapos ay basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Lucas 7:36–50.

- Pasan ng babaing pumasok sa bahay ni Simon na Fariseo ang bigat ng kasalanan (Lucas 7:37). Ano ang ginawa ng babae na naging daan upang alisin ni Jesus ang kanyang pasanin? (Tingnan sa Lucas 7:38, 44–50.) Ano ang maaari nating gawin upang alisin ng Tagapagligtas ang bigat ng kasalanan sa ating buhay?
- Paano nagkaiba ang makasalanang babae at si Simon na Fariseo sa kanilang saloobin tungkol kay Jesus? (Ihambing ang pagsisisi ng babae, paggalang, kababaang-loob, at pagmamahal sa mga ugali ni Simon na kapalaluan, kakulangan ng pagpipitagan, at mapanghusgang pag-uugali. Tingnan din ang siping-banggit na nasa ibaba.) Bakit mahalaga ang mga katangiang taglay ng babae kapag nagsisisi tayo at naghahangad ng kapatawaran? Paano hahadlang

sa ating pagsisisi ang mga katangiang taglay ni Simon?

Itinuro ni Elder James E. Talmage na: “Kaugalian noong mga panahong iyon na pag-ukulan ng kakaibang atensiyon ang kilalang panauhin; tanggapin siya sa pamamagitan ng isang halik ng pagbati, maglaan ng tubig para sa paghuhugas ng alikabok sa kanyang mga paa, at langis na pampahid sa kanyang buhok at balbas. Ang lahat ng mga mapitagang atensiyon na ito ay hindi ginawa ni Simon” (*Jesus the Christ*, ika-3 edisyon [1916], 261).

- Paano parang pinabigat lalo ng pag-uugali ni Simon ang pasaning dala ng babae? Paano natin kung minsan tila pinabibigat nang husto ang dinadalang kasalanan ng isang tao? Ano ang matututuhan natin mula sa sagot ng Tagapagligtas sa babae?
- Kahit na hindi siya inanyayahan at malamang na hindi pakitunguhan nang magandang ni Simon at ng kanyang sambahayan, ang babae ay kaagad na lumapit kay Cristo nang malaman niya kung saan siya matatagpuan (Lucas 7:37). Ano ang matututuhan natin mula sa kanyang halimbawa? Anong mga balakid ang maaaring humadlang sa atin sa pagsisisi at paglapit kay Cristo? Paano natin mapaglalabanan ang mga hadlang na ito?
- Ano ang matututuhan natin mula sa talinghaga ng dalawang may utang? (Tingnan sa Lucas 7:41–50.) Paano maihahambing ang kasalanan sa pagkakautang? (Tingnan sa Lucas 7:44–50.) Paano makapagpapagaan sa ating mga pasanin kung si Cristo ang ating magiging “pinagkakautangan”?

---

Katapusan

Magpatotoo na maaari nating piliin na pasanin ang mga dalahin ng daigdig o kaya naman ay ang pamatok ni Jesus. Magpatotoo na ang mga aral ni Cristo ay totoo at makatatagpo tayo ng kapahingahan kapag sumusunod tayo sa kanya. Himukin ang mga miyembro ng klase na matuto pa ng tungkol kay Cristo at sundin ang kanyang mga aral upang makatagpo sila ng kapahingahan at kapayapaan.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay mga karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ang kahalagahan ng pagkakaisa**

Basahin at talakayin ang Mateo 12:22–30.

- Paano nahahati kung minsan ang ating pansin sa ating pamilya, tahanan, o purok? Ano ang maaari nating gawin upang higit tayong magkaisa?
- Sinabi ni Jesus sa mga Fariseo, “Ang hindi sumasa akin ay laban sa akin” (Mateo 12:30). Bakit nga ba ganoon?

**2. “Bawat salitang walang kabuluhan” (Mateo 12:36)**

Basahin at talakayin ang Mateo 12:33–37.

- Ano ang inihahayag ng mga salitang ating binibigkas tungkol sa ating sarili? Bakit gayon na lamang ang pagpapahalaga ni Jesus sa mga salita na ating binibigkas? Ano ang ilang halimbawa ng “salitang walang kabuluhan”? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng panunuya, tsismis, kasinungalingan,

kalapastanganan, kagaspangan.) Paano natin mapalalakas ang ating pangako na magsasalita lamang sa mabuting paraan?

**3. Gawaing pangkabataan**

Maghanda ng isang papel para sa bawat miyembro ng klase na naglalaman ng sumusunod na palaisipan. Pagkatapos ninyong basahin at talakayin ang takdang babasahin, ipamigay ang mga kopya ng palaisipan. Hilingan ang mga miyembro ng klase na maghanap ng mga salitang may kaugnayan sa aralin na nakatago sa palaisipan. Ang mga salita ay maaaring patayo, pahalang, o pahilis. Kung kailangan ng tulong ng mga miyembro ng klase pagkaraan ng ilang minuto, ipabasang muli sa kanila ang mga talatang naglalaman ng mga nakatagong salita (Mateo 11:28–30: pasanin, nangabibigatan, pamatok; Mateo 12:1–13: Sabbath, magpagaling; Lucas 7:36–50: talinghaga, may utang, pinatawad).

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Y | H | N | O | G | P | K | A | D | W | K |
| L | I | A | P | H | Q | L | T | E | Y | I |
| B | P | N | Q | P | R | M | A | F | A | O |
| M | A | G | P | A | G | A | L | I | N | G |
| O | S | A | R | M | A | N | I | H | B | A |
| S | A | B | B | A | T | H | N | I | D | R |
| N | N | I | S | T | B | P | G | J | E | S |
| A | I | B | T | O | D | I | H | K | F | T |
| R | N | I | U | K | E | N | A | L | G | U |
| K | J | G | W | I | F | A | G | M | H | W |
| B | L | A | P | X | B | T | A | B | G | A |
| D | K | T | A | K | G | A | O | P | J | B |
| E | L | A | B | L | H | W | B | Q | K | O |
| F | M | N | O | M | I | A | S | R | L | E |
| G | N | F | E | N | J | D | T | U | M | R |
| Z | M | A | Y | U | T | A | N | G | X | Y |

Aralin
# 11
# "Pinagsalitaan Niya Sila ng Maraming mga Bagay sa mga Talinghaga"

*Mateo 13*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na magkaroon ng "mga taingang makikinig" upang maunawaan nila kung paano naaangkop sa kanila ang mga talinghaga ni Jesus (Mateo 13:9).

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Mateo 13:1–17. Inilahad ni Jesus ang talinghaga ng manghahasik at ipinaliwanag ang paggamit niya ng mga talinghaga.
   b. Mateo 13:18–23. Ipinaliwanag ni Jesus ang talinghaga ng manghahasik.
   c. Mateo 13:24–53. Itinuro ni Jesus ang tungkol sa kaharian ng langit sa lupa (ang Simbahan ni Jesucristo) sa pamamagitan ng mga talinghaga ng trigo at mapanirang damo, ang butil ng mustasa, ang lebadura, ang natatagong kayamanan sa bukid, ang mahalagang perlas, at ang lambat na inihulog sa dagat.
2. Karagdagang pagbabasa: Marcos 4:1–34; Lucas 8:4–18; 13:18–21; Doktrina at mga Tipan 86:1–7; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Ebanghelyo Mga, 49–55" "Talinghaga," 243 at "Kaharian ng Diyos o Kaharian ng Langit," 104.
3. Mungkahi para sa pagtuturo: Sinabi ni Elder Boyd K. Packer: "Walang pamamaraan ng pagtuturo ang makahihigit, at iilan ang makakapantay, sa pisara. . . .  Magagamit ninyo ito upang maituon ang paningin ng inyong mga tinuturuan habang inilalahad ang pangunahing aralin nang maliwanag sa pandinig nila. Habang nagsasalita kayo ay sapat ang mailalagay ninyo sa pisara upang matuon ang kanilang pansin dito at mabigyan sila ng ideya, ngunit hindi labis na tulad ng bisuwal na tulong na nakaaabala at nagiging mas kawili-wili kaysa sa inyong aralin" (*Teach Ye Diligently* [1975], 224–25; tingnan din sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin* , Yunit G, Paksa 1, "Paggamit ng Pisara," 191; at Yunit G, Paksa 2, "Pagguhit ng mga Simpleng Larawan," 192–193).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isipin nila na sila ay nakasakay sa isang bus. Habang patuloy ang paglalakbay ay nakatanaw sila sa bintana ng bus at minamasdan ang tanawin.

- Pagkatapos maglakbay sa iisang bus, pareho kaya ang mapapansin ninyong mga bagay sa mga napansin ng ibang mga pasahero? Bakit oo o bakit hindi?

Ituro na ang mga tao sa magkaparehong situwasyon ay hindi palaging magkapareho ang napapansing mga bagay. Gayundin naman, hindi lahat ng tao na nakarinig kay Jesus na nagturo sa pamamagitan ng mga talinghaga ay nakauunawa kung paano naaangkop sa kanila ang mga talinghaga. Tatalakayin sa araling ito kung paano natin mauunawaan at maisasagawa ang mga talinghaga ni Jesus.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang tinatalakay ninyo ang sumusunod na mga talinghaga, tiyakin na alam ng mga miyembro ng klase kung ano ang isinasagisag ng magkakaibang tauhan, bagay, at kilos. Ito ay makatutulong sa kanilang maunawaan ang mga talinghaga at gamitin ang mga ito sa kanilang buhay.

**1. Inilahad ni Jesus ang talinghaga ng manghahasik at ipinaliwanag ang paggamit niya ng mga talinghaga.**

Basahin at talakayin ang Mateo 13:1–17.

- Nang magtipun-tipon ang mga tao sa dalampasigan, si Jesus ay "[nagsalita] . . . ng maraming mga bagay sa mga talinghaga" (Mateo 13:3). Ano ang isang talinghaga? (Isang nagbibigay siglang kuwento na nagtuturo ng mga katotohanan ng ebanghelyo sa pamamagitan ng paghahambing sa mga ito sa mga bagay na makalupa.) Ano ang sinabi ni Jesus na layunin niya sa pagtuturo sa pamamagitan ng mga talinghaga? (Upang sabay niyang maituro ang kanyang mensahe sa kanyang mga disipulo at maitago naman ito sa mga hindi naniniwala. Tingnan sa Mateo 13:10–13.)

Hilingan ang isang miyembro ng klase na basahin nang malakas ang talinghaga ng manghahasik (Mateo 13:3–8). Anyayahan ang iba pang mga miyembro ng klase na sumabay sa pagbabasa, na tinatandaan na ang mga bagay at kilos sa talinghaga ay kumakatawan sa mga katotohanan ng ebanghelyo.

- Ano ang humahadlang sa pag-usbong ng mga binhi na bumabagsak sa tabi ng daan? (Tingnan sa Mateo 13:4. Isulat sa pisara ang *Mga binhi sa tabi ng daan—kinakain ng mga ibon*.)
- Bakit nangatutuyo ang mga binhi na nasa batuhan? (Tingnan sa Mateo 13:5–6; Lucas 8:6. Isulat sa pisara ang *Mga binhi sa batuhan—walang ugat*.)
- Ano ang nangyayari kapag nalalaglag ang ilang binhi sa mga dawag? (Tingnan sa Mateo 13:7. Isulat sa pisara ang *Mga binhi sa mga dawag—nasasakal ng mga tinik*.)
- Ano ang nangyayari sa mga binhing nalalaglag sa mabuting lupa? (Tingnan sa Mateo 13:8. Isulat sa pisara ang *Mga binhi sa mabuting lupa—nagbubunga*.)

Iwanan sa pisara ang mga salitang inyong isinulat, at ipaliwanag na sa loob ng ilang minuto ay tatalakayin ninyo ang mga katotohanang kinakatawan ng mga ito.

- Ano ang maaaring maging reaksiyon ng mga tao kapag narinig nila ang talinghagang ito nang walang anumang pagpapaliwanag tungkol sa kahulugan nito? (Ang ilang tao ay maaaring makadama ng kabiguan dahil hindi nila ito

nauunawaan. Maaaring maunawaan ito ng iba ngunit iisiping hindi ito naaangkop sa kanila. Ang iba naman ay maaaring pagnilay-nilayan ito at magtanong hanggang sa maunawaan nila ito at malaman kung paano ito isasagawa sa kanilang buhay.)

- Ano ang paanyayang ipinarating ni Jesus matapos niyang ilahad ang talinghaga ng manghahasik? (Tingnan sa Mateo 13:9.) Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng salitang *makinig* sa paanyayang ito? Ano ang ibig sabihin nang tumingin ngunit hindi makakita at makinig ngunit hindi makarinig? (Tingnan sa Mateo 13:13–15.)

  Sinabi ng Propetang Joseph Smith na: "Hindi tinanggap . . . ng mga tao ang Kanyang sinabi . . . dahil ayaw nilang tumingin sa pamamagitan ng kanilang mga mata, at makinig sa pamamagitan ng kanilang mga tainga; hindi dahil sa hindi nila magawa, at hindi sila binigyan ng pribilehiyong makakita at makarinig, kundi dahil sa ang kanilang mga puso ay puno ng kasamaan at karumal-dumal. . . . Ang pangunahing dahilan kung bakit hindi tumanggap ang mga tao . . . ng pagpapaliwanag tungkol sa Kanyang mga talinghaga, ay dahil sa kawalan ng pananampalataya" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 96–97).

**2. Ipinaliwanag ni Jesus ang talinghaga ng manghahasik.**

Basahin ang Mateo 13:18–23, at talakayin ang kahulugan ng mga bagay at kilos sa talinghaga ng manghahasik.

*Binhi*

- Sa talinghaga ng manghahasik, ano ang isinasagisag ng binhi? (Tingnan sa Mateo 13:19; Lucas 8:11. Isulat sa pisara ang *Binhi = salita ng Diyos*.)

*Tabi ng Daan*

- Ano ang isinasagisag ng tabi ng daan? (Tingnan sa Mateo 13:19.) Isulat sa pisara ang *Tabi ng Daan = mga taong nakakarinig sa salita ng Diyos ngunit hindi ito nauunawaan* (daglatin ang pangungusap kung nais).
- Ano ang ilang bagay na maaaring ginagawa natin na humahadlang sa atin sa pag-unawa sa salita ng Diyos? (Tingnan sa Mosias 26:1–3 para sa isang posibleng sagot.) Ano ang kailangan nating gawin upang maunawaan ang salita ng Diyos? (Tingnan sa Alma 32:27.) Paanong ang kakulangan ng pang-unawa ay nakapagpapadali kay Satanas sa pag-aalis ng salita sa ating mga puso? (Tingnan sa Mateo 13:19.)

*Batuhan*

- Ano ang isinasagisag ng batuhan? (Tingnan sa Mateo 13:20–21.) Isulat sa pisara ang *Batuhan = mga taong nakakarinig at tumatanggap sa salita ng Diyos ngunit hindi ito pinahintulutang mag-ugat sa kanilang kalooban* (daglatin ang pangungusap kung nais).
- Bakit hindi pinahihintulutan ng ilang tao na magkaroon ng ugat ang salita ng Diyos sa kanilang kalooban? (Tingnan sa Mateo 13:21; Marcos 4:5.) Paano natin mapahihintulutang mag-ugat nang malalim ang binhi sa ating kalooban? (Tingnan sa Alma 32:41–43.) Paano tayo matutulungan nito na mapagtiisan ang init na dulot ng paghihirap, pang-aapi, at pagkasugat ng damdamin?

*Mga Dawagan*

- Ano ang isinasagisag ng mga dawagan? (Tingnan sa Mateo 13:22; Marcos 4:19; Lucas 8:14.) Isulat sa pisara ang *Mga Dawagan = mga taong nakakarinig sa salita ng Diyos ngunit nagagambala ng mga alalahanin ng daigdig* (daglatin ang pangungusap kung nais).
- Ano ang ibig sabihin ng pagiging hindi mabunga ng isang tao? Anong mga "tinik" ang dahilan ng pagiging hindi mabunga ng mga tao? (Tingnan sa Mateo 13:22; Marcos 4:19; Lucas 8:14.) Paano malinaw na makikita ang mga tinik na ito sa daigdig sa ngayon? Ano ang maaari nating gawin upang maiwasang masakal ng mga tinik na ito ang salita ng Diyos na nasa atin?

*Mabuting Lupa*

- Ano ang isinasagisag ng mabuting lupa? (Tingnan sa Mateo 13:23.) Isulat sa pisara ang *Mabuting Lupa = mga taong nakakarinig sa salita ng Diyos, nauunawaan ito, at gumagawa ng kabutihan* (daglatin ang pangungusap kung nais).
- Ano ang maaaring magawa upang matulungang mamunga ang mga bahaging hindi namumunga? (Ang tabi ng daan ay maaaring araruhin at lagyan ng pataba, ang mga bato ay maaaring alisin, at maaaring bunutin ang mga tinik.) Paano ito maiaangkop sa ating mga pagsisikap na maging higit na madaling tumanggap ng salita ng Diyos?
- Bakit sa palagay ninyo mas pinagtuunan ng pansin ng talinghaga ng manghahasik ang lupa kaysa sa manghahasik o sa binhi?

**3. Gumagamit si Jesus ng mga talinghaga upang ituro ang tungkol sa kaharian ng langit sa lupa (ang Simbahan ni Jesucristo).**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mateo 13:24–53. Ipaliwanag na sa mga talatang ito ang katagang "kaharian ng langit" ay tumutukoy sa Simbahan ni Jesucristo, na siyang kaharian ng langit sa lupa (*Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Kaharian ng Langit o Kaharian ng Diyos," 104).

- Ano ang kahulugan ng talinghaga ng trigo at ng mga mapanirang damo? (Tingnan sa Mateo 13:24–30, 36–43; Doktrina at mga Tipan 86:1–7. Maaari ninyong naising gumawa ng listahan sa pisara tulad ng ginawa ninyo sa talinghaga ng manghahasik. Isulat kung sino o ano ang kinakatawan ng maghahasik, ng bukid, ng mabuting binhi, ng mga mapanirang damo, ng kaaway, ng pag-ani, at ng mga mang-aani.)
- Sa talinghaga ng trigo at mga mapanirang damo, bakit tumanggi ang manghahasik na kaagad tipunin ng kanyang mga alipin ang mga mapanirang damo, o damo? (Tingnan sa Mateo 13:27–30; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 86:5–7, na nagbibigay-linaw sa Mateo 13:30.)
- Itinuro ni Propetang Joseph Smith na ang mga talinghaga ng buto ng mustasa at ng lebadura ay tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 98–100). Ano ang matututuhan natin tungkol sa ipinanumbalik na Simbahan mula sa paghahambing dito ng Tagapagligtas sa isang buto ng mustasa? (Tingnan sa Mateo 13:31–32.) Sa lebadura? (Tingnan sa Mateo 13:33. Ipaliwanag na ang *lebadura*, ay isang sangkap, na tulad ng *yeast* o *baking*

*powder*, na dahilan upang umalsa ang tinapay.) Paano ninyo nakitang umunlad ang gawain ng Diyos na tulad ng inilalarawan sa mga talinghagang ito?

- Ano ang matututuhan natin mula sa mga talinghaga ng kayamanan at mahalagang perlas? (Tingnan sa Mateo 13:44–46.) Anong mga sakripisyo ang dapat nating kusang gawin upang makamtan ang kayamanan ng ebanghelyo? Anong mga sakripisyo ang ginawa na ninyo o ng mga kakilala ninyo para sa ebanghelyo? Anong mga pagpapala ang naging bunga ng mga sakripisyong iyon?
- Ano ang kinakatawan ng lambat sa talinghaga ng lambat na inihulog sa dagat? (Tingnan sa Mateo 13:47.) Ano ang ibig sabihin ng matipon sa lambat? Ano ang kinakatawan ng ginagawang pagtitipon ng mabubuti sa mga sisidlan at pagtatapon sa masasama? (Tingnan sa Mateo 13:48–50. Maaari ninyong naising gamitin ang Joseph Smith—Mateo 1:4 upang ipaliwanag na "ang katapusan ng sanglibutan" sa talata 49 ay tumutukoy sa pagkalipol ng masasama.) Ano ang maaari nating gawin upang matulungan ang ating sarili na manatiling matapat sa Simbahan at tulungan ang iba na gawin din ang gayon?

---

Katapusan

Bigyang-diin na ipinaliwanag ni Jesus ang kanyang mga talinghaga sa mga naghahangad ng pang-unawa. Magpatotoo na habang pinag-aaralan natin ang mga talinghaga ni Jesus nang may matapat na hangaring maunawaan ang mga ito, ay makikita natin kung paano naaangkop ang mga ito sa ating panahon.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

Mga pakay aralin

Upang matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan at matandaan ang mga talinghaga sa aralin, ipakita ang ilang bagay na inilarawan sa mga talinghagang ito. Halimbawa, maaari ninyong ipakita kung ano ang reaksiyon ng lebadura kapag inihalo sa tubig at asukal. Maaari kayong gumawa ng isang tinapay na may lebadura at isa na walang lebadura, at hayaang makita at matikman ng mga miyembro ng klase ang pagkakaiba. Maaari rin ninyong ipakita ang ilang buto ng mustasa (o durog na paminta, na tila itim na buto ng mustasa). Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit E, Paksa 11, "Pagtuturo ng mga Pakay-aralin," 115–116, para sa mga mungkahi sa pagtuturo kung gumagamit ng mga bagay.

# “Ako ang Tinapay ng Kabuhayan”

Aralin
12

*Juan 5–6; Marcos 6:30–44; Mateo 14:22–33*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na tumingin kay Jesucristo bilang “ang tinapay ng kabuhayan,” ang pinagmumulan ng buhay na walang hanggan (Juan 6:47–48).

**Paghahanda**


1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Juan 5. Pinagaling ni Jesus ang isang lalaki sa [araw ng] Sabbath. Hinangad na patayin ng mga pinuno ng mga Judio si Jesus dahil sa kanyang pagpapahayag na siya ang Anak ng Diyos.
   b. Juan 6:1–14; Marcos 6:30–44. Buong himalang pinakain ni Jesus ang mahigit sa 5,000 tao.
   c. Juan 6:15–21; Mateo 14:22–33. Lumakad si Jesus sa dagat, inanyayahan si Pedro na lumapit sa kanya, at pinayapa ang mga hangin.
   d. Juan 6:22–71. Ipinahayag ni Jesus na siya “ang tinapay ng kabuhayan” at ang mga naniniwala sa kanya ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Marami ang hindi tumanggap sa turo na ito, ngunit si Pedro at ang iba pang mga Apostol ay nanatiling kasama ni Jesus.
2. Karagdagang pagbabasa: Mateo 14:1–21; Marcos 6:1–29, 45–52; Lucas 9:10–17.
3. Hilingan ang isang miyembro ng klase na dumating sa klase na nakahandang magbahagi ng maikling buod ng pangyayari tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa isang lalaki sa tabi ng tangke (pool) ng Betesda (Juan 5:1–9).
4. Kung makukuha ang mga larawang Feeding the Five Thousand (62143) at Christ Walking on the Water (Gospel Art Picture Kit 243), gamitin ang mga ito sa aralin.
5. Mungkahi para sa pagtuturo: Madalas na gumamit ang Tagapagligtas ng mga bagay na karaniwang makikita sa araw-araw, tulad halimbawa ng tinapay o mga binhi, upang ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Habang inihahanda ninyo ang bawat aralin, isaalang-alang kung paano ninyo magagamit ang mga bagay-bagay upang makuha ang atensiyon ng klase o mailarawan ang isang mahalagang punto. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit E, Paksa 11, “Pagtuturo ng mga Pakay-aralin,” 115–116.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Idrowing ang sumusunod na mga paglalarawan sa pisara:




- Ano ang ipinagkapareho ng mga bagay na ito?

Bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase na maikling talakayin ang posibleng mga kasagutan sa tanong. Pagkatapos ay ipabasa sa kanila ang Helaman 5:12, kung saan tinutukoy ni Helaman si Jesucristo bilang "ang bato," at ang Juan 8:12, kung saan ipinahayag ni Jesus na siya "ang ilaw ng sanglibutan." Ipaliwanag na maya-maya lamang sa aralin ay tatalakayin ninyo kung paanong si Jesus "ang tinapay ng kabuhayan" (Juan 6:35).

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang araling ito, tulungan ang mga miyembro ng klase na "saliksikin [ninyo] ang mga kasulatan" (Juan 5:39). Himukin silang magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntuning tinatalakay nila.

**1. Pinagaling ni Jesus ang isang lalaki [sa araw] ng Sabbath at ipinahayag na siya ang Anak ng Diyos.**

Talakayin ang Juan 5. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Anyayahan ang inatasang miyembro ng klase na ibuod ang pangyayari tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa isang lalaki sa tabi ng tangke ng Betesda (Juan 5:1–9). Anong mga tagubilin ang ibinigay ni Jesus sa lalaki nang makita niya ito sa templo kinahapunan ng araw na iyon? (Tingnan sa Juan 5:14.) Bakit "mas masama" ang mga epekto ng kasalanan kaysa sa mga pisikal na karamdaman?

- Bakit hinangad ng mga pinuno ng mga Judio na patayin si Jesus? (Tingnan sa Juan 5:16–18.) Sa pagtugon ni Jesus sa nagagalit na mga Judio, ano ang inihayag niya tungkol sa kanyang kaugnayan sa Ama? (Tingnan sa Juan 5:19–23, 30.)

- Sinabi ni Jesus sa mga tao na hindi magtatagal ay gagawa siya ng "lalong dakilang mga gawa" kaysa pagpapagaling sa may sakit (Juan 5:20). Sang-ayon sa kanya, ano ang lalong dakilang mga gawang ito? (Tingnan sa Juan 5:21–29. Isasakatuparan niya ang Pagkabuhay na Mag-uli, hahatulan niya ang lahat ng tao, at bibigyan ng buhay na walang hanggan ang matatapat.)

- Anong mga saksi ang sinabi ng Tagapagligtas na nagpapatotoo hinggil sa kanya? (Tingnan sa Juan 5:32–39, 45–47.) Bakit mahalagang magkaroon ng ganitong mga saksi? (Tingnan sa Jacob 4:6.) Paano tayo magiging mga saksi ng Tagapagligtas?

- Hinamon ni Jesus ang mga pinuno ng mga Judio na "saliksikin . . . ang mga kasulatan" (Juan 5:39). Ano ang kaibahan ng pagsasaliksik ng mga banal na kasulatan at pagbabasa ng mga ito? (Maaaring naisin ninyong gamitin ang unang karagdagang ideya sa pagtuturo sa hulihan ng aralin habang tinatalakay ninyo ang tanong na ito.) Paano ninyo ginawang higit na makabuluhan ang inyong pansarili at pangmag-anak na pag-aaral ng mga banal na kasulatan? Paano kayo nabiyayaan sa pagsasaliksik ninyo sa mga banal na kasulatan?
- Sang-ayon sa Juan 5:39, ano ang maaari sanang nalaman ng mga pinuno ng mga Judio kung sinaliksik at pinaniwalaan nila ang mga banal na kasulatan? (Malalaman sana nila na nagpapatotoo ang mga banal na kasulatan tungkol kay Jesucristo. Tingnan din sa Juan 5:40, 46–47.) Paano pinalakas ng mga banal na kasulatan ang inyong pananampalataya kay Cristo?

**2. Buong himalang pinakain ni Jesus ang mahigit sa 5,000 tao.**

Basahin at talakayin ang piling mga talata mula sa Juan 6:1–14 at Marcos 6:30–44. Ipakita ang larawan ni Jesus na pinakakain ang maraming tao.

- Bakit nagpunta sa bundok si Jesus at ang kanyang mga disipulo? (Tingnan sa Juan 6:1–3; sinasabi sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Marcos 6:31 na si Jesus at ang kanyang mga disipulo ay nagpunta sa isang mapanglaw na lugar.) Paano tumugon si Jesus nang lapitan siya ng maraming tao? (Tingnan sa Marcos 6:33–34; Mateo 14:14.) Paano natin masusundan ang kanyang halimbawa ng pagkahabag?
- Paano pinakain ni Jesus ang maraming tao? (Tingnan sa Juan 6:5–13; tingnan din sa Mateo 14:21.) Paano natin masusundan ang halimbawa ng batang lalaki na nagbigay ng kanyang mga tinapay at isda kay Jesus? Paano tayo binibiyayaan ng Panginoon kapag tayo, tulad ng batang lalaki, ay nagbibigay ng anumang mayroon tayo sa paglilingkod sa Kanya?

  Sinabi ni Elder James E. Faust:

  "Maraming hindi kilalang tao na may mga kaloob na katumbas lamang ng limang piraso ng tinapay at dalawang maliliit na isda ang gumaganap na mabuti sa kanilang tungkulin at naglilingkod nang hindi napapansin o napaparangalan, ang literal na nagpapakain ng libu-libo. . . .  Ang mga ito ang daan-daang libong mga pinuno at guro sa lahat ng mga pantulong na samahan at korum ng pagkasaserdote, ang mga tagapagturo ng tahanan, ang mga tagapagturong dumadalaw ng Samahang Damayan. Sila ang mapagpakumbabang mga obispo ng Simbahan, ang ilan ay hindi nakaabot ng mataas na pinag-aralan o pagsasanay ngunit lubos na binasbasan ng Panginoon upang magawa ang mga bagay na lagpas sa kanilang kakayahan, palaging natututo, nang may mapagpakumbabang pagnanais na mapaglingkuran ang Panginoon at ang mga tao ng kanilang mga purok. . . .

  "Ang isang malaking dahilan kung bakit lumago ang simbahang ito mula sa abang pasimula nito tungo sa kasalukuyan nitong lakas ay ang katapatan at debosyon ng milyun-milyong mapagpakumbaba at debotong mga tao na may lilimang tinapay lamang at dadalawang maliliit na isda na maiaalay sa paglilingkod sa Panginoon. Isinuko na nila ang kanilang sariling mga interes at sa paggawa ng gayon ay nasumpungan 'ang kapayapaan ng Diyos, na di masayod ng pag-iisip' (Mga Taga Filipos 4:7)" (sa Conference Report, Abr. 1994, 4–5; o *Ensign*, Mayo 1994, 5–6).

- Ano ang ilang mga halimbawa na nakita ninyo sa buhay ng mga tao na lubos na tinulungan ng Panginoon habang sila ay naglilingkod sa kanya?
- Paano sinisimbulo ng mahimalang piging mula sa limang piraso ng tinapay at dalawang isda ang espirituwal na piging na iniaalok ng Tagapagligtas sa atin?

**3. Lumakad si Jesus sa dagat, inanyayahan si Pedro na lumapit sa kanya, at pinayapa ang mga hangin.**

Basahin at talakayin ang Juan 6:15–21 at Mateo 14:22–33. Ipaliwanag na matapos pakainin ni Jesus ang maraming tao ay tinagubilinan niya ang kanyang mga disipulo na sumakay sa daong at magpunta sa kabilang panig ng dagat. Pagkatapos ay pinaalis niya ang maraming tao at umakyat sa isang bundok upang manalangin. Habang papatawid ng dagat ang mga disipulo ay nakasagupa nila ang malalakas na hangin.

- Ano ang naging reaksiyon ng mga disipulo nang makita nilang lumalakad sa ibabaw ng tubig si Jesus patungo sa kanila? (Tingnan sa Mateo 14:26; Juan 6:19.) Paano tumugon si Jesus sa kanilang pagkatakot? (Tingnan sa Mateo 14:27; Juan 6:20.)

Ipakita ang larawan ni Cristo na lumalakad sa ibabaw ng tubig.

- Ano ang hiniling ni Pedro nang marinig niya ang tinig ng Tagapagligtas? (Tingnan sa Mateo 14:28–29.) Bakit nanghina ang pananampalataya ni Pedro nang lumalakad na siya sa ibabaw ng tubig? (Tingnan sa Mateo 14:30.) Paano tayo nakagagawa ng gayon ding pagkakamali kapag dumarating na ang mga problema?
- Ano ang ginawa ni Pedro nang magsimula siyang lumubog? (Tingnan sa Mateo 14:30.) Ano ang ginawa ni Jesus? (Tingnan sa Mateo 14:31–32.) Ano ang inihahayag nito tungkol sa kaugnayan natin sa Panginoon? Paano ninyo nadamang pinalakas kayo ng Tagapagligtas at pinayapa ang inyong takot?

**4. Ipinahayag ni Jesus na siya "ang tinapay ng kabuhayan."**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Juan 6:22–71.

- Kinabukasan pagkatapos ng himala na ginawa ni Jesus sa mga tinapay at isda ay sinundan siya ng mga tao sa Capernaum. Bakit sila sumunod sa kanya? (Tingnan sa Juan 6:26.) Paano ginamit ni Jesus ang kasabikan ng mga tao tungkol sa himalang ginawa niya noong nakaraang araw upang magpatotoo sa kanyang misyon? (Tingnan sa Juan 6:27–35.)

  Napuna ni Elder Jeffrey R. Holland na: "Noong panahon ng ministeryo ng Tagapagligtas sa Galilea ay sinumbatan Niya ang mga nakarinig na nagpakain siya ng 5,000 sa pamamagitan lamang ng limang tinapay at dalawang isda, at ngayon ay dumagsa sa Kanya na naghihintay ng libreng tanghalian. Ang pagkaing iyon, bagaman totoong mahalaga, ay hindi naman talagang bahagi ng tunay na pagkain na sinisikap Niyang ibigay sa kanila" (sa Conference Report, Okt. 1997, 87; o *Ensign*, Nob. 1997, 65).

- Paanong naging angkop na paglalarawan sa Tagapagligtas at sa mga biyayang iniaalok niya sa atin ang "tinapay ng kabuhayan"? (Tingnan sa Juan 6:35, 47–51.) Ano ang ibig sabihin ng "hindi na kailanman magutom" at "hindi na kailanman mauhaw"? Paano tayo makikibahagi sa "tinapay ng kabuhayan"?

(Tingnan sa Juan 6:47, 51–54; Mateo 26:26–28; Alma 5:33–35; Doktrina at mga Tipan 20:77.)

Ipinayo ni Pangulong Howard W. Hunter na: “Kailangang makilala pa natin nang mas lubusan si Cristo kaysa pagkakakilala natin sa kanya ngayon; kailangang mas madalas pa natin siyang alalahanin kaysa pag-alaala natin sa kanya ngayon; kailangang paglingkuran natin siya nang mas magiting kaysa paglilingkod natin sa kanya ngayon. Sa gayon ay iinom tayo ng tubig na bumubukal tungo sa buhay na walang hanggan at kakain ng tinapay ng kabuhayan” (sa Conference Report, Abr. 1994, 84; o *Ensign*, Mayo 1994, 64).

Ituro na ang ilang tao ay hindi naniwala kay Jesus dahil nakita nila siya bilang “ang anak [lamang] ni Jose” (Juan 6:42). Ang ilan na nagsabing mga disipulo sila ni Jesus ay nangagreklamo at tumalikod sa kanya, na nagsasabing hindi nila nauunawaan ang espirituwal na kahulugan ng kanyang pagpapahayag na siya ang tinapay ng buhay at ang kanyang aral tungkol sa pangangailangang kainin ang kanyang laman at inumin ang kanyang dugo (Juan 6:51–66).

- Nang hindi tanggapin ng ilang tao ang pangangaral ni Jesus, ano ang itinanong ni Jesus sa Labindalawang Apostol? (Tingnan sa Juan 6:67.) Ano ang sagot ni Pedro? (Tingnan sa Juan 6:68.) Ano ang naunawaan ni Pedro at ng iba pang mga Apostol tungkol kay Jesus na hindi naunawaan ng mga taong umalis? (Tingnan sa Juan 6:69.)

---

Katapusan

Magpatotoo na si Jesucristo ang “tinapay ng kabuhayan” at taglay niya “ang mga salita ng buhay na walang hanggan” (Juan 6:35, 68). Himukin ang mga miyembro ng klase na isagawa ang mga pangako niya mula sa Pangangaral tungkol sa Tinapay ng Kabuhayan: “Ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom, at ang sumasampalataya sa akin kailan ma’y hindi mauuhaw. . . . Ang sumasampalataya ay may buhay na walang hanggan” (Juan 6:35, 47).

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. “Saliksikin [ninyo] ang mga kasulatan” (Juan 5:39)**

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang tahimik ang Juan 5:20–30 habang binabasa ninyo ito nang malakas.

Basahin ito nang mabilis nang hindi tumitigil o tinatalakay ang kahit alinman sa mga talata.

Ipaliwanag na katatapos ninyong *basahin* ang Juan 5:20–30 at ngayon ay sama-sama ninyong *sasaliksikin* ang talata. Hatiin ang mga miyembro ng klase sa tatlo o apat na grupo. Atasan ang bawat grupo ng kahit isa man lamang sa sumusunod na mga bahagi mula sa Juan 5:20–30: mga talata 20–22, 23–24, 25–27, at 28–30. Bigyan ang mga grupo ng ilang minuto upang gumawa nang sama-sama. Ipabasa sa kanila ang iniatas na mga talata, pumili ng tatlo sa pinakamahahalagang salita sa mga talata, at maghandang ipaliwanag kung bakit mahahalaga ang mga salitang iyon.

- Ano ang nakita ninyo nang saliksikin ninyo ang mga banal na kasulatan na hindi ninyo nakita nang basahin natin nang mabilis ang mga ito? Ano ang maaari nating gawin upang tayo mismo ay makapagsaliksik ng mga banal na kasulatan?

Ipaliwanag na ang Propetang si Joseph Smith ay nakatanggap ng pangitain tungkol sa mga kaharian ng kaluwalhatian matapos pagnilay-nilayin ang Juan 5:29. Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang Doktrina at mga Tipan 76:15–20.

- Anong kaalaman ang napasaatin dahil sinaliksik ni Joseph Smith ang Juan 5:29?

**2. "Bantayan ninyo ang mga naghihintay sa gilid ng tangke ng Betesda"**

Ginamit ni Elder Boyd K. Packer ang pangyayari sa Juan 5:1–9 upang bigyang-diin na dapat nating tulungan ang mga tao na may mga kapansanan. Sinabi niya na ang mga katawan at isipan na may mga kapansanan, "ay gagawing perpekto. Samantala, kailangan nating bantayan ang mga naghihintay sa gilid ng tangke ng Betesda" (sa Conference Report, Abr. 1991, 8; o *Ensign*, Mayo 1991, 9).

- Ano ang magagawa natin upang matulungan ang mga taong may mga kapansanan sa pangangatawan o sa isipan?

# “Ibibigay Ko sa Iyo ang mga Susi ng Kaharian”

Aralin
13

*Mateo 15:21–17:9*

**Layunin**

Palakasin ang mga patotoo ng mga miyembro ng klase na si Jesus ang Cristo at ang mga susi ng pagkasaserdote na ipinagkaloob sa Bundok ng Pagbabagong-anyo ay naipanumbalik na.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Mateo 15:21–39. Pinagaling ni Jesus ang anak na babae ng isang babaing Gentil at buong himalang pinakain ang mahigit sa 4,000 tao, na ang karamihan ay mga Gentil.
   b. Mateo 16:13–19. Nagpatotoo si Pedro na si Jesus ang Cristo. Itinuro ni Jesus na ang kanyang Simbahan ay itinayo sa ibabaw ng bato ng paghahayag at ipinangakong ibibigay kay Pedro ang mga susi ng kaharian.
   c. Mateo 17:1–9. Nagbagong-anyo si Jesus sa harapan nina Pedro, Santiago, at Juan.

2. Karagdagang pagbabasa: Marcos 7:24–9:10; Lucas 9:18–36; 12:54–57; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* “Paghahayag,” 179–180 at “Pagbabagong-anyo,” 175.

3. Kung may makukuhang mapa ng Palestina noong kapanahunan ng Bagong Tipan (mapa 4 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*), gamitin ito sa aralin. Maaari ninyong naising gumawa ng pinalaking kopya nito upang makita itong mabuti ng mga miyembro ng klase.

4. Mungkahi para sa pagtuturo: Ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, kabilang ang mga piling bahagi mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia, ay maaaring mapagkunan sa paghahanda at pagtuturo ng inyong mga aralin. Tulungan ang mga miyembro ng klase na matutuhang gamitin ito sa kanilang personal na pag-aaral ng banal na kasulatan.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ibahagi ang sumusunod na kuwento:

Maraming taon na ang nakalilipas nang dalawin ni Pangulong Spencer W. Kimball at ng ilan pang pinuno ng Simbahan ang maliit na katedral sa Copenhagen, Denmark, kung saan nakalagak ang tanyag na estatuwa ni Jesucristo at ng Labindalawang Apostol na gawa ni Bertel Thorvaldsen. Ganito ang sinabi ni Elder Rex D. Pinegar tungkol sa karanasang ito: “Habang nakatingin kami sa magagandang gawang iyon ng sining ay napansin namin na si Pedro ay

nililok na may hawak na malalaking susi sa kanyang mga kamay. . . . Nang papalabas na kami ng katedral, ang tagapangalaga na taga Denmark . . . ay nakatayong malapit sa pintuan at naghihintay sa aming pag-alis. Kinamayan siya ni Pangulong Kimball [at] pinasalamatan siya sa kanyang kabaitan sa pagpapahintulot sa aming dalawin ang katedral. Pagkatapos ay sinimulan ng pangulo ang pagpapaliwanag tungkol sa simbahang itinatag ni Jesucristo at ang kahalagahan nito sa atin. . . . Pinalapit niya sina Pangulong Tanner, Elder Monson, at Elder Packer, at ang pangulo ay nagpatuloy, 'Kami ang mga *buhay* na apostol ng Panginoong Jesucristo. May Labindalawang Apostol at tatlong iba pa na siyang panguluhan ng Simbahan. Taglay namin ang tunay na mga susi, tulad ni Pedro, at ginagamit namin ang mga ito sa araw-araw. Palaging ginagamit ang mga ito' " (sa Conference Report, Okt. 1976, 104; o *Ensign*, Nob. 1976, 69).

Ipaliwanag na tatalakayin sa araling ito ang mga susi ng pagkasaserdote at kung paano tinanggap ni Pedro ang mga ito sa Bundok ng Pagbabagong-anyo.

---

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Ipabuklat sa mga miyembro ng klase ang kanilang mga banal na kasulatan sa mapa ng Palestina, o ipakita ang pinalaking kopya na ginawa ninyo (tingnan sa bahaging "Paghahanda"). Ituro na ang mga pangyayaring tinalakay sa araling ito ay naganap sa Tiro, Sidon, Decapolis, at Cesaria ni Filipo. Tulungan ang mga miyembro ng klase na makita ang mga lugar na ito sa mapa. Ipaliwanag na ang mga paglalakbay ni Jesus sa pook na ito ang nagbigay daan upang makadaupang-palad niya ang maraming Gentil (mga hindi Israelita).

**1. Pinagaling ni Jesus ang anak na babae ng isang Gentil at pinakain ang mahigit sa 4,000 tao.**

Talakayin ang Mateo 15:21–39. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Ano ang hiniling ng babaing taga Canaan na gawin ni Jesus? (Tingnan sa Mateo 15:22.) Bakit hindi kaagad pinagbigyan ni Jesus ang kanyang kahilingan? (Tingnan sa Mateo 15:24. Hindi siya Judio, at ang mga pagpapala ng ebanghelyo ay ibibigay muna sa mga Judio bago sa mga Gentil.) Bakit sa bandang-huli ay pinagaling ni Jesus ang anak ng babaing iyon? (Tingnan sa Mateo 15:28.) Ano ang matututuhan natin mula sa babaing ito? (Maaaring maibilang sa mga sagot ang katotohanan na ang mga hindi pa nakatatanggap ng kabuuan ng ebanghelyo ay maaari pa ring magkaroon ng malaking pananampalataya, at hindi tayo dapat mawalan ng pananampalataya kapag ang mga biyaya ay hindi kaagad ipinagkakaloob na tulad ng ating inaasahan.)
- Ang Tagapagligtas ay umalis upang magtungo sa Dagat ng Galilea, na dumaraan sa Decapolis (Marcos 7:31). Ang Decapolis ay isang pook na nasa silangan ng Dagat ng Galilea kung saan nakatira ang maraming Gentil. Paano nagpakita ng pagkahabag ang Panginoon sa mga taong naroroon? (Tingnan sa Mateo 15:29–31.) Ano ang naging reaksiyon ng maraming tao? (Tingnan sa Mateo 15:31.) Anong mga himala sa ating kapanahunan ang naging dahilan upang luwalhatiin ninyo ang Diyos?
- Ang maraming tao ay namalagi sa piling ni Jesus sa loob ng tatlong araw, at nang oras na para umalis hindi sila pinayagang umalis ni Jesus nang nagugutom. Anong himala ang ginawa niya para sa kanila? (Tingnan sa Mateo 15:32–38.)

Ipaliwanag na ang himalang ito ay kaiba sa naunang pagpapakain sa 5,000 (Mateo 14:15–21) dahil ang karamihan sa mga taong ito ay mga Gentil. Ipinaliwanag ni Elder Bruce R. McConkie na sa pagpapakain ng 5,000, ay "itinatatag [ni Jesus] ang saligan para sa kanyang hindi mapapantayang sermon tungkol sa Tinapay ng Kabuhayan" (Juan 6:22–69; tingnan sa aralin 12). Sa pamamagitan ng pagpapakain sa 4,000 makaraan ang naunang pagpapakain ay masagisag na itinuro ni Jesus na sa hinaharap, ang buhay na tinapay ay iaalok sa mga bansang Gentil. (*Doctrinal New Testament Commentary*, 3 tomo [1966–73], 1:375.)

**2. Ipinangako kay Pedro ang mga susi ng kaharian.**

Basahin at talakayin ang Mateo 16:13–19.

- Nilisan ni Jesus ang Decapolis at nagtungo sa pook ng Cesaria ni Filipo, kung saan ay tinanong niya ang kanyang mga disipulo na, "Ano ang sabi ninyo kung sino ako?" (Mateo 16:15). Ano ang sagot ni Pedro? (Tingnan sa Mateo 16:16.) Ano ang pinagmulan ng patotoo ni Pedro? (Tingnan sa Mateo 16:17.) Ano ang matututuhan natin mula sa pangyayaring ito tungkol sa ating mga patotoo?
- Sinabi ni Jesus kay Pedro, "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia" (Mateo 16:18). Itinuro ni Propetang Joseph Smith na ang batong tinutukoy ni Jesus ay ang paghahayag (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 274). Sa anong paraan naging saligan ng Simbahan ng Panginoon ang paghahayag?
- Nangako ang Tagapagligtas na ibibigay kay Pedro ang "mga susi ng kaharian ng langit" (Mateo 16:19). Ano ang mga susing ito? Bakit kailangan ang mga ito? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 128:9–10; 132:46.) Sino ang nagtataglay ng mga ito sa ngayon?

  Itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith:

  "Ang Pagkasaserdote sa pangkalahatan ang awtoridad na ibinigay sa tao upang gumanap para sa Diyos. Ang bawat lalaking inordenan sa anumang antas ng Pagkasaserdote, ay nagtataglay ng awtoridad na ito.

  "Subalit mahalaga na ang bawat pagganap na gagawin sa ilalim ng awtoridad na ito ay dapat maisagawa sa tamang panahon at lugar, sa tamang paraan, at ayon sa tamang kaayusan. Ang kapangyarihan ng pangangasiwa sa mga gawaing ito ang bumubuo ng mga *susi* ng Pagkasaserdote. Sa kanilang kabuuan, ang mga susi ay hawak lamang ng iisang tao sa isang panahon, ang propeta at pangulo ng Simbahan. Maaari niyang ipakatawan sa isang tao ang kahit aling bahagi ng kapangyarihang ito, at sa ganitong kalagayan ay taglay ng taong iyon ang mga susi ng kaukulang gawaing iyon" (*Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon [1939], 136).
- Bakit mahalagang bahagi ng ating mga patotoo ang matibay na paniniwala na taglay ng propeta ang mga susi?

**3. Nagbagong-anyo si Jesus sa harapan nina Pedro, Santiago, at Juan.**

Basahin at talakayin ang Mateo 17:1–9. Ipaliwanag na mga isang linggo matapos maipangako kay Pedro ang mga susi ng kaharian, ay nasaksihan nila, ni Santiago

at ni Juan ang Pagbabagong-anyo ng Tagapagligtas at tumanggap sila ng mahalagang kaalaman, at mga susi. Ito ang isa sa mahahalagang pangyayari sa Bagong Tipan. Nakatulong ito sa paghahanda kay Jesus para sa kanyang Pagbabayad-sala at pinatatag ang tatlong Apostol para sa karagdagang mga tungkulin na mapapasakanila sa lalong madaling panahon bilang mga pinuno ng Simbahan.

- Ano ang ibig sabihin ng *pagbabagong-anyo*? (Isang pansamantalang pagbabago sa kaanyuan at likas ng isang tao; isang pagbabago tungo sa mas maluwalhating kalagayan. Ito ay pinapangyayari ng kapangyarihan ng Diyos. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 67:11; Moises 1:11.)

- Sang-ayon sa Mateo 17:1–5, ano ang nangyari noong nasa Bundok ng Pagbabagong-anyo sina Jesus, Pedro, Santiago, at Juan? (Maaari ninyong naising isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase.)

  a. Ang mukha ni Jesus ay nagliwanag na tulad ng araw, at ang kanyang kasuotan ay naging busilak sa kaputian.
  b. Sina Moises at Elias (Elijah) ay nagpakita.
  c. "Isang maliwanag na ulap ang tumabon sa kanila," at narinig nila ang tinig ng Ama na nagbibigay patotoo tungkol sa kanyang Anak.

  Maaari ninyong naising ipaliwanag na ang pangalang *Elias* ay ginamit sa iba't ibang paraan sa mga banal na kasulatan. Sa Mateo 17:3–4 ito ay katumbas sa Griyego ng pangalang Hebreo na *Elijah*. Sa iba pang lugar (katulad ng Mateo 17:10–13), ito ay titulo na naglalarawan sa isang taong nangunguna, o naghahanda.

  Ipaliwanag na mas marami ang itinuro ng mga propeta sa huling araw tungkol sa naganap sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. Pagbalik-aralan ang sumusunod na mga aral na kasama ang mga miyembro ng klase at, kung nais ninyo, ibuod ang mga ito sa pisara:

  a. Sina Pedro, Santiago, at Juan ay nakakita ng isang pangitain tungkol sa pagbabagong-anyo ng mundo sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas (Doktrina at mga Tipan 63:20–21).
  b. Sila ay "nagbagong-anyo sa harapan ni [Cristo]" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, 158).
  c. Itinuro sa kanila ang tungkol sa kamatayan at pagkabuhay na mag-uli ng Tagapagligtas (Pagsasalin ni Joseph Smith, Lucas 9:31).
  d. Tinanggap nila mula kina Jesus, Moises, at Elijah ang mga susi ng pagkasaserdote na kakailanganin nila sa pamamahala sa Simbahan pagkatapos mamatay ng Tagapagligtas (Teachings of the Prophet Joseph Smith, 158; Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation,* 3 tomo [1954–56], 2:110).

- Noong 1836 ay muling nagbalik sa daigdig sina Moises at Elijah. Ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa ulo nina Joseph Smith at Oliver Cowdery upang ipanumbalik ang mga susing ibinigay noon kina Pedro, Santiago, at Juan. Aling mga susi ang ipinanumbalik ni Moises? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:11. Ang mga susi ng pagtitipon ng Israel.) Aling mga susi ang ipinanumbalik ni Elijah? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:13–16. Ang mga susi ng kapangyarihang magbuklod.) Paano ginagamit ang mga susing ito

sa ngayon? (Sa gawaing misyonero at gawain sa templo, na pinangangasiwaan sa ilalim ng pamamahala ng Pangulo ng Simbahan.)

- Itinuro ni Elder David B. Haight na ang Pagbabagong-anyo ni Jesus "ay nilayon para sa ating espirituwal na kaliwanagan at gayundin naman sa mga nakasaksi mismo" (sa Conference Report, Abr. 1977, 8; o *Ensign*, Mayo 1977, 7). Ano ang matututuhan natin mula sa Pagbabagong-anyo na makatutulong sa atin kapag nangangailangan tayo ng espirituwal na kalakasan?

  Maaari ninyong naising pagbalik-aralan ang sumusunod na mga ideya na inilahad ni Elder Haight (sa Conference Report, Abr. 1977, 9–10; o *Ensign*, Mayo 1977, 7–9):

  a. Dapat nating sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng mataimtim na pananalangin kapag kailangan natin ng espirituwal na kalakasan (Lucas 9:28). Ganito ang sinabi ni Elder Haight tungkol sa Pagbabagong-anyo: "Marahil ang nadama ni Jesus noon ay hindi lamang ang makalangit na kapayapaan na maidudulot ng pagkakataong makipag-ugnayan nang mag-isa sa Kanyang Ama, kundi higit pa rito. Marahil ay nadama niyang itataguyod Siya pagsapit ng oras sa pamamagitan ng mga pagmiministeryong hindi matatagpuan sa daigdig na ito. . . . Habang nananalangin Siya sa Kanyang Ama, Siya ay iniangat palayo sa pag-aagam-agam at kasamaan ng daigdig na tumalikod sa Kanya."

  b. Maaaring mapasaatin ang katiyakan na bibigyan tayo ng lakas ni Jesus tulad ng ginawa niya kina Pedro, Santiago, at Juan. Sinabi ni Elder Haight na, "Isinama niya ang Kanyang tatlong apostol sa paniniwalang sila, matapos makita ang Kanyang kaluwalhatian . . . ay maaaring mapatatag, upang ang kanilang pananampalataya ay lumakas para maihanda sila sa magaganap na mga pang-aalipusta at mapanghamak na pangyayari."

  c. Mapalalakas tayo ng patotoo tungkol sa Tagapagligtas (Mateo 17:5) at ng mga doktrina ng ebanghelyo. Sinabi ni Elder Haight na, "Ang tatlong piniling apostol ay tinuruan ng tungkol sa darating na kamatayan ng [Tagapagligtas] at gayundin ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, mga turo na makapagpapalakas sa bawat isa sa kanila sa makasaysayang mga araw na darating."

---

Katapusan

Bigyang-diin na bilang mga Banal sa mga Huling Araw ay nasa atin ang impormasyon na makatutulong sa atin upang maunawaan kung ano ang naganap sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng paghahayag sa Simbahan sa ngayon at sa pangangailangan sa mga susi ng pagkasaserdote. Bigyang katiyakan ang mga miyembro ng klase na malalaman natin, tulad ni Pedro, sa pamamagitan ng Espiritu Santo na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos na Buhay.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**Mga pagkakataon kung kailan nagpatotoo ang Ama tungkol sa Anak**

May apat na pagkakataon na nakatala sa mga banal na kasulatan kung kailan ipinakilala at nagpatotoo ang Ama tungkol sa kanyang Anak. Ang isa sa mga ito ay tinatalakay sa araling ito. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isipin ang tatlo pang pagkakataon.

1. Binyag ni Jesus (Mateo 3:13–17)
2. Sa Pagbabagong-anyo (Mateo 17:1–9)
3. Pagpapakita ni Jesus sa mga Nephita (3 Nephi 11:1–7)
4. Sa Unang Pangitain ni Joseph Smith (Joseph Smith—Kasaysayan 1:13–17)

# “Sino ang Aking Kapuwa Tao?”

Aralin **14**

*Mateo 18; Lucas 10*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maging mapagpakumbaba, magpatawad sa iba, at magpakita ng pag-ibig sa kapwa-tao.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Mateo 18:1–6, 10–11, 14. Itinuro ni Jesus na kailangan tayong magbalik-loob at maging tulad ng maliliit na bata upang makapasok sa kaharian ng langit.
   b. Mateo 18:15, 21–35. Sa pamamagitan ng talinghaga ng walang awang alipin ay itinuro ni Jesus ang tungkol sa pagpapatawad.
   c. Lucas 10:25–37. Sa pamamagitan ng talinghaga ng mabuting Samaritano ay itinuro ni Jesus ang tungkol sa pag-ibig sa kapwa-tao.
2. Karagdagang pagbabasa: Marcos 9:33–50; Mosias 3:17–21; 4:16–19, 26.
3. Kung makukuha ang sumusunod na mga materyal, gamitin ang mga ito sa aralin:
   a. Ang mga larawang Si Cristo at ang mga Bata (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 216) at Ang Mabuting Samaritano (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 218).
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, anyayahan ang isang magulang na magsalita sa klase tulad ng nakabalangkas sa gawain.
5. Mungkahi sa pagtuturo: Paminsan-minsan ay anyayahan ang mga miyembro ng klase (o iba pang miyembro ng purok) na tumulong sa aralin sa pamamagitan ng pag-uulat, pagbabahagi ng isang kuwento, pagbibigay ng patotoo, o pagtulong sa iba pang paraan. Kapag nagbibigay ng takdang gawain, linawin kung ano ang nais ninyong ipagawa sa isang tao at kung gaano katagal ninyo inaasahan na gagawin niya ito. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit F, Paksa 12, “Paggamit ng mga Taong Mapagtatanungan Tungkol sa Paksa,” 170–171 at Yunit F, Paksa 14 “Mga Natatanging Ulat,” 175.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Anyayahan ang isang magulang na may maliit na anak (tatlo hanggang limang taong gulang) na dalhin ang bata sa klase, ipakilala siya, at maikling ilarawan ang ilan sa mga kahanga-hangang katangian ng bata. Kapag natapos na ang

magulang, hilingan ang mga miyembro ng klase na mag-isip ng mga katangian na tulad ng sa bata na nais ni Jesus na taglayin natin. Isulat ang mga sagot sa pisara.

Ipaliwanag na tinatalakay ng araling ito ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga katangiang tulad ng sa bata at pakikitungo sa lahat ng tao nang may kababaang-loob at kabaitan.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano natin masusundan ang halimbawa ng mga aral ng Tagapagligtas tungkol sa kababaang-loob, pagpapatawad, at pag-ibig sa kapwa-tao.

**1. Itinuro ni Jesus na kailangan tayong maging katulad ng maliliit na bata.**

Basahin at talakayin ang Mateo 18:1–6, 10–11, 14.

- Bakit sa palagay ninyo lubhang nag-alala ang mga disipulo tungkol sa kung sino ang magiging pinakadakila sa kaharian ng Panginoon? (Mateo 18:1; Marcos 9:33–34). Paano tayo nakagagawa kung minsan ng gayunding mga pagkakamali? Paano natin maisasantabi ang gayong mga alalahanin?
- Ipakita ang larawan ni Cristo at ng mga bata. Ano ang payo ni Jesus sa mga naghahangad na makamtan ang tunay na kadakilaan sa kanyang kaharian? (Tingnan sa Mateo 18:2–4; Marcos 9:35.) Bakit mahirap sundin ang payong ito kung minsan? Paano maihahambing ang payong ito sa itinuturo ng daigdig tungkol sa kung paano magtatamo ng kadakilaan?
- Ano ang ibig sabihin ng maging tulad ng maliliit na bata? (Tingnan sa Mosias 3:19. Ipaliwanag na kahit na hindi perpekto ang mga bata ay marami silang katangian na kailangan nating taglayin upang manahin ang kaharian ng langit. Ang mga katangiang ito ay kinabibilangan ng kababaang-loob, kapakumbabaan, at kusang-loob na paniniwala.) Ano ang natutuhan ninyo mula sa mga bata? Paano tayo magiging higit na tulad ng mga bata at maging higit na nagpapasailalim sa kalooban ng ating Ama sa Langit?
- Ano ang ibig sabihin ng "magbigay ng ikatitisod ng isa sa maliliit na ito"? (Sa puntong ito, ang ibig sabihin ng *magbigay ikatitisod* ay maging dahilan ng pagkadapa.) Ano ang ilan sa mga paraan kung saan ang mga tao ay nagiging dahilan ng pagkadapa ng mga bata? (Maaaring maibilang sa mga sagot ang pagiging masamang halimbawa sa kanila, pambabatikos sa kanila sa nakasasakit na paraan, hindi pagtuturo sa kanila, at pang-aabuso sa kanila.) Ano sa paningin ng Panginoon ang mga kasalanang ito? (Tingnan sa Mateo 18:6.)

  Sinabi ni Elder M. Russel Ballard na: "Naririnig natin ang mga nakababagabag na ulat tungkol sa mga magulang o tagapag-alaga na lubhang nalalayo sa Espiritu ni Cristo kung kaya't inaabuso nila ang mga bata. Kung ang pang-aabusong ito ay pisikal man, o sa pananalita, o kaya'y hindi gaanong nahahalata ngunit kasing-tindi ng emosyonal na pang-aabuso, ito ay karumal-dumal at mabigat na kasalanan sa Diyos" (sa Conference Report, Abr. 1991, 107; o *Ensign*, Mayo 1991, 80).
- Paano makatutulong sa pangangalaga natin sa mga bata ang ating pagiging tulad ng isang bata? Ano ang maaari nating gawin upang maisagawa ang

kalooban ng Diyos na "ang isa sa maliliit na ito ay [hindi] mapahamak"? (Mateo 18:14).

**2. Sa pamamagitan ng talinghaga ng walang awang alipin ay itinuro ni Jesus ang kapatawaran.**

Basahin at talakayin ang Mateo 18:15, 21–35.

- Sa Mateo 18:15, ano ang sinabi ng Panginoon na dapat nating gawin kung nasaktan ang ating kalooban? Bakit ito ang pinakamabuting paraan sa paglutas ng mga alitan?
- Ano ang tugon ni Jesus nang magtanong si Pedro kung gaano kadalas siya dapat magpatawad? (Tingnan sa Mateo 18:22. Ipaliwanag na ginamit ni Jesus ang mataas na bilang na ito upang ituro na dapat nating palaging patawarin ang ibang tao.) Bakit mahirap magpatawad kung minsan? Paano kayo pinagpala sa pagpapatawad ninyo sa iba o sa pagpapatawad nila sa inyo?
- Upang lalong mabigyang-diin ang kahalagahan ng pagpapatawad sa iba ay ibinigay ni Jesus ang talinghaga ng hindi marunong magpatawad na alipin (Mateo 18:23–35). Sinu-sino ang isinisimbolo ng hari at ng mga alipin? (Tingnan sa Mateo 18:35. Ang isinisimbolo ng hari ay ang Ama sa Langit at tayo ang isinisimbolo ng mga alipin.) Paano tayo katulad ng alipin ng hari sa ating pagkakautang sa Panginoon? (Tingnan sa Mateo 18:24–27.) Ano ang kailangan nating gawin upang mapatawad sa ating "pagkakautang"?
- Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ng hari sa pagpapatawad sa iba? (Tingnan sa Mateo 18:33.) Ano ang ilan sa mga panganib ng hindi pagpapatawad sa iba? (Tingnan sa Mateo 18:34–35.)

**3. Sa pamamagitan ng talinghaga ng mabuting Samaritano ay itinuro ni Jesus ang tungkol sa pag-ibig sa kapwa-tao.**

Basahin at talakayin ang Lucas 10:25–37. Ipakita ang larawan ng mabuting Samaritano.

- Paano tumugon si Jesus sa isang tagapagtanggol [abugado] na nagtanong kung ano ang dapat niyang gawin upang magtamo ng buhay na walang hanggan? (Tingnan sa Lucas 10:25–28.) Paano nasasakop ng mga kautusang mahalin ang Diyos at ang ating kapwa ang kabuuan ng ebanghelyo? Paano natin mas lubos na masusunod ang dalawang kautusang ito?
- Paano tumugon si Jesus nang magtanong ang tagapagtanggol ng, "Sino ang aking kapuwa tao?" (Tingnan sa Lucas 10:29–37.) Ano ang itinuturo ng talinghagang ito tungkol sa kung sino ang ating mga kapwa-tao?

  Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter na: "Kailangan nating tandaan na kahit na tayo ang pumipili ng ating mga kaibigan, ang Diyos naman ang lumikha sa ating mga kapwa-tao—sa lahat ng dako. Hindi dapat magkaroon ng hangganan ang ating mga katapatan; hindi dapat na iilan lamang ang ating papanigan" (sa Conference Report, Okt. 1986, 44; o *Ensign*, Nob. 1986, 35).
- Ano ang ginawa ng saserdote at ng Levita nang makita nila ang lalaking ninakawan at sugatan? (Tingnan sa Lucas 10:31–32.) Sa anong paraan maaaring mangailangan ang mga tao sa ngayon ng tulong? Ano ang ilang

mga dahilan kung bakit hindi natin tinutulungan ang ibang taong nangangailangan? (Tingnan sa Mosias 4:16–19 para sa isang halimbawa.)

- Paano tinulungan ng mabuting Samaritano ang lalaking ninakawan at sugatan? (Tingnan sa Lucas 10:33–35.) Anong mga katangian ng mabuting kapwa-tao ang taglay ng Samaritano? Paano kayo nabiyayaan ng "mabubuting Samaritano"? Paano tayo magiging "mabubuting Samaritano"? (Tingnan sa Mosias 4:26.)

---

Katapusan

Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagpapakumbaba sa ating sarili, pagpapatawad sa iba, at pagpapakita ng pag-ibig sa kapwa-tao. Hamunin ang mga miyembro ng klase na ipamuhay ang mga aral na ito.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Sina Maria at Marta**

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Lucas 10:38–42.

- Paano pinaglilingkuran ni Marta ang Panginoon? Ano ang "magaling na bahagi" na pinili ni Maria? Paano tayo kung minsan "naliligalig sa maraming paglilingkod" kung kaya't hindi natin tinatanggap si Jesus na tulad ng dapat mangyari? Ano ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito?

**2. "Pabayaan ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata" (Marcos 10:14)**

Habang tinatalakay ninyo ang aral ng Tagapagligtas na dapat tayong maging tulad ng maliliit na bata, maaari rin ninyong naising talakayin ang pangyayari sa kanyang pagbabasbas sa mga bata sa Marcos 10:13–16.

- Paano tumugon ang mga disipulo ni Jesus nang dalhin sa kanya ang maliliit na bata? (Tingnan sa Marcos 10:13.) Ano ang sinabi ni Jesus sa kanyang mga disipulo? (Tingnan sa Marcos 10:14–15.) Ano ang ginawa ni Jesus para sa mga bata? (Tingnan sa Marcos 10:16.) Ano ang matututuhan natin tungkol kay Jesus mula sa pangyayaring ito? Paano natin higit na masusundan ang halimbawang ipinakita niya sa pangyayaring ito?

**3. Karagdagang talakayan ng Mateo 18**

- Talakayin ang Mateo 18:8–9 at Marcos 9:43–48 (tingnan din sa Mateo 5:29–30). Ano ang ibig sabihin ng mga talatang ito? (Tinutukoy sa Pagsasalin ni Joseph Smith ang mga nakatitisod na elementong ito bilang ang mga taong nagliligaw ng ating landas. Mas makabubuting putulin natin ang ating pakikipag-ugnayan sa mga tao kaysa pahintulutan silang akayin tayo tungo sa kasalanan. Tingnan din sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Marcos 9:40–48.)
- Itinala sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Mateo 18:11 ang pagsasabi ni Jesus na hindi kailangan ng maliliit na bata ang pagsisisi. Bakit ganito ang kanyang

sinabi? (Tingnan sa Moroni 8:11–12.) Paano naging "buhay kay Cristo" ang maliliit na bata? (Tingnan sa Moroni 8:12; Doktrina at mga Tipan 29:46–47.) Ano ang kailangan nating gawin upang maging "buhay kay Cristo"? (Tingnan sa Mateo 18:4; Mosias 3:19; Moroni 8:10.)

- Basahin ang Mateo 18:11–14. Paano natin maisasagawa sa ating buhay ang talinghaga ng nawawalang tupa? Paano kayo o ang isang kakilala ninyo pinagpala ng isang taong sumunod sa prinsipyo ng talinghagang ito?

**4. "Ang Panginoon ay naghalal ng pitongpu pa" (Lucas 10:1)**

- Talakayin ang Lucas 10:1–24. Paano maihahambing ang mga tagubilin ng Panginoon sa Pitumpu sa mga tagubiling ibinigay niya sa Labindalawa sa Mateo 10? Ano ang mga pananagutan ng Pitumpu sa ngayon? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:25, 34, 38, 93–97.)

**5. Ang kabanalan ng ugnayan sa kasal**

Ipaliwanag na inilalarawan ng Mateo 19:1–12 ang isang situwasyon kung saan sinubukang hulihin ng mga Fariseo si Jesus sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanya kung naaayon ba sa batas ang diborsiyo (tingnan din sa Marcos 10:1–12). Ang diborsiyo ay mainit na paksa noon sa mga iskolar at pinuno ng mga Judio, at umasa ang mga Fariseo na ang kasagutan ni Jesus sa kanilang tanong ay magpapagalit sa mga Judio. Ipabasa nang malakas sa isang miyembro ng klase ang Mateo 19:3–9.

- Ano ang sagot ni Jesus sa tanong ng mga Fariseo sa talata 3? (Tingnan sa Mateo 19:4–6. Sinabi niya sa kanila na ang diborsiyo ay hindi inordena ng Diyos.) Bakit pinahintulutan ni Moises ang diborsiyo sa mga Israelita? (Tingnan sa Mateo 19:7–8.)

Ipaliwanag na sa sinaunang Israel ay maaaring iwanan o diborsiyohin ng isang lalaki ang kanyang asawa sa maliliit na kadahilanan. Itinuro ni Jesus na sa perpektong daigdig, tulad ng kahariang selestiyal, ang diborsiyo ay hindi umiiral. Dahil hindi pa perpekto ang daigdig, ang diborsiyo ay pinahihintulutan ngunit hindi dapat mangyari maliban sa pinakamabigat na mga kadahilanan. Isinasaad sa Mateo 19:9 na ang isang lalaki na mang-iiwan sa kanyang asawa sa hindi gaanong mabigat na kadahilanan ay kasal pa rin sa kanya [sa asawang babae] sa mata ng Diyos, at ang asawang lalaki ay nagkakasala ng pangangalunya kung magpapakasal siya sa isa pang babae. (Tingnan sa James E. Talmage, *Jesus the Christ*, ika-3 edisyon [1916], 473–75, 484.)

- Ano ang papel na ginagampanan ng kababaang-loob, pagpapatawad, at pag-ibig sa kapwa-tao sa isang matagumpay na kasal? Paano makatutulong sa atin ang pagsisikap natin na maging tulad ni Cristo sa pag-aasawa at sa iba pang mga pakikipag-ugnayan?
- Paano natin matutulungan ang mga taong nakaranas ng matinding dagok ng diborsiyo?

**6. Gawaing pangkabataan**

Magsulat (o pasulatin ang mga miyembro ng klase) ng mga tanong tungkol sa aralin sa maliliit na piraso ng papel. (Bilang gawaing pagbabalik-aral, maaari

kayong pumili ng mismong mga tanong na mula sa bawat bahagi ng aralin.) Ilagay ang mga piraso ng papel sa isang supot o kahon. Ipaayos nang pabilog sa mga miyembro ng klase ang kanilang mga upuan, at ilagay ang supot o kahon sa isang upuan sa gitna ng bilog. Hayaang maghalinhinan ang mga miyembro ng klase sa pagkuha ng mga tanong mula sa supot o kahon at sa pagsagot sa mga ito. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit F, Paksa 3, "Mga Pamamaraan ng Pabilog na Pagkakaupo", 153–155.)

# “Ako ang Ilaw ng Sanglibutan”

Aralin 15

*Juan 7–8*

**Layunin**

Palakasin ang mga patotoo ng mga miyembro ng klase na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at sa pamamagitan ng pagsunod sa kanya ay magkakaroon tayo ng tunay na kalayaan.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Juan 7. Dumalo si Jesus sa Pista ng mga Tabernakulo at nagturo sa templo. Naniniwala ang ilang tao na siya ang Cristo, samantalang iniisip naman ng iba na siya ay isang manlilinlang.

   b. Juan 8:1–11. Isang babae na nahuling nangangalunya ang dinala kay Jesus. Siya ay pinakitaan niya ng habag.

   c. Juan 8:12–36. Ipinahayag ni Jesus na, “Ako ang ilaw ng sanglibutan.” Tinuruan niya ang naniniwalang mga Judio na ang pagsunod sa kanya ang magpapalaya sa kanila sa espirituwal na pagkaalipin.

2. Mungkahi sa pagtuturo: Laging pagbalik-aralan ang inyong aralin ng mga isang linggo man lamang bago ituro. Kapag binabasa ninyo ang mga piling banal na kasulatan nang maaga, makatatanggap kayo ng mga ideya at impresyon sa buong linggo na makatutulong sa inyo na maituro ang aralin. Habang pinagninilay-nilayan ninyo ang aralin sa buong linggo, manalangin na patnubayan kayo ng Espiritu at manampalataya na pagpapalain kayo ng Panginoon. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit C, Paksa, “Kailan Ihahanda ang Aralin”, 58–60 at Yunit C, Paksa 2, “Pag-uukol ng Panahon Upang Maghanda ng mga Aralin,” 61.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Gawing madilim ang silid hangga’t maaari sa pamamagitan ng pagpatay ng mga ilaw at pagsara ng mga kurtina o *blinds*. Hilingin sa isang miyembro ng klase na basahin nang malakas ang Doktrina at mga Tipan 93:1–2. Kapag nabasa (o sinubukang basahin) na ng miyembro ng klase ang mga talatang ito tanungin siya ng:

- Mahirap bang basahin ang mga talatang ito? Paano mapadadali ang pagbabasa nito? (Dagdag na liwanag.)

Sindihan ang mga ilaw at hawiin ang mga kurtina o *blinds*. Hilingan ang miyembro ng klase na basahing muli ang Doktrina at mga Tipan 93:1–2. Ipaliwanag na ang ilaw ay ginamit saan mang bahagi ng mga banal na kasulatan

bilang simbolo ni Jesucristo. Ginamit mismo ni Jesus ang sagisag na ito noong nagtuturo siya sa templo. Tatalakayin sa araling ito kung sa papaanong paraan naging isang ilaw si Jesucristo para sa atin.

Kung hindi ninyo mapadidilim nang husto ang silid, sa halip ay magdrowing ng isang parola sa pisara (o ipakita ang larawan ng isang parola). Ipaliwanag na ang layunin ng isang parola ay bigyang-babala ang mga barko sa nagbabantang panganib at gabayan ang mga ito tungo sa kaligtasan. Pagkatapos ay ipaliwanag na ang ilaw ay isa sa mga simbolo na ginamit ni Jesus sa pagtuturo tungkol sa kanyang misyon at sa kanyang kaugnayan sa atin. Tatalakayin ng araling ito kung paanong si Jesus ay naging isang ilaw na nagtuturo sa atin ng daan patungo sa espirituwal na kaligtasan.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga pangyayari sa banal na kasulatan, magbigay ng patotoo tungkol kay Jesucristo kapag nadarama ninyong ito ay naaangkop. Himukin din ang mga miyembro ng klase na magbigay ng patotoo tungkol kay Jesucristo kapag nadama nilang kailangan nilang magbahagi.

**1. Dumalo si Jesus sa Pista ng mga Tabernakulo at nagturo sa templo.**

Talakayin ang Juan 7. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata. Ipaliwanag na ang Pista ng mga Tabernakulo ay taunang kapistahan ng mga Judio na idinaraos mga anim na buwan matapos ang Pista ng Paskua. Tumatagal ito ng walong araw at inaalaala ang mga pagbabasbas ng Panginoon sa mga anak ni Israel sa kanilang mga paglalakbay sa ilang. Ipinagdiriwang din nito ang buong taong ani at palatandaan ito ng pagtatapos ng panahon ng tag-ani. Ang kapistahang ito ay itinuturing ng mga Judio na pinakamalaki at pinakamasaya sa lahat ng kanilang mga kapistahan. (Tingnan sa Levitico 23:34–43.)

Bigyang-diin na naglakbay si Jesus mula sa Galilea patungo sa Jerusalem upang makadalo sa kapistahang ito sa templo (Juan 7:1–10).

- Ano ang sinabi ng mga tao sa piging tungkol kay Jesus habang hinihintay nila ang kanyang pagdating? (Tingnan sa Juan 7:12.) Bakit namangha ang mga tao nang magsimulang magturo si Jesus? (Tingnan sa Juan 7:14–15.)
- Ano ang sinabi ni Jesus sa mga tao sa templo tungkol sa kanyang mga aral? (Tingnan sa Juan 7:16.) Ano ang itinagubilin niyang gawin ng mga tao upang magkaroon sila ng patotoo tungkol sa kanyang mga aral? (Tingnan sa Juan 7:17.) Paano natin maisasagawa ang tagubiling ito sa ating buhay?

  Sinabi ni Elder John K. Carmack ng Pitumpu na: “Ipinaliwanag ni Jesus na, ‘Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito’y sa Dios, o kung ako’y nagsasalita na mula sa aking sarili’ (Juan 7:17). Sa madaling salita, habang sinusubukan natin ito ay malalaman natin na ito’y totoo. Nangangailangan ito ng pananampalataya na sumubok, subalit ito ay magdudulot ng espirituwal na katibayan. Sa disipulo na susubok mag-eksperimento ay darating ang matibay na paniniwala, kaalaman, at liwanag” (sa Conference Report, Okt. 1988, 32; o *Ensign*, Nob. 1988, 26).

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isalaysay kung paano pinalakas ang kanilang patotoo tungkol sa isang alituntunin ng ebanghelyo nang dahil sa ito ay ipinamuhay nila (maaari ninyong naising ibahagi ang isang karanasan ninyo). Bigyang-diin na ang kabaligtaran ng pangako sa Juan 7:17 ay totoo rin: kung hindi natin ipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo, ang ating mga patotoo ay manghihina.

- Habang nagtuturo si Jesus ay patuloy na nahahati ang mga tao sa kanilang mga opinyon tungkol sa kanya. Ano ang ilan sa mga dahilan kung bakit naniwala ang mga tao na siya ang Cristo? (Tingnan sa Juan 7:31, 37–41.) Ano ang ilan sa mga dahilan kung bakit hindi naniwala ang mga tao na siya ang Cristo? (Tingnan sa Juan 7:27, 41–42, 52.) Paano nalaman ng mga tao sa isang bansa kung saan nanggaling si Jesus? (Kilala nila ang kanyang pamilya at ang kanyang pinagmulang bayan.) Paano nila hindi nalaman sa isang banda kung saan siya nanggaling? (Tingnan sa Juan 7:28–29; 8:14, 19, 23–29. Hindi nila naunawaan na isinugo siya ng Ama sa Langit.)
- Paano natin mapatatatag ang ating mga patotoo tungkol sa misyon ni Jesucristo?

**2. Isang babae na nahuling nangangalunya ang dinala kay Jesus.**

Basahin at talakayin ang Juan 8:1–11.

- Bakit dinala kay Jesus ng mga eskriba at mga Fariseo ang mapangalunyang babae? (Tingnan sa Juan 8:4–6. Nais nilang mahuli si Jesus kung susumpain niya ang babae tungo sa kamatayan nito o lalabagin Niya ang batas ni Moises.) Ano ang sinabi ni Jesus sa mga eskriba at mga Fariseo? (Tingnan sa Juan 8:7.) Bakit hindi nila binato ang babae? (Tingnan sa Juan 8:9.)
- Kahit na hindi ikinatuwa ni Jesus ang kasalanan ng babae, hindi rin naman niya isinumpa ang babae sa nagawa nito (Juan 8:10–11). Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ng Tagapagligtas tungkol sa kung paano tayo dapat tumugon sa mga taong nagkasala nang mabigat?

  Ipinaliwanag ni Elder Marvin J. Ashton na: “Dinala ng mga eskriba at mga Fariseo sa Tagapagligtas ang isang babaeng nahuling nangangalunya. Ang kanilang layunin ay hindi upang magpakita ng pagmamahal sa babae o sa Tagapagligtas, kundi upang hiyain at linlangin si Jesus. . . .  Hindi pinatawad ni Jesus ang pangangalunya nang gayun-gayon lamang; walang pag-aalinlanganan sa Kanyang saloobin hinggil sa wasto at malinis na pag-uugali. [Ngunit] pinili Niyang magturo nang may pagmamahal—upang ipakita sa mga eskriba at mga Fariseo na kailangang paglingkuran ang isang indibiduwal tungo sa kanyang ikabubuti at upang ipakita ang nakapipinsalang puwersa ng panlilinlang at panghihiya” (sa Conference Report, Abr. 1981, 31–32; o *Ensign*, Mayo 1981, 24).

**3. Ipinahayag ni Jesus na, “Ako ang ilaw ng sanglibutan.”**

Basahin at talakayin ang Juan 8:12–36.

- Noong Pista ng mga Tabernakulo, ang templo sa Jerusalem ay tinatanglawan ng ningas na nagmumula sa apat namalalaking kandelero. Ang mga ningas na ito ay nakikita sa buong lungsod. Bakit ito ang angkop na tanawin sa pagpapahayag ni Jesus na, “Ako ang ilaw ng sanglibutan”? (Juan 8:12). Ano

ang ibig sabihin ng si Jesus ang ilaw ng sanlibutan? (Tingnan sa Juan 8:12; Alma 38:9; 3 Nephi 15:9; Doktrina at mga Tipan 88:6–13.)

- Habang nagsisikap ang mga tao na maging tulad ni Jesus, sila rin ay nagiging ilaw ng sanlibutan, na taglay ang kanyang liwanag (Mateo 5:14; 3 Nephi 18:24). Paano natin matutulungan ang iba na makita ang liwanag na handog ni Cristo? (Tingnan sa Mateo 5:16; 28:18–20; Mga Taga Filipos 2:14–15.)
- Sinabi ni Jesus sa mga tao sa templo na palagi niyang ginagawa ang mga bagay na kalugud-lugod sa kanyang Ama (Juan 8:29). Paano natin higit na maipapangako ang ating sarili sa paggawa ng mga bagay na kalugud-lugod sa Ama sa Langit?
- Habang nagpapatotoo si Jesus tungkol sa kanyang Ama sa Langit, "ay maraming nagsisampalataya sa kanya" (Juan 8:30). Ano ang ipinangako ni Jesus sa mga taong ito kung magpapatuloy sila sa pagsunod sa kanya? (Tingnan sa Juan 8:31–32.) Mula sa ano tayo pinalalaya ng katotohanan? (Tingnan sa Juan 8:33–34.) Paano tayo inilalagay sa pagkaalipin ng paggawa ng kasalanan? (Tingnan sa Alma 12:11; 34:35.) Paano kayo pinalaya ng pagkaalam sa katotohanan?
- Sa bandang huli ay tinawag ni Jesus ang kanyang sarili na "katotohanan" (Juan 14:6). Paano ito nakaaapekto sa inyong pang-unawa sa pangako sa Juan 8:32? Paano tayo pinalalaya ng pagkakilala sa Tagapagligtas? Paano natin siya makikilala?

---

Katapusan

Magpatotoo na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at siya lamang ang tanging makapagpapalaya sa atin mula sa pagkaalipin sa kasalanan. Himukin ang mga miyembro ng klase na sundan si Cristo, "ang ilaw ng sanglibutan," upang sila ay magabayan niya tungo sa espirituwal na kaligtasan.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Tubig na buhay**

Sa isa sa mga seremonyang pinangasiwaan noong Pista ng mga Tabernakulo, isang saserdote ang naglagay sa altar ng tubig na mula sa tangke ng Siloe. Ang alay na ito ay ginawa upang humingi ng ulan at tagumpay sa pananim sa susunod na taon. Sa pagtuturo ni Jesus sa templo sa huling araw ng kapistahan ay inanyayahan niya ang mga tao na inumin ang tubig na buhay (Juan 7:37–38).

- Sa ano pang ibang pagkakataon binanggit ni Jesus ang tubig na buhay? (Tingnan sa Juan 4:5–15.) Ano ang "tubig na buhay"? Paano natin maiinom ito?

**2. Si Jesucristo ang Jehova**

Basahin at talakayin ang Juan 8:37–59.

- Bakit sinabihan ni Jesus ang hindi naniniwalang mga Judio na hindi sila mga anak ni Abraham? (Tingnan sa Juan 8:39–40. Kahit na sila ay literal na inapo

ni Abraham, sila ay hindi gumawa ng mabubuting gawa na tulad ni Abraham.) Bakit sinabi ni Jesus sa kanila na hindi sila mga anak ng Diyos? (Tingnan sa Juan 8:41–44.) Paano natin maipakikita sa ating mga kilos na tayo ay mga anak ng Ama sa Langit?

- Bakit nagalit ang mga Judio sa mga puna ng Panginoon tungkol kay Abraham? (Tingnan sa Juan 8:51–53, 56–57. Hindi nila natanto na tinutukoy ni Jesus ang kanyang kakayahang mapagtagumpayan ang espirituwal na kamatayan [talata 51] at gayundin ang kanyang buhay bago ang buhay sa mundong ito [mga talata 56–57].) Ano ang ipinauunawa sa atin ng pangungusap ni Jesus na, "Bago ipinanganak si Abraham, ay ako nga" (Juan 8:58) tungkol sa kanya? (Tingnan sa Exodo 3:13–14. Si Jesus ang Jehova, ang Dakilang "Ako Nga," ang Diyos nina Abraham, Isaac, at Jacob.) Bakit mahalagang malaman na si Jesus ang Jehova bago ang kanyang buhay sa lupa?

Aralin 16

# "Ako'y Naging Bulag, Ngayo'y Nakakakita Ako"

*Juan 9–10*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na magkaroon ng higit na pagkakaunawa at pagpapahalaga kay Jesucristo bilang Ilaw ng Sanglibutan at Mabuting Pastor.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Juan 9. Pinatotohanan ni Jesus na siya ang Ilaw ng Sanglibutan at pinagaling ang isang lalaking isinilang na bulag. Nagpatotoo sa mga Fariseo ang lalaking pinagaling at sinamba niya si Jesus.
   b. Juan 10:1–15, 25–28. Itinuro ni Jesus na siya ang Mabuting Pastor at ibibigay niya ang kanyang buhay para sa kanyang mga tupa. Ang mga tupa ng Panginoon ay ang mga dumirinig ng kanyang tinig at sumusunod sa kanya.
2. Kung makukuha ang sumusunod na mga materyal ay gamitin ang mga ito sa aralin:
   a. Ang larawan na Pinagagaling ni Jesus ang Bulag (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 213).
   b. Bahagi 3 ng "New Testament Customs," isang piling bahagi mula sa *New Testament Video Presentations* (53914).
3. Mungkahi sa pagtuturo: "Ang kababaang-loob sa harapan ng Diyos ay isang susi sa tagumpay. Ang isang gurong mapagpakumbaba sa harapan ng Panginoon ay nananalig mula sa bukal ng lahat ng kaalaman at kapangyarihan at walang humpay na sumasalok mula rito. Iiwan ng Espiritu ang isang guro na labis na umaasa sa sariling kakayahan. Kung wala ang Diyos, wala [tayong] magagawa. Sa pamamagitan niya, ang lahat ng bagay ay maaaring mangyari" (*Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit A, Paksa 3, "Maging Mapagpakumbaba sa Inyong Tungkulin," 6–7).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Hilingin sa mga miyembro ng klase na mag-isip ng ilang kapansanan sa katawan na ginamot ni Jesus sa panahon ng kanyang mortal na ministeryo. Isulat sa pisara ang kanilang mga sagot. Pagkatapos ay bigyang-diin na bahagi ng araling ito ang tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa isang bulag na lalaki—isang himalang madalas niyang ginagawa.

- Sa inyong palagay bakit isang napakahalagang himala sa ministeryo ng Tagapagligtas ang pagpapagaling sa bulag? Ano ang maaaring espirituwal na

isagisag ng pagpapagaling ng bulag? (Ang kapangyarihan ng Tagapagligtas na matulungan tayong mapagtagumpayan ang espirituwal na pagkabulag at "makita" o maunawaan ang espirituwal na mga katotohanan.)

Ipaliwanag na ang mga banal na kasulatan na pag-aaralan sa araling ito ay nakatuon sa pagtingin at pagdinig sa Tagapagligtas at sa ating pananagutan na tulungan ang iba na gawin ang gayon.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

**1. Binigyan ni Jesus ng paningin ang lalaking isinilang na bulag.**

Talakayin ang Juan 9. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga piling talata. Ipakita ang larawan ni Jesus na pinagagaling ang lalaking bulag.

- Bago pagalingin ang lalaking isinilang na bulag, sinabi ni Jesus, "Ako ang ilaw ng sanglibutan" (Juan 9:5). Sa anu-anong paraan binigyang liwanag ni Jesus ang bulag na lalaki? (Tingnan sa Juan 9:6–7, 35–38.)
- Nagpatotoo nang ilang ulit ang bulag na pinagaling siya ni Jesus (Juan 9:10–11, 15, 17, 24–25, 27, 30–33. Maaari ninyong naising hikayatin ang mga miyembro ng klase na markahan ang mga talatang ito sa kanilang mga banal na kasulatan). Ano ang maaari nating matutuhan mula sa halimbawa ng taong ito? (Maaaring maibilang sa mga sagot ang responsibilidad nating ibahagi ang ating mga patotoo. Bigyang-diin na matapang na nagpatotoo ang lalaki sa maraming tao, maging sa mga hindi naniwala sa kanyang patotoo at nagbanta sa kanya.)
- Paano lumago ang patotoo ng lalaking ito habang ibinabahagi niya ang kanyang patotoo? (Paghambingin ang mga talata 11, 17, 33, at 38.) Paano lumago ang inyong patotoo nang ibahagi ninyo ito?
- Ano ang ginawa ng mga Fariseo nang marinig nila ang tungkol sa himala? (Tingnan sa Juan 9:16.) Sa palagay ninyo bakit nila itinanggi na ginawa ni Jesus ang himalang ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos? (Maaaring maibilang sa mga sagot ang kapalaluan, galit kay Jesus dahil sa pagpapagaling niya sa araw ng Sabbath, takot dahil maaaring mawala sa kanila ang kapangyarihan o katanyagan, at iba pa.) Paano tinangkang pasinungalingan ng mga Fariseo ang mga ginawa ni Jesus? (Tingnan sa Juan 9:16, 18–20, 24, 28–29, 34.) Paano itinatanggi ng ilang tao ngayon ang kapangyarihan ng Diyos?
- Ano ang isinagot ng mga magulang ng lalaking dating bulag nang tanungin sila ng mga Fariseo tungkol sa himala? (Tingnan sa Juan 9:18–23.) Bakit ganito ang naging sagot ng kanyang mga magulang? (Tingnan sa Juan 9:22.) Paano tayo minsan nagiging katulad ng mga magulang ng lalaking ito? Paano tayo magiging higit na magiting sa ating mga patotoo?
- Paano pinarusahan ng mga Fariseo ang lalaki nang patuloy niyang pinatotohanan na si Jesus ang nagpagaling sa kanya? (Tingnan sa Juan 9:34.

Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng pinalayas ay itiniwalag.) Ano ang ginawa ni Jesus nang marinig niyang pinalayas ang lalaki dahil sa kanyang patotoo? (Tingnan sa Juan 9:35–37.) Paano kayo pinagpala ng Panginoon dahil sa pananatili ninyong matapat sa gitna ng kahirapan?

Kung gagamitin ninyo ang pagpapalabas ng video, ipalabas na ngayon ang "The Synagogue."

- Sa paanong paraan nakakikita ang mga Fariseo, at sa paanong paraan sila bulag? (Tingnan sa Juan 9:39–41. Batid nila nang husto ang batas, ngunit bulag sila sa tunay na layunin nito. Itinatanggi nilang pumarito si Jesus bilang katuparan ng batas.) Ano ang kaibahan ng pagkakita sa pamamagitan ng ating mga mata at "pagkaunawa" o espirituwal na pag-unawa? Ano ang ilang dahilan ng espirituwal na pagkabulag? Ano ang matututuhan natin sa kuwentong ito tungkol sa kung paano mapagtatagumpayan ang espirituwal na pagkabulag?

**2. Itinuro ni Jesus na siya ang Mabuting Pastor.**

Basahin at talakayin ang Juan 10:1–15, 25–28. Sa mga talatang ito, inilarawan ni Jesus kung paano pinangangalagaan at inaalagaan ng pastor ang kanyang mga tupa. Ipaliwanag na noong kapanahunan ni Jesus, ang mga tupa ay dinadala sa isang kulungan pagsapit ng gabi. Isa sa mga pastor ang magbabantay ng pintuan samantalang ang iba naman ay uuwi ng bahay upang magpahinga. Kung may mabangis na hayop na nakapasok sa kulungan, ibibigay ng pastor ang kanyang buhay kung kailangan upang mapangalagaan ang mga tupa. Sa umaga, ang bawat pastor ay babalik at tatawagin ang kanyang mga tupa. Makikilala nila ang kanyang tinig at susunod sa kanya sa pastulan.

- Sa pagtatalakay ni Jesus tungkol sa pastor at kanyang mga tupa, sino ang kinakatawan ng mga tupa? (Tingnan sa Juan 10:4, 27.) Sino ang pastor? (Tingnan sa Juan 10:11.) Ano ang ilang katangian ng isang mabuting pastor? (Maaari ninyong naising isulat ang mga katangiang ito sa pisara tulad ng ipinakikita sa ibaba.)

  a. Kilala niya ang kanyang mga tupa, tinatawag sila sa kanilang pangalan, pinangungunahan sila (Juan 10:3–4, 14).
  b. Siya ang pintuan ng mga tupa, pinahihintulutan silang sumama sa kawan upang maligtas at makakita ng pastulan (Juan 10:7, 9).
  c. Binibigyan niya ang mga tupa ng "buhay . . . at magkaroon ng kasaganaan nito" (Juan 10:10).
  d. Ibinibigay niya ang kanyang buhay para sa mga tupa (Juan 10:11, 15).

- Ano ang kaibahan ng isang pastor at ng isang nagpapaupa? (Tingnan sa Juan 10:11–14.) Paano naging ganap na halimbawa si Jesus ng isang pastor? (Gamit ang tala na inyong isinulat sa pisara, talakayin kung paano ipinakita ni Jesus ang bawat isa sa mga katangiang ito. Tingnan sa 2 Nephi 9:41–42 habang tinatalakay ninyo kung paano naging pintuan si Jesus ng mga tupa. Habang tinatalakay ninyo ang kahandaan ni Jesus na ibigay ang kanyang buhay para sa atin, tingnan ang Juan 10:17–18.)
- Paano nakikilala ng mga tupa ang kanilang pastor? (Tingnan sa Juan 10:3–4.) Paano natin maririnig ang tinig ng Panginoon? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:37–38; 18:33–36; 97:1.) Paano tayo napapangalagaan kung kilala at sinusunod natin ang tinig ng Mabuting Pastor?

Kung ginagamit ninyo ang pagpapalabas ng video, ipalabas na ngayon ang "The Shepherd" at "The Sheepfold."

- Sino ang mga tulisan at magnanakaw na nagtatangkang pumasok sa kulungan? (Tingnan sa Juan 10:1. Sila ang mga taong nagtatangkang gawan ng masama ang mga tagasunod ng Panginoon o akayin sila sa masama.) Paano natin makikilala ang tunay na mga pastor at ang mga taong nagtatangkang umakay sa atin sa masama? (Tingnan sa Juan 10:10.)
- Paano ginagantimpalaan ang mga tupa sa pagsunod nila sa Mabuting Pastor? (Tingnan sa Juan 10:9–10, 28). Paano kayo biniyayaan sa pagsunod ninyo sa Tagapagligtas?

---

Katapusan

Magpatotoo na si Jesus ang Ilaw ng Sanglibutan at ang Mabuting Pastor. Kung naaangkop, ibahagi sa mga miyembro ng klase kung paano kayo tinulungan ng Panginoon na espirituwal na makakita at sumunod sa kanya.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ang mga responsibilidad natin bilang mga pastor**

- Paano tayo naging mga pastor din ng mga tupa ng Panginoon? Ano ang magagawa natin upang matulungan ang iba na makinig at sumunod sa tinig ng Mabuting Pastor?

  Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie na: "Ang sinumang naglilingkod sa anumang tungkulin sa Simbahan na kung saan siya ay may pananagutan sa kagalingang pang-espirituwal at temporal ng sinumang anak ng Panginoon ay pastor ng mga tupang ito. Papananagutin ng Panginoon ang mga pastor para sa kaligtasan ng kanyang mga tupa" (*Mormon Doctrine*, ika-2 edisyon [1966], 710).

**2. "Mayroon akong ibang mga tupa" (Juan 10:16)**

- Sino ang tinutukoy ng Panginoon sa Juan 10:16? (Tingnan sa 3 Nephi 15:21–24.) Kailan narinig ng "ibang mga tupa" ang tinig ng Tagapagligtas? Paano makatutulong ang talatang ito sa isang taong nagsisiyasat sa Simbahan na magkaroon ng mabuting pag-unawa sa Aklat ni Mormon?

  Itinuro ni Elder Howard W. Hunter na: "Ang mga taong pamilyar sa buhay at mga turo ng Guro mula sa kanilang kaalaman sa mga aklat ng Biblia ay magiging interesadong malaman na mayroon ding tala ng kanyang pagpapakita sa mga tao sa kanlurang bahagi ng mundo—ang ibang tupa na tinukoy niya. Ito ay pinamagatang Aklat ni Mormon na ipinangalan sa propetang nagtipon at nagpaikli ng mga tala ng mga tao sa kontinente ng Amerika. Ang Aklat ni Mormon ay isa pang saksi ni Cristo at naglalaman ng kanyang mga turo sa iba pang mga kawan sa Bagong Daigdig" (sa Conference Report, Abr. 1983, 19; o *Ensign*, Mayo 1983, 16).

**3. Iba't ibang paraan ng pagtingin**

Upang mas lubos na matulungan ang mga miyembro ng klase na pahalagahan ang mga paraan kung paano tayo tinutulungan ng Tagapagligtas na makakita, gumawa ng sinulatang papel para sa ilang kahulugan ng salitang *pagtingin* (ang mga mungkahing kahulugan ay makikita sa ibaba). Ilagay ang mga sinulatang papel sa sumbrero o kahon, at isa-isang papiliin ang mga miyembro ng klase ng isang sinulatang papel at ipaliwanag kung paano tayo natutulungan ng Tagapagligtas na makakita sa paraang inilalarawan nito. Ang ideyang ito ay magiging mas epektibo sa klase ng mga kabataan.

| |
|---|
| makita ng mata |
| maunawaan |
| malaman |
| ituring na posibilidad |
| matuklasan |
| tingnan |
| isaalang-alang |

# “Ano ang Gagawin Ko Upang Magmana ng Buhay na Walang Hanggan?”

Aralin 17

*Marcos 10:17–30; 12:41–44; Lucas 12:13–21; 14; 16*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na kailangan tayong maging handa na isakripisyo ang mga bagay ng mundong ito para magtamo ng lugar sa kaharian ng langit.

**Paghahanda**


1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Marcos 10:17–30; 12:41–44. Isang mayamang kabataang lalaki ang nagtanong kung ano ang kailangan niyang gawin upang magkaroon ng buhay na walang hanggan, at itinuro ni Jesus na ang pagtitiwala sa kayamanan ay maaaring maging hadlang sa pagpasok ng isang tao sa kaharian ng Diyos. Pinuri ni Jesus ang pobreng balo na naghulog ng dalawang lepta sa kabang-yaman.
   b. Lucas 12:13–21. Sa talinghaga tungkol sa mayamang hangal, itinuro ni Jesus ang mga panganib ng kasakiman. Pinayuhan niya ang kanyang mga tagasunod na hangarin ang mga kayamanan ng langit kaysa kayamanan ng mundo.
   c. Lucas 14:15–33. Sa talinghaga ng malaking hapunan, itinuro ni Jesus na ang mga susunod sa kanya ay nararapat na maging handa na talikuran ang lahat.
   d. Lucas 16:1–12. Sa talinghaga ng lilong katiwala, itinuro ni Jesus sa kanyang mga tagasunod na hangarin ang espirituwal na kayamanan na kasing sigasig na tulad ng mga taong naghahangad ng kayamanan ng mundo.

2. Karagdagang pagbabasa: Mateo 19:16–30; Lucas 18:18–30; 21:1–4; Jacob 2:18–19.

3. Kung makukuha ang larawang Christ and the Rich Young Ruler (Gospel Art Picture Kit 244), gamitin ito sa aralin.

4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, gumawa ng bitag sa unggoy o gumuhit ng isa sa pisara (tingnan ang paglalarawan sa ibaba). Upang makagawa ng bitag sa unggoy, kumuha ng isang kahong may takip. Idikit ang takip sa kahon, at gumawa ng butas sa isang gilid ng kahon na sapat lamang na magkasya ang inyong palad ngunit hindi ang buong kamao. Maglagay ng isang pirasong prutas o ilang mani sa loob ng kahon.



5. Mungkahi sa pagtuturo: Sinabi ni Nephi, "Inihalintulad ko sa amin ang lahat ng banal na kasulatan upang ito ay maging para sa aming kapakinabangan at kaalaman" (1 Nephi 19:23). Pag-aralan ang *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit E, Paksa 6, "Nakahihikayat na Pagtuturo ng Ebanghelyo," 103–104 at Yunit E, Paksa 21, "Pagtulong sa mga Miyembro ng Klase na Ipamuhay ang mga Alituntunin ng Aralin," 144–146, upang malaman kung paano ninyo matutulungan ang mga miyembro ng klase na maihalintulad o maipamuhay, ang mga banal na kasulatan sa kanilang buhay.

---

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang bitag na inyong ginawa o iginuhit (tingnan sa bahaging "Paghahanda"). Ipaliwanag na ang ganitong bitag ay maaaring magamit na panghuli ng unggoy. Ang lalagyan ay matibay na itinatali sa lupa, at lalagyan ng pain (tulad ng mani o prutas) sa loob. Ang laki ng butas ay sapat lamang para maipasok ng unggoy ang kamay nito ngunit hindi niya mailalabas ang kamay niya kung hawak na nito ang pain (maaari ninyong ipakita ito). Makikita ng unggoy ang pain at ipapasok nito ang kamay upang kunin ito. Kapag nakuha na nito ang pain, nanaisin pa nitong mahuli kaysa bitawan ang pain. Hindi nito isasakripisyo ang gantimpalang ito para sa mas malaki pang gantimpala—ang kanyang kalayaan.

Bigyang-diin na minsan ay may mga pagkakamali rin tayong tulad ng sa unggoy. Kapag may natamo tayong bagay na kanais-nais, maaaring hindi tayo maging handa na mawala ito kahit na ito ay mangahulugan na may mawawala sa atin na mas higit pa. Ang araling ito ay tungkol sa ilang bagay na maaari nating isakripisyo upang matanggap ang pinakadakilang biyaya: ang buhay na walang hanggan na kasama ang ating Ama sa Langit at si Jesucristo.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga talata sa banal na kasulatan, tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na maaari tayong mahilingan na magsakripisyo ng iba't ibang bagay para sa kaharian ng Diyos. Dapat ay handang tayong isakripisyo ang anumang hilingin sa atin ng Diyos.

**1. Ang pagtitiwala sa kayamanan ay maaaring maging hadlang sa pagpasok ng isang tao sa kaharian ng Diyos.**

Basahin at talakayin ang Marcos 10:17–30; 12:41–44. Ipakita ang larawan ni Cristo at ng mayamang kabataang pinuno.

- Ano ang sinabi ni Jesus sa mayamang kabataang lalaki na nagtanong kung paano makatatanggap ng buhay na walang hanggan? (Tingnan sa Marcos 10:17–21.) Bakit ikinalungkot ng kabataang lalaki ang mga tagubiling ito? (Tingnan sa Marcos 10:22.) Sa palagay ninyo bakit hiniling ng Panginoon na talikuran niya ang lahat ng kanyang mga ari-arian? Paano naaangkop sa atin ang tagubilin ng Tagapagligtas sa mayamang kabataang lalaki?

  Sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith: "Ang mahirap para sa kabataang lalaki ay [dahil] marami ang kanyang ari-arian, at mas ninais pa niyang magtiwala sa kanyang kayamanan kaysa talikuran ang lahat at sumunod kay Cristo. . . . Walang sinuman na magtatamo ng kaloob na buhay na walang hanggan maliban lamang kung handa siyang isakripisyo ang lahat ng bagay sa mundo upang makamtan ito" (*Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon [1939], 261).

- Ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa kaugnayan ng pagkakaroon ng kayamanan at pagpasok sa kaharian ng Diyos? (Tingnan sa Marcos 10:23–25.) Ano ang kaibahan ng pagkakaroon ng mga kayamanan at ng lubos na pananalig sa mga ito? Paano tayo magkakaroon ng tamang saloobin tungo sa mga bagay ng mundo? (Tingnan sa Mosias 4:19, 21.)

  Itinuro rin ni Pangulong Smith: "Ang Diyos ay walang kinikilingan. Ang mayaman ay malayang makapapasok sa kaharian ng langit na tulad din ng mahirap, kung itutuon niya ang kanyang puso at pagmamahal na mapasailalim sa batas ng Diyos at sa alituntunin ng katotohanan; kung iibigin niya ang Diyos, kung ang kanyang puso ay nasa katotohanan, at ang kanyang kaluluwa ay nasa pagsasakatuparan ng mga layunin ng Diyos, at hindi itinutuon ang kanyang pagmamahal at pag-asa sa mga bagay ng mundo" (*Gospel Doctrine*, 260–61).

- Paghambingin ang mayamang kabataang lalaki at ang pobreng balo sa Marcos 12:41–44. Ano ang handang gawin ng balo na hindi handang gawin ng mayamang kabataang lalaki? (Tingnan sa Marcos 12:44. Handa niyang ibigay ang lahat ng mayroon siya para sa kaharian ng Diyos.) Paano tayo magkakaroon ng saloobing taglay ng pobreng balo?

**2. Hangarin ang mga kayamanan ng langit, kaysa kayamanan ng mundo.**

Basahin at talakayin ang Lucas 12:13–21.

- Ano ang sinabi ni Jesus sa lalaking nag-aalala tungkol sa kanyang mana? (Tingnan sa Lucas 12:13–15.) Ano ang kasakiman? (Matinding pagnanais sa kayamanan o pag-aari ng iba.) Ano ang mga bagay na pinaghahangaran nang labis ng mga tao sa ngayon? Bakit mapanganib ang maging sakim?

- Sa mundo na ito na kadalasang pinapahalagahan ang mga materyal na ari-arian, paano natin matatandaan na ang ating halaga bilang indibiduwal ay hindi nasusukat sa dami ng ating ari-arian? (Tingnan sa Lucas 12:15.) Anong mga biyaya ang mas mahalaga kaysa materyal na pag-aari? (Tingnan sa Lucas 12:31–34; Doktrina at mga Tipan 6:7 para sa ilang halimbawa.)
- Paano pinagpala ang lalaki sa talinghaga ng mayamang hangal? (Tingnan sa Lucas 12:16.) Ano ang ipinasiya niyang gawin sa labis niyang kayamanan? (Tingnan sa Lucas 12:18.) Ano ang ipinahiwatig ng kanyang mga kilos? (Tingnan sa Lucas 12:19–21. Ang kanyang puso ay nakatuon sa kanyang mga kayamanan.) Ano sana ang maaaring ginawa niya sa kanyang kasaganaan kung ang hangad niya ay makalangit na kayamanan, sa halip na makalupang mga kayamanan? (Tingnan sa Mosias 4:26; Doktrina at mga Tipan 52:40.)
- Bakit itinutuon ng maraming tao ang kanilang mga puso sa makalupang kayamanan kahit na alam nilang pansamantala lamang ito? Paano natin malalaman kung masyado tayong abala sa mga materyal na ari-arian? Paano tayo magiging higit na bukas-palad sa ating materyal na kayamanan at iba pang mga biyaya, tulad ng panahon at talino? (Maaari ninyong naising himukin ang mga miyembro ng klase na pag-isipan pang mabuti ang bagay na ito sa labas ng klase, nang nag-iisa sila o kasama ang mga miyembro ng pamilya.)

**3. Kailangan ay handang talikuran ng mga tagasunod ni Cristo ang lahat ng bagay upang maging tunay na mga disipulo.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Lucas 14:15–33.

- Sa pagbibigay kahulugan sa talinghaga ng malaking hapunan ay itinuro ni Elder James E. Talmage na ang mga inanyayahang panauhin ay kumakatawan sa mga pinagtipanang tao, o sambahayan ni Israel. Nang hilingin ng alipin (Jesus) sa kanila na dumalo sa piging (tanggapin ang ebanghelyo), sila ay gumawa ng mga dahilan at tumangging dumalo (*Jesus the Christ*, ika-3 edisyon [1916], 452). Bakit hindi dumalo sa piging ang mga Israelita? Sino ang "mga dukha, at ang mga pingkaw, at ang mga bulag, at ang mga pilay" na hindi dumalo sa piging? (Lucas 14:21).
- Paano maiaakma sa atin ang talinghaga ng malaking hapunan? Anong mga dahilan ang ginagawa natin sa hindi pagkain sa hapag ng Panginoon—halimbawa, hindi pagbabasa ng mga banal na kasulatan o hindi pagpunta sa templo? Paano natin maipapakita ang pagpapaunlak sa paanyaya ng Panginoon sa piging?
- Itinuro ni Jesus na ang kanyang mga disipulo ay kailangang maging handang isakripisyo ang anumang bagay na hihilingin niya sa kanila (Lucas 14:26–33). Ano ang ilang bagay na hiniling na isakripisyo ng mga naunang disipulo? Ano ang ilang bagay na hinihiling na isakripisyo ng mga disipulo sa ngayon? Ano ang hiniling sa inyo ng Panginoon na isakripisyo? Paano kayo pinagpala sa pagsasagawa ng mga sakripisyong ito?

**4. Hangarin ang espirituwal na kayamanan nang buong sigla at lakas.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Lucas 16:1–12. Upang matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang talinghaga ng di-makatwirang katiwala, ibahagi ang sumusunod na impormasyon:

Ipinaliwanag ni Elder James E. Talmage na ginamit ng Panginoon ang talinghagang ito "upang ipakita ang pagkakaiba sa pagitan ng pagmamalasakit, pagiging maalalahanin, at debosyon ng mga tao sa mga bagay na may kinalaman sa salapi sa mundo, at sa hindi taos sa pusong mga pamamaraan ng marami na nagsasabing nagsisikap na makamtan ang espirituwal na mga kayamanan." Hindi iminumungkahi ng Panginoon na tularan natin ang masasamang gawain ng di-makatwirang alipin, kundi dapat nating hangarin ang espirituwal na kayamanan na taglay ang kasigasigan at pagsisikap na tulad ng ipinamalas ng alipin sa paghahangad ng materyal na kayamanan.

Ipinagpatuloy ni Elder Talmage na, "Ang mga tao na makamundo ang kaisipan ay hindi nakakaligtaan ang paglalaan para sa kanilang hinaharap, at kadalasan ay buong pagkakasalang masigasig na nagtitipon ng maraming kayamanan; samantalang ang mga 'anak ng liwanag,' o ang mga naniniwala na mas nakahihigit ang espirituwal na kayamanan kaysa makamundong ari-arian, ay di-gaanong masigasig, masinop, at matalino" (*Jesus the Christ*, 463).

- Hilingan ang mga miyembro ng klase na matahimik na paghambingin ang dami ng oras, pag-iisip, at lakas na inuukol nila sa pagkakamit ng salapi at mga ari-arian sa dami ng oras, pag-iisip, at lakas na inuukol nila sa paghahanap ng espirituwal na mga kayamanan. Paano tayo magiging higit na dedikado at masigasig sa paghahanap ng espirituwal na mga kayamanan?

---

Katapusan

Magpatotoo na upang makamtan ang buhay na walang hanggan, kailangan ay handa tayong isaisantabi ang mga bagay ng daigdig at paglingkuran ang Panginoon ng ating buong puso, kaluluwa, pag-iisip, at lakas. Himukin ang mga miyembro ng klase na magpasalamat sa mga makalupang pagpapala ngunit sikaping ilagay ang mga ito sa tamang kalalagyan.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Kababaang-loob**

Basahin at talakayin ang Lucas 14:7–11.

- Paano ninyo nakita ang katotohanan sa pahayag ni Jesus sa Lucas 14:11?

**2. Tunay na pag-ibig sa kapwa-tao**

- Ano ang matututuhan natin mula sa Lucas 14:12–14 tungkol sa kung paano maglingkod? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng hindi tayo dapat maglingkod kung ang layunin natin ay maghintay ng kapalit, at hindi natin dapat limitahan ang ating paglilingkod sa mga magbabayad o magpapasalamat sa atin.) Ano ang dapat na maging pakay natin sa paglilingkod?
- Paano tayo tinutulungang higit na mapalapit sa Panginoon ng tunay na pag-ibig sa kapwa-tao?

**3. Ang talinghaga ng mayamang lalaki at ni Lazaro**

Ipabasa at ipatalakay sa mga miyembro ng klase ang talinghaga sa Lucas 16:19–31.

- Matapos mamatay ang mayamang lalaki, ano ang hiniling niyang gawin ni Amang Abraham para sa kanyang mga kapatid? (Tingnan sa Lucas 16:27–28.) Paano tumugon si Abraham? (Tingnan sa Lucas 16:29–31.) Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa pakikinig sa propeta?
- Ano ang itinuturo sa atin ng talinghagang ito tungkol sa kahalagahan ng pangangalaga sa mga dukha? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 104:18.)

Maaaring ikatuwa ng mga kabataan ang pagsasadula ng talinghagang ito. Ilagay ang dalawang miyembro ng klase (Abraham at Lazaro) sa isang panig ng harang kagaya ng hanay ng mga upuan (ang malaking gulpo), at isa pang miyembro ng klase (ang lalaking mayaman) sa kabilang panig. Gawing tagapagsalaysay ang pang-apat na miyembro ng klase. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang kanilang mga linya mula mismo sa Lucas 16:19–31, na binabasa ng tagapagsalaysay ang lahat ng linya na hindi binibigkas ng isa man sa mga gumaganap. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit F, Paksa 16, "Pagsasadula at Pagsasadrama," 178–180.)

# “Siya’y Nawala, at Nasumpungan”

Aralin
# 18

*Lucas 15; 17*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang kagalakan na nadarama kapag tayo ay nagsisisi at kapag tinutulungan natin ang iba na magsisi.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Lucas 15:1–10. Sa pamamagitan ng talinghaga ng nawawalang tupa at ng talinghaga ng piraso ng pilak ay itinuro ni Jesus ang kahalagahan ng mga kaluluwa.
   b. Lucas 15:11–32. Sa pamamagitan ng talinghaga ng alibughang anak ay itinuro ni Jesus na malaki ang kagalakan ng Ama sa Langit sa pagpapatawad sa taong nagsisisi. Tinuruan din ng Tagapagligtas ang kanyang mga tagasunod na maging mapagpatawad.
   c. Lucas 17:11–19. Ang isang lalaking ketongin na pinagaling ni Jesus ay nagbalik upang magpasalamat sa kanya.

2. Karagdagang pagbabasa: Mateo 18:11–14.

3. Kung makukuha ang mga larawang Ang Alibughang Anak (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 220) at Ang Sampung Ketongin (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 221), gamitin ang mga ito sa aralin.

4. Mungkahi sa pagtuturo: Kadalasan ay nagtatanong si Jesus upang himukin ang kanyang mga tagapakinig na ipamuhay ang mga alituntunin na kanyang itinuro (tingnan sa Mateo 16:13–16; Lucas 7:41–42). Buong panalanging maghanda ng mga tanong na hihimok sa mga miyembro ng klase na makisali sa mga talakayan at makatutulong sa kanila na maunawaan at maipamuhay ang mga alituntuning itinuturo. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit E, Paksa 16, “Paggamit ng mga Tanong Upang Pumukaw ng Pag-iisip,” 128–130 at Yunit F, Paksa 7, “Angkop na mga Tanong para sa Pagtuturo ng Ebanghelyo,” 161.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magkuwento ng isang pagkakataon nang nawala nila ang isang bagay na mahalaga sa kanila o nang nawala ang isang miyembro ng pamilya. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang nadama ninyo nang mawala ang mahalagang bagay o tao sa inyong buhay? Ano ang nadama ninyo nang matagpuan ninyo ang bagay o ang tao na inyong hinahanap?

Maaari ninyong naising hilingan ang mga miyembro ng klase na magkuwento ng naging karanasan nila nang mawala at matagpuan nilang muli ang isang bagay.

Ipaliwanag na kadalasan ay nagtuturo si Jesus ng mga espirituwal na aralin sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga ito sa mga pangkaraniwang karanasan ng mga tao. Tinatalakay ng araling ito ang ilang talinghaga na nagtuturo ng kahalagahan ng paghahanap at pagkahanap sa mga nawawala.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang tinatalakay ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na mahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ang bawat isa sa atin at nais nilang makabalik tayo at mamuhay muli sa kanilang piling.

**1. Itinuro ng Tagapagligtas ang kahalagahan ng mga kaluluwa.**

Basahin at talakayin ang Lucas 15:1–10. Ipaliwanag na inilahad ni Jesus ang talinghaga ng nawawalang tupa at ang talinghaga ng piraso ng pilak matapos magbulung-bulungan ang mga Fariseo at eskriba na nagsasabing, "Tinatanggap ng taong ito ang mga makasalanan, at sumasalo sa kanila" (Lucas 15:2).

- Sa talinghaga ng nawawalang tupa, iniwan ng pastor ang siyamnapu't siyam na tupa upang hanapin ang isa na nawawala (Lucas 15:4). Sa talinghaga ng piraso ng pilak ay buong sigasig na hinanap ng babae ang isang barya na nawawala (Lucas 15:8). Ano ang matututuhan natin mula sa mga inasal na ito ng pastor at ng babae? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 18:10–13.)
- Sa anong mga paraan maaaring "mawala" ang isang tao? Ano ang inyong pananagutan sa mga nawawala? (Tingnan sa Lucas 15:4–5, 8; Alma 31:34–35.)

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

  "Ang ilan sa ating nasasakupan . . . ay dumaraing sa sakit at pagdurusa at kalungkutan at takot. Tayo ay may dakila at sagradong tungkulin na lapitan at tulungan sila, iangat sila, pakainin sila kung sila ay nangagugutom, alagaan ang kanilang mga espiritu kung nauuhaw sila sa katotohanan at kabutihan. . . .

  " . . . Nariyan ang mga minsan ay mainit sa pananampalataya, ngunit ngayo'y nanlamig na ang kanilang pananampalataya. Marami sa kanila ang nagnanais magbalik ngunit hindi nila alam kung paano ito gagawin. Kailangan nila ang mga kaibigan na lalapit sa kanila. Sa pamamagitan ng kaunting pagsisikap, marami sa kanila ang maibabalik upang muling sumalo sa piging sa hapag ng Panginoon.

  "Mga kapatid ko, aasahan ko, mananalangin ako na ang bawat isa sa atin . . . ay magpapasiyang hanapin ang mga nangangailangan ng tulong, na nasa mapanganib at mahirap na mga kalagayan, at iangat sila sa diwa ng pagmamahal tungo sa pagyakap ng Simbahan, kung saan magiging mainit ang pagtanggap sa kanila, aaliwin sila, itataguyod sila, at ilalagay sila sa

landas ng kaligayahan at mabungang pamumuhay ng matitipunong bisig at mapagmahal na mga puso" (sa Conference Report, Okt. 1996, 118; o *Ensign*, Nob. 1996, 86).

- Paano tayo dapat tumugon sa pagbabalik ng isang taong naligaw ng landas? (Ipahanap sa mga miyembro ng klase ang isang ideya na inuulit-ulit sa Lucas 15:5, 6, at 9. Tingnan din sa mga talata 7 at 10 at sa Doktrina at mga Tipan 18:15–16.)

**2. Itinuro ni Jesus na ang Ama sa Langit ay nagagalak na magpatawad sa taong nagsisisi.**

Basahin at talakayin ang Lucas 15:11–32. Ipakita ang larawan ng alibughang anak.

- Sa talinghaga ng alibughang anak, ano ang ginawa ng bunsong anak na lalaki sa kanyang mana? (Tingnan sa Lucas 15:13. Pansinin na ang ibig sabihin ng *alibugha* ay mapag-aksaya.) Sa anong mga paraan nakagagawa ang mga tao sa ngayon ng pagkakamaling tulad ng ginawa ng alibughang anak?
- Ano ang nangyari sa alibughang anak matapos niyang aksayahin ang lahat ng kanyang mana? (Tingnan sa Lucas 15:14–16.) Paano ito umiiral sa ating panahon?
- Nang mangailangan ang alibughang anak, sino sa malayong bansa ang nagmalasakit sa kanya? (Tingnan sa Lucas 15:16.) Ano ang matututuhan natin mula rito?
- Sino ang naisip ng anak nang makita niyang wala ni isa man sa malayong bansa ang nagmamalasakit sa kanya? (Tingnan sa Lucas 15:17.) Ano ang matututuhan natin tungkol sa pagsisisi mula sa pag-uugali ng anak? (Tingnan sa Lucas 15:18–19.)
- Ano ang ginawa ng ama nang makita niyang nagbalik ang kanyang anak? (Tingnan sa Lucas 15:20.) Paano tumugon ang ama sa pagtatapat ng kanyang anak? (Tingnan sa Lucas 15:21–24.) Paano naging katulad ng pagtugon ng Panginoon ang pagtugon ng ama kapag nagsisisi tayo? (Tingnan sa Lucas 15:7; Mosias 26:30; Doktrina at mga Tipan 58:42.)
- Sa anong mga paraan tayo katulad ng alibughang anak? (Tingnan ang siping-banggit na nasa ibaba.) Anong pag-asa ang ibinibigay sa atin ng talinghaga ng alibughang anak?

  Sa pagtukoy sa talinghaga ng alibughang anak ay ganito ang sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Hinihiling ko sa inyo na basahin ang kuwentong iyon. Dapat itong basahin nang paulit-ulit ng bawat magulang. Napakalawak nito kaya't nasasakop nito ang bawat sambahayan, at higit pang napakalawak kung kaya't nasasakupan nito ang buong sangkatauhan, dahil hindi nga ba tayong lahat ay mga alibughang anak na kailangang magsisi at makibahagi sa mapagpatawad na awa ng ating Ama sa Langit at pagkatapos ay sundan ang Kanyang halimbawa?" ("Of You It Is Required to Forgive," *Ensign*, Hunyo 1991, 5).

- Bakit nagalit ang nakatatandang anak na lalaki sa paraan ng pagtanggap ng kanyang ama sa nakababatang anak na lalaki? (Tingnan sa Lucas 15:25–30.) Paano tumugon ang ama sa reklamo ng nakatatandang anak? (Tingnan sa

Lucas 15:31–32.) Bakit mahirap kung minsan na tanggaping muli ang isang "alibughang anak" na nagsisi? Ano ang matututuhan natin mula sa naging pagtugon ng lalaking ito sa kanyang nagbalik na anak? (Tingnan sa Lucas 15:32.)

**3. Ang isang lalaking ketongin na pinagaling ni Jesus ay nagbalik upang magpasalamat sa kanya.**

Basahin at talakayin ang Lucas 17:11–19. Ipakita ang larawan ng sampung ketongin.

- Habang patungo ang Tagapagligtas sa Jerusalem ay pinagaling niya ang sampung ketongin (Lucas 17:11–14). Sa sampung ketongin na iyon, ilan ang nagbalik upang magpahayag ng pasasalamat? (Tingnan sa Lucas 17:15–16.) Ano ang ilang dahilan kung bakit tayo, tulad ng siyam na ketongin na hindi nagpasalamat, ay hindi palaging nagpapahayag ng ating pasasalamat para sa mga biyayang tinatanggap natin? Bakit mahalagang magpahayag tayo ng pasasalamat sa Panginoon?
- Kahit na nalinis ang sampung ketongin, tanging ang nagbalik na lalaki ang lubusang gumaling (Lucas 17:14, 19). Ano ang kaibahan ng paggaling sa karamdaman at paggaling ng buong pagkatao? (Tingnan ang siping-banggit na nasa ibaba.) Paano nakatutulong sa paggaling ng ating buong pagkatao ang ating pasasalamat at pananampalataya?

Itinuro ni Obispo Merrill J. Bateman na: "Sa paggaling ng buong pagkatao, ang nagpasalamat na ketongin ay pinagaling kapwa sa loob at labas. Noong araw na iyon siyam na ketongin ang gumaling sa sakit nila sa balat, ngunit iisa lamang ang may pananampalataya upang gumaling ang kanyang buong pagkatao" (sa Conference Report, Abr. 1995, 16; o *Ensign*, Mayo 1995, 14).

---

Katapusan

Magpatotoo na nakadarama tayo ng malaking kagalakan kapag nagsisisi tayo at nagbabalik sa Panginoon at kapag tinutulungan natin ang iba na magbalik sa kanya. Maaari ninyong naising magpahayag ng pasasalamat sa mga talinghaga ni Jesus at sa iba pang mga turo na nagpapakita sa pagmamahal ng Diyos para sa kanyang mga anak at sa kanyang pagnanais na mahalin natin ang bawat isa.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay mga karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin

**1. Ang talinghaga ng aliping walang kabuluhan**

Basahin at talakayin ang talinghaga ng aliping walang kabuluhan (Lucas 17:5–10).

- Inilahad ni Jesus ang talinghagang ito matapos hilingin sa kanya ng mga Apostol na, "Dagdagan mo ang pananampalataya namin" (Lucas 17:5). Ano ang matututuhan natin mula sa talinghaga na ito tungkol sa kung paano natin madaragdagan ang ating pananampalataya? (Maaaring maibilang sa mga sagot ang paglago ng ating pananampalataya sa pamamagitan ng masigasig na paglilingkod sa Panginoon.)

- Bakit tayo mga aliping walang kabuluhan kahit na ginagawa natin ang lahat ng bagay na inuutos ng Panginoon na gawin natin? (Tingnan sa Mosias 2:20–25.) Ano ang inihahayag nito tungkol sa pagmamahal na iniuukol sa atin ng Panginoon?

**2. Ang talinghaga ng mga manggagawa sa ubasan**

Basahin at talakayin ang talinghaga ng mga manggagawa sa ubasan (Mateo 20:1–16).

- Sa talinghagang ito, ano ang tinanggap ng bawat manggagawa sa ubasan?

Bigyang-diin na ang mga nagtrabaho sa loob ng isang oras ay tumanggap ng kabayaran na tulad ng mga nagtrabaho nang buong araw. Hindi tayo dapat mag-alala sa kung sino ang tumatanggap ng pinakamarami o kung sino ang mas gumagawa sa paglilingkod sa Panginoon. Ang perpektong Hukom sa lahat, na nakakaalam sa nilalaman ng ating puso, ay hahatol sa atin nang may awa at bibigyan tayo ng "nasa katuwiran" (Mateo 20:4, 7).

**3. Pagpapalabas ng mga video**

Ang ikaapat na yugto ng "New Testament Customs," na pinili mula sa *New Testament Video Presentations* (53914), ay maaaring magamit sa pagpapaliwanag kung paano pinakikitunguhan ang mga ketongin noong panahon ng Bagong Tipan at kung gaano kalaking pagpapala ang pagbabago ng buhay ng sampung ketongin dahil pinagaling sila ni Cristo.

Ang yugtong ito ay naglalaman din ng impormasyon tungkol sa kung paano sinusukat ng mga Judio sa Bagong Tipan ang oras. Maaari ninyong naising ipalabas ang bahaging ito kung tinatalakay ninyo ang talinghaga ng mga manggagawa sa ubasan (tingnan ang ikalawang karagdagang ideya sa pagtuturo), upang matulungan ang mga miyembro ng klase na higit na maunawaan ang puno ng sangbahayan na "lumabas nang malapit na ang ikatlong oras" at gayundin sa ikaanim, ikasiyam, at ikalabing-isang oras (Mateo 20:3, 5–6).

Aralin
# 19

# “Pinagaling Ka ng Pananampalataya Mo”

*Lucas 18:1–8, 35–43; 19:1–10; Juan 11*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na magkaroon ng mas malakas na pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Lucas 18:1–8. Sa pamamagitan ng talinghaga ng di-makatuwirang hukom at ng balo ay itinuro ni Jesus ang kahalagahan ng masigasig na panalangin.
   b. Lucas 18:35–43. Isang lalaking bulag ang nagpamalas ng kanyang pananampalataya at pinagaling siya ni Jesus.
   c. Lucas 19:1–10. Tinanggap si Jesus sa tahanan ni Zaqueo.
   d. Juan 11:1–54. Nagpatotoo si Jesus tungkol sa kanyang kabanalan sa pamamagitan ng pagpapabangon kay Lazaro mula sa mga patay.

2. Karagdagang pagbabasa: Marcos 10:46–52; Lucas 11:5–13; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Pananampalataya,” 203–205.

3. Kung makukuha ang mga larawang Pinagagaling ni Jesus ang Bulag (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 213) at Binubuhay ni Jesus si Lazaro mula sa mga Patay (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 222), gamitin ang mga ito sa aralin.

4. Mungkahi sa pagtuturo: Sinabi ni Pangulong David O. McKay na, “Maituturo lamang ninyo nang mabisa ang mga bagay na nadarama ninyo mismo” (*Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit A, Paksa 8, “Ang Patotoo ay Mahalaga sa Pagtuturo ng Ebanghelyo,” 16; *Gospel Ideals* [1953], 190). Magsaliksik sa pamamagitan ng pag-aaral, panalangin, at pagkamasunurin upang palakasin ang inyong patotoo tungkol sa mga alituntunin na inyong itinuturo. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit A, Paksa 8, “Ang Patotoo ay Mahalaga sa Pagtuturo ng Ebanghelyo,” 15–16.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Bago umalis patungong misyon si Elder Hugh B. Brown ay sinabi sa kanya ng kanyang ina:

“Hugh, naaalala mo pa ba noong maliit ka pa at nagkakaroon ka ng masamang panaginip o gumigising ka sa gabi na nahihintakutan? Mula sa iyong silid ay tumatawag ka at sinasabi mong, ‘Nanay, nariyan po ba kayo?’ at sasagot ako at sisikaping payapain ka at aalisin ang takot mo. Ngayong magmimisyon ka na at

lalabas sa daigdig, may mga pagkakataon na mahihintakutan ka, na madarama mong nanghihina ka, na kulang ang iyong kakayahan, nag-iisa, at may mga problema. Gusto kong malaman mong maaari mong tawagin ang iyong Ama sa Langit na tulad ng pagtawag mo sa akin at sasabihin mong, 'Ama, nariyan po ba kayo? Kailangan ko po ang inyong tulong.' Gawin mo ito na taglay ang kaalaman na nariyan Siya at handa Siyang tumulong sa iyo kung gagawin mo ang iyong bahagi at mamumuhay nang karapat-dapat sa iyong mga pagpapala. Gusto kong tiyaking muli sa iyo na nariyan Siya at sasagutin ang iyong mga panalangin at pangangailangan para sa iyong lubos na ikabubuti" (isinalaysay ni Marvin J. Ashton, "Know He Is There," *Ensign*, Peb. 1994, 50).

Ipaliwanag na sa araling ito ay pag-aaralan natin ang mga pangyayari sa banal na kasulatan na makatutulong sa atin na magkaroon ng mas malaking pananampalataya na kilala at mahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ang bawat isa sa atin.

---

## Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Piliin ng buong panalangin ang mga talata sa banal na kasulatan, mga tanong, at iba pang materyal ng aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Talakayin kung paano maisasagawa sa pang-araw-araw na buhay ang mga piniling banal na kasulatan. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

**1. Inilahad ni Jesus ang talinghaga ng di-makatuwirang hukom at ng balo.**

Basahin at talakayin ang Lucas 18:1–8. Ipaliwanag na inilahad ni jesus ang talinghaga sa isang grupo ng mga Fariseo.

- Sang-ayon sa Lucas 18:1, bakit ibinigay ni Jesus ang talinghaga ng di-makatuwirang hukom at ng balo? Paano itinuturo ng talinghagang ito na "dapat tayong palaging manalangin"? (Tingnan sa Lucas 18:1–8.)

  Itinuro ni Elder James E. Talmage na, "Hindi binanggit ni Jesus na kung paanong pinagbigyan ng masamang hukom ang pagsusumamo ay gayundin naman ang gagawin ng Diyos; kundi binigyan Niya ng diin na kung ang isang taong tulad ng hukom na ito, na 'hindi natatakot sa Diyos, at ni hindi nagpipitagan sa tao,' ay pinakinggan at pinagbigyan ang kahilingan ng balo sa bandang huli, kaya walang sinumang dapat mag-alinlangan na ang Diyos, ang Makatarungan at Maawain, ay makikinig at sasagot sa pagsusumamo" (*Jesus the Christ*, ika-3 edisyon [1916], 436).

- Ano ang ibig sabihin ng palaging manalangin? (Tingnan sa Lucas 18:7; Alma 34:27.) Anong mga biyaya ang maaaring dumating sa atin kapag palagi tayong nananalangin? (Tingnan sa Lucas 18:7–8; 2 Nephi 32:9; Doktrina at mga Tipan 90:24.)

- Paano naging pagpapairal ng pananampalataya ang pagiging masigasig sa panalangin? Ano ang dapat nating gawin kapag naging masigasig tayo sa pananalangin at nadama nating wala pa tayong natatanggap na kasagutan?

  Sinabi ni Elder Richard G. Scott:

  "Mali ang mag-akala na ang bawat panalangin na ating inaalay ay sasagutin kaagad. Ang ilang panalangin ay nangangailangan ng kaunting pagsisikap sa ating panig. . . .

"Kapag ipinapaliwanag natin ang isang problema at iminumungkahi ang kalutasan [sa ating Ama sa Langit], kung minsan ay sumasagot Siya ng oo, kung minsan ay hindi. Kadalasan ay inaantala niya ang sagot, hindi dahil sa kakulangan ng pagmamalasakit, kundi dahil mahal Niya tayo—nang lubusan. Nais niyang ipamuhay natin ang mga katotohanang ibinigay Niya sa atin. Upang umunlad, kailangan nating magtiwala sa ating kakayahang gumawa ng mga tamang pagpapasiya. Kailangan nating gawin ang *nadarama* nating tama. Hindi magtatagal, Siya ay sasagot. Hindi niya tayo bibiguin" (sa Conference Report, Okt. 1989, 38; o *Ensign*, Nob. 1989, 30–31).

- Ano ang natutuhan ninyo sa pagiging masigasig ninyo sa panalangin?

**2. Ipinamalas ng isang bulag na lalaki ang kanyang pananampalataya at pinagaling siya ni Jesus.**

Basahin at talakayin ang Lucas 18:35–43. Ipakita ang larawang pinagagaling ni Jesus ang bulag.

- Paano ipinakita ng bulag na lalaki na malapit sa Jerico na may pananampalataya siya sa Panginoon? (Tingnan sa Lucas 18:38–42.) Paano kayo pinagpala sa pagpapairal ninyo ng pananampalataya kay Jesucristo?
- Paano ipinakita ng lalaki ang pasasalamat nang magkaroon na siya ng paningin? (Tingnan sa Lucas 18:43; tingnan din sa Marcos 10:52.) Paano natin maipakikita ang ating pasasalamat sa Panginoon?

**3. Tinanggap si Jesus sa tahanan ni Zaqueo.**

Basahin at talakayin ang Lucas 19:1–10.

- Sino si Zaqueo? (Tingnan sa Lucas 19:2. Ipaliwanag na ang mga maniningil ng buwis (publikano) ay mga Judio na nagtatrabaho bilang mga tagasingil ng buwis para sa pamahalaang Romano. Karaniwang hindi gusto ng mga Judio ang mga maniningil ng buwis at itinuturing silang mga taksil at makasalanan.)
- Paano ipinakita ni Zaqueo ang kanyang matinding paghahangad na makita si Jesus? (Tingnan sa Lucas 19:3–4.) Ano ang sinabi ni Jesus kay Zaqueo matapos niyang makita ito sa puno? (Tingnan sa Lucas 19:5.) Paano tumugon si Zaqueo sa mga salita ni Jesus? (Tingnan sa Lucas 19:6.) Ano ang maaari nating gawin upang buong kagalakan nating tanggapin ang Tagapagligtas sa ating tahanan?
- Ano ang naging reaksiyon ng mga tao nang magtuloy si Jesus kina Zaqueo upang manatili doon? (Tingnan sa Lucas 19:7.) Paano naiba ang sagot ni Jesus kay Zaqueo sa sagot ng iba? (Tingnan sa Lucas 19:5.) Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ni Jesus sa pangyayaring ito?
- Maraming tao ang umiwas kay Zaqueo dahil sa kanyang trabaho bilang isang maniningil ng buwis (Lucas 19:2, 7; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Maniningil ng Buwis, Mga" ). Sa anong mga paraan tayo kung minsan nakagagawa ng katulad na mga panghuhusga laban sa ibang tao? Bakit mahalagang hindi natin iwasan ang iba o isipin na mas mabuti tayo kaysa kanila? (Tingnan sa Alma 5:54–56; 38:13–14.) Paano natin mapaglalabanan ang hindi mabuting damdamin sa iba?

  Sinabi ni Elder Joe J. Christensen na: "May mga taong gumigising tuwing umaga na natatakot magpunta sa paaralan, o kahit na sa gawain sa Simbahan,

dahil nag-aalala sila na baka kung ano ang gawing pakikitungo sa kanila. Nasa inyo ang kapangyarihang baguhin ang kanilang buhay upang mas bumuti ito. . . . Umaasa ang Panginoon sa inyo na magiging tagapag-angat kayo at tutulungan ninyo sila. Huwag ninyong pakaisipin ang inyong sarili at lalo pang isipin ang kapangyarihang nasa inyo upang matulungan ang iba, maging ang mga taong bahagi mismo ng inyong pamilya" (sa Conference Report, Okt. 1996, 54; o *Ensign*, Nob. 1996, 39).

**4. Binuhay ni Jesus si Lazaro mula sa mga patay.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Juan 11:1–54. Ipaliwanag na pagkatapos na pagkatapos na magpunta si Jesus sa tahanan ni Zaqueo, ay nakatanggap siya ng mensahe mula sa kanyang mga kaibigan na sina Maria at Marta na nagsasaad na ang kanilang kapatid na si Lazaro, na matalik ding kaibigan ni Jesus, ay maysakit (Juan 11:1–5). Makalipas ang dalawang araw, inutusan ni Jesus ang kanyang mga disipulo na sumama sa kanya sa Betania, ang lungsod sa Judea kung saan nakatira sina Maria, Marta, at Lazaro (Juan 11:6–7).

- Nang magbalik si Jesus sa Betania ay apat na araw nang patay si Lazaro (Juan 11:17). Ano ang ginawa ni Marta nang marinig niyang darating si Jesus? (Tingnan sa Juan 11:20.) Ano ang hinangaan ninyo sa patotoo ni Marta tungkol sa banal na misyon ng Tagapagligtas? (Tingnan sa Juan 11:21–27.)
- Ano ang ginawa ni Jesus nang makita niyang umiiyak si Maria at ang iba pang mga tao? (Tingnan sa Juan 11:33–35.) Paano naiimpluwensiyahan ng pangyayaring ito ang inyong damdamin tungkol kay Jesus?
- Sa kabila ng kanyang matatag na patotoo ay tila nanghina ang pananampalataya ni Marta nang hilingin ni Jesus na alisin ang bato sa libingan ni Lazaro (Juan 11:39). Paano siya tinulungan ni Jesus? (Tingnan sa Juan 11:40.) Ano ang matututuhan natin dito tungkol sa inaasahan ng Panginoon sa atin?
- Ano ang maituturo sa atin ng panalangin ni Jesus bago niya binuhay si Lazaro tungkol sa kanyang kaugnayan sa kanyang Ama? (Tingnan sa Juan 11:41–42.) Paano natin masusundan ang halimbawa ni Jesus sa ating pansarili at pangmag-anak na mga panalangin?

Ipakita ang larawan ni Jesus na binubuhay si Lazaro mula sa mga patay, at anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang Juan 11:43–44.

- Tapos nang buhayin ni Jesus ang dalawang tao mula sa mga patay (Marcos 5:22–24, 35–43; Lucas 7:11–17). Paano naging kaiba ang pagbuhay kay Lazaro sa naunang dalawang pangyayari? (Ang anak na babae ni Jairo at ang anak na lalaki ng balo ng Nain ay binuhay mula sa mga patay pagkatapos na pagkatapos maghiwalay ng kanilang katawan at espiritu. Hindi sila nailagay sa libingan. Apat na araw nang patay si Lazaro at ang kanyang katawan ay nasa loob na ng libingan.)
- Paano naging saksi ng banal na misyon ng Tagapagligtas ang himala ng pagbuhay kay Lazaro mula sa mga patay? Ano ang naging epekto ng himalang ito sa mga taong nakasaksi nito? (Tingnan sa Juan 11:45–46.) Paano nakapagpapalakas ng inyong pananampalataya sa Tagapagligtas ang himalang ito?

Katapusan

Ipaliwanag na ang mga alituntuning itinuturo sa mga pangyayaring tinalakay ninyo ay makapagpapalakas sa ating pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Matapos na sandaling pagbalik-aralan ang mga pangyayari, basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Thomas S. Monson:

"Ang paglipas ng panahon ay hindi nakapagpabago sa kakayahan ng Manunubos na baguhin ang buhay ng mga tao. Kagaya ng sinabi niya sa patay na si Lazaro, ay gayundin ang sinasabi niya sa inyo at sa akin: ' . . . lumabas ka.' (Juan 11:43.) Lumabas ka mula sa kawalang pag-asa ng pag-aalinlangan. Lumabas ka mula sa pighati ng kasalanan. Lumabas ka mula sa kamatayan ng kawalan ng pananampalataya. Lumabas ka tungo sa bagong buhay. Lumabas ka" (sa Conference Report, Abr. 1974, 72; o *Ensign*, Mayo 1974, 50).

Himukin ang mga miyembro ng klase na maghanap ng mga paraan kung paano nila mapalalakas ang kanilang pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

**Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**Ang talinghaga ng Fariseo at ng maniningil ng buwis**

Basahin at talakayin ang talinghaga ng Fariseo at ng maniningil ng buwis (Lucas 18:9–14).

- Paano ninyo ilalarawan ang panalangin ng Fariseo sa talinghagang ito? Paano ninyo ilalarawan ang panalangin ng maniningil ng buwis?
- Ano ang ibig sabihin ng "Ang bawat nagmamataas sa kaniyang sarili ay mababababa; datapuwa't ang nagpapakababa sa kaniyang sarili ay matataas"? (Tingnan sa Lucas 18:14; Eter 12:27.)

# “Sa Aba Ninyo . . . mga Mapagpaimbabaw”

Aralin **20**

*Mateo 21–23; Juan 12:1–8*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na makilala at maiwasan ang pagpapaimbabaw at sa gayon ay patatagin ang kanilang pangako kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Juan 12:1–8. Naglakbay si Jesus sa Betania, kung saan pinahiran ni Maria ng langis ang kanyang mga paa. Binatikos ni Judas ang paggamit ni Maria ng mamahaling langis.
   b. Mateo 21:1–11. Nagbalik si Jesus sa Jerusalem para sa Pista ng Paskua. Ginawa niya ang matagumpay na pagpasok sa lungsod, na nakasakay sa batang asno na anak ng babaeng asno.
   c. Mateo 21:23–46. Ang mga punong saserdote at elder ay lumapit kay Jesus sa templo at hinamon ang kanyang awtoridad. Sa halip na sagutin ang kanilang mga tanong, isinalaysay ni Jesus sa kanila ang talinghaga ng dalawang anak na lalaki at ang talinghaga ng puno ng sangbahayan.
   d. Mateo 22:15–46. Tinangkang hulihin ng mga eskriba at Fariseo si Jesus sa pagsasabi ng isang bagay na maaari nilang gamitin na panira at pantuligsa sa kanya.
   e. Mateo 23. Binatikos ni Jesus ang mga eskriba at Fariseo sa kanilang pagpapaimbabaw.
2. Karagdagang pagbabasa: Mateo 26:6–13; Marcos 11–12; 14:3–9; Lucas 11:37–51; 19:29–48; 20; Juan 12:12–18; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Fariseo, Mga,” 64–65 at “Saduceo, Mga,” 220.
3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala ng isang tasa na malinis ang labas at loob at isang katulad na tasa na malinis ang labas ngunit marumi ang loob.
4. Kung makukuha ang larawang Ang Matagumpay na Pagpasok (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 223), gamitin ito sa aralin.
5. Mungkahi sa pagtuturo: Habang naghahanda kayong magturo, dapat ay hindi lamang ninyo basahin ang itinakdang mga banal na kasulatan. Pag-aralan ang bawat banal na kasulatan ng kahit tatlong ulit man lamang. Sa unang pagkakataon, basahin ito upang maunawaan ang nilalaman ng talata. Pagkatapos ay mas maingat itong pag-aralan, na hinahanap ang mga alituntunin, doktrina, at makabuluhang pangyayari. Pagkatapos ay muli itong basahin, na inaalam kung aling mga talata ang pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase at pinaplano ang mga paraan kung paano tatalakayin ang mga talatang iyon.

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang dalawang tasa (tingnan ang bahaging "Paghahanda"). Tiyaking ang labas lamang ng tasa ang nakikita ng mga miyembro ng klase.

- Alin sa dalawang tasang ito ang mas gugustuhin ninyong inuman?

Ipakita sa mga miyembro ng klase ang loob ng bawat tasa.

- Ngayon aling tasa ang mas gugustuhin ninyong inuman? Bakit?

Ipaliwanag na inihambing ni Jesus ang mga Fariseo sa isang tasa na malinis sa labas ngunit marumi sa loob (Mateo 23:25–26). Ang mga Fariseo ay masyadong nagbibigay pansin sa panlabas na mga ordenansa at kilos na nagpapakita na tila matwid sila, ngunit hindi nila talagang binibigyang halaga ang pagiging matwid sa kanilang puso. Dahil dito ay tinawag sila ni Jesus na mga mapagpaimbabaw. Tatalakayin sa araling ito ang pagbatikos ng Tagapagligtas sa mga mapagpaimbabaw—mga taong nagsisikap na magmukhang matwid ngunit hindi naman nagsisikap na mamuhay nang matwid.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung ano ang itinuturo ng mga ito tungkol sa pag-iwas sa pagiging mapagpaimbabaw. Himukin ang mga miyembro ng klase na ituon ang kanilang pansin sa pagtukoy at pagtutuwid ng pagpapaimbabaw sa kanilang sariling buhay, sa halip na hanapin ito sa ibang tao.

**1. Pinahiran ni Maria ng langis ang mga paa ni Jesus.**

Basahin at talakayin ang Juan 12:1–8. Ipaliwanag na limang araw bago sumapit ang Pagpapako sa Krus ay ginugol ni Jesus ang isang gabi sa piling ng kanyang mga kaibigan sa Betania. Doon pinahiran ni Maria, na kapatid nina Marta at Lazaro, ang mga paa ng Tagapagligtas ng langis ng unguentong taganas na nardo, isang mamahaling pamahid (Juan 12:1–3). Ipinaliwanag ni Elder James E. Talmage kung bakit niya ginawa ang ganito:

"Ang pagpapahid ng pangkaraniwang langis sa ulo ng isang panauhin ay pagpapakita ng paggalang sa kanya; ang pagpapahid ng langis sa kanyang mga paa ay pagpapakita ng hindi pangkaraniwan at natatanging pagpapahalaga; subalit ang pagpapahid ng unguentong taganas na nardo sa ulo at paa, nang maramihan, ay pagpapakita ng napakataas na pagpapahalaga na madalang gawin maging sa mga hari. Ang ginawang ito ni Maria ay pagpapahayag ng pagsamba; iyon ay matimyas na pag-uumapaw ng puso na puspos ng pagsamba at pagmamahal" (*Jesus the Christ*, ika-3 edisyon [1916], 512).

- Pinahiran ni Maria ng langis ang mga paa ng Panginoon upang ipakita ang kanyang pagmamahal sa kanya. Paano natin ipinakikita ang ating pagmamahal sa Panginoon?
- Ang mga ginawa ni Maria ay binatikos ni Judas. Ano ang sinabi niyang dapat na ginawa sa pamahid? (Tingnan sa Juan 12:4–5.) Paano naging

mapagpaimbabaw si Judas? (Tingnan sa Juan 12:6. Kung hindi ninyo ginamit ang gawaing pantawag-pansin, gamitin ang impormasyon sa gawain upang ipaliwanag kung ano ang mapagpaimbabaw. Bigyang-diin na sa bandang huli ng aralin ay tatalakayin kung ano ang nadarama ng Tagapagligtas tungkol sa mga mapagpaimbabaw.)

**2. Ginawa ni Jesus ang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem.**

Basahin at talakayin ang Mateo 21:1–11. Ipakita ang larawan ng matagumpay na pagpasok ni Jesus. Ipaliwanag na nang magbalik si Jesus sa Jerusalem para sa Paskua ay maraming tao ang nagpunta sa kanya dahil narinig nila na binuhay niya si Lazaro mula sa mga patay (Juan 12:17–18). Nang papalapit na si Jesus sa lungsod, siya ay binati ng maraming tao na naglatag ng kanilang mga kasuotan sa kanyang daraanan at sinalubong siya na may hawak na mga sanga ng punong kahoy [o palaspas], parangal na karaniwang inilalaan sa mga hari at mananakop. Isinakatuparan nito ang isang propesiya ni Zacarias (Zacarias 9:9) at ito ay karagdagan pang saksi na si Jesus ang ipinangakong Mesiyas.

- Ano ang nakaantig sa inyo sa pangyayaring si Jesus ay nakasakay sa asno nang buong kababaang-loob gayunman ay puno ng tagumpay na pumasok sa Jerusalem? Ano kaya ang maaaring nadama ninyo kung naroon kayo nang araw na iyon?
- Si Jesus ay kinilalang propeta at hari ng mga taong sumalubong sa kanya na may hawak na mga sanga ng punong kahoy (Mateo 21:9, 11; Lucas 19:38), ngunit hindi naunawaan ng iba ang kanyang misyon o tinanggihan siya. Sa paanong mga paraan hindi nauunawaan o tinatanggihan ng mga tao sa ngayon ang Tagapagligtas? Paano natin siya mas lubos na matatanggap at mapapapasok sa ating buhay?

**3. Ibinigay ni Jesus ang talinghaga ng dalawang anak na lalaki at ang talinghaga ng puno ng sangbahayan.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mateo 21:23–46.

- Sa talinghaga ng dalawang anak na lalaki, paano pinatunayan ng unang anak na mas masunurin siya kaysa sa ikalawang anak? (Tingnan sa Mateo 21:28–30.) Paano iniugnay ni Jesus ang talinghagang ito sa kanyang mga tagapakinig? (Tingnan sa Mateo 21:31–32; tingnan din ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Mateo 21:33.) Paano naging katulad ng unang anak ang mga maniningil ng buwis at patotot? (Sa una ay tinanggihan nila ang mga kautusan ng Diyos, ngunit nang mangaral si Juan sa kanila ay tinanggap nila si Cristo at pinagsisihan ang kanilang mga kasalanan.) Paano naging katulad ng ikalawang anak ang mga punong saserdote at elder? (Sinasabi nilang sinusunod nila ang Diyos, ngunit tinanggihan nila ang mga aral ni Juan at tinanggihan nila si Jesus kahit na matapos nilang makita siya.) Paano naging mapagpaimbabaw ang ikalawang anak?
- Anong mga pangako ang ginawa natin sa Panginoon? (Maaari ninyong naising talakayin ang mga pangakong tulad ng mga ginawa natin sa binyag, sa pagtanggap ng sakramento, at pagtanggap ng pagkasaserdote.) Paano tayo katulad ng ikalawang anak kung minsan? Paano natin mapatatatag ang ating pangako sa Panginoon? Paano natin matutulungan ang bawat isa na matupad ang mga pangakong ginawa natin sa Panginoon?

- Sa talinghaga ng puno ng sangbahayan (Mateo 21:33–41), sino ang isinasagisag ng puno ng sangbahayan, o panginoon ng ubasan? (Ang ating Ama sa Langit.) Ng mga magsasaka? (Ang mga pinuno ng relihiyon ng mga Judio noong kapanahunan ni Jesus.) Ng mga alipin? (Ang mga propeta.) Ng anak na pinatay ng mga magsasaka? (Si Jesucristo.)
- Paano naging katulad ng mga magsasaka ang mga pinuno ng relihiyon ng mga Judio? Ano ang inamin ng mga punong saserdote at elder na mangyayari sa mga magsasaka kapag dumating na ang panginoon ng ubasan? (Tingnan sa Mateo 21:41.)
- Sino "ang batong itinakuwil ng nangagtatayo ng gusali"? (Tingnan sa Mateo 21:42; Mga Gawa 4:10–12.) Sino ang nangagtatayo? Ano ang sinabi ni Jesus na mangyayari sa mga nangagtatayo na tatanggi sa panulukang bato? (Tingnan sa Mateo 21:43–44.) Paano naaangkop sa atin ang mga salita ni Jesus sa talata 43?
- Paano tumugon ang mga punong saserdote at Fariseo nang matanto nilang sila ang tinutukoy ni Jesus sa mga talinghagang ito? (Tingnan sa Mateo 21:45–46.) Paano natin mapaglalabanan ang anumang kapalaluan o pagkagalit na maaaring madama natin kapag tinatawag tayong magsisi?

**4. Tinangkang hulihin [sa pananalita] ng mga eskriba at Fariseo si Jesus.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mateo 22:15–46. Ipaliwanag na itinala ng mga talatang ito ang tatlong ulit na pagtatangka ng mga Fariseo at Saduceo na hulihin si Jesus sa pagsasabi ng isang bagay na magagamit nila upang siraan at tuligsain siya.

- Paano unang tinangkang hulihin ng mga Fariseo si Jesus? (Tingnan sa Mateo 22:15–17. Ipaliwanag na kung sumagot ng oo si Jesus sa katanungan ay maaari nilang ibintang na itinataguyod niya ang kinasusuklamang pamahalaan ng Roma. Kung sumagot siya ng hindi ay maaari nilang ibintang na nag-aalsa siya laban sa pamahalaan.) Ano ang nadama ni Jesus tungkol sa mga nagtatanong sa kanya? (Tingnan sa Mateo 22:18. Bigyang-diin na alam ng Panginoon ang nilalaman ng ating mga puso at isipan. Wala tayong maitatago sa kanya.) Paano sinagot ni Jesus ang tanong? (Tingnan sa Mateo 22:19–21.) Paano tayo magagabayan ng sagot na ito tungo sa pagbibigay pugay sa Diyos at sa makalupang mga pamahalaan? (Tingnan din sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12.)
- Paano tinangkang hulihin ng mga Saduceo si Jesus? (Tingnan sa Mateo 22:23–28.) Paano naging mapagpaimbabaw ang mga Saduceo sa kanilang pagtatanong? (Tingnan sa Mateo 22:23. Nagkunwari silang nag-aalala tungkol sa kasal sa pagkabuhay na mag-uli, ngunit hindi naman sila naniniwala sa pagkabuhay na mag-uli.) Paano sinagot ni Jesus ang tanong nila? (Tingnan sa Mateo 22:29–30. Ipaliwanag na nililinaw ng Doktrina at mga Tipan 132:15–16, 19 ang turo ni Jesus. Ang mga taong hindi gumawa at tumupad sa mga tipan ng kasal sa templo ay mananatiling nag-iisa sa langit. Sa mga gumagawa at tumutupad sa mga tipang ito, ang kasal ay magtatagal hanggang sa kawalang-hanggan.)
- Ano ang ikatlong pagtatangka para hulihin si Jesus? (Tingnan sa Mateo 22:34–36.) Paano nilutas ng sagot ni Jesus ang tanong na ito? (Tingnan sa Mateo 22:37–40.) Bakit sa palagay ninyo napakahalaga ng dalawang kautusan

na ito? Ano ang maaari nating gawin upang lubos nating maipamuhay ang mga kautusang ito?

Sinabi ni Elder Howard W. Hunter na: “Ang nagmamahal sa Panginoon ng buo niyang puso ay siya . . . na handang talikuran, gawin, o danasin ang anumang bagay upang matuwa at luwalhatiin siya. Ang nagmamahal sa Diyos ng buo niyang kaluluwa ay siya . . . na handang ibuwis ang kanyang buhay para sa kanyang kapakanan at handang mapagkaitan ng mga kaginhawahan ng daigdig upang luwalhatiin siya. Ang nagmamahal sa Diyos ng buo niyang lakas ay siya na ginagawa ang lahat sa abot ng makakaya ng kanyang katawan at kaluluwa upang maglingkod sa Diyos. Ang nagmamahal sa Diyos ng buo niyang isip ay siya na ang tanging hangad ay makilala ang Diyos at malaman ang kanyang kalooban, na nakikita ang Diyos sa lahat ng bagay at kinikilala siya sa lahat ng paraan” (sa Conference Report, Abr. 1965, 58; o *Improvement Era*, Hunyo 1965, 512).

**5. Isinusumpa ni Jesus ang kasalanan ng pagiging mapagpaimbabaw.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mateo 23.

- Ang mga eskriba at Fariseo ay nagbabayad ng ikapu, naglilimos sa mahihirap, dumadalo sa mga pagsamba, at palaging nagpupunta sa templo. Ano ang dahilan kung bakit sila isinumpa ng Panginoon? (Tingnan sa Mateo 23:5, 14, 23–28. Ginawa nila ang mga bagay na ito hindi dahil sa pananampalataya, kundi dahil sa pagnanais na makita sila ng ibang mga tao na sila ay matwid.) Anong “lalong mahahalagang bagay” ang sinabi ng Panginoon na hindi nila ginawa? (Tingnan sa Mateo 23:23.) Paano tayo makatitiyak na hindi natin nakakaligtaan ang “lalong mahahalagang bagay” na ito sa ating sariling buhay?
- Bilang mga miyembro ng Simbahan, paano tayo kung minsan nagiging mga mapagpaimbabaw? (Halimbawa, kapag dumadalo tayo sa mga pulong ng Simbahan ay maaaring mas nais nating makita tayo ng iba sa halip na sambahin ang Diyos. Maaaring nagrereklamo tayo tungkol sa mga iniaatas ng Simbahan kung saan hindi tayo gaanong napapansin sa ating paglilingkod. Maaaring sinasang-ayunan natin ang ating mga pinuno sa Simbahan at pagkatapos ay tinutuligsa ang kanilang mga pasiya.)
- Ano ang maaari nating gawin upang maiwasan ang pagiging mapagpaimbabaw? Hilingan ang mga miyembro ng klase na tahimik na isaalang-alang ang mga tanong na ito: Nagbabayad ba ako ng ikapu, naglilimos sa mahihirap, dumadalo sa mga pulong, at naglilingkod sa iba para sa aking sariling kaluwalhatian o para sa kaluwalhatian ng Diyos? Sa lahat ng aking mga kilos, hinahangad ko bang maging mas malapit sa aking Ama sa Langit at kay Jesucristo?

---

Katapusan

Himukin ang mga miyembro ng klase na suriin ang kanilang buhay kung may bahid ba ito ng pagpapaimbabaw at hangaring alisin ito. Magpatotoo na ang taimtim na paghahangad na maglingkod at sumunod kay Jesucristo, na binigyang-sigla ng pagmamahal at pananampalataya sa kanya, ay mas maglalapit sa atin sa kanya at magdaragdag sa ating pagmamahal at pananampalataya.

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay mga karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Isinumpa ni Jesus ang isang hindi namumungang puno ng igos, isang halimbawa ng pagpapaimbabaw.**

Talakayin at basahin ang Mateo 21:17–22. Ipaliwanag na ang isa pang sagisag ng pagpapaimbabaw ay ang puno ng igos na nakita ni Jesus sa pagpunta niya sa Jerusalem.

- Ano ang ginawa ni Jesus nang matuklasan niyang maraming dahon ang puno ngunit walang bunga? (Tingnan sa Mateo 21:19.) Paanong katulad ng mapagpaimbabaw ang puno ng igos?

  Ipinaliwanag ni Elder James E. Talmage na: "[Ang puno] ang ginawang tampulan ng sumpa at paksa ng mga ibinibigay na tagubilin ng Panginoon, dahil, sa pagkakaroon nito ng mga dahon, ito ay tila makapamumunga. Kung ang puno ay nagtataglay lamang ng kalayaang pumili, masasabi sana nating mapagpaimbabaw ito, ang kawalan nito ng bunga at kasaganaan ng dahon nito ang tila katulad ng pagpapaimbabaw ng tao" (*Jesus the Christ*, ika-3 edisyon [1916], 527).

**2. Pagpapalabas ng video**

Ang ikalawang yugto ng "New Testament Customs," na pinili mula sa *New Testament Video Presentations* (53914), ang nagpapaliwanag sa paggamit ng mga Judio ng pilakteria at tirintas sa mga laylayan. Kung hindi ninyo ipinalabas ang yugtong ito sa aralin 9, maaari ninyo itong ipalabas ngayon upang matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang Mateo 23:5 ("nangagpapalapad sila ng kanilang mga pilakteria, at nangagpapalapad ng mga laylayan ng kanilang mga kasuotan"). Talakayin kung paano isinasagisag ng mga bagay na ito ang pagpapaimbabaw ng mga eskriba at Fariseo.

**3. "Iniibig nila ang kaluwalhatian sa mga tao" (Juan 12:43)**

- Itinala ni Juan na maraming tao na naniniwala kay Jesus ang ayaw aminin ang kanilang paniniwala dahil "iniibig nila ng higit ang kaluwalhatian sa mga tao kay sa kaluwalhatian sa Dios" (Juan 12:42–43). Paano tayo masyadong nababahala kung minsan sa pagtanggap "ng kaluwalhatian sa mga tao"? Ano ang mga kahihinatnan ng paghahangad sa "kaluwalhatian sa mga tao"? Paano natin mapaglalabanan ang paghahangad na hanapin ang papuri at pagkilala ng ibang tao? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 82:19; 88:67.)

# “Ano ang Magiging Tanda ng Iyong Pagparito?”

Aralin 21

*Mateo 24*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na makilala ang mga palatandaan na mangyayari bago sumapit ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas at himukin ang mga miyembro na ihanda ang kanilang sarili para sa dakilang pangyayaring ito.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Mateo 24:1–5, 9–13, 15–22. Nagpropesiya si Jesus tungkol sa nalalapit na pagkawasak ng Jerusalem.
   b. Mateo 24:6–8, 14, 23–51. Inilarawan ni Jesus ang mga palatandaan na mangyayari bago sumapit ang kanyang Ikalawang Pagparito at itinuro kung paano makapaghahanda ang kanyang mga hinirang para sa kanyang pagparito.

2. Karagdagang pagbabasa: Marcos 13; Lucas 21:5–36; Doktrina at mga Tipan 45:15–55.

3. Kung makukuha ang larawang Ang Ikalawang Pagparito (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 238), gamitin ito sa aralin.

4. Mungkahi para sa pagtuturo: Ang tawag upang magturo ay hindi nangangailangan na alam ninyo ang lahat ng bagay tungkol sa ebanghelyo, kung kaya hindi kayo dapat mahiya kung magtatanong ang isang miyembro ng klase ng katanungan na hindi ninyo masasagot. Sa halip na magbigay ng kasagutan na gawa-gawa lamang, aminin na hindi ninyo alam ang sagot at sabihing sisikapin ninyong humanap ng kasagutan.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Patanawin ang mga miyembro ng klase sa isang bintana at patingnan ang kalangitan. Kung walang bintana sa silid-aralan, tanungin ang mga miyembro ng klase kung ano ang klima nang dumating sila sa simbahan. Pagkatapos ay hulaan ang isang bagay na hindi mangyayari na may kinalaman sa klima. Halimbawa, kung maaliwalas ang kalangitan at mainit sa labas, hulaan na uulan sa loob ng ilang oras. Kung malamig at umuulan sa labas at tila magpapatuloy ang pag-ulan, hulaan na magiging mainit at tuyo ang kapaligiran sa labas sa loob ng limang minuto.

Tanungin ang mga miyembro ng klase kung ano ang masasabi nila tungkol sa naging hula ninyo. Pagkatapos nilang magbigay puna, itanong ang mga sumunod:

- Ano ang inyong hula hinggil sa panahon sa susunod na mga oras? Ano ang dahilan ninyo upang bigkasin ang gayong hula?

- Paano maaaring makaimpluwensiya sa mga bagay na ating ginagawa ang mga palatandaan ng paparating na kalagayan ng panahon? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng madalas tayong naghahanda batay sa mga palatandaang ito. Halimbawa, maaari tayong magplano ng mga gawain sa labas ng bahay kapag tila magiging maganda ang panahon, o maaaring gumawa tayo ng natatanging mga paghahanda para mapaghandaan ang isang malakas na bagyo.)

Bigyang-diin na ang paghula sa panahon ay isang situwasyon na kung saan ay umaasa tayo sa mga palatandaan upang matulungan tayong maghanda para sa darating na mga pangyayari. Kung babantayan natin ang mga palatandaan ay mababawasan ang pagkakataon na mahuli tayong hindi handa. Gayundin naman, ang pagbabantay natin sa mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito ni Jesucristo ang makatutulong sa atin upang makapaghanda para sa dakilang kaganapang iyon. Tinatalakay ng araling ito ang ilan sa mga palatandaan na ipinropesiya ni Jesus na magaganap bago ang kanyang Ikalawang Pagparito. (Maaari ninyong naising bigyang-diin na ang hula ay tumutukoy sa isang bagay na *maaaring* mangyari, samantalang ang propesiya ay tumutukoy sa isang bagay na *talagang* mangyayari. Ang isang hula tungkol sa panahon ay maaaring magkamali, ngunit ang mga propesiya sa mga banal na kasulatan tungkol sa Ikalawang Pagparito ay matutupad na lahat.)

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata sa banal na kasulatan, tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na naghayag ang Panginoon ng impormasyon na makatutulong sa atin upang makapaghanda para sa kanyang Ikalawang Pagparito. Sa kabila ng mga kahirapan sa mga huling araw ay maaari nating asamin nang may kagalakan ang dakilang pangyayaring ito.

Ipaliwanag na ang kabanata 24 ng Mateo ay naglalaman ng mga propesiya ng Tagapagligtas tungkol sa pagkawasak ng Jerusalem at tungkol sa kanyang Ikalawang Pagparito. Sa paglipas ng panahon, ang mga talata sa kabanatang ito ay binago at muling inayos kung kaya minsan ay mahirap maunawaan kung aling pangyayari ang inilalarawan ng isang partikular na talata. Sa kabutihang palad, bilang bahagi ng kanyang inspiradong pagsasalin ng Biblia, nilinaw ng Propetang Joseph Smith ang dalawang propesiya at ipinanumbalik ang karagdagang impormasyon. Ang inspiradong pagsasalin ng Propeta sa Mateo 24 ay matatagpuan sa Joseph Smith—Mateo sa Mahalagang Perlas. Ipinakikita ng araling ito ang pagkakasunod ng mga talata na ginamit sa Joseph Smith—Mateo at kasama ang ilang karagdagang impormasyon na ibinigay sa pagsasaling iyon.

Ipakita ang larawan ng Ikalawang Pagparito sa buong oras ng aralin.

**1. Nagpropesiya si Jesus tungkol sa nalalapit na pagkawasak ng Jerusalem.**

Talakayin ang Mateo 24:1–5, 9–13, 15–22. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga piling talata. (Pansinin na sang-ayon sa Propetang Joseph Smith, ang mga talata 6–8 at 14 ay tumutukoy sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo. Tatalakayin ang mga ito sa kasunod na bahagi.)

- Ilang araw bago ipinako si Jesus ay sinamahan siya ng ilan sa kanyang mga disipulo sa Bundok ng mga Olivo. Ano ang dalawang katanungan na itinanong ng mga disipulo kay Jesus? (Tingnan sa Mateo 24:3.)

Ipaliwanag na ang una nilang tanong na, "Kailan magaganap ang mga bagay na ito?" ay tumutukoy sa pagkawasak ng templo at ng lungsod ng Jerusalem, na ipinropesiya ni Jesus (tingnan sa Mateo 24:1–2; tingnan din sa Lucas 19:41–44; 21:5–6). Ang ikalawa nilang tanong na, "Ano ang magiging palatandaan ng inyong pagparito, at ng katapusan ng daigdig?" ay tumutukoy sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Ipaliwanag na nililinaw ng pagsasalin ni Joseph Smith na ang ibig sabihin ng "katapusan ng daigdig" ay ang pagkalipol ng masasama sa Ikalawang Pagparito, at hindi ang katapusan ng pag-iral ng mundo (Joseph Smith—Mateo 1:4).

- Anong mga palatandaan ang ipinropesiya ng Tagapagligtas na mangyayari bago ang pagkawasak ng Jerusalem? (Tingnan sa Mateo 24:4–5, 9–12.)
- Ano ang ipinagagawa ni Jesus sa kanyang mga tagasunod upang maiwasan ang pagkalipol? (Tingnan sa Mateo 24:13, 15–18.) Bakit mahalagang hindi nasila bumalik sa kanilang mga tahanan minsang nakaalis na sila? (Tingnan sa Lucas 9:62; Doktrina at mga Tipan 133:14–15.)

Ipaliwanag na kahit na maraming Judio ang hindi naniwala na ang kanilang malaking lungsod at templo ay hindi maaaring gibain ay natupad pa rin ang mga propesiya ng Panginoon noong A.D. 70. Sa paniniwalang darating ang Mesiyas at tutulungan sila sa pakikidigma, ang mga Judio ay nag-alsa laban sa mga Romano noong A.D. 66. Makaraan ang apat na taon ay nawasak ng mga Romano ang buong lungsod. Ang mga sumunod sa payo ng Tagapagligtas at nagtago sa mga kabundukan ay nangaligtas. Ang mga hindi nakinig sa payong ito ay ikinalat at nilipol.

**2. Inilarawan ni Jesus ang mga palatandaan na magaganap bago ang Ikalawang Pagparito.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mateo 24:6–8, 14, 23–51. Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ang ikalawang tanong ng mga disipulo ay hinggil sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Bigyang-diin na ang pagsasalin ni Joseph Smith ng Mateo 24 ay nagsasaad na marami sa mga palatandaan na magaganap bago sumapit ang Ikalawang Pagparito ay magiging tulad ng mga pangyayaring naganap bago ang pagkawasak ng Jerusalem noong A.D. 70. Mawawawasak muli ang Jerusalem bago magbalik ang Tagapagligtas.

Habang tinatalakay ninyo ang mga palatandaan at malalaking paghihirap na magaganap bago ang Ikalawang Pagparito ay ilista ang mga ito sa pisara.

- Anong mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito ang nabanggit sa Mateo 24:6? Anong katibayan ang nakikita ninyo na natutupad ang mga propesiyang ito? Itinuro ng Panginoon na "hindi tayo dapat magulumihanan" nang dahil sa mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan. Paano tayo makatatagpo ng kapayapaan sa ganito kaligalig na mga panahon? (Tingnan sa Mateo 11:28–30; 1 Juan 4:16–18; Doktrina at mga Tipan 6:34–36; 45:34–35; 59:23.)

  Ibinigay ni Elder M. Russell Ballard ang sumusunod na payo ng pag-asa at panghihimok:

  "Bagama't sinasabi sa atin ng mga propesiya na magaganap ang mga bagay na ito, parami pa rin nang parami ang mga tao na nagpapakita ng malaking pagkabahala sa tila mabilis na lumaganap na kalamidad sa buong daigdig. . . . Aaminin natin na may sapat tayong dahilan na mabahala nang labis dahil wala

tayong nakikitang kagyat na kasagutan sa tila walang kalutasang mga suliranin na kinakaharap ng mga tao sa mundo. Ngunit anuman ang tila walang kalutasang suliranin na ito, na tuluyan naman talagang magiging malala, hindi natin dapat pahintulutan ang ating sarili na mawalan ng pag-asa! . . .

" . . . Ang Panginoon ang namamahala. Alam niya ang katapusan mula sa simula. Binigyan niya tayo ng sapat na tagubilin na, kung susundin, ay magliligtas sa atin sa anumang krisis. Matutupad ang kanyang mga layunin, at balang-araw ay mauunawaan natin ang walang hanggang mga dahilan para sa lahat ng mga kaganapang ito. Kung gayon, kailangan tayong maging maingat ngayon at huwag mag-alala nang labis, ni hindi tayo dapat maging lubhang abala sa labis na paghahanda; kundi ang kailangan nating gawin ay sundin ang mga kautusan ng Diyos at huwag kailanman mawawalan ng pag-asa!

"Ngunit saan natin matatagpuan ang pag-asa sa gitna ng gayong kaguluhan at malaking kapahamakan? Madali lang, ang ating nag-iisang pag-asa sa espirituwal na kaligtasan sa mga panahong ito ng kabalisahan ay ang ibaling ang ating mga isipan at ang ating mga puso kay Jesucristo. . . . Suot ang kalasag ng pananampalataya, ay mapagtatagumpayan natin ang marami sa ating pang-araw-araw na mga hamon at madadaig ang ating pinakamatitinding kahinaan at takot, na nalalaman na kung gagawin natin ang lahat upang masunod ang mga kautusan ng Diyos, anuman ang mangyari, tayo ay mananatiling ligtas" (sa Conference Report, Okt. 1992, 41–43; o *Ensign*, Nob. 1992, 31–32).

- Anong mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito ang inilalarawan sa Mateo 24:7? Anong katibayan ang nakikita ninyo na nagpapatunay na ang mga propesiyang ito ay nagaganap? Ano ang ipinayo sa atin ng mga propeta sa mga huling araw na gawin natin upang maging handa para sa mga natural na kalamidad na magaganap bago ang Ikalawang Pagparito?
- Anong palatandaan ng Ikalawang Pagparito ang inilalarawan sa Mateo 24:14? Paano naisasakatuparan ang propesiyang ito sa ngayon? (Lumalaganap ang gawaing misyonero, at ang ebanghelyo ay naituturo at tinatanggap ng maraming lugar sa buong daigdig.) Ano ang maaaring gawin ng bawat isa sa atin upang makatulong sa pagsasakatuparan ng propesiyang ito?
- Anong palatandaan ng Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas ang inilalarawan sa Mateo 24:24? Anong mga katibayan ang inyong nakikita na nagpapatunay na ang propesiyang ito ay natutupad? Paano natin maiiwasan ang madaya ng mga bulaang propeta? (Tingnan sa Mateo 7:15–20; Doktrina at mga Tipan 45:57; 46:7–8.)
- Sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Mateo 24, sinasabi ni Jesus na kung pahahalagahan natin ang kanyang salita, tayo ay hindi malilinlang sa mga huling araw (Joseph Smith—Mateo 1:37). Paano natin mapahahalagahan ang salita ng Panginoon? Paano nakatulong sa inyo ang pagpapahalaga sa salita ng Panginoon upang maiwasan ang malinlang?
- Sinabi ng Panginoon sa kanyang mga tagasunod sa Jerusalem na "[tumayo] sa dakong banal" (Mateo 24:15), at ibinigay niya ang gayunding pagpapayo sa ating panahon (Doktrina at mga Tipan 87:8; 101:22). Ano ang ilang dakong banal na kung saan ay dapat tayong tumayo? Paano makatutulong ang mga lugar na ito sa pangangalaga sa atin sa mga oras ng kahirapan sa mga huling araw?

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na, "Ang mga banal na kalalakihan at banal na kababaihan ay tumatayo sa banal na mga lugar, at ang banal na mga lugar na ito ay kinabibilangan ng ating mga templo, ating mga kapilya, ating mga tahanan, at ng mga istaka ng Sion, na sang-ayon sa pahayag ng Panginoon, 'ay maaaring maging isang tanggulan, at isang kanlungan mula sa bagyo, at mula sa poot sa panahong ito [na] ibubuhos nang walang halo sa buong lupa' (Doktrina at mga Tipan 115:6)" ("Prepare Yourselves for the Great Day of the Lord," *Brigham Young University 1981 Fireside and Devotional Speeches* [1981], 68; tingnan din sa *Teachings of Ezra Taft Benson* [1988], 106).

- Ano ang itinuro ni Jesus sa sumusunod na mga talata na tutulong sa atin na makapaghanda para sa kanyang Ikalawang Pagparito?

  a. Ang talinghaga ng puno ng igos (Mateo 24:32–36).
  b. Ang paghahambing ng Ikalawang Pagparito sa kapanahunan ni Noe (mga talata 37–39).
  c. Ang propesiya tungkol sa dalawang lalaki na nagtatrabaho sa bukid at ng dalawang babaing nagsisigiling sa gilingan (mga talata 40–41).
  d. Ang talinghaga ng mabuting lalaki at ng magnanakaw (mga talata 42–44).
  e. Ang talinghaga tungkol sa panginoon at sa kanyang mga alipin (mga talata 45–51).

- Bakit mahalagang patuloy tayong magmasid at maghanda para sa pagdating ng Panginoon? Paano tayo makapagmamasid at makapaghahanda upang makilala ang Panginoon?

- Ano ang mangyayari sa mabubuti kapag pumarito nang muli ang Tagapagligtas? (Tingnan sa Mateo 24:31; 45–47; I Mga Taga Tesalonica 4:16–18; Doktrina at mga Tipan 88:96–98.)

---

Katapusan

Magpatotoo na ang mga propesiya sa mga banal na kasulatan tungkol sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo ay magaganap lahat. Bigyang-diin na sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga turo ng Tagapagligtas at pagsunod sa payo ng mga buhay na propeta ay magagawa nating ihanda ang ating sarili na makilala si Cristo. Kung handa tayo, ang Ikalawang Pagparito ay magiging kagila-gilalas na araw para sa atin.

---

## Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**Mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito na inihayag sa mga huling araw**

Ipaliwanag na ang Propetang si Joseph Smith ay nakatanggap ng paghahayag na nag-ulit at naglinaw sa mga propesiyang ibinigay sa sinaunang mga disipulo ni Jesus. Ang paghahayag na ito ay matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 45. Ipahambing sa mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 45:15–55 sa Mateo 24. (Maaari ninyong naising bigyang-diin na ang Doktrina at mga Tipan 45:60–61 ay naglalaman ng tagubilin ng Panginoon kay Joseph Smith na simulan ang inspiradong pagsasalin ng Bagong Tipan.)

Aralin
# 22 “Manahin Ninyo ang Kahariang Nakahanda sa Inyo”

*Mateo 25*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na ihanda ang kanilang sarili para sa Ikalawang Pagparito sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay, pagpapaunlad ng kanilang mga talino, at paglilingkod sa iba.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Mateo 25:1–13. Sa pamamagitan ng talinghaga ng sampung dalaga, itinuro ni Jesus na kailangan nating maghanda para sa kanyang Ikalawang Pagparito.
   b. Mateo 25:14–30. Sa pamamagitan ng talinghaga ng mga talento, itinuro ni Jesus na dapat nating pagyamanin ang mga kaloob na natatanggap natin mula sa Diyos.
   c. Mateo 25:31–46. Sa pamamagitan ng talinghaga ng mga tupa at kambing, itinuro ni Jesus na dapat tayong taos-pusong maglingkod sa isa’t isa.
2. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala ng isang maliit na babasaging garapon, isang sisidlan ng langis o ng tubig na kinulayan, at, kung may makukuha, ang larawan ng Ang Ikalawang Pagparito (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 238).
3. Kumuha ng isang piraso ng papel at pluma o lapis para sa bawat miyembro ng klase.
4. Mungkahi para sa pagtuturo: Paminsan-minsan ay gumamit ng mga pahayag ng mga propeta sa mga huling araw, na matatagpuan sa manwal na ito at sa mga magasin ng Simbahan, upang makatulong sa pangangasiwa at paglilinaw ng mga talakayan sa klase at upang bigyang-diin na ang Panginoon ay patuloy na naghahayag ng kanyang kalooban sa ngayon. Gamitin ang mga siping-banggit na ito upang itaguyod, hindi upang palitan, ang pagbabasa sa banal na kasulatan at talakayan sa klase.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang maliit na babasaging garapon, isang sisidlan ng langis o ng tubig na kinulayan, at ang larawan ng Ikalawang Pagparito.

Ipaliwanag na ang araling ito ay nakatuon sa tatlong talinghagang itinuro ng Tagapagligtas bilang tugon sa mga tanong ng kanyang mga Apostol tungkol sa kanyang Ikalawang Pagparito. Sabihin sa mga miyembro ng klase na gagamitin ninyo ang garapon at ang langis o ang tubig na kinulayan upang isagisag ang ating paghahanda para sa Ikalawang Pagparito.

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

**1. Inilahad ni Jesus ang talinghaga ng sampung dalaga.**

Basahin at talakayin ang Mateo 25:1–13. Ipaliwanag na ang talinghaga ng sampung dalaga ay batay sa mga kaugalian ng mga Judio sa kasal. Noong panahon ni Jesus ay sinasamahan ng kasintahang lalaki at ng kanyang mga kaibigan ang kasintahang babae mula sa kanyang tahanan patungo sa tahanan ng kasintahang lalaki. Sa daan ay naghihintay ang mga kaibigan ng kasintahang babae upang makisali sa kanila. Kapag nakarating na sila sa tahanan ng kasintahang lalaki, silang lahat ay papasok sa loob para ganapin ang kasal. Ang mga kasalang ito ay karaniwang nagaganap sa gabi, kung kaya ang mga naghihintay sa kasintahang babae at kasintahang lalaki ay may dala-dalang maliliit na ilawan na may langis.

- Sa talinghaga ng sampung dalaga, sino ang kinakatawan ng kasintahang lalaki? (Ang Tagapagligtas.) Sino ang kinakatawan ng mga dalaga? (Mga miyembro ng Simbahan.) Ano ang isinisimbolo kasalan? (Ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.) Ano ang isinisimbolo ng langis sa mga ilawan? (Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito.)
- Ano ang kamangmangang ginawa ng lima sa mga dalaga? (Tingnan sa Mateo 25:3.) Ano ang mga ibinunga ng kanilang kakulangan ng paghahanda? (Tingnan sa Mateo 25:8–12.) Paano natin kung minsan nagagawa ang katulad na pagkakamaling ginawa ng mga mangmang na dalaga?
- Ano ang katalinuhang ginawa ng lima sa mga dalaga? (Mateo 25:4.) Ano ang mga ibinunga ng kanilang paghahanda? (Tingnan sa Mateo 25:10.) Ano ang matututuhan natin mula sa mga inasal ng limang matatalinong dalaga? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:56–57. Kailangan nating ihanda ang ating sarili para sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.)
- Pinananatili sa ating isipan na ang langis sa talinghaga ay sumasagisag sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito, ano ang ilang paraan kung paano natin madaragdagan ang “langis” sa ating “mga ilawan”? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng tiyak na mga sangkap ng mabuting pamumuhay, katulad ng pagpapairal ng pananampalataya, pagtanggap ng mga ordenansa, pagtupad sa mga tipan, o paglilingkod.)

  Kung gagamitin ninyo ang garapon at ang langis o tubig na kinulayan (tingnan ang gawaing pantawag-pansin), ipaliwanag na ang garapon ay sumasagisag sa mga ilawan sa talinghaga. Maglagay ng isang patak ng langis o tubig sa garapon sa tuwing magmumungkahi ang isang miyembro ng klase ng maaari nating gawin upang makapaghanda. Maaari ninyong naising ibahagi ang sumusunod na mga kaisipan mula kay Pangulong Spencer W. Kimball:

  “Sa talinghaga, ang langis ay maaaring mabili sa palengke. Sa ating buhay ang langis ng pagiging handa ay unti-unting naiipon sa matwid na pamumuhay. Ang pagdalo sa mga pulong-sakramento ay nakadaragdag ng langis sa ating mga ilawan, nang patak-patak sa paglipas ng mga taon. Ang pag-aayuno, panalangin ng mag-anak, pagtuturo sa tahanan, pagpigil sa mga pita ng

katawan, pangangaral ng ebanghelyo, pag-aaral ng mga banal na kasulatan—ang bawat pagpapakita ng dedikasyon at pagkamasunurin ay isang patak na nadaragdag sa ating imbak [na langis]. Ang mga gawa ng kabaitan, pagbabayad ng mga handog at ikapu, malinis na kaisipan at kilos, kasal sa loob ng tipan para sa kawalang-hanggan—ang mga ito rin ay nakaaambag nang malaki sa langis na magagamit natin sa hatinggabi upang malagyan ng langis ang ating natutuyuang ilawan" (*Faith Precedes the Miracle* [1972], 256).

Hilingan ang mga miyembro ng klase na isaalang-alang ang sumusunod na mga tanong:

- Ano ang ginawa ninyo nitong nakaraang linggo upang madagdagan ang langis sa inyong ilawan? Ano ang ilang bagay na gagawin ninyo sa darating na linggo upang madagdagan ang langis sa inyong ilawan?

**2. Inilahad ni Jesus ang talinghaga ng mga talento.**

Basahin at talakayin ang Mateo 25:14–30. Ipaliwanag na noong panahon ng Bagong Tipan, ang isang talento ay halaga ng salapi.

- Sa talinghaga ng mga talento, sino ang kinakatawan ng taong naglakbay sa isang malayong lupain? (Ang Panginoon.) Sino ang kinakatawan ng mga alipin? (Ang bawat isa sa atin.) Ano ang isinisimbolo ng mga talento? (Mga kaloob mula sa Diyos.)
- Ano ang ginawa sa salapi ng mga alipin na binigyan ng limang talento at dalawang talento? (Tingnan sa Mateo 25:16–17.) Anong gantimpala ang kapwa nila tinanggap? (Tingnan sa Mateo 25:21, 23.) Ano ang itinuturo ng talinghagang ito tungkol sa walang hanggang gantimpala na ipagkakaloob sa atin ng ating Ama sa Langit? (Maaaring maibilang sa mga sagot ang mga tao na tila kakaunti lamang ang mga kaloob na nagmula sa Diyos ay makatatanggap ng lahat ng biyaya kung gagamitin nilang maigi ang kanilang mga kaloob.)

  Sinabi ni Elder James E. Faust ang ganito tungkol sa mga taong tila nakatanggap ng kakaunti lamang na talento:

  "Kung ang kanilang mga talento ay ginagamit upang itatag ang kaharian ng Diyos at paglingkuran ang iba, tatamasahin nila nang lubos ang mga pangako ng Tagapagligtas. Ang dakilang pangako ng Tagapagligtas ay, sila ay 'makatatanggap ng [kanyang] gantimpala, maging kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating' (Doktrina at mga Tipan 59:23)" (sa Conference Report, Abr. 1994, 5; o *Ensign*, Mayo 1994, 6).
- Ano ang ginawa sa salapi ng alipin na binigyan ng isang talento? (Tingnan sa Mateo 25:24–25.) Ano ang sinabi ng panginoon sa kanya? (Tingnan sa Mateo 25:26–30.) Bakit nabibigo tayo kung minsan na pagyamanin ang mga talento at kaloob na ibinigay sa atin ng Diyos? Paano natin mapaglalabanan ang mga balakid sa pagpapaunlad ng mga kaloob na ito?
- Itinuro ni Elder Marvin J. Ashton na, "karapatan at pananagutan natin na tanggapin ang ating mga kaloob at ibahagi ang mga ito" (sa Conference Report, Okt. 1987, 23; o *Ensign*, Nob. 1987, 20). Paano natin makikilala at matatanggap ang mga talento o kaloob na ipinagkatiwala sa atin ng Panginoon? Bakit sa palagay ninyo mahalaga na ibahagi ang ating mga talento o kaloob? Anong mga biyaya ang dumating sa inyong buhay dahil sa napaunlad ninyo at naibahagi ninyo ang inyong mga talento o kaloob? Paano kayo napagpala dahil sa ibinahagi ng iba ang kanilang mga talento o kaloob?

- Ang bawat tao ay nabigyan ng kahit isa man lamang na kaloob mula sa Diyos (Doktrina at mga Tipan 46:11–12), subalit ang ilang kaloob ay mas madaling makilala kaysa sa iba. Ano ang ilan sa mga kaloob na maaaring mahirap makilala ngunit maaaring magamit sa paglilingkod sa iba at pagluwalhati sa Diyos?

  Sinabi ni Elder Marvin J. Ashton:

  "Hayaan ninyong banggitin ko ang ilang kaloob na hindi palaging nakikita o napapansin ngunit napakahalaga. Maaaring kabilang sa mga ito ang inyong mga kaloob—mga kaloob na hindi gaanong nakikita gayunman ay tunay at mahalaga.

  "Pagbalik-aralan natin ang ilan sa mga di-gaanong napapansin na kaloob: ang kaloob ng paghiling; ang kaloob ng pakikinig; ang kaloob ng pagdinig at paggamit sa banayad na munting tinig; ang kaloob ng pagiging marunong tumangis; ang kaloob ng pag-iwas sa pagtatalo; ang kaloob ng pagiging mapagsang-ayon; ang kaloob ng pag-iwas sa walang-kabuluhang pag-uulit; ang kaloob ng paghahangad ng mabuti; ang kaloob ng pagiging hindi mapanghusga; ang kaloob ng pagbaling sa Diyos para sa patnubay; ang kaloob ng pagiging isang disipulo; ang kaloob ng pagmamalasakit sa iba; ang kaloob ng magnilay-nilay; ang kaloob ng pag-aalay ng panalangin; ang kaloob ng pagbibigay ng makapangyarihang patotoo; at ang kaloob ng pagtanggap sa Espiritu Santo" (sa Conference Report, Okt. 1987, 23; o *Ensign*, Nob. 1987, 20).

Bigyan ang bawat miyembro ng klase ng bolpen o lapis at isang piraso ng papel. Hilingan silang isulat ang isa o dalawa sa kanilang mga talento o kaloob na kasama ang kahit isang bagay na gagawin nila sa susunod na ilang linggo upang gamitin ang mga ito sa paglilingkod sa iba.

Kung ginagamit ninyo ang garapon at ang langis o ang tubig na kinulayan, magdagdag ng ilan pang patak sa garapon. Ipaliwanag na habang pinauunlad natin ang mga talento o kaloob na ibinigay sa atin ng Diyos ay nagdaragdag tayo ng langis sa ating mga ilawan.

**3. Inilahad ni Jesus ang talinghaga ng mga tupa at mga kambing.**

Basahin at talakayin ang Mateo 25:31–46.

- Itinuro ni Jesus na sa kanyang Ikalawang Pagparito ay paghihiwalayin niya tayo tulad ng paghihiwalay ng pastol sa mga tupa mula sa mga kambing (Mateo 25:31–32). Sa talinghaga ng mga tupa at mga kambing, sino ang kinakatawan ng mga tupa? (Tingnan sa Mateo 25:33–34.) Sino ang kinakatawan ng mga kambing? (Tingnan sa Mateo 25:33, 41.)
- Ano ang itinuturo ng talinghagang ito na kailangan nating gawin upang makapaghanda para sa Ikalawang Pagparito at sa araw ng paghuhukom? (Tingnan sa Mateo 25:35–46.)

  Sinabi ni Elder Marion D. Hanks:

  "Itinuro ni Jesus sa kanyang mga tagasunod ang talinghaga ng mga tupa at mga kambing, na sumasimbolo sa paghuhukom na darating, na kung saan malinaw niyang tinukoy ang mga magmamana ng 'buhay na walang hanggan' at ang mga 'mangapaparoon sa walang hanggang kaparusahan' (Mateo 25:46). Ang pangunahing pagkakaiba ay ang mga dapat magmana ng kaharian na kasama niya ay naging ugali ang tumulong, naranasan ang kagalakan ng

pagbibigay at ang kapanatagan ng kalooban sa paglilingkod. Tumugon sila sa mga pangangailangan ng mga nagugutom, nauuhaw, walang tahanan, walang kasuotan, maysakit, at nasa bilangguan. . . .

"Wala nang mas lilinaw pa sa mataas na pagpapahalaga na ibinibigay ng Tagapagligtas sa buong pusong paglilingkod sa iba bilang isang mahalagang sangkap ng Kristiyanong pag-uugali at ng kaligtasan. Ang pagtulong, pagbibigay, at pagsasakripisyo ay, o nararapat na maging, likas na tulad ng paglaki at paghinga" (sa Conference Report, Abr. 1992, 10; o *Ensign*, Mayo 1992, 9).

Kung ginagamit ninyo ang garapon at ang langis o tubig na kinulayan, magdagdag ng ilan pang patak sa garapon. Ipaliwanag na habang naglilingkod tayo sa iba ay dinaragdagan natin ang langis sa ating mga ilawan. Matutulungan din natin ang iba na magdagdag ng langis sa kanilang sariling mga ilawan. Magbahagi ng mga halimbawa ng nakita ninyong paglilingkod, at anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng nakita nilang mga halimbawa.

- Paano natin mapagpapala ang iba sa pamamagitan ng ating paglilingkod? Paano kayo napagpala ng paglilingkod sa ibang tao? Ano ang nadarama ninyo sa mga pinaglilingkuran ninyo? Ano ang nadarama ninyo sa mga naglilingkod sa inyo? Paano tayo magiging higit na sensitibo sa mga pangangailangan ng iba? Paano tayo magiging higit na masigasig sa paglilingkod sa iba?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin niyang, "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa"? (Mateo 25:40; tingnan din sa Mosias 2:17).

---

Katapusan

Magpatotoo na dapat tayong maghanda para sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo. Dapat nating paunlarin ang mga kaloob na ibinigay sa atin ng Diyos at sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagtatalaga ng ating buhay sa paglilingkod sa iba. Bigyang-diin na magagawa natin ang lahat ng bagay na ito, anuman ang ating mga katayuan.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. "A Poor Wayfaring Man of Grief"**

Kasama ang mga miyembro ng klase, awitin o basahin ninyo ang mga salita sa himnong "A Poor Wayfaring Man of Grief" (*Hymns*). Pagkatapos ay basahin ang Mateo 25:40. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga damdamin tungkol sa mensahe ng himno at ng talata ng banal na kasulatan.

**2. Pagpapalabas ng video**

Maaari ninyong naising gamitin ang ikalimang yugto ng "New Testament Customs," isang piling bahagi mula sa *New Testament Video Presentations* (53914), upang maipaliwanag ang ilang kaugalian ng piging sa kasalan noong panahon ng Bagong Tipan.

# “Kung Paanong Iniibig Ko Kayo, ay Mangag-ibigan Naman Kayo sa Isa’t Isa”

Aralin
23

*Lucas 22:1–38; Juan 13–15*

**Layunin**

Bigyang-inspirasyon ang mga miyembro ng klase na sundan ang halimbawa ni Jesus sa pamamagitan ng pagmamahal at paglilingkod sa isa’t isa.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Lucas 22:7–30. Nakipagpulong si Jesus sa kanyang Labindalawang Apostol para sa Pista ng Paskua. Pinasimulan niya ang sakramento at tinuruan ang mga Apostol na dapat nilang paglingkuran ang iba.
   b. Juan 13. Hinugasan ni Jesus ang mga paa ng mga Apostol at inutusan silang mahalin ang isa’t isa.
   c. Juan 14:1–15; 15. Itinuro ni Jesus na, “Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay.” Inihambing niya ang kanyang sarili sa isang baging at ang kanyang mga disipulo sa mga sanga ng baging. (Pansinin: ang mga talata mula sa kabanata 14 at 15 na tungkol sa Tagaaliw ay tatalakayin sa aralin 24.)
2. Karagdagang pagbabasa: Mateo 26:1–5, 14–35; Marcos 14:1–2, 10–31.
3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, makipag-ayos sa isang soloista o maliit na grupo ng mga nasa wastong gulang o mga bata na awitin ang “Magmahalan” (*Mga Himno*) sa simula ng klase. Kung hindi ito maaari, magdala ng *tape* ng awitin o maghandang ipaawit ito nang sabay-sabay sa mga miyembro ng klase.
4. Kung makukuha ang sumusunod na mga materyal, gamitin ang mga ito sa aralin:
   a. Ang mga larawang Ang Huling Hapunan (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 225) at Hinuhugasan ni Jesus ang mga Paa ng mga Alagad (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 226).
   b. Isang maliit na halaman na maglalarawan sa inyong talakayan hinggil sa Juan 15:1–8.
5. Mungkahi para sa pagtuturo: Ang pag-awit o pagpapatugtog ng isang himno o awit sa Primarya na may kaugnayan sa paksa ng aralin ay isang mabuting paraan ng pag-anyaya sa Espiritu sa oras ng aralin. Sinabi ng Panginoon, “Ang aking kaluluwa ay nagagalak sa awitin ng puso; oo, ang awit ng mabubuti ay isang panalangin sa akin, at ito ay tutugunan ng pagpapala sa kanilang mga ulo” (Doktrina at mga Tipan 25:12; tingnan din sa Mga Taga Colosas 3:16). Ang mga himno at awitin sa Primarya ay makatutulong din sa mga miyembro ng klase na matutuhan ang mga doktrina ng ebanghelyo. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit F, Paksa 13, “May Musika Ba sa Inyong Silid-aralan?” 172–174.)

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

**Gawaing Pantawag-pansin**

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipaawit sa soloista o sa maliit na grupo ang "Magmahalan," o magpatugtog ng *tape* o ipaawit ang himno sa mga miyembro ng klase nang sabay-sabay (tingnan sa bahaging "Paghahanda").

Ipaliwanag na ang teksto ng himnong ito ay mula sa Juan 13:34–35. Ipabuklat sa mga miyembro ng klase ang banal na kasulatang ito at hilingan ang isa na basahin ito nang malakas. Bigyang-diin na binigkas ni Jesus ang mga salitang ito sa Huling Hapunan. Tatalakayin ng araling ito ang kautusang ito at ang iba pang mga bagay na sinabi at ginawa ni Jesus sa oras na ito ng kanyang pakikipagpulong sa kanyang mga Apostol.

---

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano nagpakita ng kanyang pagmamahal sa kanyang mga Apostol at gayundin sa atin ang mga salita at ginawa ng Tagapagligtas noong Huling Hapunan. Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na nais ni Jesus na sundan natin ang kanyang halimbawa ng pagmamahal at paglilingkod sa iba.

**1. Pinasimulan ni Jesus ang sakramento.**

Talakayin ang Lucas 22:7–30. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata. Bigyang-diin na ang pagkain na ito ng Paskua, na pinagsaluhan ni Jesus at ng kanyang mga Apostol noong araw bago ipako sa krus si Jesus, ay kadalasang tinatawag na Huling Hapunan. Ipakita ang larawan ng Huling Hapunan.

- Nang magsama-sama sina Jesus at ang kanyang mga Apostol upang kainin ang pagkain na ito ng Paskua ay pinasimulan ni Jesus ang ordenansa ng sakramento. Ano ang sinabi niya sa mga Apostol tungkol sa layunin ng sakramento? (Tingnan sa Lucas 22:19–20. Iyon ay upang tulungan silang maalaala siya at ang kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.) Paano nakatutulong sa inyo ang pagtanggap ng sakramento na maalaala ninyo ang Tagapagligtas?

  Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland na: "Simula pa noong karanasan sa silid sa itaas noong gabi bago magpunta sa Getsemani at Golgota, ang mga anak sa pangako ay napasailalim na ng tipan na gunitain ang sakripisyo ni Cristo dito sa mas bago, mas mataas, mas banal at natatanging paraan na ito. . . . Kung ang paggunita ang ating pangunahing tungkulin, ano ang maaaring sumagi sa ating isipan kapag ang mga payak at mahahalagang simbolo ng sakramento ay inihahandog sa atin?" (sa Conference Report, Okt. 1995, 88, 90; o *Ensign*, Nob. 1995, 67, 68).

  Talakayin ang mga sagot sa tanong ni Elder Holland, kabilang na ang ilan sa sumusunod na mga bagay na iminungkahi ni Elder Holland na dapat nating gunitain tungkol sa Tagapagligtas (sa Conference Report, Okt. 1995, 90–91; o *Ensign*, Nob. 1995, 68–69):

a. Ang kanyang pagmamahal at katatagan sa Malaking Kapulungan sa Langit.
b. Na siya ang Lumikha ng langit at lupa.
c. Ang lahat ng kanyang ginawa sa kanyang buhay bago ang buhay na ito bilang si Jehova.
d. Ang simpleng kamaharlikahan ng kanyang pagsilang.
e. Ang kanyang mga turo.
f. Ang kanyang mga himala at pagpapagaling.
g. Na "ang lahat ng bagay na mabubuti ay nagmumula kay Cristo" (Moroni 7:24).
h. Ang kalupitan, pagtanggi sa kanya, at kawalang katarungan na tiniis niya.
i. Na nagpakababa siya sa lahat ng bagay upang mapagtagumpayan ang lahat ng ito.
j. Na isinagawa niya ang kanyang mga pagpapakasakit at pinagtiisan ang kanyang mga pagdadalamhati para sa bawat isa sa atin.

- Bakit mahalaga na tanggapin natin ang sakramento tuwing linggo? Paano natin espirituwal na maihahanda ang ating sarili bago tanggapin ang sakramento?
- Sa Huling Hapunan ay muling nagtalu-talo ang mga Apostol tungkol sa "kung sino kaya sa kanila ang ibibilang na pinakadakila" (Lucas 22:24; tingnan din sa Mateo 18:1; Lucas 9:46). Sa anong mga paraan natin kung minsan hinahangad na maituring na mas nakahihigit kaysa sa iba? Paano natin mapaglalabanan ang ganitong mga damdamin?
- Ano ang itinuro ng Panginoon tungkol sa tunay na kadakilaan? (Tingnan sa Lucas 22:25–27; tingnan din sa Mateo 20:25–28.) Paano siya mismo nagiging halimbawa ng kanyang itinuturo? Paano natin masusundan ang kanyang halimbawa?

**2. Matapos hugasan ang kanilang mga paa, inutusan ni Jesus ang kanyang mga Apostol na mahalin nila ang isa't isa.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Juan 13. Ipakita ang larawan ni Jesus na hinuhugasan ang mga paa ng mga Apostol. Ipaliwanag na matapos kumain ng Huling Hapunan si Jesus at ang kanyang mga Apostol ay hinugasan ni Jesus ang mga paa ng bawat Apostol (Juan 13:4–5). Ang trabahong ito ay karaniwang ginagawa ng isang alipin kapag dumarating ang isang panauhin. Ang isang dahilan kung bakit ginawa ito ni Jesus ay upang ituro sa kanyang mga Apostol ang tungkol sa kababaang-loob at paglilingkod.

- Bakit sa palagay ninyo tumanggi si Simon Pedro nang simulan ni Jesus na hugasan ang kanyang mga paa? (Tingnan sa Juan 13:6, 8. Nadama niyang hindi nararapat kumilos bilang isang alipin ang Panginoon.) Paano tumugon si Jesus? (Tingnan sa Juan 13:8.)
- Ano ang sinabi ni Jesus sa mga Apostol na dahilan kung bakit niya hinugasan ang kanilang mga paa? (Tingnan sa Juan 13:12–17. Sinabi niya sa kanila na dapat nilang sundan ang kanyang halimbawa ng paglilingkod.) Paano nakapagdulot sa inyo ng kaligayahan ang paglilingkod sa iba?
- Ano ang matututuhan natin mula sa mga salita at gawa ni Jesus tungkol sa mga katangian ng mabubuting pinuno? Paano natin masusundan ang kanyang halimbawa kapag tayo ang nasa katayuan ng pamumuno?

- Noong Huling Hapunan ay paulit-ulit na sinabi ni Jesus sa kanyang mga disipulo na mahalin nila ang isa't isa (Juan 13:34–35; 15:12, 17). Ano ang ilang tiyak na mga bagay na magagawa natin upang masundan ang halimbawa ng pagmamahal ni Cristo?

**3. Itinuro ni Jesus na "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay" at "Ako ang tunay na puno ng ubas."**

Talakayin ang Juan 14:1–15; 15. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Bakit nag-alala si Tomas nang sabihin ni Jesus sa mga Apostol na, "At kung saan ako paroroon, ay nalalaman ninyo ang daan"? (Tingnan sa Juan 14:4–5.) Ano ang sinabi ni Jesus kay Tomas? (Tingnan sa Juan 14:6.) Bakit si Jesus ang tanging daan upang makarating tayo sa Ama sa Langit?
- Itinuro ni Jesus sa kanyang mga disipulo na ipakita ang kanilang pagmamahal sa iba sa pamamagitan ng paglilingkod. Ano ang sinabi niyang gawin nila upang maipakita nila ang kanilang pagmamahal sa kanya? (Tingnan sa Juan 14:15.) Paano ipinakikita ng ating pagkamasunurin ang ating pagmamahal sa Panginoon?
- Habang tinuturuan niya ang kanyang mga Apostol ay ginamit ni Jesus ang sagisag ng puno ng ubas (Juan 15:1–8). Sino ang kinakatawan ng puno ng ubas? ng magsasaka (hardinero)? ng mga sanga? (Tingnan sa Juan 15:1, 5.)

Kung nagdala kayo ng halaman sa klase ay ipakita na ito ngayon.

- Ano ang nangyayari sa dahon o sanga na pinutol mula sa halaman? Paanong ang inyong kaugnayan sa Tagapagligtas ay katulad ng kaugnayan ng isang dahon o sanga sa katawan ng halaman?
- Sa paghahambing ng Tagapagligtas, ano ang ginagawa ng hardinero sa mga sanga ng ubas na hindi nagbubunga? (Tingnan sa Juan 15:2.) Ano ang ginagawa niya sa mga sanga na nagbubunga? Ano ang maaaring kaugnayan nito sa atin?
- Itinuro ni Jesus na, "Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa" (Juan 15:5). Paano ninyo natuklasan na tama ito?
- Sang-ayon sa Juan 15:13, ano ang isa sa mga pinakadakilang pagpapakita ng pagmamahal? Ano ang mensahe nito sa atin tungkol sa pagmamahal sa atin ng Tagapagligtas?

---

Katapusan

Magpatotoo na mahal tayo ni Jesucristo at nais niyang mahalin at paglingkuran natin ang isa't isa. Hamunin ang mga miyembro ng klase na gunitain ang Pagbabayad-sala ni Cristo at ang kanyang pagmamahal sa atin sa oras ng sakramento tuwing linggo.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

### 1. Pagtataglay sa ating sarili ng pangalan ni Cristo

Sa talakayan ninyo tungkol sa sakramento, maaari ninyong naising talakayin ang sumusunod na mga tanong tungkol sa pagtataglay sa ating sarili ng pangalan ni Cristo. Ang ilan sa mga iminumungkahing sagot ay hango sa pahayag na ibinigay ni Elder Dallin H. Oaks sa pangkalahatang komperensiya noong Abril 1985 (tingnan sa Conference Report, Abr. 1985, 101–5; o *Ensign*, Mayo 1985, 80–83).

- Kailan natin tinataglay sa ating sarili ang pangalan ni Cristo?

    a. Kapag binibinyagan tayo sa kanyang Simbahan (2 Nephi 31:13; Mosias 25:23; Moroni 6:3; Doktrina at mga Tipan 18:22–25; 20:37).
    b. Kapag sinasariwa natin ang ating tipan sa pagbibinyag sa pamamagitan ng pagtanggap ng sakramento (Moroni 4:3; 5:2; Doktrina at mga Tipan 20:77, 79).
    c. Kapag ipinapahayag natin ang ating paniniwala sa kanya.
    d. Kapag tinataglay natin sa ating sarili ang awtoridad na kumilos sa kanyang pangalan at pairalin ang awtoridad na iyon.
    e. Kapag nakikilahok tayo sa sagradong mga ordenansa ng templo.

- Ano ang ipinapangako natin kapag tinataglay natin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo?

    a. Ipinakikita natin ang ating kahandaan na gawin ang gawain ng kanyang kaharian at ang ating determinasyon na paglingkuran siya hanggang sa wakas (Doktrina at mga Tipan 20:37; Moroni 6:3).
    b. Ipinapangako nating susundan siya nang taos-puso, susundin siya at magsisisi sa ating mga kasalanan (2 Nephi 31:13; Mosias 5:8).

- Ano ang ipinapangako sa atin ni Jesucristo kapag tinataglay natin ang kanyang pangalan? (Tayo ay nagiging kanyang mga anak na lalaki at babae, na nagtataglay ng kanyang pangalan. Ang mga tatawagin sa kanyang pangalan sa huling araw ay dadakilain; tingnan sa Mosias 5:7–9; 15:12; Alma 5:14; 3 Nephi 27:5–6; Doktrina at mga Tipan 76:55, 58, 62).

### 2. Pagpapalabas ng video

Ang ikalimang yugto ng "New Testament Customs," isang piling bahagi mula sa *New Testament Video Presentations* (53914), ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga pista noong panahon ng Bagong Tipan. Ang yugtong ito ay makatutulong sa mga miyembro ng klase na mailarawan sa kanilang isipan ang idinaos na Huling Hapunan at maunawaan ang pagtukoy sa disipulo na "nakahilig sa sinapupunan ni Jesus" (Juan 13:23).

### 3. Pagtatanghal ng miyembro ng klase

Ang mga paghahambing na tulad ng, "Ako ang tunay na puno ng ubas" ay maaaring mahirap maunawaan ng ilang tao, lalo na ng mga kabataan. Para sa mas personal na paglalarawan ng pagmamahal sa atin ni Jesucristo, anyayahan ang isa o dalawang miyembro ng klase na magbahagi ng karanasan kung saan nadama nila ang pagmamahal ng Tagapagligtas na nagbibigay sa kanila ng kalakasan, tulad ng pagbibigay ng lakas ng puno ng ubas sa mga dahon o mga sanga nito. Gawin ang pag-anyaya ng mga isang linggo man lamang, at himukin ang mga miyembro ng klase na hangarin ang inspirasyon ng Espiritu Santo sa pagpili ng karanasan na angkop na ibahagi.

Aralin
# 24 "Ito ang Buhay na Walang Hanggan"

*Juan 16–17*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na maging madaling makadama sa impluwensiya ng Espiritu Santo at mas maging malapit pa sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Juan 16:1–15. Inihanda ni Jesus ang kanyang mga Apostol para sa mga panahon ng pagsubok na magaganap pagkatapos ng pagpapako sa kanya sa krus. Itinuro niya sa kanila ang tungkol sa misyon ng Espiritu Santo at ipinangako na tatanggapin nila ang kaloob na Espiritu Santo.
   b. Juan 16:16–33. Ipinropesiya ni Jesus ang kanyang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli at pinayuhan ang mga Apostol na "magkaroon ng kapayapaan."
   c. Juan 17. Inialay ni Jesus ang dakilang panalangin ng pamamagitan (intercessory prayer) para sa kanyang mga Apostol at sa lahat ng naniniwala sa kanya.
2. Karagdagang pagbabasa: Juan 14:16–31; 15:18–27; 3 Nephi 19:19–36; Doktrina at mga Tipan 132:21–24; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Mang-aaliw," 148 at "Espiritu Santo," 61–62.
3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala sa klase ng dalawang kahon ng regalo (o magdrowing sa pisara ng larawan ng dalawang kahon ng regalo). Maghanda ng dalawang sinulatang piraso ng papel na ilalagay sa mga kahon sa oras ng aralin: isa na nagsasaad na *Kaloob na Espiritu Santo* at isa na nagsasaad na *Buhay na Walang Hanggan*.
4. Mungkahi para sa pagtuturo: Bukod sa pananalangin na sana ay makapagturo kayo sa pamamagitan ng Espiritu, manalangin na matuto ang mga miyembro ng klase sa pamamagitan ng Espiritu at tanggapin ang kanyang pagpapatibay tungkol sa mga katotohanan na itinuturo (tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit A, Paksa 9, "Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu," 17–18).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang masimulan ang aralin.

Ipakita ang dalawang kahon ng regalo (o magdrowing sa pisara ng larawan ng dalawang kahon ng regalo). Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magsalita nang sandali tungkol sa mga kaloob na nais nilang matanggap.

Ipaliwanag na ang isa sa mga kahon ng regalo na ipinakita ninyo ay sumasagisag sa isa sa mga pinakadakilang kaloob na maaari nating tanggapin sa buhay na ito. Ang isa pang kahon ay sumasagisag sa tinatawag ng Panginoon na "pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 14:7).

Ipaliwanag na sa araling ito ay matutuklasan ng mga miyembro ng klase kung ano ang dalawang regalong ito at malalaman nila kung paano tanggapin ang mga ito.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop sa ating lahat ang mga salita ng Tagapagligtas sa kanyang mga Apostol. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa aralin.

**1. Ipinangako ni Jesus sa kanyang mga Apostol na tatanggapin nila ang kaloob na Espiritu Santo.**

Talakayin ang Juan 16:1–15. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Sa mga huling sandali ng kanyang mortal na ministeryo ay tinuruan at pinalakas ni Jesus ang kanyang mga Apostol. Bakit kinailangang palakasin ang mga Apostol sa sandaling ito? (Tingnan sa Juan 16:1–6; tingnan din sa Juan 15:18–20.)
- Sinabi ng Tagapagligtas sa mga Apostol na isusugo niya ang Mang-aaliw (ang Espiritu Santo) sa kanila (Juan 16:7). Ano ang misyon ng Espiritu Santo? (Tingnan sa Juan 14:26; 15:26; 16:7–14. Isulat sa pisara ang mga sagot tulad ng nakapakita sa ibaba.)

  Ang Espiritu Santo:

  a. Nang-aaliw (Juan 14:26).
  b. Nagtuturo (Juan 14:26).
  c. Ibinabalik sa ating alaala ang katotohanan (Juan 14:26).
  d. Nagpapatotoo tungkol sa Tagapagligtas (Juan 15:26).
  e. Inaakay tayo sa lahat ng katotohanan (Juan 16:13).
  f. Ipinakikita sa atin ang mga darating na pangyayari (Juan 16:13).
  g. Niluluwalhati ang Tagapagligtas (Juan 16:14).

- Ang Labindalawang Apostol ay nakaranas ng mga pagpapatunay ng Espiritu Santo noong ministeryo ni Jesus sa lupa, ngunit hindi nila natanggap ang kaloob na Espiritu Santo hangga't hindi natatapos ang kanyang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli (Juan 20:22). Ano ang pagkakaiba ng pagpapatunay ng Espiritu Santo at ng kaloob na Espiritu Santo? (Tingnan sa siping-banggit sa ibaba.) Paano kayo natulungan ng pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo?

  Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks na:

  "Ang mga pagpapatunay ng Espiritu Santo ay ibinibigay upang akayin ang naghahanap na matatapat tungo sa mga katotohanan ng ebanghelyo na hihikayat sa kanila sa pagsisisi at pagpapabinyag. Ang kaloob na Espiritu Santo ay mas malawak. . . .  Kabilang [dito] ang karapatan sa palagiang paggabay [ng Espiritu], nang sa tuwina ay mapasa[atin] ang kanyang Espiritu' (Doktrina at mga Tipan 20:77).

"Sinabi sa akin ng isang bagong binyag na miyembro ang kanyang nadama nang tanggapin niya ang kaloob na iyon. Ito ay isang matapat na Kristiyanong babae na nag-ukol ng kanyang buhay sa paglilingkod sa iba. Kilala at mahal niya ang Panginoon, at nadama niya ang mga pagpapatunay ng Kanyang Espiritu. Nang matanggap niya ang karagdagang liwanag ng ipinanumbalik na ebanghelyo, siya ay nabinyagan at ipinatong ng mga elder ang kanilang mga kamay sa kanyang ulo at ibinigay sa kanya ang kaloob na Espiritu Santo. Naalala niya na, 'Nadama ko ang impluwensiya ng Espiritu Santo na lumukob sa akin na talagang kakaiba na kailanman ay hindi ko nadama. Siya ay tulad ng isang matagal nang kaibigan na gumabay sa akin noong nagdaang mga panahon ngunit dumating ngayon upang mamalagi na' " (sa Conference Report, Okt. 1996, 80; o *Ensign*, Nob. 1996, 60).

Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, ilagay sa isa sa mga kahon ng regalo ang papel na sinulatan ng *Kaloob na Espiritu Santo*.

- Matapos nating tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo, paano tayo magiging karapat-dapat sa palagiang patnubay ng Espiritu Santo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 5:32; Doktrina at mga Tipan 6:14; 20:77, 79; 76:116; 121:45–46.) Paano natin mababatid ang impluwensiya ng Espiritu Santo? (Tingnan sa Mga Taga Galacia 5:22–23; Doktrina at mga Tipan 6:15, 23; 11:13.)

  Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer na: "Ang Espiritu Santo ay nagsasalita sa pamamagitan ng isang tinig na mas *nadarama* ninyo kaysa *naririnig*. Ito ay inilalarawan bilang isang 'marahan at banayad na tinig.' At habang pinag-uusapan natin ang 'pakikinig' sa mga bulong ng Espiritu, kadalasan ay inilalarawan ang espirituwal na pag-uudyok sa pamamagitan ng pagsasabing, 'May *nadama* ako . . . ' . . . Ang paghahayag ay dumarating bilang mga salitang mas *nadarama* natin kaysa *naririnig*" (sa Conference Report, Okt. 1994, 77; o *Ensign*, Nob. 1994, 60).

  Sa isang panaginip na ibinigay kay Pangulong Brigham Young, siya ay tinagubilinan ng Propetang si Joseph Smith na ituro sa mga Banal na "ang Espiritu ng Panginoon . . . ay magbubulong ng kapayapaan at kagalakan sa kanilang kaluluwa; aalisin nito sa kanilang mga puso ang kahalayan, poot, alitan at lahat ng kasamaan; at ang magiging buong hangarin nila ay ang gumawa ng mabuti, maging matwid at itatag ang kaharian ng Diyos" (*Manuscript History of Brigham Young, 1846–1847*, tinipon ni Elden J. Watson [1971], 529).

**2. Ipinropesiya ni Jesus ang kanyang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Juan 16:16–33.

- Matapos turuan ni Jesus ang mga Apostol tungkol sa Espiritu Santo, sinabi niya sa kanila na malapit na siyang mamatay at muli siyang mabubuhay (Juan 16:16–20). Pagkatapos ay sinabi niyang, "Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan" (Juan 16:33). Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng magkaroon ng kapayapaan sa kanya? Ano ang matututuhan natin mula sa mga turo ni Jesus sa Juan 16 na makatutulong sa atin na magkaroon ng kapayapaan sa kanya? (Tingnan din sa Mga Taga Filipos 4:7–9; Doktrina at mga Tipan 59:23.)
- Sinabi ni Jesus sa kanyang mga Apostol na, "Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: ngunit laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang

sanglibutan" (Juan 16:33). Paano kaya makatutulong sa atin ang kaalaman na nadaig ni Jesus ang daigdig upang magkaroon tayo ng lakas ng loob kapag nahaharap tayo sa mga pagsubok? Bakit mahalagang magkaroon ng lakas ng loob?

**3. Inialay ni Jesus ang dakilang panalangin ng pamamagitan (intercessory prayer).**

Basahin at talakayin ang Juan 17, na naglalaman ng panalangin na inialay ni Jesus bago ang kanyang pagdurusa sa Halamanan ng Getsemani at sa krus. Ang panalanging ito ay kadalasang tinatawag na dakilang panalangin ng pamamagitan (intercessory prayer) dahil habang nananalangin si Jesus, siya ay namagitan, o tumayo sa pagitan natin at ng Ama sa Langit, upang magsumamo para sa ating kaligtasan. Hangarin ang patnubay ng Espiritu sa pagpili ng mga talata na babasahin at tatalakayin.

- Nang simulan ni Jesus ang kanyang panalangin, paano niya inilarawan ang kanyang misyon sa mundo? (Tingnan sa Juan 17:1–2; tingnan din sa Moises 1:39.) Paano niya isinagawa ang misyong ito?
- Sa kanyang panalangin ay sinabi ng Tagapagligtas na, "At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang [si Jesucristo] iyong sinugo" (Juan 17:3). Paanong kaiba ang pagkakilala sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pagkakaalam lamang ng *tungkol* sa kanila? Paano natin sila makikilala? (Tingnan sa I Ni Juan 4:7–8; Mosias 5:10–13; Alma 22:18; Doktrina at mga Tipan 18:33–36; 132:21–24.)

Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, ilagay ang papel na sinulatan ng *Buhay na Walang Hanggan* sa ikalawang kahon ng regalo. Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang Doktrina at mga Tipan 14:7.

- Sa unang bahagi ng kanyang panalangin ay inilarawan ni Jesus ang mga bagay na ginawa niya tungo sa pagtupad sa kanyang misyon (Juan 17:4–8). Paano natin iniuulat sa Ama sa Langit ang ating mga pagsisikap? Paano maaaring maapektuhan ang ating mga kilos kung sa gabi-gabi ay isasama natin sa ating mga panalangin ang ulat tungkol sa ating mga pagsisikap na paglingkuran siya sa araw na iyon?
- Kahit na alam ni Jesus na matindi ang kanyang magiging pagdurusa, sino pa rin ang ipinalangin niya? (Tingnan sa Juan 17:6–9, 20.) Ano ang matututuhan natin mula dito?
- Paano tayo, tulad ni Jesus at ng kanyang mga Apostol, makapamumuhay sa daigdig nang hindi nagiging "taga sanglibutan"? (Juan 17:14; tingnan din sa mga talata 15–16).

  Sinabi ni Elder M. Russell Ballard:

  "Sa Simbahan ay madalas nating banggitin ang tambalang pangungusap na, 'Mamuhay sa daigdig ngunit huwag maging taga daigdig.' Habang pinanonood natin ang mga palabas sa telebisyon na kung saan ginagawang pangkaraniwan at kaakit-akit ang kalapastanganan, karahasan, at kataksilan, ay madalas nating pangarapin na sana kahit paano ay masarhan natin ang daigdig at ilayo ang ating pamilya sa lahat-lahat ng mga ito. . . .

"Marahil dapat nating banggitin ang tambalang pangungusap na nabanggit kanina at gawing dalawang magkahiwalay na babala. Una, '*Mamuhay sa daigdig*.' Makisali, makialam. Sikaping maging maunawain at mapagparaya at kalugdan ang mga taong may iba't ibang uri ng kultura, paniniwala, at iba pa. Gumawa ng makabuluhang mga kontribusyon sa lipunan sa pamamagitan ng paglilingkod at pakikisali. Ikalawa, '*Huwag maging taga daigdig*.' Huwag sundan ang mga maling landas o baguhin ang inyong mga paniniwala o huwag ilagay sa alanganin ang inyong mga pamantayan para lamang magbigay puwang o tanggapin ang hindi tama.

"Dapat nating sikaping baguhin ang tiwali at imoral na pagkahilig sa telebisyon at sa lipunan sa pamamagitan ng hindi pagpapapasok sa ating mga tahanan ng mga bagay na nakasasakit ng damdamin at nakapagpapababa ng pagkatao. Sa kabila ng lahat ng kasamaan sa daigdig, at sa kabila ng lahat ng pagsalungat sa kabutihan na nakikita natin sa ating paligid, ay hindi natin dapat subukang *ialis* ang ating sarili o ang ating mga anak sa daigdig. Sinabi ni Jesus, 'Ang kaharian ng langit ay tulad ng lebadura,' o pampaalsa (Mateo 13:33). Dapat nating iangat ang daigdig at tulungan ang lahat na makabangon mula sa kasamaan na nakapalibot sa atin. Ang Tagapagligtas ay nanalangin sa Ama:

" 'Hindi ko idinadalangin na alisin mo sila sa sanglibutan, kundi ingatan mo sila mula sa masama' (Juan 17:15)" (sa Conference Report, Abr. 1989, 101; o *Ensign*, Mayo 1989, 80).

- Paano "iisa" ang Ama sa Langit at si Jesucristo tulad ng nakasaad sa Juan 17:21–22?

  Tungkol naman sa Ama sa Langit, kay Jesucristo, at sa Espiritu Santo ay ganito ang sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Sila ay magkakahiwalay na katauhan, ngunit iisa sila sa layunin at pagsisikap. Nagkakaisa sila sa pagsasakatuparan ng dakila at makalangit na plano para sa kaligtasan at kadakilaan ng mga anak ng Diyos. . . . Ang perpektong pagkakaisa sa pagitan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo ang nagbubuklod sa tatlong ito tungo sa pagkakaisa ng banal na Panguluhang Diyos" (sa Conference Report, Okt. 1986, 69; o *Ensign*, Nob. 1986, 51).

- Bakit mahalaga para sa mga Apostol ang maging iisa? (Tingnan sa Juan 17:22–23.) Bakit kailangan nating makiisa sa Ama sa Langit at kay Jesucristo? sa iba pang mga miyembro ng Simbahan? sa ating mga pamilya? Paano tayo makatutulong sa pagdaragdag ng pagkakaisa sa mga ugnayang ito? (Tingnan sa Juan 17:26; Mosias 18:21; Doktrina at mga Tipan 35:2.)

---

Katapusan

Hilingin sa mga miyembro ng klase na isipin kung ano ang nadarama nila kapag alam nilang ipinapanalangin sila ng isang tao. Anyayahan silang pagnilay-nilayan kung ano kaya ang mararamdaman nila kung nakasama nila si Jesus nang ialay niya ang panalangin ng pamamagitan. Ipaliwanag na ang panalangin ng pamamagitan ay makatutulong sa atin na mapasalamatan ang mahalagang kaloob ng buhay na walang hanggan na nais ipagkaloob sa atin ng Tagapagligtas. Magpatotoo na pagpapalain tayo habang sinisikap nating sundin ang mga ibinibigay na inspirasyon ng Espiritu Santo at maging kaisa ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

## Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

### Pag-anyaya sa Espiritu

Upang matulungan ang mga miyembro ng klase na madama at makilala ang impluwensiya ng Espiritu Santo, kausapin ang ilan sa kanila nang maaga, na inaanyayahan ang bawat isa sa kanila na pumili ng isa sa sumusunod na mga pagtatanghal na gagawin bilang bahagi ng aralin:

a. Basahin ang isang paboritong talata sa banal na kasulatan.
b. Magbigay ng patotoo.
c. Awitin ang isang himno o awit sa Primarya na tungkol sa Tagapagligtas.
d. Ipahayag ang pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.
e. Magbahagi ng isang espirituwal na karanasan (kung naaangkop).

Pagkatapos ng mga pagtatanghal sa klase, anyayahan ang mga miyembro ng klase na ilarawan kung ano ang kanilang nadama sa oras ng mga pagtatanghal. Basahin ang pahayag ni Pangulong Boyd K. Packer na nasa mga pahina 126 at tulungan ang mga miyembro ng klase na makilala ang mga damdaming nagmumula sa Espiritu Santo. Sabihin kung ano ang nadarama ninyo kapag nakakatanggap kayo ng patnubay mula sa Espiritu Santo.

Aralin
# 25 "Huwag Mangyari ang Aking Kalooban, Kundi ang Iyo"

*Mateo 26:36–46; Marcos 14:32–42; Lucas 22:39–46*

**Layunin**

Palakasin ang mga patotoo ng mga miyembro ng klase na makatatanggap sila ng kapatawaran, kapayapaan, at buhay na walang hanggan dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan, na nagbibigay ulat tungkol sa karanasan ng Tagapagligtas sa Halamanan ng Getsemani: Mateo 26:36–46, Marcos 14:32–42, at Lucas 22:39–46.
2. Karagdagang pagbabasa: 2 Nephi 2:5–8; Alma 7:11–14; 34:8–16; 42:1–31; Doktrina at mga Tipan 19:15–24; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Bayad-sala", o "Pagbabayad-sala," 26–27 at "Getsemani" 69.
3. Kung makukuha ang larawan na Si Jesus ay Nananalangin sa Getsemani (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 227), gamitin ito sa aralin.
4. Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na dumating sa klase na nakahandang magpahayag ng kanilang nadarama tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagbabasa ng isang paboritong talata sa banal na kasulatan na may kaugnayan sa Pagbabayad-sala o pagbigkas ng ilang linya mula sa isang paboritong himno na pangsakramento.
5. Mungkahi para sa pagtuturo: Sinabi ng Panginoon na 'Huwag hangaring ipahayag ang aking salita, kundi hangarin munang matamo ang aking salita" (Doktrina at mga Tipan 11:21). Upang mabisang makapagturo mula sa mga banal na kasulatan, dapat ninyong pag-aralan at pagnilay-nilayin ang mga ito araw-araw. Palagiang alagaan ang inyong patotoo tungkol sa kapangyarihan at katotohanan ng mga ito. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit A, Paksa 7, "Alamin nang May Katiyakan ang Aking mga Doktrina," 13–14 at Yunit E, Paksa 7, "Pagbibigay-buhay sa mga Banal na Kasulatan," 105–107.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ilang taon bago naordenan bilang Apostol si Elder Orson F. Whitney ay nakatanggap siya ng pangitain tungkol sa Tagapagligtas na nasa Halamanan ng Getsemani. Basahin ang sumusunod na siping-banggit, na paglalarawan ni Elder Whitney sa kanyang pangitain:

"Para bang ako ay nasa Halamanan ng Getsemani, isang saksi sa pagdurusa ng Tagapagligtas. Nakita ko sa Kanya ang kapayakan na hindi ko nakita kahit kanino. Habang nakatayo ako sa likuran ng isang puno sa gawing harapan ay nakita ko si Jesus na kasama sina Pedro, Santiago, at Juan, habang papasok sila sa isang maliit . . . na pasukan sa gawing kanan ko. Nang iwanan niya ang tatlong Apostol doon, matapos sabihin sa kanilang lumuhod at manalangin, ang Anak ng Diyos ay nagpunta sa kabilang panig ng Halamanan ng Getsemani, kung saan lumuhod din Siya at nanalangin. Iyon ay panalangin na pamilyar sa lahat ng mga mambabasa ng Biblia: 'Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo.'

"Habang nananalangin Siya ay dumaloy ang luha sa kanyang mukha, na nakaharap sa akin. Labis na naantig ang aking kalooban sa tagpong iyon kung kaya't umiyak din ako, dahil sa nais kong damayan siya nang lubusan. Ang buong puso ko'y nahahabag sa kanya; minahal ko siya nang aking buong kaluluwa, at ibig na ibig kong makapiling siya higit sa anupaman.

"Makaraan ang ilang sandali ay tumayo na Siya at naglakad patungo sa lugar kung saan nakaluhod ang mga Apostol na iyon—na mahimbing na natutulog! Marahang niyugyog niya sila, ginising sila, at sa mahinahon na tinig, na wala ni kaunting bahid ng galit o pagkayamot, ay nagtanong sa kanila nang may kalungkutan kung hindi ba nila magagawang makipagpuyat sa kanya sa loob ng isang oras. Naroon Siya, na pasan sa kanyang mga balikat ang matinding bigat ng kasalanan ng sanlibutan, kasama ang dalamhating dulot ng bawat lalaki, babae, at bata na tumitimo sa kanyang sensitibong kaluluwa—at hindi nila magawang makipagpuyat a kanya kahit sa loob lamang ng isang oras!

"Nagbalik siya sa kanyang lugar, inialay Niya ang gayon ding panalangin tulad ng dati; pagkatapos ay nagbalik at muling natagpuan silang nangatutulog. Muli niyang ginising ang mga ito, muling pinaalalahanan, at minsan pa'y nagbalik at nanalangin. Tatlong ulit itong nangyari" (*Through Memory's Halls* [1930], 82).

Ipakita ang larawan ni Jesus na nananalangin sa Getsemani. Hilingin sa mga miyembro ng klase na isipin ang kanilang pagmamahal para sa Tagapagligtas at kung ano ang mararamdaman nila kung sakaling nakita nila siya na nananalangin sa Halamanan ng Getsemani noong gabi bago ang kanyang Pagpapako sa Krus. Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga naiisip.

---

## Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Ang araling ito at ang aralin 26 ay tungkol sa Pagbabayad-sala—ang bukal sa kaloobang pag-ako ni Jesucristo sa kamatayan at mga kasalanan at karamdaman ng buong sangkatauhan. Ang araling ito ay nakatuon sa karanasan ng Tagapagligtas sa Halamanan ng Getsemani, samantalang tinatalakay naman ng aralin 26 ang kanyang Pagpapako sa Krus. Mahalagang tandaan na ang Pagbabayad-sala ay kinapapalooban kapwa ng pagdurusa ng Tagapagligtas sa halamanan at sa krus.

Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson na: "Sa Getsemani at sa Kalbaryo ay isinagawa Niya ang walang katapusan at walang hanggang pagbabayad-sala. Iyon ang nag-iisang pinakadakilang pagpapakita ng pagmamahal sa nakatalang kasaysayan. Kung kaya Siya ang naging Manunubos natin—tinubos tayong lahat mula sa kamatayang pisikal, at tinubos mula sa kamatayang espirituwal ang mga

taong susunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo" (*The Teachings of Ezra Taft Benson* [1988], 14).

**1. Inako ng Tagapagligtas sa kanyang sarili ang ating mga kasalanan at karamdaman.**

Talakayin ang Mateo 26:36–46; Marcos 14:32–42; at Lucas 22:39–46. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Ano ang hiniling ni Jesus na gawin ng Kanyang mga Apostol sa Halamanan ng Getsemani? (Tingnan sa Lucas 22:39–40.) Bakit hiniling ni Jesus sa mga Apostol na manalangin? (Tingnan sa Lucas 22:40.) Paano tayo pinalalakas ng panalangin laban sa tukso?
- Ano ang hiniling ni Jesus na gawin nina Pedro, Santiago, at Juan sa Halamanan ng Getsemani? (Tingnan sa Mateo 26:38, 41. Bigyang-diin na ang ibig sabihin ng gamit na ito ng salitang *makipagpuyat* ay manatiling gising.) Paano maaaring naaangkop sa atin ang utos na magpuyat, o manatiling gising sa pagsisikap nating ipamuhay ang ebanghelyo? (Tingnan sa 2 Nephi 4:28; Alma 7:22; 32:26–27.)
- Bakit bukal sa kalooban ni Jesus na magpasailalim sa matinding paghihirap na alam niyang daranasin niya sa Halamanan ng Getsemani? (Tingnan sa Mateo 26:39, 42, 44.) Ano ang matututuhan natin mula sa panalangin ng Tagapagligtas sa Getsemani? Paano kayo pinagpala sa pagpapasailalim ninyo sa kalooban ng Ama sa Langit?
- Matapos sabihin ni Jesus na gagawin niya ang kalooban ng Ama sa Langit, ay "nagpakita sa kanya ang isang anghel na mula sa langit, na nagpalakas sa kanya" (Lucas 22:43). Ano ang maituturo nito sa atin tungkol sa ating Ama sa Langit? (Maaaring maibilang sa mga sagot ang palalakasin niya tayo habang buong kababaang-loob nating sinusunod ang kanyang kalooban.)
- Ano ang naranasan ng Tagapagligtas sa Getsemani? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:16–19; Lucas 22:44; Mosias 3:7; Alma 7:11–13.)

  Itinuro ni Elder James E. Talmage na: "Ang pagdurusa ni Cristo sa halamanan ay hindi maaarok ng may-hangganang kaisipan, kapwa sa kasidhian at layunin nito. . . .  Nakipaglaban siya at dumaing sa paghihirap na hindi maaabot ng kaisipan ng sinumang nilalang na nabuhay sa mundo. Iyon ay hindi lamang pisikal na paghihirap, ni dalamhating pangkaisipan, na naging dahilan upang danasin niya ang gayong labis na hirap na naging sanhi upang lumabas ang dugo sa bawat butas ng kanyang balat; kundi isang espirituwal na pagdurusa ng kaluluwa na tanging ang Diyos ang makababata ng gayong karanasan. . . . Sa oras na iyon ng pagdurusa ay hinarap at napagtagumpayan ni Cristo ang lahat ng kakila-kilabot na bagay na maaaring ihasik ni Satanas, 'ang prinsipe ng sanglibutang ito,'. . . .  Sa di malaman na kalagayan, sa aktuwal at kahindik-hindik na katotohanan bagama't hindi kayang arukin ng tao, tinaglay ng Tagapagligtas sa Kanyang sarili ang bigat ng mga kasalanan ng sanlibutan mula kay Adan hanggang sa dulo ng daigdig" (*Jesus the Christ*, ika-3 edisyon [1916], 613).

  Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell na: "Bilang bahagi ng Kanyang walang hanggang pagbabayad-sala, alam ni Jesus 'ayon sa laman' ang lahat ng ating pagdaraanan. (Alma 7:11–12.) Tiniis niya ang mga kasalanan, pighati,

dalamhati, at sakit ng bawat lalaki, babae, at bata (tingnan sa 2 Nephi 9:21)" (sa Conference Report, Abr. 1987, 89; o *Ensign*, Mayo 1987, 72).

**2. Kailangan natin ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo.**

- Bakit kailangan natin ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Tingnan sa Alma 34:9.)

  a. Dahil sa Pagkahulog ni Adan at ni Eva, tayo ay daranas ng kamatayang pisikal, na siyang paghihiwalay ng katawan at espiritu (Moises 6:48).
  b. Kapag nagkakasala tayo ay nagdudulot tayo ng kamatayang espirituwal sa ating sarili dahil inilalayo natin ang ating sarili sa Diyos. Ang ating mga kasalanan ang nagpaparumi sa atin at dahilan ng ating pagiging hindi karapat-dapat na mamuhay sa piling ng Diyos (1 Nephi 10:21).
  c. Dahil hindi natin mapagtatagumpayan ang pisikal o espirituwal na kamatayan nang tayo lamang, ipinadala ng Ama sa Langit ang kanyang Bugtong na Anak upang ipaabot ang Pagbabayad-sala (Juan 3:16; 2 Nephi 2:5–9).

- Anong mga biyaya ang mapapasaatin dahil sa pagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas? Paano natin matatanggap ang mga biyayang ito?

  a. Dahil ang Tagapagligtas ay napasailalim sa kamatayan at nabuhay na mag-uli, tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli, na napagtatagumpayan ang kamatayang pisikal (Mosias 16:7–8).
  b. Dahil inako niya ang ating mga kasalanan, mapagsisisihan natin ang ating mga kasalanan at tayo ay mapapatawad, at magiging malinis at karapat-dapat tayong mamuhay sa piling ng Diyos (Alma 7:13–14; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3).
  c. Dahil inako niya sa kanyang sarili ang ating mga karamdaman, nauunawaan niya ang ating mga paghihirap at alam niya kung paano tayo matutulungan (Alma 7:11–12). Nakatatanggap tayo ng kapayapaan sa kanya habang buong kababaang-loob tayong sumusunod sa kanya (Doktrina at mga Tipan 19:23).

Ipinaliwanag ni Elder Marion G. Romney na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, ang lahat ng tao ay maliligtas mula sa kamatayang pisikal at ang nagsisisi at masunurin ay maliligtas din mula sa kasalanan:

"Kinailangan ang pagbabayad-sala ni Jesucristo upang mapagsamang muli ang mga katawan at espiritu ng mga tao sa pagkabuhay na mag-uli. Kung kaya ang buong daigdig, mga mananampalataya at mga di-mananampalataya, ay may utang sa Manunubos sa tiyak nilang pagkabuhay na mag-uli, dahil ang pagkabuhay na mag-uli ay magiging kasinglaganap ng pagkahulog, na nagdulot ng kamatayan sa bawat tao.

"May isa pang bahagi ang pagbabayad-sala na dahilan kung bakit lalo ko pang minahal ang Tagapagligtas, at pinupuspos ang aking kaluluwa ng pasasalamat na hindi maipaliwanag. Iyon ay bukod pa sa pagbabayad-sala sa paglabag ni Adan, na nagbigay-daan sa pagkabuhay na mag-uli, pinagbayaran ng Tagapagligtas ang aking sariling mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pagpapakasakit. Pinagbayaran niya ang utang ng inyong sariling mga kasalanan at ang utang ng bawat nabubuhay na tao na nanirahan sa mundo o maninirahan sa buhay na ito sa mundo. Ngunit ginawa niya ito nang may pasubali. Ang mga benepisyo ng pagdurusang ito para sa ating

> kani-kanyang paglabag ay hindi darating sa atin nang walang pasubali na tulad ng pagkabuhay na mag-uli na darating sa atin anuman ang ating ginagawa. Kung tatanggapin natin ang mga biyaya ng pagbabayad-sala na may kaugnayan sa ating indibiduwal na paglabag, kailangan nating sundin ang batas.
>
> " . . . Kapag nakagagawa tayo ng kasalanan ay nahihiwalay tayo sa Diyos at nagiging hindi karapat-dapat na pumasok sa kanyang kinaroroonan. Walang maruming bagay na makapapasok sa kanyang kinaroroonan. Hindi natin magagawa sa ating sarili, anuman ang ating gawin, na maalis ang batik na nasa atin bunga ng ating sariling mga paglabag. Kailangang maalis ang batik sa pamamagitan ng dugo ng Manunubos, at ipinakita niya ang paraan kung paano maaalis ang batik na iyon. Ang paraan na iyon ay ang ebanghelyo ni Jesucristo. Hinihiling ng ebanghelyo na maniwala tayo sa Manunubos, tanggapin ang kanyang pagbabayad-sala, pagsisihan ang ating mga kasalanan, magpabinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa ikapapatawad ng ating mga kasalanan, tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, at patuloy na sundin nang buong katapatan, o gawin ang pinakamainam na magagawa natin upang sundin, ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa buong buhay natin" (sa Conference Report, Okt. 1953, 35–36).

Anyayahan ang inatasang mga miyembro ng klase na ibahagi ang mga pagtatanghal na inihanda nila (tingnan sa bahaging "Paghahanda").

---

Katapusan

Magpatotoo tungkol kay Jesucristo at ipahayag ang inyong pasasalamat sa kanyang Pagbabayad-sala. Kung naaangkop, hilingin sa mga miyembro ng klase na gawin din ang gayon.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Pagpapalabas ng video**

Ang ikalimang yugto ng "New Testament Customs," isang piling bahagi mula sa *New Testament Video Presentations* (53914), ay nagpapaliwanag na ang ibig sabihin ng *Getsemani* ay "gilingan ng olivo." Kung ipalalabas ninyo ang yugtong ito, talakayin kung paano angkop na pangalan ang *Getsemani* sa halamanan kung saan tiniis ng Tagapagligtas ang ating mga kasalanan.

**2. "Ang Tagapamagitan"**

Gumamit si Elder Boyd K. Packer ng isang talinghaga upang ituro kung paano tayo pinalalaya ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo mula sa kasalanan kapag nagsisisi tayo at sumusunod sa mga kautusan. Maaari ninyong naising ibahagi ang talinghagang ito upang tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang pangangailangan sa Pagbabayad-sala. Ang talinghaga ay matatagpuan sa sumusunod na mga mapagkukunan:

a. *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* [1997], Kabanata 12, mga pahina 78–83.

# “Ako’y Ipinanganak Dahil Dito”

Aralin
# 26

*Mateo 26:47–27:66; Marcos 14:43–15:39; Lucas 22:47–23:56; Juan 18–19*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na madama ang pagmamahal sa kanila ng Tagapagligtas at mapag-ibayo ang kanilang pagmamahal sa kanya at ang kanilang pasasalamat sa kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Mateo 26:47–75; Marcos 14:43–72; Lucas 22:47–71; Juan 18:1–27. Pagkatapos na pagkatapos ng kanyang pagdurusa sa Getsemani, si Jesus ay ipinagkanulo ni Judas, na dumating na kasama ang mga punong saserdote, Fariseo, at kawal. Ipinaubaya ni Jesus ang kanyang sarili sa mga humuli sa kanya, sila na kumuha sa kanya mula sa halamanan at nagpasailalim sa kanya sa paglilitis ng mga Judio. Una siyang tinanong ni Ana, isang dating mataas na saserdote, at pagkatapos ay si Caifas, na manugang ni Anas na pumalit sa kanya. Dinuraan si Jesus ng mga punong saserdote at matatanda na naroon, inalipusta siya, iginapos siya, at pinaratangan siya ng kalapastanganan sa Diyos, isang pagkakasalang ang kaparusahan ay kamatayan. Sa labas ng palasyo ni Caifas ay ikinaila ni Pedro na kakilala niya si Jesus.

   b. Mateo 27:1–26; Marcos 15:1–15; Lucas 23:1–25; Juan 18:28–19:16. Dahil walang kapangyarihan ang mga punong saserdote at matatanda na hatulan si Jesus ng kamatayan, siya ay ipinadala upang litisin ni Poncio Pilato, ang gobernador ng Roma sa Judea (*Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Pilato,” 214). Sa harapan ni Pilato ay pinaratangan si Jesus na kaaway ni Cesar. Nang malamang si Jesus ay mula sa Galilea, siya ay ipinadala ni Pilato kay Herodes, isang gobernador sa Galilea. Tumanggi si Herodes na hatulan si Jesus at ipinabalik siya kay Pilato, na pumayag sa kahilingan ng mga tao na ipako sa krus si Jesus.

   c. Mateo 27:27–66; Marcos 15:16–39; Lucas 23:26–56; Juan 19:17–42. Si Jesus ay hinampas at ipinako sa krus. Sa krus ay naranasan niya ang pinakamatinding pagdurusa habang iniaalay niya ang kanyang sarili bilang isang sakripisyo para sa sangkatauhan.

2. Karagdagang pagbabasa: Isaias 53; Marcos 15:39–47; Juan 3:16; 15:13; 1 Nephi 11:32–33; 19:7–9; 2 Nephi 9:21–22; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Pagpapako sa Krus,” 191–192.

3. Ihanda ang pitong sinulatang papel na inilarawan sa pahina 138–139 (o maghandang isulat ang mga pangungusap sa pisara).

4. Kung makukuha ang sumusunod na mga materyal, gamitin ang mga ito sa aralin:

   a. Ang mga larawan na Ang Pagkakanulo kay Jesus (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 228); Ang Pagkakaila ni Pedro (34730

893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 229); at Ang Pagpapako sa Krus (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 230).

b. "To This End Was I Born," isang labing-anim na minutong yugto ng *New Testament Video Presentations* (53914).

5. Mungkahi sa pagtuturo: Kapag ang mga guro at miyembro ng klase ay mapitagan, inaanyayahan nila ang Espiritu na dumalo. Ang mga miyembro ng klase ay dapat na "malayang magtalakayan, malayang magsalita, malayang makisali sa mga gawain sa klase, subalit walang miyembro ng klase na may karapatang gambalain ang isa pang estudyante sa pamamagitan ng panggigitgit o pagsasalita ng mga bagay na walang kabuluhan o walang gaanong saysay" (David O. McKay, *Gospel Ideals* [1954], 224). Magpakita ng halimbawa ng pagpipitagan sa Diyos at paggalang sa bawat miyembro ng klase.

---

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

### Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipabuklat sa mga miyembro ng klase ang "Ang Jerusalem sa Panahon ni Jesus" (mapa 5 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*).

Ipaliwanag na ang araling ito ay nakatuon sa Pagpapako sa Krus ng Tagapagligtas at sa mga pangyayari noong mga oras bago ito sumapit. Ang mga pangyayaring ito ay naganap sa mga lugar na matatagpuan sa mapa. Tulungan ang mga miyembro ng klase na hanapin ang sumusunod na mga lugar: (1) ang Halamanan ng Getsemani, (2) ang bahay ni Caifas, (3) ang looban ng mga Gentil, (4) Moog ng Antonia, (ang bahay ni Pilato), at (5) ang Burol ng Golgota (Kalbaryo).

Kapag nahanap na ng mga miyembro ng klase ang Burol ng Golgota, ipaliwanag na doon ipinako sa krus si Jesus. Ipakita ang larawan ng Pagpapako sa Krus. Hilingan ang mga miyembro ng klase na isipin nila ang isang maliit na bata na nakatingin sa larawan at nagtatanong na, "Bakit kinailangang mamatay si Jesus?" Anyayahan ang mga miyembro ng klase na mag-ukol ng panahon sa oras ng aralin upang pagnilay-nilayan ang sasabihin nila sa bata. Sabihin sa kanila na tatalakayin ninyo ang tanong sa bandang huli ng araling ito.

---

### Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang pagmamahal na ipinakita ng Tagapagligtas para sa kanila nang hayaan niya ang kanyang sarili na mapagmalupitan at maipako sa krus.

**1. Si Jesus ay ipinagkanulo, inaresto, at pinaratangan ng kalapastanganan sa Diyos; ikinaila ni Pedro si Jesus nang tatlong ulit.**

Talakayin ang Mateo 26:47–75; Marcos 14:43–72; Lucas 22:47–71; at Juan 18:1–27. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata. Maaari ninyong naising ibuod ang pangyayaring ito tulad ng

nakabanghay sa 1*a* ng bahaging "Paghahanda." Ipakita ang larawan ni Jesus na ipinagkakanulo sa Getsemani.

- Paano tumugon si Pedro sa mga kalalakihang dumating sa Halamanan ng Getsemani upang kunin si Jesus? (Tingnan sa Juan 18:10.) Paano tumugon si Jesus sa mga taong ito? (Tingnan sa Lucas 22:51–53; Juan 18:11–12.) Bakit hinayaan ni Jesus na maisama nila siya? (Tingnan sa Mateo 26:53–54; Juan 10:17–18. Ipaliwanag na kalooban ng Ama sa Langit na ibigay ni Jesus ang kanyang buhay para sa atin.)
- Pinaratangan si Jesus ng mga punong saserdote at matatanda ng mga Judio ng kalapastanganan sa Diyos, isang krimen na ang kaparusahan ay kamatayan (Marcos 14:64). Ano ang kalapastanganan sa Diyos? (Kawalang pitagan sa Diyos o pagsasabing kapantay ang Diyos.) Ano ang sinabi ni Jesus na inakala ng mga punong saserdote at matatanda na kalapastanganan sa Diyos? (Tingnan sa Marcos 14:60–63.)
- Habang inilalayo sa halamanan si Jesus, ang karamihan sa kanyang mga disipulo ay "iniwan siya . . . at nagsitakas" (Mateo 26:56). Gayunman, patuloy pa ring sumunod sa kanya sina Pedro at Juan (Mateo 26:58; Juan 18:15; ipinapalagay na ang hindi nabanggit na disipulo sa Juan 18:15 ay si Juan). Ano ang ginawa ni Pedro nang sabihin ng mga taong nasa labas ng palasyo ni Caifas na kilala niya si Jesus? (Tingnan sa Mateo 26:69–74.) Ano ang ginawa ni Pedro nang matanto niyang ikinaila niya si Jesus nang tatlong ulit? (Tingnan sa Mateo 26:75; tingnan din ang mga talata 33–35.)

Ipakita ang larawan ni Pedro na ikinakaila si Jesus.

- Tulad ni Pedro, paano ikinakaila kung minsan ng ilan sa atin ang ating pananampalataya? Ano ang matututuhan natin mula sa buhay ni Pedro matapos niyang ikaila ang Panginoon?

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

  "Naaawa ako kay Pedro. Marami sa atin ang katulad na katulad niya. Sumusumpa tayo na magiging matapat tayo; pinaninindigan natin ang ating determinasyon na magiging matapang; sinasabi natin, kung minsan kahit sa madla, na anuman ang mangyari ay gagawin natin ang tama, na paninindigan natin ang tama, na magiging matapat tayo sa ating sarili at sa iba.

  "Pagkatapos ay nagsisimulang dumating ang mga pagsubok. Kung minsan ang mga ito ay mula sa pakikihalubilo natin sa ating kapwa. Kung minsan ang mga ito ay ang pagkahilig natin sa mga bagay. Kung minsan ang mga ito ay ang mga maling ambisyon. Nagiging mahina ang paninindigan. Lumalambot ang disiplina sa sarili. Nabibigyang daan ang tukso. At pagkatapos ay matinding kalungkutan, na sinusundan ng panunumbat sa sarili at mapait na luha ng panghihinayang. . . .

  " . . . Kung mayroon mang mga tao sa Simbahan na sa pamamagitan ng salita o gawa ay itinatuwa ang pananampalataya, idinadalangin ko na magtamo kayo ng kapanatagan at pagpapasiya mula sa halimbawa ni Pedro, na, kahit na araw-araw na nakasama si Jesus, sa oras ng panganib ay pansamantalang ikinaila ang Panginoon at gayundin ang kanyang patotoo na tinaglay niya sa kanyang puso. Gayunman ay pinaglabanan niya ito at naging matatag na tagapagtanggol at makapangyarihang tagapamagitan. Gayundin naman na

may paraan upang makabalik ang sinumang tao at idagdag ang kanyang lakas at pananampalataya sa lakas at pananampalataya ng iba sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos" ("And Peter Went Out and Wept Bitterly," *Ensign*, Mar. 1995, 2–4, 6).

**2. Hinatulan si Jesus na mapako sa krus.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mateo 27:1–26; Marcos 15:1–15; Lucas 23:1–25; at Juan 18:28–19:16. Maaari ninyong naising ibuod ang pangyayaring ito tulad ng nakabalangkas sa 1*b* ng bahaging "Paghahanda."

- Nang malaman ni Pilato na si Jesus ay taga Galilea, siya ay ipinadala niya kay Herodes, na gobernador sa Galilea (Lucas 23:6–7). Bakit "lubhang nagalak" si Herodes na makita si Jesus? (Tingnan sa Lucas 23:8.) Paano tumugon ang Tagapagligtas sa mga tanong ni Herodes? (Tingnan sa Lucas 23:9; ihambing ang talatang ito sa propesiya sa Isaias 53:7.)
- Matapos paratangan at hamakin ni Herodes at ng kanyang mga tauhan si Jesus, siya ay ipinabalik nila kay Pilato (Lucas 23:11). Ano ang hatol na ibinigay ni Pilato kay Jesus? (Tingnan sa Lucas 23:13–17; tingnan din sa Lucas 23:4.) Bakit hinatulan ni Pilato si Jesus na mapako sa krus? (Tingnan sa Mateo 27:15–24; Marcos 15:6–15; Lucas 23:18–25; Juan 19:1–16.) Paano ba tayo tulad ni Pilato, na nagsisikap kung minsan na maiwasan ang pananagutan sa mahihirap na desisyon?
- Sa isa sa mga tanong ni Pilato kung hari ba si Jesus ay sinabi ni Jesus na, "Ako'y ipinanganak dahil dito, dahil dito ako naparito sa sanglibutan, upang bigyang patotoo ang katotohanan" (Juan 18:37). Sa paanong mga paraan isang Hari si Jesus? (Tingnan sa Mga Awit 24:10; Isaias 44:6; Apocalipsis 11:15; 15:3; 2 Nephi 10:14.) Ano ang ibig sabihin ng ang kanyang "kaharian ay hindi rito [sa daigdig]"? (Juan 18:36).

**3. Si Jesus ay hinampas at ipinako sa krus.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mateo 27:27–66; Marcos 15:16–39; Lucas 23:26–56; at Juan 19:17–42. Ipakita ang larawan ng Pagpapako sa Krus.

- Ano ang ginawa ng mga tao kay Jesus matapos siyang mahatulan na mapako sa krus? (Tingnan sa Mateo 27:27–44; Lucas 23:34–39.) Bakit hinayaan ni Jesus na pagmalupitan siya ng mga tao? (Tingnan sa 1 Nephi 19:9.)

Itinala ng mga banal na kasulatan ang pitong pangungusap na binigkas ni Jesus samantalang nasa krus. Basahin at talakayin ang mga talatang nakalista sa ibaba. Habang tinatalakay ninyo ang mga ito, ipakita ang papel na sinulatan ng mga pangungusap o isulat ang mga pangungusap sa pisara.

1. *Lucas 23:34. "Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."*

- Mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ay malalaman natin na noong sabihin ito ni Jesus, siya ay nananalangin para sa mga kawal Romano na nagpako sa kanya sa krus (Pagsasalin ni Joseph Smith ng Lucas 23:35). Ano ang inihahayag nito tungkol sa kanya? Ano ang makamundong paraan ng pagtugon sa mga taong nakasakit o nakasugat ng ating damdamin? Paano tayo pinagpapala kapag sinusunod natin ang halimbawa ni Jesus?

2. *Lucas 23:43. Sa nagsisising magnanakaw: "Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso."*

3. *Juan 19:26–27. Sa kanyang inang si Maria: "Babae, narito, ang iyong anak!" Kay Juan: "Narito, ang iyong ina!"*

- Kaninong mga pangangailangan ang iniisip ni Jesus sa oras ng kanyang pagpapakasakit? (Tingnan sa Lucas 23:43; Juan 19:26–27.) Ano ang matututuhan natin mula rito? (Kung may mga katanungan tungkol sa pangungusap ni Jesus sa Lucas 23:43, tingnan ang ikatlong karagdagang ideya sa pagtuturo.)

4. *Mateo 27:46; Marcos 15:34. "Dios ko, Dios ko bakit mo ako pinabayaan?"*

- Ano ang naranasan ni Jesus sa krus na dahilan kung kaya't nauunawaan at tinutulungan niya tayo kapag tayo ay nag-iisa? Bakit mahalagang malaman na maaaring pasanin ng Tagapagligtas hindi lamang ang ating mga kasalanan kundi maging ang ating kalungkutan, pighati, at takot?

  Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland na: "Dahil sa bandang huli ay kailangan niyang yapakan nang mag-isa ang alilisan ng alak [winepress], magagawa ba niyang tiisin ang pinakamalagim na sandali sa lahat, ang sindak na dulot ng pinakamatinding paghihirap? Ito ay darating hindi sa pamamagitan ng mga tinik at mga pako, kundi sa pamamagitan ng kilabot na nadarama nang dahil sa pag-iisa: . . .  'Dios ko, Dios ko bakit mo ako pinabayaan?' (Marcos 15:34). Magagawa ba niyang tiisin ang lahat ng ating kasalanan *at* gayundin ang ating takot at kalungkutan? Napagtiisan niya at pinagtitiisan niya at pagtitiisan pa niya" (sa Conference Report, Okt. 1989, 32; o *Ensign*, Nob. 1989, 26).

5. *Juan 19:28. "Nauuhaw ako."*

- Sa kabila ng lahat ng dinanas ni Jesus, ito lamang ang kanyang tanging pagbanggit ng pisikal na kabalisahan. Ano ang ibinigay sa kanya nang sabihin niyang nauuhaw siya? (Tingnan sa Juan 19:29.)

6. *Juan 19:30. "Naganap na."*

- Sang-ayon sa Pagsasalin ni Joseph Smith, sinabi ni Jesus na naganap na; naisakatuparan na ang kalooban ng kanyang Ama (tingnan sa Joseph Smith Translation, Matthew 27:54). Bakit kinailangang mamatay ang Tagapagligtas upang maisagawa ang kalooban ng Ama sa Langit? (Tingnan sa 2 Nephi 9:5; 3 Nephi 27:13–16. Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng kanilang mga ideya tungkol sa kung paano sagutin ang tanong ng bata.)

  Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Kinailangan siyang mamatay, upang mabuksan niya ang mga libingan ng lahat ng tao tulad ng pagkabukas ng kanyang sariling libingan. Kung wala ang pusikit na kadiliman ng oras ng pagpapako sa krus, ay hindi magkakaroon ng tagsibol ng paglabas mula sa libingan" (sa Conference Report, Abr. 1975, 4; o *Ensign*, Mayo 1975, 4).

7. *Lucas 23:46. "Ama, sa mga kamay mo ay ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu."*

Kung gagamitin ninyo ang palabas sa video na "To This End Was I Born," ipalabas na ito ngayon.

Katapusan

Ipaliwanag na ang unang naitalang mga salita ng Tagapagligtas noon sa buhay bago pa ang buhay na ito ay "Narito ako, isugo ako" (Abraham 3:27). Kabilang sa kanyang unang naitalang mga salita sa buhay na ito ay ang ""Dapat akong maglumagak sa bahay ng aking Ama" (Lucas 2:49). Kabilang sa huling mga salitang binigkas niya sa buhay na ito ay nang sabihin niya sa Ama na ang kanyang gawain ay natapos na; natupad na ang kalooban ng Ama (tingnan sa Joseph Smith Translation, Matthew 27:54). Hindi kailanman nawala sa isipan ni Jesus ang kalooban ng kanyang Ama o ang kanyang sariling misyon. Maaari sana niyang tawagin ang hukbo ng mga anghel upang iligtas siya, ngunit hindi niya ito ginawa (Mateo 26:53–54). Sa kabila ng pagdurusa, hindi kailanman nawala ang kanyang kababaang-loob at ang kanyang kahandaang isagawa ang walang hanggang Pagbabayad-sala.

Magpatotoo tungkol sa mga katotohanang tinalakay sa aralin. Kung naaangkop, anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga patotoo.

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay mga karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas sa mga panahon ng kahirapan**

Ang mga gawa ng Tagapagligtas noong huling araw ng kanyang buhay sa lupa ay nagpapakita ng kadakilaan ng kanyang pagkatao. Pagbalik-aralan ang ilan sa mga pagsubok na pinagtiisan ni Jesus noong araw na iyon. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Anong mga katangian ng pag-uugali ang makikita kay Jesus sa panahong ito ng paghihirap? (Maaaring maibilang sa mga sagot ang mas nag-alala siya sa iba kaysa sa kanyang sarili, na siya ay mapagpatawad, na masunurin siya sa kagustuhan ng Ama sa Langit, na hindi niya isinumpa ang iba dahil sa kanilang mga kahinaan, at hindi siya dumaing. Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Hilingin sa mga miyembro ng klase na bumanggit ng tiyak na mga pangyayari na nagpapakita sa mga katangiang nabanggit.)
- Anong mga katangian ang makikita sa atin sa panahon ng ating pinakamatinding paghihirap? Paano natin masusundan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa mga panahon ng kahirapan?

**2. "Nagkasala ako sa aking pagkakanulo sa dugong walang kasalanan" (Mateo 27:4)**

- Ano ang ginawa ni Judas sa pagtatangkang magsisi sa pagkakanulo niya sa Tagapagligtas? (Tingnan sa Mateo 27:3–5.) Ano ang matututuhan natin mula sa kanyang karanasan tungkol sa "kabayaran" na ibinibigay ng daigdig sa atin bilang kapalit ng ating mga kasalanan?

**3. "Ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso" (Lucas 23:43)**

Gamitin ang sumusunod na impormasyon kung kailangan ninyong ipaliwanag ang mga salita ng Tagapagligtas sa Lucas 23:43.

Sinabi ni Propetang Joseph Smith na sinabihan ni Jesus ang magnanakaw na, "Ngayon ay ipagsasama kita sa daigdig ng mga espiritu" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 309).

Mula sa Doktrina at mga Tipan 138:36–37 ay nalaman natin na si Jesus ay nagpunta sa daigdig ng mga espiritu sa panahon sa pagitan ng kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli at doon ay inihanda niya ang matatapat na mga espiritu upang ipangaral ang kanyang ebanghelyo sa mga espiritu na hindi nakatanggap ng ebanghelyo sa daigdig.

Aralin
# 27
# "Siya'y Wala Rito; Sapagka't Siya'y Nagbangon"

*Mateo 28; Lucas 24; Juan 20–21*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na makadama ng pasasalamat sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas at sa mga pagpapalang idinudulot nito sa atin.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Mateo 28:1–15; Lucas 24:1–12; Juan 20:1–10. Si Maria Magdalena at ang iba pang mga kababaihan ay nagpunta sa libingan ni Jesus at nakitang wala na itong laman. Ibinalita ng mga anghel na si Jesus ay nabuhay nang mag-uli. Sina Pedro at Juan ay nagpunta upang tingnan ang libingan na wala nang laman. Ang nabuhay na mag-uling Panginoon ay nagpakita sa mga kababaihan.

   b. Lucas 24:13–35. Si Jesus ay lumakad at nakipag-usap sa dalawang disipulo sa daan patungong Emaus. Siya ay hindi nila nakilala hanggang sa hatiin niya ang tinapay para sa kanila.

   c. Mateo 28:16–20; Lucas 24:33–53; Juan 20:19–31. Nagpakita si Jesus sa kanyang mga Apostol, ipinakita sa kanila na nabuhay na siyang mag-uli, at inutusan silang ituro ang ebanghelyo sa lahat ng bansa. Hinipo ni Tomas ang mga sugat sa mga kamay, paa, at tagiliran ni Jesus.

   d. Juan 21. Nagpakita muli si Jesus sa ilan sa mga Apostol sa Dagat ng Tiberias (ang Dagat ng Galilea). Inutusan niya si Pedro na, "Alagaan mo ang aking mga tupa."

2. Karagdagang pagbabasa: Marcos 16; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Pagkabuhay na Mag-uli," 182–183.

3. Hilingan ang isang miyembro ng klase na maghandang ibuod ang tungkol sa paglalakad ni Jesus at ng dalawang disipulo patungong Emaus (Lucas 24:13–32).

4. Kung makukuha ang sumusunod na mga larawan, gamitin ang mga ito sa aralin: Ang Libing ni Jesus (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 231); Ang Libingan ni Jesus (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 232) o ang The Empty Tomb (Gospel Art Picture Kit 245); Si Maria at ang Nabuhay na Mag-uling Panginoon (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 233); Ipinakikita ni Jesus ang Kanyang mga Sugat (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 234); at Ang Nabuhay na Mag-uling si Jesucristo (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 239).

5. Mungkahi sa pagtuturo: Ang utos ng Panginoon kay Pedro na, "Alagaan mo ang aking mga tupa" (Juan 21:16–17), ay angkop sa lahat ng mga guro. Buong panalanging maghanap ng mga paraan upang maging kaakit-akit sa mga miyembro ng klase ang espirituwal na pagkain ng mga banal na kasulatan para

naisin nilang magpakabusog sa mga ito. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit A, Paksa 1, “Walang Higit na Dakilang Tungkulin,” 3.

---

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isalaysay ang sumusunod na kuwento ni Elder James M. Paramore:

“Maraming taon na ang nakalilipas . . . isang manunulat sa isang pahayagan ang tinanong ng isang mahalagang katanungan, ‘Anong pinakamahalagang balita ang maaaring tanggapin ng daigdig?’ ”

- Paano ninyo sasagutin ang tanong na ito?

Si Elder Paramore ay nagpatuloy: “Pinag-isipang mabuti [ng manunulat] ang tanong, kinausap niya ang maraming tao, at binasa ang lahat ng maaari niyang basahin sa pagsisikap na makahanap ng kasagutan para sa kanyang sarili. At sa wakas, inilimbag niya ang kanyang sagot, ‘Ang malaman na buhay ngayon si Jesucristo ang siyang pinakamahalagang balita na maaaring tanggapin ng daigdig. Sa katunayan, kung nabubuhay Siya ngayon, tayo din ay mabubuhay nang walang hanggan tulad ng Kanyang sinabi’ ” (sa Conference Report, Okt. 1990, 80; o *Ensign*, Nob. 1990, 64).

Ipakita ang mga larawan na nakalista sa bahaging “Paghahanda.” Ipaliwanag na ang pagdadalamhati ng mga disipulo sa pagkamatay ni Cristo ay napalitan ng hindi maipaliwanag na kaligayahan sa kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Tayo rin ay maaaring magsaya sa kaalaman na si Cristo ay nabuhay na mag-uli.

Iwanang nakikita ang mga larawan. Tukuyin ang mga ito sa angkop na pagkakataon sa aralin.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin sa mga miyembro ng klase kung paano nakaaapekto sa kanilang pang-araw-araw na buhay ang kanilang kaalaman tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli. Sa halip na subukang alamin ang eksaktong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayaring may kaugnayan sa Pagkabuhay na Mag-uli (ang bawat manunulat ng Ebanghelyo ay may kaunting pinagkaiba sa pagkakasunud-sunod), ituon ang pansin sa mga patotoo hinggil sa Pagkabuhay na Mag-uli na ibinigay sa bawat salaysay ng Ebanghelyo.

**1. Si Maria Magdalena at ang iba pang mga babae ay mga saksi ng nabuhay na mag-uling Panginoon.**

Talakayin ang Mateo 28:1–15; Lucas 24:1–12; at Juan 20:1–10. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata. Ipaliwanag na pagkatapos na mapako sa krus si Jesus, ang kanyang katawan ay binalot sa malinis na telang linen at inilagay sa libingan na pag-aari ni Jose ng Arimatea, isa sa mga disipulo ni Jesus (Mateo 27:57–60; Lucas 23:50–53; Juan 19:38–42). Mabilis itong isinagawa dahil magsisimula na ang Sabbath.

Kinabukasan pagkaraan ng Sabbath, si Maria Magdalena at ang iba pang mga kababaihan ay nagbalik sa libingan na may dalang mga unguento at pabango upang pahiran (pabanguhin) ang katawan ni Jesus.

- Ano ang natuklasan ni Maria Magdalena at ng iba pang mga kababaihan nang dumating sila sa puntod ni Jesus? (Tingnan sa Mateo 28:1–4; Lucas 24:1–4. Pansinin na isinasaad sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Mateo 28, tulad din ng nakasaad sa Lucas, na may dalawang anghel doon.) Ano ang sinabi ng mga anghel sa mga kababaihan? (Tingnan sa Mateo 28:5–7; Lucas 24:5–8.)
- Ano ang ibig sabihin ng mga anghel nang sabihin nilang, "Siya'y nagbangon"? (Si Jesus ay nabuhay na mag-uli.) Ano ang ibig sabihin ng mabuhay na mag-uli? (Tingnan sa Alma 11:42–45; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Pagkabuhay na Mag-uli," 182–183) Anong mga biyaya ang tatanggapin natin dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:22, 50–58; Alma 11:42–45. Tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli at mabibigyan ng katawan na hindi na mamamatay kailanman.)
- Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter na ang mga salitang "Wala siya, datapuwa't nagbangon" (Lucas 24:6) "ay taglay ang lahat ng pag-asa, katiyakan, at paniniwalang kailangan upang maitaguyod tayo sa ating buhay na puno ng hamon at kung minsa'y puno ng dalamhati" (sa Conference Report, Abr. 1986, 18; o *Ensign*, Mayo 1986, 15–16). Paano kayo natulungan ng inyong patotoo hinggil sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli sa panahon ng kahirapan?
- Ano ang ginawa ng mga kababaihan matapos magsalita ang mga anghel? (Tingnan sa Mateo 28:8; Lucas 24:8–9.) Ano ang matututuhan natin mula sa kanilang halimbawa?
- Si Maria at ang iba pang kababaihan ang una sa maraming tao na nakakita kay Jesucristo pagkatapos na siya ay mabuhay na mag-uli (tingnan din sa ikalawa at ikatlong karagdagang mga ideya sa pagtuturo). Bakit sa palagay ninyo naging mahalaga na magpakita ang nabuhay na mag-uling Panginoon sa mga saksi rito sa lupa? (Tingnan sa II Mga Taga Corinto 13:1.)

**2. Ang dalawang disipulo sa daan patungong Emaus ay mga saksi ng nabuhay na mag-uling Panginoon.**

Talakayin ang Lucas 24:13–35. Ipabuod sa inatasang miyembro ng klase ang talata ng banal na kasulatan.

- Bakit malungkot si Cleopas at ang kanyang kasama habang naglalakad sila patungo sa Emaus? (Tingnan sa Lucas 24:13–24.) Ano ang itinuro sa kanila ng nabuhay na mag-uling Panginoon habang sila ay naglalakad? (Tingnan sa Lucas 24:25–27.)
- Ano ang nadama ng dalawang disipulo habang tinuturuan sila ni Jesus? (Tingnan sa Lucas 24:32.) Ano ang nagbigay sa kanila ng damdaming ito? (Ang impluwensiya ng Espiritu Santo.) Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magsalaysay ng mga karanasan nang sila ay makatanggap ng patotoo mula sa Espiritu habang pinag-aaralan nila ang ebanghelyo o pinakikinggan ang isang taong nagtuturo nito.

**3. Ang mga Apostol ay mga saksi ng nabuhay na mag-uling Panginoon.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mateo 28:16–20; Lucas 24:33–53; at Juan 20:19–31.

- Ano ang inakala ng mga Apostol na nakita nila nang magpakita sa kanila ang Tagapagligtas noong kinagabihan ng araw na siya ay nabuhay na mag-uli? (Tingnan sa Lucas 24:36–37.) Paanong tiniyak na muli sa kanila ni Jesus na siya ay isang nilalang na nabuhay na mag-uli, at hindi isang espiritu? (Tingnan sa Lucas 24:38–43.)
- Paano tumugon si Tomas sa mga patotoo ng iba pang mga Apostol na nabuhay na mag-uli na nga ang Panginoon? (Tingnan sa Juan 20:24–25.) Paano siya naniwala na nabuhay na ngang mag-uli ang Panginoon? (Tingnan sa Juan 20:26–29.) Paano natin kung minsan naipakikita ang kahinaan na tulad ng kay Tomas?

  Sinabi ni Elder Gordon B. Hinckley:

  "Hindi ba ninyo naringgan ang iba na nagsalita na tulad ni Tomas? 'Bigyan ninyo kami,' ang sabi nila, 'ng tunay na katibayan. Patunayan ninyo mismo sa aming mga mata, at aming tainga, at aming mga kamay, dahil kung hindi ay hindi kami maniniwala.' Ito ang pananalita ng ating panahon sa kasalukuyan. Ang Nag-aalinlangang si Tomas ang halimbawa ng mga tao, sa lahat ng panahon, na ayaw tumanggap maliban kung ang isang bagay ay makikita at maipapaliwanag—na para bang makikita nila ang pagmamahal, o pananampalataya, o maging ang pisikal na kababalaghang tulad ng elektrisidad. . . .

  "Sa lahat ng nakaririnig sa aking tinig na maaaring may mga pag-aalinlangan, inuulit ko ang mga salitang binigkas kay Tomas habang hinihipo niya ang sugatang mga kamay ng Panginoon: 'Huwag kang di mapanampalatayahin, kundi mapanampalatayahin' " (sa Conference Report, Abr. 1978, 90; o *Ensign*, Mayo 1978, 59).
- Paano natin higit na masusunod ang payo ng Panginoon na, "huwag maging di mapanampalatayahin, kundi mapanampalatayahin"? (Juan 20:27).

**4. Muling nakita si Jesus ng ilan sa mga Apostol sa Dagat ng Tiberia (Dagat ng Galilea).**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Juan 21.

- Muling nagpakita ang nabuhay na mag-uling Panginoon sa pito sa kanyang mga Apostol habang sila ay nangingisda. Paano nila nalaman na si Jesus ang nasa dalampasigan? (Tingnan sa Juan 21:4–7.) Matapos silang kumain, ano ang hiniling ni Jesus na gawin ni Pedro at ng iba pang mga Apostol? (Tingnan sa Juan 21:15–17.) Paano natin maaalagaan ang mga tupa ng Panginoon?
- Ano ang dahilan ni Juan sa pagsusulat ng ilan sa mga bagay na binigkas at ginawa ng nabuhay na mag-uling si Jesus? (Tingnan sa Juan 20:30–31.) Paano kayo nakinabang mula sa pag-aaral ng mga pangyayari sa banal na kasulatan tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus?

Katapusan

Magpatotoo na si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli at dahil sa kanya tayo rin ay mabubuhay na mag-uli. Magbigay ng patotoo tungkol sa lakas at kapanatagan ng kalooban na naidulot sa inyo ng inyong kaalaman hinggil sa Pagkabuhay na Mag-uli.

## Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay mga karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

### 1. "Siya'y nagbangon" (Mateo 28:6)

Makipag-ayos sa isang maliit na grupo na awitin ang "Siya'y Nabuhay" (*Mga Himno*) o "Si Jesus ay Nabuhay" (*Mga Himno*) sa hulihan ng aralin. O ipaawit sa isang grupo ng mga bata ang "Si Jesus Ba ay Talagang Nagbangon?" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

### 2. "Babae, bakit ka umiiyak?" (Juan 20:15)

Bigyang-diin na ang Ebanghelyo ni Juan ang tanging Ebanghelyo na naglalaman ng salaysay tungkol sa pagpapakita ng Panginoon kay Maria Magdalena pagkatapos na pagkatapos ng kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Ipabasa nang malakas sa isang miyembro ng klase ang pangyayaring ito sa Juan 20:11–18. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga kaisipan at damdamin tungkol sa pangyayaring ito.

### 3. Iba pang mga saksi ng nabuhay na mag-uling Panginoon

- Bilang karagdagan sa maraming saksi na binanggit sa mga Ebanghelyo, sino ang iba pang nakakita sa nabuhay na mag-uling Panginoon? (Ang ilang sagot ay nakalista sa ibaba.)

  Esteban (Ang Gawa 7:55)
  Mahigit sa 500 kapatid [na lalaki] (I Mga Taga Corinto 15:6)
  Ang Apostol Santiago (I Mga Taga Corinto 15:7)
  Ang Apostol Pablo (I Mga Taga Corinto 15:8)
  2,500 Banal sa sinaunang mga America (3 Nephi 11:8–15; 17:25)
  Ang Propetang Joseph Smith (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17; Doktrina at mga Tipan 76:22–24)
  Sidney Rigdon (Doktrina at mga Tipan 76:22–24)

### 4. Mga banal na kasulatan tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli

Ang ilang mga talata ng banal na kasulatan mula sa Aklat ni Mormon at Doktrina at mga Tipan ay nakadaragdag sa ating pang-unawa tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli. Talakayin ang lahat ng maaari ninyong talakayin sa mga sumusunod na punto kung may oras pang nalalabi:

a. Si Jesus ang pinakaunang nabuhay na mag-uli (2 Nephi 2:8), at dahil sa kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, ang lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli (2 Nephi 9:22; Alma 11:42, 44).

b. Pagkatapos ni Jesucristo, ang mga tatanggap ng kaluwalhatiang selestiyal ang mauunang mabubuhay na mag-uli, at susundan ng mga tatanggap ng kaluwalhatiang terestriyal, ng mga tatanggap ng kaluwalhatiang telestiyal, at sa bandang huli ng mga anak na lalaki ng kapahamakan (Doktrina at mga Tipan 88:96–102).
c. Kapag nabuhay na tayong mag-uli, ang ating mga espiritu ay sasanib na muli sa ating perpektong katawan, at hindi na kailanman maghihiwalay (Alma 11:43, 45).
d. Ang kaalaman at katalinuhan na matatamo natin sa mundo ay "kasama nating babangon sa pagkabuhay na mag-uli" (Doktrina at mga Tipan 130:18–19).
e. Pagkakaalipin ang tingin ng mga espiritu ng mga patay sa pagkahiwalay nito mula sa katawan; binibigyang daan ng pagkabuhay na mag-uli na maranasan natin ang mapuspos ng tuwa at galak (Doktrina at mga Tipan 138:12–17, 50).

Aralin

# 28

# “Mga Saksi Kami”

*Ang Mga Gawa 1–5*

**Layunin**

Paalalahanan ang mga miyembro ng klase tungkol sa kanilang pananagutan na maging saksi ni Jesucristo at tulungan silang makita kung paano sila tinutulungan ng kaloob na Espiritu Santo na gawin ang gayon.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Ang Mga Gawa 1. Matapos maglingkod sa kanyang mga disipulo sa loob ng 40 araw, ang nabuhay na mag-uling Panginoon ay umakyat sa langit. Pinili si Matias upang punan ang kakulangang iniwan ni Judas sa Korum ng Labindalawang Apostol.
   b. Ang Mga Gawa 2. Sa araw ng Pentecostes, ang mga Apostol ay napuspos ng Espiritu Santo at nangagsalita sa maraming wika. Marami sa mga nakarinig sa kanila ang nagbalik-loob.
   c. Ang Mga Gawa 3–4. Pinagaling nina Pedro at Juan ang isang lalaking lumpo at nagpatotoo na ang lalaki ay pinagaling ng kapangyarihan ni Jesucristo. Nanalangin ang mga Apostol at tumanggap ng dakilang kapangyarihan sa pamamagitan ng Espiritu Santo.
   d. Ang Mga Gawa 5:12–42. Nagpatuloy ang mga Apostol na mangaral at magpagaling sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan. Sila ay dinakip at ikinulong ngunit pinakawalan sa piitan ng isang anghel. Ipinahayag nila sa mga punong saserdote na sinusunod nila ang Diyos sa halip na sundin ang tao. Pinayuhan ni Gamaliel ang mga Fariseo na huwag patayin ang mga Apostol.
2. Karagdagang pagbabasa: Marcos 16:19–20; Lucas 24:49–53; Joseph Smith—Kasaysayan 1:21–25.
3. Kung makukuha ang larawang Ang Pag-akyat sa Langit ni Jesus (34730 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 236), gamitin ito sa aralin.
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, makipag-ayos sa dalawang tao na dumating sa klase bago magsimula ang klase, samantalang nauupo pa ang mga miyembro ng klase. (Kung maaari, ang mga taong ito ay dapat na hindi karaniwang dumadalo sa inyong klase.) Papasukin sila sa silid, gawin sandali ang isang bagay (halimbawa, makipag-usap sa inyo o magdala ng isang bagay sa silid), at pagkatapos ay umalis na. Hindi sila dapat makipag-usap sa mga miyembro ng klase o kaya ay tumawag man lang ng pansin.
5. Mungkahi sa pagtuturo: Kailangang magpatotoo ang mga guro na ang itinuturo nila ay totoo. Magpatotoo tungkol kay Jesucristo at sa kanyang ebanghelyo sa tuwing bibigyang-inspirasyon kayo ng Espiritu, hindi lamang sa bandang huli ng aralin. Ang pagbibigay ng patotoo ay nagdudulot ng kapangyarihan sa inyong pagtuturo. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit A, Paksa 8, “Ang Patotoo ay Mahalaga sa Pagtuturo ng Ebanghelyo,” 15–16, at Yunit E, Paksa 18, “Ang Banal na Tungkulin ng Guro,” 134–138.)

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

**Gawaing Pantawag-pansin**

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Tanungin ang mga miyembro ng klase kung napansin nila ang dalawang taong pumasok sa silid at pagkatapos ay lumabas bago magsimula ang klase (tingnan ang bahaging "Paghahanda"). Kung may nakapansin na sinumang miyembro ng klase, hayaang sabihin nila kung ano ang napuna nila sa mga tao, tulad ng kung sino sila, ano ang suot nila, at kung ano ang ginawa nila. Bigyang-diin na ang mga miyembro ng klase na nakakita sa mga panauhing ito ay mga saksi. (Kung walang nakapansin sa mga panauhin, sabihin kung ano ang ginawa nila at ipaliwanag na ikaw ay isang saksi.) Ang isang tao na nakakita o nakaranas ng isang pangyayari at nagsasabi sa iba ng tungkol dito ay isang saksi.

Tanungin ang sinumang miyembro ng klase na hindi nakakita sa mga panauhin:

- Pinaniniwalaan ba ninyo ang mga sinabi ng mga saksing ito sa inyo? Bakit oo at bakit hindi?

Ipaliwanag na ang aralin sa araw na ito ay tungkol sa sinaunang mga Apostol, mga saksi ng nabuhay na mag-uling si Jesucristo. Nang magpatotoo sila hinggil sa kanya, maraming tao ang naniwala sa kanila at bininyagan sa Simbahan.

---

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, bigyang-diin ang pananampalataya at kapangyarihang taglay ng mga Apostol nang magpatotoo sila tungkol sa nabuhay na mag-uling Panginoon. Talakayin sa mga miyembro ng klase kung paano rin sila maaaring maging mga saksi ni Jesucristo.

Ipaliwanag na ang aklat ng Ang Mga Gawa ay salaysay ni Lucas tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Simbahan sa loob ng humigit-kumulang na 30 taon pagkatapos ng buhay na mortal ni Jesucristo. Ikinuwento ni Lucas ang tungkol sa 40 araw na ministeryo ng nabuhay na mag-uling Panginoon at ang kanyang Pag-akyat sa Langit. Pagkatapos ay inilarawan niya ang malaking espirituwal na pagbuhos sa araw ng Pentecostes, ang pamumuno ni Pedro sa Simbahan, ang sinaunang gawaing misyonero ng mga Apostol, at ang pambihirang pagbabalik-loob ni Pablo. Ang ikalawang bahagi ng aklat ay nakatuon sa gawaing misyonero ni Pablo sa mga Gentil.

**1. Umakyat sa langit ang Panginoon. Tinawag si Matias na maging isang Apostol.**

Talakayin ang Ang Mga Gawa 1. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata. Ipakita ang larawan ng Pag-akyat sa Langit.

- Pagkatapos na mabuhay na mag-uli si Jesus, siya ay lumagi sa piling ng kanyang mga disipulo sa loob ng 40 araw, "at nagpahayag ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Dios" (Ang Mga Gawa 1:3). Sa loob ng ilang sandali bago siya magbalik sa kanyang Ama sa Langit, ano ang ipinangako niya sa kanyang mga Apostol na matatanggap nila sa loob ng sandaling panahon?

(Tingnan sa Ang Mga Gawa 1:4–5; tingnan din sa Lucas 24:49. Bigyang-diin na kahit na naranasan ng mga Apostol ang mga *pagpapahiwatig* ng Espiritu Santo, ay hindi pa nila natanggap ang *kaloob* na Espiritu Santo.)

- Ano ang sinabi ni Jesus sa mga Apostol na dapat nilang gawin pagkatapos nilang matanggap ang kaloob na Espiritu Santo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 1:8.) Paano maihahambing ang tagubiling ito sa pananagutang ibinibigay sa mga Apostol sa ngayon? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:23, 35.) Paano ginampanan ng mga Apostol ang tungkuling ito noong pagkatapos na pagkatapos ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus? (Pansinin, halimbawa, ang ilan sa mga makapangyarihang pagpapatotoo sa Ang Mga Gawa 2–5.) Paano ginagampanan ng mga Apostol ang tungkuling ito sa ngayon?
- Paano tinulungan ng kaloob na Espiritu Santo ang mga Apostol sa kanilang mga pananagutan na maging mga saksi ni Jesucristo? (Tingnan sa Juan 15:26–27; I Mga Taga Corinto 12:3.) Ano ang papel ng Espiritu Santo sa ating mga pagpupunyaging maituro ang ebanghelyo? (Tingnan sa 2 Nephi 33:1; Doktrina at mga Tipan 42:14.)
- Habang pinagmamasdan ng mga Apostol si Jesus na papaakyat sa langit, dalawang kalalakihan na nakaputi ang nakatayo sa hindi kalayuan. Ano ang sinabi ng mga kalalakihang ito sa mga Apostol? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 1:10–11.) Magpatotoo na ang Ikalawang Pagparito ni Cristo ay tunay na mangyayari. Si Cristo ay magbabalik sa mundo upang pasimulan ang Milenyo at maghari sa lupa.
- Pagkatapos ng Pag-akyat sa Langit ng Panginoon, isang bagong Apostol ang pinili upang punan ang kakulangan sa Korum na iniwan ni Judas. Paano napili si Matias bilang bagong Apostol? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 1:21–26.) Paano pinipili sa ngayon ang mga Apostol at iba pang pinuno ng Simbahan? (Tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5.)

**2. Sa araw ng Pentecostes, ang mga Apostol ay napuspos ng Espiritu Santo.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Ang Mga Gawa 2. Ipaliwanag na ang Pista ng Pentecostes ay pagdiriwang ng pag-ani na ginaganap sa loob ng 50 araw pagkalipas ng Pista ng Paskua. Ang mga Judio mula sa maraming bansa ay dumarating sa Jerusalem para sa kapistahang ito.

- Anong mahalagang pangyayari ang naganap sa araw ng Pentecostes, isang linggo makalipas ang Pag-akyat sa Langit ng Tagapagligtas? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 2:1–4. Bigyang-diin kung paano natupad ang mga pangakong ito ng Panginoon sa Juan 14:26, 15:26, at 16:7–14 at sa Ang Mga Gawa 1:5.)
- Ano ang ginawa ng mga Apostol nang matanggap nila ang Espiritu Santo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 2:4.) Ano ang naging reaksiyon ng mga tao nang marinig nilang nagsasalita ng iba't ibang wika ang mga Apostol? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 2:5–13.) Paano katulad ng pangangaral ng ebanghelyo sa ngayon ang pangangaral noong araw ng Pentecostes? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 90:11; 100:5–8.)
- Paano tumugon si Pedro sa mga nangutya sa mga Apostol sa pagsasalita ng mga wika? (Tingnan sa ang Mga Gawa 2:14–24, 36.) Ano ang nakapagpahanga sa inyo sa tugon ni Pedro? Bakit mahalagang magkaroon ng patotoo tungkol kay Jesucristo at sa kanyang banal na misyon? Bakit mahalaga para sa atin ang

ibahagi ang ating mga patotoo sa iba? Paano tayo matutulungan ng Espiritu Santo na maibahagi ang ating mga patotoo?

- Paano nakaapekto ang patotoo ni Pedro sa mga nakarinig nito? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 2:37.) Ano ang itinuro ni Pedro sa mga taong naniwala sa kanyang patotoo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 2:38.) Hayaang ihambing ng mga miyembro ng klase ang Ang Mga Gawa 2:38 sa ikaapat na saligan ng pananampalataya at sa 3 Nephi 27:19–20. Bigyang-diin na ang pangunahing alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo ay magkakatulad sa lahat ng dispensasyon.
- Mga 3,000 tao ang naniwala sa mga salita ni Pedro at nabinyagan. Paano ipinakita ng mga taong ito na sila ay nagbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 2:41–47. Ilista sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase.) Ano ang matututuhan natin mula sa kanilang halimbawa?

**3. Pinagaling nina Pedro at Juan ang lalaking lumpo sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesucristo.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Ang Mga Gawa 3–4. Maaari ninyong naising ipabasa nang malakas sa isang miyembro ng klase ang Ang Mga Gawa 3:1–11.

- Kahit na walang salaping maibigay sina Pedro at Juan sa lalaking lumpo na nasa tarangkahan ng templo, ano ang tanging maiaalok nila sa kanya? Sa anong kapangyarihan napagaling ang lalaki? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 3:6, 12–13, 16; 4:10.) Paano ninyo nadama sa inyong buhay ang nakapagpapagaling na kapangyarihan ni Jesucristo?
- Ginamit ni Pedro ang himalang ito bilang isang pagkakataon upang magpatotoo tungkol kay Jesucristo (Ang Mga Gawa 3:12–26; 4:5–12). Anong mga pagkakataon ang mayroon tayo upang makapagpatotoo tungkol kay Cristo? Paano kayo pinagpala sa pagiging saksi ninyo (o naringgan ang iba na naging mga saksi) ni Jesucristo?
- Ano ang naging reaksiyon ng mga saserdote at Saduceo sa pangangaral ni Pedro? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 4:1–3. Ipinadakip nila sina Pedro at Juan.) Ano ang naging reaksiyon ng maraming tao sa pangangaral? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 4:4.) Bakit sa palagay ninyo magkaibang-magkaiba ang naging reaksiyon ng dalawang grupong ito sa iisang pangangaral? Ano ang inihahayag ng ating reaksiyon sa mga salita ng mga pinuno ng Simbahan tungkol sa kalagayan ng ating mga puso?
- Dahil naroon ang lalaking pinagaling, hindi magawang ikaila ng mga saserdote at Saduceo na naganap ang isang himala (Ang Mga Gawa 4:13–14, 16). Dahil wala silang dahilan para ikulong sina Pedro at Juan, ano sa halip ang ginawa nila? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 4:15–18. Bigyang-diin na ang mga pinuno ng relihiyon ng mga Judio ay umasa na si Jesus at ang kanyang mga turo ay malilimutan pagkatapos ng Pagpapako sa Krus. Nang magpatuloy ang mga Apostol sa pangangaral ng ebanghelyo ni Jesucristo, sila ay tinangkang pigilan ng mga pinuno ng mga Judio.)
- Ano ang naging reaksiyon nina Pedro at Juan sa kahilingan ng mga saserdote at Saduceo na tumigil na sila sa pagtuturo ng ebanghelyo? (Tingnan sa Ang

Mga Gawa 4:19–20.) Ano ang ilang pangyayari sa inyong buhay na maaaring mangailangan ng gayunding lakas ng loob sa pagiging isang saksi ni Jesucristo?

- Matapos mapawalan sina Pedro at Juan, sila ay nagbalik sa mga miyembro ng Simbahan at nanalangin na kasama nila (Ang Mga Gawa 4:23–30). Ano ang hiniling nila sa panalangin? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 4:29–30.) Ano ang nangyari bilang bunga ng panalanging ito at ng kasunod na ginawa ng mga Apostol? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 4:31–35; 5:12–16.)

**4. Nagpatuloy na mangaral ang mga Apostol at nagpagaling sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Ang Mga Gawa 5:12–42.

- Nang magpatuloy ang mga Apostol sa pangangaral at paggawa ng mga himala, sila ay ikinulong ng mga saserdote at Saduceo (Ang Mga Gawa 5:17–18). Paano sila nakalaya mula sa kulungan? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 5:19–20.) Ano ang ginawa nila matapos silang makalaya? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 5:21, 25.) Bakit nagpatuloy ang mga Apostol sa pangangaral ng ebanghelyo maging pagkatapos nilang makulong? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 5:29–32.)
- Anong payo ang ibinigay ni Gamaliel sa mga pinuno ng Judio na nais pumatay sa mga Apostol? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 5:33–39.) Anong mga karanasan ang nagpatunay sa inyo tungkol sa katotohanan ng mga salita ni Gamaliel?
- Anong pagbabago ang idinulot sa mga Apostol ng kaloob na Espiritu Santo? (Ihambing ang Mateo 26:47–56, 69–75 sa Ang Mga Gawa 4:5–21; 5:17–18, 26–42.) Paano tayo mabibigyang inspirasyon ng mga halimbawa ng mga Apostol upang tayo ay maging mga saksi ng katotohanan?

---

Katapusan

Ipaliwanag na pagkatapos matanggap ng mga Apostol ang kaloob na Espiritu Santo, sila ay naging mabisang mga saksi ni Jesucristo. Bagama't may natatanging tungkulin ang mga Apostol na maging mga saksi ni Cristo, ang bawat miyembro ng Simbahan ay may pananagutan din na magbigay ng patotoo hinggil sa kanya. Magbigay ng patotoo na maaari tayong tulungan ng Espiritu Santo na malaman kung kailan at kung paano magpapatotoo tungkol kay Cristo. Habang sinusunod natin ang mga inspirasyong dulot ng Espiritu, ang ating pananampalataya ay madaragdagan, ang pagiging sensitibo natin sa Espiritu ay lalago pa, at tayo ay magiging mabisang mga saksi para sa Panginoong Jesucristo.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay mga karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Pagpapahiwatig ng Espiritu Santo sa paglalaan ng Templo sa Kirtland**

Ipaliwanag na ang pagbuhos ng Espiritu na katulad ng nasa Ang Mga Gawa 2:1–4 ay nangyari sa paglalaan ng Templo sa Kirtland noong ika-27 ng Marso 1836. Ipabasa nang malakas sa isang miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 109:36–37, ito ay bahagi ng panalangin ng paglalaan kung saan ay hiniling ni

Propetang Joseph Smith ang gayong pagbuhos ng Espiritu. Pagkatapos ay ipabasa sa isa pang miyembro ng klase ang sumusunod na pangungusap, na naglalarawan kung paano pinagbigyan ang kahilingang ito:

Sinabi ni Propetang Joseph Smith na sa pulong noong gabi ng paglalaan ng Templo sa Kirtland, "si Kapatid na George A. Smith ay tumayo at nagsimulang magpropesiya, nang may narinig na ingay na tulad ng tunog ng rumaragasang malakas na hangin, na pumuspos sa Templo, at ang buong kongregasyon ay sabay-sabay na nagsitayo, na pinakikilos ng isang hindi nakikitang kapangyarihan; marami ang nagsimulang magsalita sa mga wika at nangagpropesiya; ang iba ay nakakita ng maluwalhating mga pangitain; at namasdan ko na napuno ng mga anghel ang Templo, isang katotohanan ay ipinabatid ko sa kongregasyon. Ang mga tao sa pamayanan ay nangagtakbuhang papalapit (na nakakarinig ng hindi pangkaraniwang tunog sa loob, at nakakakita ng matinding liwanag na tulad ng haligi ng apoy na nakalukob sa Templo), at nangamangha sa nangyayari" (*History of the Church*, 2:428).

**2. "Panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay" (Ang Mga Gawa 3:21)**

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Ang Mga Gawa 3:20–21.

- Ano ang nakini-kinita ni Pedro nang magpropesiya siya tungkol sa "pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay"? (Nakinita niya ang pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.)

**3. "Lahat nilang pag-aari ay sa kalahatan" (Ang Mga Gawa 4:32)**

Talakayin ang Ang Mga Gawa 4:32–5:11. Ipaliwanag na itinuring ng mga miyembro ng sinaunang Simbahan na ang "lahat nilang pag-aari ay sa kalahatan" (Ang Mga Gawa 2:44; tingnan din sa Ang Mga Gawa 4:32, 34–37). Inilaan nila ang lahat ng mayroon sila upang matugunan ang pangangailangan ng bawat isa. (Maaari ninyong naising ihambing ito sa lungsod ni Enoc [Moises 7:18], sa mga inapo ni Lehi [4 Nephi 1:1–3], at sa mga sinaunang miyembro ng Simbahan sa dispensasyong ito [Doktrina at mga Tipan 42:30–34].)

- Ano ang naging reaksiyon ni Bernabe sa sistemang ito ng paglalaan ng mga ari-arian? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 4:36–37.) Paano nilabag nina Ananias at Safira ang sistemang ito? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 5:1–2.) Ano ang sinabi nina Ananias at Safira tungkol sa kanilang mga inasal? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 5:3–4, 8–9.) Paano natin matitiyak na tapat tayo sa Diyos?
- Kahit na hindi tayo namumuhay sa ilalim ng pormal na sistema ng paglalaan, ano ang hinihiling na ibigay natin sa Diyos o kaya ay ibahagi sa ibang tao? (Tingnan sa Omni 1:26; Mosias 4:16; Doktrina at mga Tipan 4:2; 119:4 para sa ilang halimbawa.) Paano natin kung minsan "inililingid ang bahagi ng halaga"?

  Ganito ang naging puna ni Elder Neal A. Maxwell:

  "Sina Ananias at Safira ay kapwa . . . 'inilingid' ang bahagi sa halip na ilaan ang lahat ng mayroon sila (tingnan sa Ang Mga Gawa 5:1–11). Si Jesus ay hindi *ipagbibili* ng ilan sa halagang tatlumpung piraso ng pilak, ngunit hindi rin naman nila *ibibigay* sa Kanya ang lahat ng mayroon sila!

" . . . Iniisip natin na ang paglalaan ay sa pamamagitan lamang ng ari-arian at salapi. Ngunit maraming paraan ng paglilingid ng bahagi. Ang isang tao ay maaaring nagbibigay ng salapi at panahon ngunit gayunma'y ipinagkakait ang malaking bahagi ng kanyang sarili. Ang isang tao ay maaaring nagbabahagi ng mga talento sa madla ngunit may kimkim na kapalaluan kapag nag-iisa na siya. Ang isang tao ay maaaring nag-aatubiling lumuhod sa harapan ng luklukan ng Diyos ngunit nagpapakita ng paggalang o pagpapasailalim sa isang partikular na grupo. Ang isang tao ay maaaring tumanggap ng tungkulin sa Simbahan ngunit ang kanyang puso naman ay mas nakatuon sa pagpapanatili sa papel na kanyang ginagampanan sa mundo" (sa Conference Report, Okt. 1992, 90; o *Ensign*, Nob. 1992, 66).

- Paano natin mapaglalabanan ang pagkatukso sa "paglilingid ng bahagi"? Anong mga biyaya ang magmumula sa pagbibigay natin ng mayroon tayo sa Panginoon?

**4. Gawaing pangkabataan**

Maaaring naisin ng mga guro ng mga kabataan na gamitin ang proseso ng "pagsasanay sa pagtatanong" sa mga bahagi ng aralin (ang prosesong ito ay nakalarawan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit F, Paksa 19, "Pagsasanay sa Pagtatanong," 187). Halimbawa, maaari ninyong hayaang subukan ng mga miyembro ng klase na alamin kung ano ang paksa ng aralin sa pamamagitan ng mga tanong na masasagot ng "oo" o "hindi."

# “Dumadami ang Bilang ng mga Alagad”

Aralin
# 29

*Ang Mga Gawa 6–9*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na malaman na ang gawain ng Simbahan ay isinasagawa ng maraming tao, at iniaambag nilang lahat ang kanilang mga talento at patotoo upang palakasin ang Simbahan.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Ang Mga Gawa 6:1–7. Inordenan ng Labindalawang Apostol ang pitong kalalakihan upang pangasiwaan ang temporal na gawain ng Simbahan.
   
   b. Ang Mga Gawa 6:8–7:60. Si Esteban, na isa sa pito, ay nagpatotoo sa harapan ng Sanhedrin. Nagalit ang mga taong nakikinig sa kanyang mga salita, at siya ay dinala nila palabas sa lungsod at binato siya hanggang sa mamatay.
   
   c. Ang Mga Gawa 8:4–40. Si Felipe, isa sa pito, ay nangaral at nagsagawa ng mga himala sa Samaria. Nagturo siya at nagbinyag ng isang lalaking taga Etiopia.
   
   d. Ang Mga Gawa 8:1–3; 9:1–31. Inusig ni Saulo ang Simbahan hanggang sa makatanggap siya ng pangitain tungkol kay Jesucristo. Si Saulo ay nagbalik-loob at nabinyagan at nagsimulang mangaral ng ebanghelyo.

2. Karagdagang pagbabasa: Ang Mga Gawa 22:1–16; 26:1–5, 9–18.

3. Mungkahi sa pagtuturo: Alalahanin na nagtuturo kayo sa klase ng mga indibiduwal. Maaaring malaki ang pagkakaiba ng kani-kanilang karanasan sa buhay, tagal ng pagkakasapi sa Simbahan, pagkaunawa sa doktrina at mga alituntunin ng ebanghelyo, mga talento at kakayahan, at mga oportunidad sa edukasyon. Hangaring maunawaan ang mga pagkakaiba ng mga miyembro ng klase at tulungan ang bawat tao na maunawaan ang mga katotohanang itinuturo. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit B, Paksa 1, “Isang Maunawaing Puso,” 33–34; Yunit B, Paksa 2, “Paghahanap sa Isa,” 35–38; Yunit B, Paksa 3, “Pagiging Handa ng Mag-aaral,” 39–41; Yunit B, Paksa 6, “Tungkol sa Kabataan,” 51–54; “Pag-unawa sa mga May Sapat na Gulang,” 55.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Tanungin ang mga miyembro ng klase:

- Aling bahagi ng inyong katawan sa palagay ninyo ang pinakamahalaga? Bakit?

Matapos sumagot ang ilang miyembro ng klase ay itanong:

- Sinong miyembro ng Simbahan sa palagay ninyo ang pinakamahalaga? Bakit?

Muli ay hayaang sumagot ang ilang miyembro ng klase. Pagkatapos ay ipabasa sa miyembro ng klase ang I Mga Taga Corinto 12:14–21, at ipabasa sa isa pang miyembro ng klase ang I Mga Taga Corinto 12:12–13. Ipaliwanag na sa mga talatang ito ay inihambing ni Apostol Pablo ang mga miyembro ng Simbahan sa mga bahagi ng katawan. Katulad ng kung paano mahalaga ang paa, kamay, tainga, at mata sa kanilang magkakaibang gamit, gayundin naman na mahalaga ang lahat ng miyembro ng Simbahan sa kanilang magkakaibang mga kasanayan at talento.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

**1. Pitong kalalakihan ang inordenan upang pangasiwaan ang temporal na gawain ng Simbahan.**

Basahin at talakayin ang Ang Mga Gawa 6:1–7. Ipaliwanag na sa ilalim ng pamamahala ng mga Apostol ang Simbahan ay mabilis na lumago, at marami ang nangagbalik-loob sa maraming bansa. Ito ang dahilan ng malaking pagdiriwang, ngunit lumikha din ito ng ilang mga hamon. Habang lumalago ang Simbahan, kinailangan din ng mga Apostol ang ibang mga miyembro upang tumulong sa pamamahala sa Simbahan at sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos.

- Sa paglago ng Simbahan, ang mga grupo sa loob nito ay nagkakaroon din ng mga pagtatalu-talo sa isa’t isa. Bakit nagreklamo ang ilan sa mga miyembrong Griyego laban sa mga miyembrong Hebreo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 6:1.) Bilang mga miyembro ng Simbahan, paano natin mapaglalabanan ang mga alitan at pagkakahati sa ating kalipunan, maging ang mga ito man ay nababatay sa lahi (ethnic), ekonomiya, kultura, o iba pang mga pagkakaiba? Bakit mahalagang mapaglabanan ang gayong mga pagkakahati-hati? (Tingnan sa 2 Nephi 26:33; Doktrina at mga Tipan 38:26–27.)

  Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter na: “Sa pamamagitan ng pagkaunawa at pagtanggap [sa] pangkalahatang pagiging ama ng Diyos ay mapasasalamatan nang lubos ng buong sangkatauhan ang pagmamalasakit ng Diyos sa kanila at ang kaugnayan nila sa bawat isa. Ito ay isang mensahe ng buhay at pagmamahal na tumatagos nang walang kinikilingan sa lahat ng nakasasakal na mga tradisyon na batay sa lahi, wika, katayuang pangkabuhayan o pulitikal, antas ng edukasyon, o kinalakihang kultura, dahil tayong lahat ay may iisang espirituwal na pinagmulan. Banal ang ating ninuno; ang bawat tao ay espirituwal na anak ng Diyos” (sa Conference Report, Okt. 1991, 22; o *Ensign*, Nob. 1991, 18).

- Paano nakapagpapayaman at nakapagpapalakas sa Simbahan ang pagkakaiba-iba sa mga miyembro? Paano tayo maaaring magkaiba-iba ngunit sa kabila nito ay nananatiling nagkakaisa?

- Nadama ng mga Apostol na hindi nila dapat gugulin ang oras ng pangangaral ng ebanghelyo upang ayusin ang mga pagtatalu-talo at asikasuhin ang iba

pang temporal na gawain (Ang Mga Gawa 6:2). Paano nila nilutas ang problemang ito? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 6:3–6.) Bakit mahalagang ibahagi ang gawain ng Simbahan sa maraming tao? Paano kayo pinagpala ng mga pagkakataon na maglingkod sa Simbahan?

- Anong mga pagbabago sa organisasyon ang binigyang inspirasyon na ipagawa ng Panginoon sa mga pinuno ng Simbahan habang lumalago ang Simbahan? (Maaaring maibilang sa mga sagot ang pagkakadagdag ng mga Korum ng Pitumpu o ang kaayusan ng Simbahan sa mga pook na pinamumunuan ng mga Panguluhan ng Pook.) Paano nakatulong ang mga pagbabagong ito sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng Simbahan sa buong daigdig?

**2. Nagpatotoo si Esteban sa harapan ng Sanhedrin at binato hanggang sa mamatay.**

Talakayin ang Ang Mga Gawa 6:8–7:60. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Si Esteban, isa sa pitong kalalakihan na tinawag upang tumulong sa Labindalawang Apostol, ay dinakip dahil sa mga maling paratang na kalapastanganan sa Diyos at dinala siya sa Sanhedrin, ang kapulungan ng mga Judio (Ang Mga Gawa 6:11–15; kung kinakailangan, ipaliwanag na ang kalapastanganan sa Diyos ay ang kawalan ng pitagan sa Diyos o sa mga sagradong bagay). Ano ang ginawa ni Esteban habang nililitis siya ng Sanhedrin? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 7:1–53. Isinalaysay niya ang bahagi ng kasaysayan ng mga Israelita.)
- Bakit sa palagay ninyo binigyang-diin ni Esteban ang makapangyarihang mga gawa ng Panginoon sa kasaysayan ng Israel? Paano tayo makatitiyak na hindi natin nalilimutan ang mga gawain ng Panginoon sa ating buhay? Paano nakatutulong ang pag-alaala sa mga nakaraang biyayang mula sa Panginoon sa pananatili nating matapat sa kasalukuyan?
- Bakit kaya binigyang-diin din ni Esteban ang madalas na pagkalimot at pagsuway ng Israel sa Diyos? Anong paghahambing ang ginawa ni Esteban sa pagitan ng kanyang mga tagapakinig at ng sinaunang suwail na mga Israelita? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 7:51–53.) Ano ang naging reaksiyon ng mga tao sa paghahambing na ito? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 7:54.)
- Anong pangitain ang tinanggap ni Esteban pagkatapos niyang magsalita? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 7:55–56.) Ano ang ginawa ng mga tao nang sabihin niya sa kanila ang tungkol sa kanyang pangitain? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 7:57–58.) Ano ang inihahayag ng huling mga salita ni Esteban tungkol sa kanyang pagiging disipulo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 7:59–60.)

**3. Si Felipe ay nangaral at gumawa ng mga himala sa Samaria.**

Basahin at talakayin ang piling mga talata mula sa Ang Mga Gawa 8:4–40.

- Si Felipe, na isa pa sa pitong kalalakihan na pinili upang tumulong sa mga Apostol, ay nangaral at nagsagawa ng mga himala sa Samaria. Ano ang naging reaksiyon ng mga tao ng Samaria sa mensahe ni Felipe? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 8:6–8, 12.) Paano tinanggap ng mga taong ito ang kaloob na Espiritu Santo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 8:14–17.)

- Ang isa sa mga nagbalik-loob na Samaritano ay isang manggagaway (sorcerer) na nagngangalang Simon. Sino ang binigyang papuri ni Simon sa mga ginawa niyang pagkilos sa pamamagitan ng panggagaway? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 8:9–11.) Kanino nagbigay papuri ang mga Apostol sa mga himala na kanilang nagawa? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 4:7–10.) Bakit malaki ang kahalagahan ng pagkakaibang ito? (Bigyang-diin na ang maraming tao na nakikipagpaligsahan upang makuha ang ating atensiyon at katapatan ay karaniwang ginagawa ang gayon para luwalhatiin ang kanilang sarili. Sa kabaligtaran ay ibinigay ng mga tagapaglingkod ng Diyos ang kaluwalhatian sa Kanya. Ang pagkaunawa sa pagkakaibang ito ay makatutulong sa atin upang pag-aralan ang maraming impluwensiya sa ating buhay.)
- Ano ang ginawa ni Simon nang makita niyang ipinagkakaloob ng mga Apostol ang kaloob na Espiritu Santo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 8:18–19.) Paano sinagot ni Pedro ang kahilingan ni Simon? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 8:20–23.) Paano nagiging karapat-dapat ang isang tao na tumanggap ng kapangyarihan ng pagkasaserdote? (Tingnan sa Mga Hebreo 5:4; Doktrina at mga Tipan 121:36.)

  Sinabi ni Pangulong James E. Faust: "Ang pinakadakilang kapangyarihang ito sa lahat, ang kapangyarihan ng pagkasaserdote, ay hindi nakakamtan sa paraan na tulad ng pagkakamit ng kapangyarihan sa daigdig na ito. Hindi ito maaaring bilhin o kaya nama'y ipagbili. . . . Ang kapangyarihan sa mundong ito ay kadalasang ginagamit sa malupit na pamamaraan. Gayunman, ang kapangyarihan ng pagkasaserdote ay nagagamit lamang sa pamamagitan ng mga alituntunin ng kabutihan na siyang paraan ng pamamahala ng pagkasaserdote" (sa Conference Report, Abr. 1997, 59–60; o *Ensign*, Mayo 1997, 43).

- Paano nakatagpo ni Felipe ang lalaking taga Etiopia? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 8:25–29.) Anong mga biyaya ang dumating kay Felipe at sa taga Etiopia dahil sa pagsunod ni Felipe sa Espiritu? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 8:30–38.) Anong mga biyaya ang dumating na sa inyo (o sa isang taong kilala ninyo) dahil sa sinunod ninyo ang Espiritu?
- Paano nagpakita ng kababaang-loob ang taga Etiopia? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 8:30–39.) Paano nakatutulong sa atin ang kababaang-loob sa pag-unawa at pagtanggap ng salita ng Diyos?

**4. Si Saulo ay nagbalik-loob at nabinyagan at sinimulan niyang ipangaral ang ebanghelyo.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Ang Mga Gawa 8:1–3 at 9:1–31. Ipaliwanag na si Saulo ay dating Fariseo na aktibong umuusig sa sinaunang mga Banal. Naroon siya noong binabato si Esteban (Ang Mga Gawa 7:58) at siya ang may pakana sa pagkakakulong at pagkamatay ng maraming miyembro ng Simbahan (Ang Mga Gawa 8:3; 22:4). Gayunman, nakaranas siya ng mahimalang pagbabalik-loob at naging isang dakilang misyonero.

- Ano ang dahilan ng pagbabago ni Saulo mula sa isang taga-usig ng mga Banal tungo sa pagiging dakilang tagapaglingkod ng Panginoon? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 9:1–9, 17.) Bigyang-diin na nagbalik-loob si Saulo nang marinig niya ang tinig ng Panginoon. Paano natin maririnig ang tinig ng Panginoon? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:38; 6:23; 8:2; 18:34–36.) Paano makatutulong sa ating pagbabalik-loob ang pagdinig sa kanyang tinig?

Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ang pagbabalik-loob ay kadalasang tahimik at unti-unting karanasan, hindi biglaan at mahimalang tulad ng karanasan ni Saulo. Sinabi ni Elder Robert D. Hales na, "Kung minsan ang mga tao ay maaaring magkaroon ng [mga karanasang tulad ng kay Saulo], ngunit kadalasan, ang pagbabalik-loob ay nangyayari pagkaraan ng ilang panahon habang tinutulungan tayo ng pag-aaral, panalangin, karanasan, at pananampalataya na umunlad sa ating patotoo at pagbabalik-loob" (sa Conference Report, Abr. 1997, 111; o *Ensign*, Mayo 1997, 80).

- Sinabi ni Elder Ezra Taft Benson na ang tanong ni Pablo na, "Panginoon, ano po ang gusto ninyong gawin ko?" ang siyang pinakamahalagang tanong na maitatanong natin sa buhay na ito (sa Conference Report, Okt. 1972, 53; o *Ensign*, Ene. 1973, 57). Bakit napakahalaga na itanong natin ito? Paano kayo pinagpala ng pagpapasailalim ninyo sa kalooban ng Panginoon para sa inyo?
- Bakit atubiling makipagkita si Ananias kay Saulo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 9:10–14.) Bakit nagpunta pa rin si Ananias sa kabila ng kanyang pag-aalinlangan? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 9:15–16.) Ano ang matututuhan natin mula sa mga gawa ni Ananias? (Maaaring maibilang sa mga sagot ang mabibigyan tayo ng Diyos ng lakas ng loob na gawin ang anumang hilingin niya sa atin at hindi natin dapat pabayaan ang isang tao, kahit na tila hindi na siya maaaring matulungan sa espirituwal.)
- Ano ang ginawa ni Ananias para kay Saulo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 9:17–18.) Ano ang ginawa ni Saulo pagkatapos siyang mabinyagan? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 9:19–22, 26–29.) Ano ang ating mga pananagutan minsang nagbalik-loob na tayo sa ebanghelyo ni Jesucristo? (Tingnan sa Lucas 22:32; Juan 8:31; Mosias 18:8–10; Doktrina at mga Tipan 88:81.)

---

Katapusan

Bigyang-diin na tayo, tulad nina Esteban, Felipe, at Saulo, ay nabubuhay sa panahon kung kailan mabilis ang paglago ng Simbahan. Magpatotoo na nais ng Panginoon na maglingkod ang bawat isa sa atin sa kanyang kaharian habang lumalago ito. Himukin ang mga miyembro ng klase na makilala at mapasalamatan ang magkakaibang katangian, talento, at karanasan na ibinabahagi ng bawat miyembro ng purok o sangay sa paglilingkod sa Panginoon.

---

## Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay mga karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

### 1. "Mahirap sa iyo ang sumikad sa mga matulis" (Ang Mga Gawa 26:14)

- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Ang Mga Gawa 26:14. Ano ang ibig sabihin ng "sumikad sa mga matulis"? (Ang huwag sundin ang tagubilin o utos. Ang matulis na patpat ay ginagamit kung minsan para tusukin ang mga hayop upang bumilis ang kanilang pagkilos o magpunta sa tiyak na patutunguhan. Kung sisikaran ng hayop ang patpat na ito habang tinutusok siya, mas masasaktan ang hayop.) Paano makasasama kay Saulo ang kanyang mga ikinikilos noong bago niya matanggap ang pangitain? Paano natin sinasaktan ang ating sarili kapag kinakalaban natin ang katotohanan?

**2. Gawaing pangkabataan**

Isulat ang sumusunod na mga salita sa pisara o sa papel: *Ananias, awtoridad, masama, mga mata, Espiritu Santo, liwanag, mangaral, timbangan, walang masabi, nanginginig, sisidlan, tinig.*

Ipaaral sa mga miyembro ng klase ang Ang Mga Gawa 9:1–22 at alamin ang kahalagahan at kaayusan ng mga salitang ito sa kuwento ng pagbabalik-loob ni Saulo. Pagkatapos ay papagkuwentuhin sila na gamit ang lahat ng mga salita.

# “Hindi Nagtatangi ang Dios ng mga Tao”

Aralin 30

*Ang Mga Gawa 10–14; 15:1–35*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na matanto na ang ebanghelyo ay para sa lahat ng tao at na ang Simbahan ay ginagabayan sa pamamagitan ng patuloy na paghahayag.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Ang Mga Gawa 10:1–11:18. Nagpakita ang isang anghel kay Cornelio sa isang pangitain at sinabi sa kanyang ipasundo ang Apostol Pedro. Napagalaman ni Pedro sa isang pangitain na ang ebanghelyo ay dapat ipangaral sa mga Gentil (mga taong hindi Judio). Nagpunta siya sa Cesaria para turuan si Cornelio at ang kanyang pamilya at mga kaibigan. Nagpadama ang Espiritu Santo kay Cornelio at sa iba pa, at sila ay nabinyagan. Binatikos ng ilang miyembro ng Simbahan si Pedro sa pagtuturo niya sa mga Gentil, ngunit noong sabihin niya ang tungkol sa kanyang pangitain, tinanggap nila ito bilang paghahayag para sa Simbahan.

   b. Ang Mga Gawa 12. Pinatay ni Haring Herodes si Santiago at ikinulong si Pedro. Ipinagdasal ng mga Banal ang paglaya ni Pedro, at isang anghel ng Panginoon ang nagpalaya sa kanya. Si Herodes ay hinampas ng anghel ng Panginoon at namatay.

   c. Ang Mga Gawa 13–14. Sina Saulo (kilala na ngayon bilang si Pablo) at Bernabe ay naglakbay sa kauna-unahang pagkakataon bilang mga misyonero, at itinatag ang Simbahan sa ilang lungsod ng mga Gentil.

   d. Ang Mga Gawa 15:1–35. Itinuturo ng ilang mga Banal na Judio na ang mga Gentil na sumasapi sa Simbahan ay kailangang tumupad sa Batas ni Moises, kabilang na ang pagtutuli sa mga kalalakihan. Tiniyak ng mga Apostol na ito ay hindi hinihiling ng Panginoon.

2. Karagdagang pagbabasa: *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Pagtutuli,” 199; “Cornelio,” 35.

3. Kung makukuha ang mapa ng unang paglalakbay ni Pablo bilang isang misyonero (mapa 6 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*), maaari ninyong naising gamitin ito sa aralin.

4. Mungkahi sa pagtuturo: Sinabi ni Elder Gordon B. Hinckley: “Higit pa sa inyong kaalaman ang dapat na tanggapin ng inyong mga tinuturuan. Karapatdapat at nauuhaw sila sa inspirasyong inyong ibibigay. Ibig nila ang mainit na pagtanggap sa mga pakikitungo sa isa’t isa. Ito ang palaging kilalang katangian ng isang dakilang guro” (sa Conference Report, Okt. 1965, 52; o *Improvement Era*, Dis. 1965, 1124). May panalanging isaalang-alang kung paano ninyo mapauunlad at maipakikita ang pagmamahal sa bawat miyembro ng klase. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit A, Paksa 4, “Hangarin ang Dalisay na Pag-ibig ni Cristo,” 8–9.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ibigay ang sumusunod na mga pahiwatig, nang isa-isa, at hilingin sa mga miyembro ng klase na alamin kung anong makasaysayang pangyayari sa Simbahan ang tinutukoy ng mga ito:

1. Paghahayag
2. Ika-8 ng hunyo 1978
3. Pangulong Spencer W. Kimball
4. Pagkasaserdote
5. Opisyal na Pahayag 2

Ipabuklat sa mga miyembro ng klase ang Opisyal na Pahayag 2 (na makikita sa hulihan ng Doktrina at mga Tipan) at ipabasa sa kanila nang tahimik ang ikalawang taludtod (na nagsisimula sa "Sa unang bahagi ng Hunyo"). Bigyang-diin na nakatala sa Opisyal na Pahayag 2 ang paghahayag na maaari nang igawad ang pagkasaserdote sa lahat ng karapat-dapat na lalaking miyembro ng Simbahan.

Kung mayroon sa mga miyembro ng klase na nakaaalala sa araw kung kailan ibinalita ang paghahayag, anyayahan sila na ilarawan kung ano ang nadama nila nang malaman nila ang tungkol dito.

- Sino ang pumayag na maigawad ang pagkasaserdote sa lahat ng karapat-dapat na miyembrong lalaki ng Simbahan? (Ang Panginoon.) Paano ipinaalam ng Panginoon ang kanyang kagustuhan sa Simbahan? (Inihayag niya ito sa propeta, na siya namang nagbalita nito sa mga miyembro ng Simbahan.) Paano nakaapekto sa Simbahan ang paghahayag na ito?

Ipaliwanag na ang paghahayag na ito ay isang halimbawa ng kung paano patuloy na pinapatnubayan ng Panginoon ang kanyang Simbahan sa pamamagitan ng paghahayag. Tinatalakay ng araling ito ang katulad ding paghahayag na ibinigay sa mga miyembro ng Simbahan pagkatapos na pagkatapos ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, bigyang-diin ang kahalagahan sa Simbahan ng patuloy na paghahayag mula sa Panginoon. Himukin ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga patotoo tungkol sa patuloy na paghahayag.

**1. Nalaman ni Pedro sa isang pangitain na ang ebanghelyo ay dapat ipangaral sa mga Gentil.**

Talakayin ang Ang Mga Gawa 10:1–11:18. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga piling talata.

- Anong uri ng tao si Cornelio? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 10:1–2, 30–31. Siya ay mabuting tao na naniniwala sa Diyos, ngunit siya ay isang Gentil, o hindi Judio.) Ano ang mensahe ng anghel kay Cornelio? (Tingnan sa Ang Mga Gawa

10:3–6.) Ano ang naging reaksiyon ni Cornelio sa mensaheng ito? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 10:7–8, 33.) Bakit mahalagang kumilos kaagad-agad sa mga tagubilin o inspirasyon mula sa Diyos?

- Habang naglalakbay ang mga tauhan ni Cornelio sa Joppe, si Pedro ay nakatanggap ng pangitain (Ang Mga Gawa 10:9–16). Ano ang nakita ni Pedro sa pangitaing ito? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 10:11–12.) Ano ang ipinagagawa kay Pedro? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 10:13.) Bakit tumanggi si Pedro? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 10:14. Ayaw niyang kumain ng mga hayop na itinuturing na marumi sa ilalim ng batas ni Moises.) Paano tumugon ang Panginoon sa pag-aalala ni Pedro? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 10:15–16.)
- Sa pakikipagkita niya kay Cornelio ay naunawaan ni Pedro ang ibig sabihin ng kanyang panaginip. Ano ang ibig sabihin nito? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 10:28, 34–35. Ang ebanghelyo ay para sa lahat ng tao, hindi lamang para sa mga Judio. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng "hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao" ay bibigyan ng Diyos ng pagkakataon ang bawat tao na matanggap ang mga pagpapalang dulot ng plano ng kaligtasan.) Bakit naging simbulo ng mga Gentil ang maruruming hayop sa panaginip? (Inakala ng mga Judio na ang mga Gentil ay hindi karapat-dapat sa espirituwal o marumi, tulad ng mga hayop na ipinagbawal ng batas ni Moises na kainin ng mga Judio. Sa pagsasabing ang mga hayop sa panaginip ay "nalinisan" na ngayon, ay sinasabi ng Panginoon kay Pedro na ang ebanghelyo ay dapat na ngayong ipangaral sa lahat ng tao.)
- Pagkatapos ipaliwanag ni Pedro ang kanyang panaginip ay sinimulan niyang turuan si Cornelio at ang kanyang mga kaibigan. Ano ang itinuro niya sa kanyang unang pangangaral sa kanila? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 10:36–43.) Ano ang nangyari samantalang nangangaral si Pedro? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 10:44, 46.) Bakit nakumbinsi nito si Pedro na si Cornelio at ang kanyang mga kaibigan ay dapat nang mabinyagan? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 10:47–48; tingnan din sa Ang Mga Gawa 11:15–17.)
- Ano ang naging reaksiyon ng ilang miyembro ng Simbahan nang marinig nilang nagtuturo si Pedro ng ebanghelyo sa mga Gentil? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 11:1–3.) Bakit nagalit ang mga miyembrong ito? (Hindi nila itinuring ang mga Gentil na bahagi ng mga taong pinili ng Diyos.)
- Paano nagbago ang opinyon ng mga miyembro ng Simbahan matapos sabihin sa kanila ni Pedro ang tungkol sa kanyang pangitain at ang kanyang karanasan kay Cornelio? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 11:4–18.) Ano ang dapat nating gawin kapag nakatanggap tayo ng bagong tagubilin mula sa ating mga pinuno sa Simbahan, kahit na sa una ay ayaw natin ang mga tagubilin o nahihirapan tayong unawain ang mga ito? (Tingnan sa Juan 7:17; 2 Nephi 28:30; Doktrina at mga Tipan 6:11, 14–15.)
- Bakit si Pedro ang nakatanggap ng paghahayag na ituro ang ebanghelyo sa mga Gentil? (Siya ang pinuno ng Simbahan noong panahong iyon.) Sino ang tumatanggap ngayon ng paghahayag para sa buong Simbahan? Bakit mahalagang magkaroon ng iisang tao lamang na tatanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 43:2–6.)

**2. Buong himalang nakalaya si Pedro mula sa kulungan.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Ang Mga Gawa 12.

- Pinatay ni Haring Herodes si Apostol Santiago, pagkatapos ay ikinulong si Pedro at mahigpit na pinabantayan (Ang Mga Gawa 12:1–4). Ano ang naging reaksiyon ng mga miyembro ng Simbahan sa pagkakakulong ni Pedro? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 12:5.) Paano makatutulong sa propeta at sa iba pang mga pinuno ng Simbahan sa ngayon ang ating mga panalangin? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 43:12; 93:51; 107:22.)

  Ipinahayag ni Pangulong Joseph F. Smith na, "Hindi dapat lumipas ang kahit isang araw nang hindi nagpapaabot ng kanilang tinig sa pananalangin sa Panginoon ang mga taong bumubuo sa Simbahan upang itaguyod ang kanyang mga tagapaglingkod" (*Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon [1939], 223).

- Paano nakatakas sa kulungan si Pedro? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 12:6–10.) Sa anong mga pagkakataon buong himalang iniligtas ng Panginoon ang buhay ng isang tao hanggang sa matapos niya ang kanyang misyon sa lupa? (Ang mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan ay kinabibilangan nina Daniel; Sadrach, Mesach, at Abed-nego; Abinadi; Alma at Amulek; at si Joseph Smith.)

- Ano ang nangyari kay Haring Herodes matapos makalaya si Pedro? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 12:21–23.) Ihambing ang nangyari kay Herodes sa nangyari sa Simbahan, ayon sa pagkakalarawan sa susunod na talata (Ang Mga Gawa 12:24). Paano ninyo nakitang lumago ang Simbahan sa kabila ng pagsisikap ng ilang tao na wasakin ito?

**3. Sina Saulo (na kilala na ngayon bilang Pablo) at Bernabe ay nangaral ng ebanghelyo sa mga Gentil.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Ang Mga Gawa 13–14. Kung ginagamit ninyo ang mapa, ituro ang mga lugar na dinalaw nina Pablo at Bernabe habang tinatalakay ninyo ang mga ito.

- Ano ang ipinapakita ng pagtawag kina Saulo at Bernabe tungkol sa kung paano tinatawag ang mga miyembro ng Simbahan na maglingkod sa Diyos? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 13:1–3. Talakayin kung bakit kailangan ang panalangin at pag-aayuno, paghahayag, at awtoridad ng pagkasaserdote sa pagtawag sa mga miyembro upang maglingkod sa Simbahan.) Anong mga karanasan ang nakatulong sa inyo upang malaman na ang mga tungkulin sa Simbahan ay binibigyang inspirasyon ng Espiritu?

- Inanyayahan si Pablo ng mga namumuno sa sinagoga ng Antioquia na magsalita sa araw ng Sabbath (Ang Mga Gawa 13:14–15). Ano ang pangunahing mensahe ni Pablo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 13:23–31, 38–41.) Ano ang naging reaksiyon ng mga Gentil sa Antioquia sa mga misyonero at sa kanilang mensahe? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 13:42–44, 48.) Bakit inusig ng ilan sa mga Judio sina Pablo at Bernabe? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 13:45–47.)

- Ano ang naging reaksiyon ng mga tao sa Listra nang pagalingin ni Pablo ang lalaking pilay? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 14:8–13. Ipaliwanag na sina Jupiter at Mercurio ay mga huwad na diyos na sinasamba ng mga tao.) Paano

tumugon sina Pablo at Bernabe sa papuri at pagbibigay-pansin na ito? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 14:14–18.) Bigyang-diin na ang tunay na mga guro ng salita ng Diyos ay palaging naghahangad na ibigay ang kaluwalhatian sa Diyos at umiiwas na mapansin ang kanilang sarili. Paano ninyo nakita ang saloobing ito sa mga pinuno ng Simbahan sa ngayon?

- Dinalaw nina Pablo at Bernabe ang bawat lungsod, nakatagpo sila ng mga taong sabik tumanggap sa ebanghelyo, ngunit nakatagpo din sila ng mga taong umusig sa kanila at nagsulsol sa iba na magalit sa Simbahan (Ang Mga Gawa 13:43–45, 50; 14:1–6, 19). Bakit bumalik sina Pablo at Bernabe sa bawat lungsod kahit na inusig na sila doon? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 14:21–23. Nagtatag sila ng mga sangay ng Simbahan sa mga lungsod, at nagbalik sila upang hikayatin at turuan ang mga bagong miyembro ng mga sangay na ito.) Ano ang maaari nating gawin upang maitaguyod ang mga bagong miyembro ng ating purok o sangay?

  Ganito ang tinuran ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Sa patuloy na pagdami ng bilang ng mga nagbabalik-loob ay kailangan nating magsikap pa nang lubusan upang tulungan sila habang tinatahak nila ang kanilang daan. Ang bawat isa sa kanila ay nangangailangan ng tatlong bagay: isang kaibigan, isang tungkulin, at pangangalaga sa pamamagitan ng 'mabuting salita ng Diyos' (Moroni 6:4). Tungkulin at pagkakataon natin na ilaan ang mga bagay na ito" (sa Conference Report, Abr. 1997, 66; o *Ensign*, Mayo 1997, 47).

**4. Tiniyak ng mga Apostol na hindi kailangan ng mga Gentil na sundin ang batas ni Moises.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Ang Mga Gawa 15:1–35.

- Anong pagtatalo ang pinuntahan nina Pablo at Bernabe sa Jerusalem upang lutasin? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 15:1–2; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Pagtutuli," 199. Ipaliwanag na ang pagtutuli ay sumisimbulo sa buong batas ni Moises. Ang taong tinuli ay ang taong sumunod sa batas. Kahit na natupad ni Jesucristo ang batas ni Moises, ito ay ipinamumuhay pa rin ng ilang Kristiyanong Judio at nais nilang ipamuhay rin ito ng mga nagbalik-loob na mga Gentil.) Paano nalutas ang pagtatalo? (Matapos ang masusing talakayan, nagpasiya ang mga Apostol sa pamamagitan ng inspirasyon na itigil na ang pagtutuli.)
- Paano ipinakikita ng mga pangyayaring ito na nakasaad sa Ang Mga Gawa 15:6–31 ang parisan kung paano ginagawa ang pagpapasiya tungkol sa patakaran at mga isinasagawa ng Simbahan?

  a. Nagpupulong ang mga pinuno ng Simbahan upang isaalang-alang ang paksa (talata 6).
  b. Tinatalakay nilang mabuti ang paksa (mga talata 7–21).
  c. Gumagawa sila ng pasiya na naaayon sa kalooban ng Panginoon (mga talata 19–21).
  d. Pinagtitibay ng Espiritu Santo na ang pasiya ay tama (talata 28).
  e. Ang pasiya ay ibinabalita sa mga Banal para sang-ayunan (mga talata 22–31).

Katapusan

Magpatotoo na ang Simbahan ay palaging ginagabayan ng banal na paghahayag at ang paghahayag ay patuloy pa rin sa ngayon. Himukin ang mga miyembro ng klase na sundin ang payo ng buhay na propeta at ng ibang mga pinuno ng Simbahan.

**Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay mga karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**Ang Simbahan sa buong daigdig**

Upang maipakita sa mga miyembro ng klase kung gaano na ang isinulong ng Simbahan, ipakita ang mapa ng daigdig. Ituro ang mga lugar kung saan nanirahan ang mga miyembro ng Simbahan noong kapanahunan ni Cornelio (makabagong Israel, Turkey, Grecia, at ang karatig na mga lugar.) Pagkatapos ay ipaturo sa mga miyembro ng klase ang mga lugar kung saan naninirahan ang mga miyembro ng Simbahan sa ngayon. Ipaliwanag na sa pagsisimula ng taong 1998, ang Simbahan ay may mahigit na sa sampung milyong miyembro na naninirahan sa 162 mga bansa at teritoryo. May mahigit sa 57,000 mga misyonero na nangangaral sa 116 na mga bansa, na nagsasalita ng 45 pangunahing mga wika at maraming karagdagang mga diyalekto. (Maaaring makahanap kayo ng mas bagong estadistika sa kamakailan lamang na isyu ng mga magasin ng Simbahan.)

# “Kaya nga, ang mga Iglesia’y Pinalakas sa Pananampalataya”

Aralin 31

*Ang Mga Gawa 15:36–18:22; I at II Mga Taga Tesalonica*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na matuto mula sa mga turo ni Pablo tungkol sa kung paano ibahagi ang ebanghelyo at kung paano mamuhay bilang mga Banal.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Ang Mga Gawa 15:36–41; 16; 17:1–15; 18:1–22. Matapos malutas ang pagtatalo tungkol sa nagbalik-loob na mga Gentil at sa batas ni Moises, sina Pablo at Bernabe ay naghanda para sa kanilang ikalawang paglalakbay bilang misyonero. Hindi sila nagkasundo tungkol sa isang kasamang misyonero at nagpasiyang maghiwalay. Isinama ni Pablo sina Silas at Timoteo at nagsimula ng gawaing misyonero sa Macedonia at Grecia. Madalas silang inuusig ngunit nakapagpapabalik-loob ng maraming tao.

   b. Ang Mga Gawa 17:16–34. Dumalaw si Pablo sa Atenas at nakitang sumasamba sa mga diyus-diyosan ang buong lungsod. Nagpatotoo siya sa mga pilosopong taga Atenas at nangaral sa gitna ng Areopago (Mars Hill) tungkol sa katauhan ng Diyos, ang pagkakaisa ng mga tao bilang mga anak ng Diyos, at ang Pagkabuhay na mag-uli.

   c. I at II Mga Taga Tesalonica. Gumawa si Pablo ng dalawang liham sa mga Banal sa Tesalonica, isang lungsod sa Macedonia. Pinayuhan niya sila tungkol sa pagbabahagi ng ebanghelyo, paghahanda para sa Ikalawang Pagparito, at pamumuhay bilang mga Banal.

2. Karagdagang pagbabasa: I Mga Taga Corinto 2:4–5, 10–13; ‘*Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Sulat ni Pablo, 1 at 2 Mga Taga-Tesalonica, 234–235].’ ”

3. Kung makukuha ang sumusunod na mga materyal, maaari ninyong naising gamitin ang mga ito sa aralin:

   a. Mapa ng ikalawang paglalakbay ni Pablo bilang misyonero, mapa 6 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.

   b. “The Second Coming,” isang tatlong minutong yugto ng *New Testament Video Presentations* (53914).

4. Mungkahi sa pagtuturo: Ang mga miyembro ng klase ay may pananagutang dumating sa klase nang nakahandang magtanong, mag-ambag ng mga ideya, magbahagi ng mga karanasan, at magbigay ng patotoo. Himukin ang mga miyembro ng klase na maghanda para sa klase sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan at araw-araw na pananalangin. Magpahayag ng interes at pasasalamat sa mga ambag sa klase ng mga miyembro ng klase.

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isalaysay ang sumusunod na kuwento:

Habang nakatira sa piling ng pamilyang Heywood sa Lungsod ng Salt Lake noong mga huling bahagi ng taong 1800, si John Morgan ay nanaginip isang gabi na naglalakbay siya sa isang lansangang patungong Georgia. Natandaan niya ang lansangan dahil madalas siyang dumaan dito bilang isang sundalo sa Digmaang Sibil ng Estados Unidos. Nakarating siya sa pagsasanga ng daan at nakita niya si Brigham Young na nakatayo roon. Kahit na ang kanang daan ay patungo sa susunod na bayan, sinabi pa rin sa kanya ni Pangulong Young na tahakin ang kaliwang daanan.

Sinabi ni G. Morgan, na hindi pa miyembro ng Simbahan mga panahong iyon, kay Kapatid na [babae] Heywood ang tungkol sa kanyang panaginip at itinanong kung ano sa palagay niya ang tungkol dito. Sinabi niya sa kanya na naniniwala siyang magiging miyembro ng Simbahan si G. Morgan at magmimisyon sa katimugang estado, at isang araw ay matatagpuan niya ang kanyang sarili na nasa lansangan na nakita niya sa kanyang panaginip. Kapag nangyari iyon ay maaalala niya ang payo ni Brigham Young at tatahakin niya ang kaliwang lansangan.

Maraming taon ang lumipas, matapos mabinyagan si John Morgan at natawag na misyonero sa katimugang estado, siya ay dumating sa sangang-daan na nakita niya sa kanyang panaginip. Naalala niya ang payo na tahakin ang landas sa kaliwa, at kanya itong ginawa. Makalipas ang isang oras, natagpuan niya ang kanyang sarili sa gilid ng Lambak ng Heywood—isang magandang lugar na taglay ang pangalan ng pamilya na tinirahan niya nang mapanaginipan niya ito.

Habang naglalakbay siya sa kabuuan ng lambak at nangangaral, natagpuan niya ang mga taong handang-handa nang makinig sa ebanghelyo. Matapos siyang madinig na magturo, binanggit ng ilang pamilya na may isang hindi kilalang tao na nagpunta sa lambak mga sampung araw na ang nakalilipas, na humihingi ng pahintulot na mamarkahan ang kanilang mga Biblia. Sinabi sa kanila ng estranghero na may isa pang mensahero na darating at ipapaliwanag sa kanila ang minarkahang mga pahina. Ipinaliwanag ni John Morgan ang minarkahang mga pahina habang itinuturo niya ang ebanghelyo. Nang sumunod na mga linggo, tinuruan at bininyagan ni Elder Morgan ang lahat maliban sa tatlo sa dalawampu't tatlong pamilya sa lambak. (Bryant S. Hinckley, *The Faith of Our Pioneer Fathers* [1956], 242–44.)

- Ano ang nakatulong sa tagumpay ni John Morgan bilang isang misyonero? (Maaaring maibilang sa mga sagot na maluwag sa kanyang kalooban ang magtrabahong mabuti, nakikinig siya sa Espiritu, at ang mga puso ng mga tao ay naihanda sa pagtanggap ng ebanghelyo.)

Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa Apostol Pablo, na, tulad ni John Morgan, ay nakinig sa Espiritu at naging matagumpay na misyonero. Sa kanyang ikalawang paglalakbay bilang misyonero, si Pablo ay dumanas ng maraming pag-

uusig ngunit nakatagpo rin ng maraming tao na handang tumanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang tungkol sa ikalawang paglalakbay ni Pablo bilang misyonero, talakayin kung ano ang matututuhan natin mula kay Pablo tungkol sa pagtuturo ng ebanghelyo, paghahanda sa ating sarili na malaman ang ebanghelyo, at pagpapatatag ang ating mga patotoo.

**1. Sina Pablo, Silas, at Timoteo ay nangaral sa buong Macedonia at Grecia.**

Talakayin ang Ang Mga Gawa 15:36–41; 16; 17:1–15; 18:1–22. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga piling talata. Maaari ninyong naising paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ang aklat ng Ang Mga Gawa ay isinulat ni Lucas. Tila baga naglakbay siyang kasama ni Pablo sa ilan sa mga paglalakbay ni Pablo bilang misyonero, dahil madalas niyang gamitin ang salitang *kami* kapag tinutukoy ang mga ginawa ni Pablo at ng kanyang mga kasamang misyonero (Ang Mga Gawa 16:10).

- Sa ikalawa niyang paglalakbay bilang misyonero, si Pablo ay nangaral sa maraming lungsod sa Macedonia at Grecia, kabilang na ang Filipos, Tesalonica, Berea, Corinto, at Atenas. (Ituro ang mga lungsod na ito sa mapa.) Paano ginabayan ng Espiritu si Pablo at ang kanyang mga kasama habang naglalakbay? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 16:6–10; 18:9–11.) Paano ginabayan ng Espiritu ang inyong mga pagsisikap na paglingkuran ang Panginoon?
- Nakatala sa mga banal na kasulatan na pinakinggan at pinaniwalaan ni Lidia ang mga salita ni Pablo dahil binuksan ng Panginoon ang kanyang puso (Ang Mga Gawa 16:14–15). Bakit kailangan ang isang bukas na puso sa pagbabalik-loob sa ebanghelyo? (Tingnan sa Mosias 2:9; Doktrina at mga Tipan 64:34.) Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magsalaysay ng mga karanasan kung kailan binuksan ng Panginoon ang kanilang puso (o ang puso ng isang taong kilala nila) sa ebanghelyo.
- Bakit ikinulong si Pablo at ang kanyang mga kasama sa Tiatira? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 16:16–24.) Paano sila napalaya? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 16:25–26.) Paano nila ginamit ang karanasang ito bilang pagkakataon sa gawaing misyonero? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 16:27–34.) Ano ang ilan pang mga halimbawa, mula sa kasaysayan ng Simbahan o sa inyong sariling buhay, kung saan mabuti ang naging bunga ng pag-uusig?
- Ano ang itinuro ni Pablo sa mga tao sa Tesalonica nang lumagi siya ng tatlong Sabbath sa sinagoga na kapiling sila? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 17:1–3.) Ano ang naging mga bunga ng pagtuturo ni Pablo sa Tesalonica? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 17:4–10.)
- Paano tinanggap ng mga tao sa sinagoga ng Berea ang mga turo ni Pablo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 17:10–12.) Paano natin "[matatanggap] ang salita ng buong pagsisikap" sa pag-aaral ng ebanghelyo?

**2. Nangaral si Pablo sa gitna ng Areopago (Mars Hill) sa mga pilosopong taga Atenas.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Ang Mga Gawa 17:16–34. Ipaliwanag na matapos lisanin ni Pablo ang Berea, siya ay nagpunta sa Atenas, na

siyang sentro ng kultura ng daigdig. Ang pananaw ng mga pilosopo roon sa Diyos ay isa siyang hindi mailarawang nilalang o kapangyarihan, sa halip na literal na Ama ng ating mga espiritu. Sinamba nila ang mga nilikha ng Diyos sa halip na sambahin ang Diyos mismo. Pinalitan nila ang paghahayag ng pangangatwiran at pagtatalo, higit na pinahahalagahan ang karunungan ng mga tao sa halip na ang mga katotohanan ng Diyos.

- Ang mga pilosopo na Ateniense ay "walang ibang ginagawa, kundi ang magsipagsaysay o mangakinig ng anumang bagay na bago" (Ang Mga Gawa 17:21). Paano nakikita ang ganitong sistema sa ngayon? Ano ang maaaring mga panganib sa palaging paghahangad ng "bagay na bago"?
- Ano ang itinuro ni Pablo sa mga Ateniense tungkol sa Diyos? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 17:22–31.) Bakit mahalagang malaman na "tayo nama'y sa kanyang lahi"? (Ang Mga Gawa 17:28). Paano nakatutulong ang pagkaunawa tungkol sa tunay na katauhan ng Diyos at sa kanyang papel bilang ating Ama upang mahalin at sambahin natin siya?
- Sinagot ni Pablo ang katwiran at paliwanag ng mga pilosopo sa pamamagitan ng isang tapat na pagpapatotoo tungkol sa Diyos, na ating Ama. Sa pagtuturo ng ebanghelyo, bakit mas nakahihikayat ang isang matapat na patotoo kaysa sa paliwanag at katwiran? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:4–5, 10–13.)
- Bakit nakinig ang mga pilosopo kay Pablo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 17:18–21.) Paano sa palagay ninyo nakaapekto ang layon na ito sa kanilang tugon sa mensahe ni Pablo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 17:32–33.) Paano natin maihahanda ang ating sarili na pakinggan at unawain ang mga salita ng mga pinuno ng Simbahan?

**3. Sumulat ng mga liham ng pagpapayo si Pablo sa mga Banal sa Tesalonica.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa I at II Mga Taga Tesalonica.

- Nag-alala si Pablo tungkol sa mga Banal sa Tesalonica ngunit hindi nagawang magbalik upang dalawin sila, kung kaya't isinugo niya si Timoteo (I Mga Taga Tesalonica 2:17–18; 3:1–2, 5–7). Matapos ang pagbabalik ni Timoteo, si Pablo ay sumulat ng dalawang liham na nagbibigay ng payo at panghihikayat sa mga Banal sa Tesalonica. Ano ang matututuhan natin mula sa mga pagsisikap ni Pablo sa kapakanan ng mga bagong miyembro ng Simbahan?
- Ano ang itinuturo ni Pablo sa I Mga Taga Tesalonica 1:5 at 2:2–12 tungkol sa kung paano ituturo ang ebanghelyo sa ibang tao? (Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase.) Paano nakatulong sa inyong pagtuturo ng ebanghelyo ang pagsunod sa mga alituntuning ito?
- Anong mga alalahanin ng mga Banal sa Tesalonica ang ipinakikita sa pagpapaliwanag ni Pablo tungkol sa Ikalawang Pagparito? (Tingnan sa I Mga Taga Tesalonica 4:13–18; 5:1–3.) Ano ang sinabi ni Pablo sa mga taga Tesalonica na mangyayari bago ang Ikalawang Pagparito? (Tingnan sa II Mga Taga Tesalonica 2:1–4.) Paano natupad ang propesiyang ito? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:15–16; 112:23; Joseph Smith—Kasaysayan 1:19.)
- Ano ang sinabi ni Pablo sa mga Banal sa Tesalonica na dapat nilang gawin upang makapaghanda para sa Ikalawang Pagparito? (Tingnan sa I Mga Taga Tesalonica 5:4–8.) Ano ang dapat nating gawin upang makapaghanda para sa Ikalawang Pagparito?

Kung gagamitin ninyo ang pagpapalabas ng video na “The Second Coming,” ipalabas na ito ngayon. Maikling talakayin ang payo nina Elder Packer at Elder Maxwell tungkol sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito nang walang anumang pag-aalala kung kailan ito mangyayari.

- Anong payo ang ibinigay ni Pablo sa mga taga Tesalonica tungkol sa pamumuhay bilang mga Banal? (Tingnan sa I Mga Taga Tesalonica 4:9–12; 5:11–22.) Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Ayon sa patnubay ng Espiritu, talakayin ang ilan sa mga punto ng pagpapayo na inyong isinulat. Maaaring ibilang sa talakayan ang kung paano natin higit na masusunod ang payo at kung paano tayo pinagpapala kapag ginagawa natin ang gayon.

---

Katapusan

Magbigay ng patotoo sa mga katotohanang itinuro ni Pablo tungkol sa mga katangiang dapat taglayin ng matagumpay na mga misyonero at maawaing mga Banal sa mga Huling Araw. Himukin ang mga miyembro ng klase na hangaring taglayin ang mga katangiang ito upang makatulong sa paghahanda ng kanilang sarili at ng iba para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon.

---

**Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**Pagtuturo ng ebanghelyo na may tamang saloobin**

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang I Mga Taga Tesalonica 2:2–3. Bigyang-diin na sinabi ni Pablo na ang ebanghelyo ay dapat na ituro nang may tapang at nang walang pandaraya o panlilinlang. Idinagdag pa ni Elder James E. Talmage na dapat nating ituro ang katotohanan nang buong tapang nang hindi pinupulaan o tinutuligsa ang paniniwala ng ibang tao. Ibahagi ang sumusunod na kuwento upang maipakita ito:

Noong estudyante pa siya, minsan ay nilapitan si Elder Talmage ng isang lalaking nag-aalok na ipagbibili sa kanya ang isang napakagandang langis na ilawan. Mayroon nang ilawan noon si Elder Talmage na kasiya-siya sa kanya, ngunit pinapasok pa rin niya ang lalaki sa kanyang silid upang ipakita nito sa kanya kung paano ito gamitin.

“Pumasok kami sa aking silid, at sinindihan ko ang aking magandang ilawan. Puno ng papuri ang aking panauhin. Iyon na daw ang pinakamagandang ilawan, at wala pa siyang nakitang ilawan na mas maayos pa kaysa rito. Pabalik-balik niyang ipinihit ang mitsa, at sinabing perpekto rin ito.

“ ‘Ngayon,’ ang sabi niya, ‘sa pahintulot mo’y sisindihan ko ang aking ilawan,’ at inalis ito sa sisidlan. . . .  Pinaliwanag ng ningas nito ang kasuluk-sulukang bahagi ng aking silid. Dahil sa maningning na liwanag nito ay naging mahina at malabo ang ilaw ng aking ilawan. Sa sandaling iyon ng pagpapakita ko lamang nabatid kung gaano kadilim ang aking naging pamumuhay at pagsisikap, pag-aaral at pagpupunyagi.”

Binili ni Elder Talmage ang bagong ilawan, at sa dakong huli ay iminungkahi niya kung ano ang matututuhan natin mula sa nagtitinda ng ilawan habang itinuturo natin ang ebanghelyo: “Hindi minaliit ng lalaking nagtitinda ang aking

ilawan. Inilagay niya ang kanyang mas maningning na liwanag sa tabi ng aking mas malamlam na ningas, at kaagad akong nagpasiya na kunin iyon.

“Ang mga tagapaglingkod na misyonero ng Simbahan ni Jesucristo sa ngayon ay isinusugo, hindi para batikusin ni tuligsain ang mga paniniwala ng tao, kundi para ipakita sa daigdig ang mas nakahihigit na liwanag, kung saan makikitang mabuti ang mausok na kadiliman ng aandap-andap na ningas ng mga doktrinang gawa ng tao. Ang gawain ng Simbahan ay para magtatag, hindi para manira” (sa Albert L. Zobell Jr., *Story Gems* [1953], 45–48; tingnan din sa *The Parables of James E. Talmage*, tinipon ni Albert L. Zobell Jr. [1973], 1–6).

# “Nangabubuhay sa Pamamagitan ng Espiritu”

Aralin
32

*Ang Mga Gawa 18:23–20:38; Mga Taga Galacia*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na hangarin ang mga inspirasyon mula sa Espiritu Santo at iwasan ang mga saloobin at kilos na hahadlang sa pagtanggap nila ng mga inspirasyong ito.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Ang Mga Gawa 18:23–19:41. Sinimulan ni Pablo ang kanyang ikatlong paglalakbay bilang misyonero. Itinuro nina Aquila at Priscila ang ebanghelyo kay Apolos. Si Pablo ay nagturo, nagbinyag, at naggawad ng kaloob na Espiritu Santo sa mga mananampalataya sa Efeso. Sinulsulan ni Demetrio at ng iba pang mga panday-pilak ang mga tao sa Efeso para magalit kay Pablo.
   b. Ang Mga Gawa 20. Nilisan ni Pablo ang Efeso at nangaral sa Macedonia at Grecia. Sa pagbabalik niya sa Jerusalem, siya ay nagbigay ng talumpati ng pamamaalam sa mga pinuno ng Simbahan mula sa Efeso, na nagbabala laban sa lubusang pagtalikod.
   c. Mga Taga Galacia. Sumulat si Pablo ng isang liham na pinagagalitan ang mga taga Galacia sa pagbabalik sa batas ni Moises. Ipinaalala niya sa kanila ang kahalagahan ng pananampalataya kay Jesucristo at hinikayat silang hangarin ang mga bunga ng Espiritu.
2. Karagdagang pagbabasa: *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Espiritu Santo,” 61–62 at “Sulat ni Pablo, Mga: 1 at 2 Mga Taga-Corinto, Mga Taga-Galacia, Mga Taga-Roma,” 234–235.
3. Kung may makukuhang mapa ng ikatlong paglalakbay ni Pablo bilang misyonero (mapa 7 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*), maaari ninyong naising gamitin ito sa aralin.
4. Mungkahi sa pagtuturo: Ang ilan sa mga pinakamagagandang kuwento at halimbawa ay ang mga nagmumula sa inyong sariling buhay. Umasa na tutulungan kayo ng Espiritu na malaman kung alin sa inyong mga karanasan ang magiging angkop at magagamit sa pagbabahagi sa mga miyembro ng klase. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit E, Paksa 8, “Pagpapayaman sa Inyong mga Aralin sa Pamamagitan ng mga Halimbawa,” 108–110, at Yunit F, Paksa 5, “Ano ang Bumubuo sa Isang Magandang Kuwento?,” 157.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Hilingan ang mga miyembro ng klase na mag-isip ng isang talento o kasanayan (kagaya ng pagtugtog ng isang instrumento, pananahi, pagsusulat, o paglalaro) na minsan na nilang pinagyaman ngunit matagal nang hindi ginagamit. Itanong:

- Komportable pa kaya kayo sa ngayon na gamitin ang talento o kasanayang ito? Ganon pa rin kaya kayo kahusay tulad ng dati? Ano ang kakailanganin ninyong gawin upang magamit ang talento o kasanayang ito na tulad ng paggamit ninyo rito noong nakaraan? (Kung walang miyembro ng klase na makaiisip ng mga talento o kasanayang nabanggit, talakayin ang isang halimbawa mula sa inyong sariling buhay.)

Bigyang-diin na ang pagkakilala sa mga inspirasyon ng Espiritu Santo ay maituturing na isang espirituwal na talento o kakayahan. Kapag lagi nating ginagamit ang talentong ito ay lalo tayong nagiging mahusay rito.

- Paano tayo magkakaroon ng kakayahang makilala ang mga inspirasyon na nagmumula sa Espiritu Santo? (Maaaring maibilang sa mga sagot na sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay, sa paghahangad ng inspirasyon sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at sa pagsunod sa mga inspirasyon kapag natanggap natin ang mga ito.) Ano ang mangyayari kung napaghusay ang kakayahang ito at pagkatapos ay pabayaan na lamang ito?

Ipaliwanag na ang talakayan ngayon tungkol sa ikatlong paglalakbay ni Pablo bilang misyonero at ang kanyang liham sa mga taga Galacia ay kabibilangan ng talakayan ng mga kalagayan kung saan kailangan nating sundin ang mga inspirasyon ng Espiritu Santo at kung paano tayo pagpapalain sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na ito.

---

## Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Buong panalanging piliin ang mga talata ng banal na kasulatan at tanong na pinakamainam na tutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Talakayin kung paano maiaangkop ang mga banal na kasulatan na ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntuning ito ng banal na kasulatan.

**1. Si Pablo ay nagturo, nagbinyag, at naggawad ng Espiritu Santo sa mga mananampalataya sa Efeso.**

Talakayin ang Ang Mga Gawa 18:23–19:41. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga piling talata. Ipaliwanag na matapos makabalik si Pablo mula sa kanyang ikalawang misyon, siya ay nag-ukol ng ilang panahon sa Antioquia, at pagkatapos ay lumisan para sa ikatlong misyon (Ang Mga Gawa 18:22–23). Sa ikatlong misyon na ito ay halos ginugol niya lahat ng kanyang panahon—halos tatlong taon—sa pangangaral sa Efeso. (Kung ginagamit ninyo ang mapa, ituro ang kinalalagyan ni Pablo sa angkop na mga pagkakataon habang tinatalakay ninyo ang kanyang ikatlong paglalakbay bilang misyonero.)

- Si Apolos ay isang Judio na nakaaalam tungkol sa pagbibinyag na itinuro ni Juan Bautista ngunit hindi niya alam ang tungkol sa kaloob na Espiritu Santo. Nang marinig nina Aquila at Priscila, dalawang miyembro ng Simbahan na nasa Efeso, ang pangangaral ni Apolos, itinuro nila sa kanya “ang daan ng Panginoon ng lalong maingat” (Ang Mga Gawa 18:26). Ano ang mga

katangian na naging dahilan upang madaling maturuan si Apolos? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 18:24–28.) Paano rin siya ginawang epektibong guro ng mga katangiang ito? Paano natin tataglayin ang ganitong mga katangian?

- Anong espirituwal na pagpapahiwatig ang naganap nang tanggapin ng ilang mga taga Efeso ang kaloob na Espiritu Santo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 19:6.) Sa alin pang mga pagkakataon naganap ang ganitong uri ng pagpapahiwatig? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 2:1–4; 10:44–46. Ang mga Apostol ay nagsalita sa mga wika nang tanggapin nila ang kaloob na Espiritu Santo sa araw ng Pentecostes. Ang ilang Gentil sa Cesarea ay nagsalita rin sa mga wika matapos tanggapin ni Pedro ang pangitain na dapat ituro ang ebanghelyo sa mga Gentil.) Anong mga pagpapahiwatig ng Espiritu Santo ang madalas na nararanasan sa ngayon? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:15, 23; 8:2 para sa ilang halimbawa; tingnan din sa I Mga Hari 19:12.)

- Bakit iniwan ni Pablo ang sinagoga sa Efeso at nagsimulang magturo sa paaralan sa Tiranno? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 19:8–9. Pansinin na ang ibig sabihin ng *nangangatuwiran* ay nangangaral o nagpapaliwanag.) Paano tayo dapat tumugon sa mga taong umuusig o sumasalungat sa ebanghelyo? (Tingnan 3 Nephi 11:29–30.)

  Itinuro ni Elder Marvin J. Ashton na: "Kapag ang ibang tao ay hindi sumasang-ayon sa ating pinaniniwalaan ay hindi tayo dapat makipagtalo, makipagtunggali, o makipaglaban sa kanila. . . .  Tungkulin nating ipaliwanag ang ating panig sa pamamagitan ng pangangatuwiran, panghihikayat na tulad ng sa isang kaibigan, at mga katotohanan. Tungkulin nating maging matatag at naninindigan sa moral na mga isyu ng ating panahon at sa walang hanggang mga alituntunin ng ebanghelyo, nang hindi nakikipaglaban sa kaninumang tao o organisasyon. Ang pagtatalo ay lumilikha ng pagkakahati sa mga tao. Ang pag-ibig ay nagbibigay daan sa komunikasyon. . . .  Ang pagtatalo ay hindi kailanman naging at hindi kailanman magiging kapanig ng pag-unlad" (sa Conference Report, Abr. 1978, 10; o *Ensign*, Mayo 1978, 7–8).

- Bakit nagalit si Demetrio at ang iba pang mga panday-pilak sa pangangaral ni Pablo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 19:23–28. Sila ay lumilikha at nagbibili ng mga dambanang pilak ni Diana, isang huwad na diyosa, at nangabahala na baka mawalan ng mga suki sa pagtulong ni Pablo sa mga tao na magbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo.) Paano makaaapekto sa ating katapatan sa Diyos ang labis na pag-aalala tungkol sa materyal na kayamanan o iba pang makamundong interes? Paano makaaapekto ang gayong mga alalahanin sa ating kakayahang makinig sa mga inspirasyon ng Espiritu?

- Ihambing ang mga pag-uugali ni Demetrio at ng mga panday-pilak sa pag-uugali ng mga taga Efeso na sumira ng kanilang mga aklat sa panggagaway nang magsimula silang sumunod kay Jesucristo (Ang Mga Gawa 19:18–19). Paano natin mapananatili ang tamang pananaw hinggil sa mga ari-arian sa mundo?

**2. Si Pablo ay nagbigay ng talumpati ng pamamaalam sa mga pinuno ng Simbahan na mula sa Efeso.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Ang Mga Gawa 20. Ipaliwanag na nilisan ni Pablo ang Efeso at naglakbay sa buong Macedonia at Grecia, na ipinapangaral ang ebanghelyo. Nagbalak siyang bumalik sa Jerusalem para sa

Pista ng Pentecostes. Sa kanyang pagbabalik sa Jerusalem, siya ay nagsugo ng isang mensahero upang hilingan ang mga pinuno ng Simbahan sa Efeso na makipagpulong sa kanya sa Mileto. Nagbigay siya ng makaantig damdaming pamamaalam na talumpati at pagkatapos ay nagpatuloy sa kanyang paglalakbay.

- Naniniwalang ito na ang kanyang huling pagkakataon na makikipag-usap sa mga matatanda na taga Efeso, ano ang binigyang-diin ni Pablo sa kanyang pamamaalam na talumpati? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 20:28–35.) Sino ang "mga ganid na lobo" na ibinabala ni Pablo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 20:29. Mga kalaban ng Simbahan.) Sino pa ang ibinabala ni Pablo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 20:30. Mga miyembro ng Simbahan na lubusang tatalikod at magsisikap na akayin palayo ang iba pang mga miyembro.) Sa ating buhay, paano tayo makapag-iingat sa lubusang pagtalikod?
- Ano ang sinabi ni Pablo na dapat gawin ng matatandang taga Efeso upang tumulong sa pangangalaga sa mga miyembro ng Simbahan mula sa mga magsisikap na akayin silang papalayo sa Simbahan? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 20:28; tingnan din sa Juan 21:15–17.) Paano tayo makatutulong sa pangangalaga sa mga tupa ng Diyos mula sa "mga ganid na lobo"?
- Tinapos ni Pablo ang kanyang talumpati sa mga kapatid na taga Efeso sa pamamagitan ng pagpapaalala sa kanila tungkol sa turo ng Panginoon na "lalo pang mapalad ang magbigay kaysa tumanggap" (Ang Mga Gawa 20:35). Paano ninyo nalaman na totoo ito sa inyong buhay?

**3. Pinagalitan at pinayuhan ni Pablo ang mga Banal na taga Galacia.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa liham ni Pablo sa mga taga Galacia. Ipaliwanag na habang si Pablo ay nasa kanyang ikatlong paglalakbay bilang misyonero, sumulat siya ng isang liham sa mga Banal sa Galacia, kung saan ang karamihan sa kanila ay nagbalik sa pagtupad sa batas ni Moises. Pinagalitan niya ang mga naniniwala na ang kaligtasan ay maaaring dumating sa mga gawaing hinihiling ng batas ni Moises sa halip na sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.

- Ano ang layunin ng batas ni Moises? (Tingnan sa Mga Taga Galacia 3:23–26; Jacob 4:4–5; Mosias 13:29–30. Ibinigay ng Panginoon sa mga Israelita ang batas na ito upang tulungan silang maalaala siya at upang ihanda silang tanggapin ang kaligtasan sa pamamagitan ng kanyang Pagbabayad-sala.) Paano natupad ang batas ni Moises? (Tingnan sa 1 Nephi 15:2–5; Alma 34:10; 3 Nephi 9:19. Isinakatuparan ni Jesus ang batas ni Moises sa pamamagitan ng kanyang Pagbabayad-sala, na sinisimbolo ng maraming ordenansa ng batas.)
- Namangha si Pablo sa mabilis na pagbabalik ng mga Banal na taga Galacia sa batas ni Moises matapos na matutuhan ang ebanghelyo ni Jesucristo (Mga Taga Galacia 1:6; 4:9). Bakit nagpakita ng kakulangan ng pananampalataya sa Panginoon ang pagbabalik na ito sa batas ni Moises? (Tingnan sa Mga Taga Galacia 2:16; 3:1–5; 5:1–6.)
- Noong kapanahunan ni Pablo ay hinangad ng ilang tao na sirain, o baguhin ang ebanghelyo ni Jesucristo (Mga Taga Galacia 1:7–8). Ano ang ilang patunay nito sa makabagong panahon? Paano ang dapat na maging tugon natin sa mga pagsisikap na sirain ang ebanghelyo?

- Ano ang matututuhan natin mula sa Mga Taga Galacia 1:11–12 tungkol sa kung paano tayo tumatanggap ng patotoo ng ebanghelyo? Bakit mahalaga na ang ating mga patotoo ay nakabatay sa paghahayag mula kay Jesucristo? (Maaari ninyong naising talakayin kung paanong ang mga patotoong nakatatag sa ibang mga pundasyon, tulad ng pakikipag-ugnayang panlipunan o pagsusuring pangkaisipan, ay kadalasang hindi matatag sa mga pagsubok na nauukol sa pananampalataya.)
- Binalaan ni Pablo ang mga taga Galacia sa paggawa "ng mga gawa ng laman" (Mga Taga Galacia 5:19). Ano ang mga gawa ng laman? (Tingnan sa Mga Taga Galacia 5:19–21.) Ano ang mga bunga ng paggawa ng ganito? (Tingnan sa Mga Taga Galacia 5:21.) Sa kabila ng laganap na mga gawa ng laman sa daigdig sa ngayon, ano ang maaari ninyong gawin sa linggong ito upang mapag-ibayo ang espirituwal na kapaligiran sa inyong tahanan?
- Hinimok ni Pablo ang mga taga Galacia na hanapin ang mga bunga, o resulta, ng pamumuhay ayon sa Espiritu (Mga Taga Galacia 5:16, 25). Ano ang ilan sa mga bungang ito? (Tingnan sa Mga Taga Galacia 5:22–23.) Paano naipakita ang mga bungang ito sa inyong buhay? Ano ang dapat nating gawin kung madarama nating wala ang mga bungang ito sa ating buhay?
- Ano ang itinuro ni Pablo sa mga Banal na taga Galacia tungkol sa kung paano pakikitunguhan ang kanilang mga kapwa? (Tingnan sa Mga Taga Galacia 5:14; 6:2; tingnan din sa Mosias 18:8–10.) Paano tayo maaaring "mangagdalahan . . . ng mga pasanin ng isa't isa"? Paano tayo higit na inilalapit kay Jesucristo ng paggawa ng ganito?
- Ano ang ibig sabihin ni Pablo nang sabihin niyang "Ang Diyos ay hindi napabibiro"? (Tingnan sa Mga Taga Galacia 6:7; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 63:58. Ang isang kahulugan ay ang mga taong sumusuway sa Diyos at hindi nagsisisi ay hinahamak siya at parurusahan sila.) Paano hinahamak ng mga tao ang Diyos sa ngayon?
- Ano ang ibig sabihin ng "ang lahat ng ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya"? (Tingnan sa Mga Taga Galacia 6:7–9.) Paano naaangkop ang alituntuning ito sa ating kakayahang makinig at sumunod sa mga inspirasyon ng Espiritu Santo? Paano ito naaangkop sa ating mga pakikipag-ugnayan sa ibang tao? Paano ito naaangkop sa iba pang situwasyon sa ating buhay?

## Katapusan

Magpatotoo na ang hindi matwid na mga saloobin at kilos, tulad ng pagtatalo, kamunduhan, at lubusang pagtalikod, ang hahadlang sa atin sa pagtanggap ng mga inspirasyon mula sa Espiritu Santo. Ngunit kung magsisikap tayong mamuhay nang matwid at susundin ang mga inspirasyon na ating tinatanggap, ang ating kakayahan na makilala at sundin ang mga inspirasyon ay madaragdagan. Himukin ang mga miyembro ng klase na hangarin at sundin ang mga inspirasyon mula sa Espiritu Santo.

## Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**Pagtuturo ng ebanghelyo tulad ng ginawa ni Pablo**

- Ano ang matututuhan natin mula kay Pablo tungkol sa pagtuturo ng ebanghelyo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 19:8–10, 21; 20:7–12, 18–24, 27, 31, 35–36. Tingnan din ang talakayan sa I Mga Taga Tesalonica 1:5 at 2:2–12 sa aralin 31.)

Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase, at talakayin kung paano natin masusundan ang halimbawa ni Pablo sa ating pagtuturo.

# “Kayo’y Templo ng Dios”

Aralin
33

*I Mga Taga Corinto 1–6*

**Layunin**

Bigyang-inspirasyon ang mga miyembro ng klase na hangarin ang mga biyaya na nagmumula sa pakikiisa kay Cristo, pagsunod sa Espiritu, at pagiging malinis sa pagkatao.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. I Mga Taga Corinto 1:10–13; 3:1–11. Hinikayat ni Pablo ang mga Banal na iwasan ang pagtatalu-talo at maging iisa sa kaisipan at paghatol.
   b. I Mga Taga Corinto 1:17–31; 2:1–16. Pinayuhan ni Pablo ang mga Banal na umasa sa Espiritu sa halip na magtiwala sa karunungan at mga pilosopiya ng daigdig.
   c. I Mga Taga Corinto 3:16–17; 5; 6:9–20. Hinikayat ni Pablo ang mga Banal na maging malinis sa pagkatao.

2. Karagdagang pagbabasa: I Mga Taga Corinto 7–10; *‘Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Sulat ni Pablo, Mga: 1 at 2 Mga Taga-Corinto, Mga Taga-Galacia, Mga Taga-Roma.’ ”

3. Mungkahi sa pagtuturo: Ipinayo ni Elder Boyd K. Packer na: “Mahalaga sa isang guro na maunawaan na ang mga tao ay likas na mabuti. Mahalagang malaman na mas malamang na gagawin nila ang tama. Ang gayong dakilang kaisipan ay nagdudulot ng pananampalataya. Malaki ang pagkakaiba ng pagtayo natin sa harapan ng ating sariling mga anak at ng pagtayo sa harapan ng isang klase ng mga kabataan upang turuan sila” (*Teach Ye Diligently*, [1975], 73).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Gumuhit ng isang daan sa pisara, at gumuhit ng isang kotse o isa pang sasakyan sa daan. Pagkatapos ay ibahagi ang sumusunod na karanasan na isinalaysay ni Elder Joseph B. Wirthlin:

“Samantalang naglalakbay sa isang bulubunduking daan isang gabi na nagkataong may malakas na bagyo na may taglay na madalas na pagkulog at matatalim na pagkidlat, ay halos hindi namin maaninag ng aking asawa [Kapatid na Wirthlin] ang daan, maging sa unahan namin o sa kanan at sa kaliwa. Pinagmasdan kong mabuti ang mga puting guhit sa daan. Ang pananatili sa mga guhit ang dahilan kung bakit hindi kami napunta sa gilid ng daan at mapunta sa matarik na bangin sa kabilang panig at nakatulong ito upang

maiwasan ang mabangga sa mga parating na sasakyan. Ang paglagpas sa magkabilang linya ay magiging lubhang mapanganib. Pagkatapos ay naisip kong, 'Gugustuhin ba ng isang taong matino ang pag-iisip na lumisya sa kaliwa o sa kanan ng linya ng trapiko kung nalalaman niyang masama ang ibubunga nito? Kung pinahahalagahan niya ang kanyang buhay sa mundo, tiyak na mananatili siya sa pagitan ng mga linyang ito.'

"Ang karanasang iyon ng paglalakbay sa daan sa bundok ay tulad din ng buhay. Kung mananatili tayo sa pagitan ng mga linya na minarkahan ng Diyos, tayo ay pangangalagaan niya, at makararating tayo nang ligtas sa ating patutunguhan" (sa Conference Report, Okt. 1990, 80; o *Ensign*, Nob. 1990, 64).

Ipaliwanag na noong panahon na isulat ni Pablo ang kanyang unang sulat sa mga Banal sa Corinto, ang ilan sa kanila ay nagsimula nang lumampas sa mga guhit ng ebanghelyo. Tatalakayin sa araling ito ang mga panghihikayat ni Pablo na pagsisihan ng mga Banal ang tatlong paglihis sa daan na sinimulan nilang gawin. Gumuhit ng tatlong linya sa pisara na nagpapakita na ang sasakyan ay lumilihis sa daan. Sa dulo ng unang linya ay isulat ang *Pagtatalu-talo at hindi pagkakaisa*. Sa dulo ng ikalawang linya ay isulat ang *Pagtitiwala sa karunungan ng daigdig*. At sa dulo ng ikatlong linya ay isulat ang *Imoralidad*.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop sa ating panahon ang payo ni Pablo at kung paano natin maisasagawa ang kanyang turo sa ating sariling buhay.

**1. Iwasan ang pagtatalu-talo at magkaisa.**

Basahin at talakayin ang I Mga Taga Corinto 1:10–13; 3:1–11.

- Anong problema ang tinukoy ni Pablo sa I Mga Taga Corinto 1:10–13? Ano ang ibig sabihin ng ang ilan sa mga Banal ay nagsabing sila ay "kay Pablo," ang ilan ay "kay Apolos," ang ilan ay "kay Cefas," at ang ilan ay "kay Cristo"? (Sa halip na magkaisa bilang mga tagasunod ni Jesucristo, ang ilan sa mga Banal ay nagkahati-hati sa mga grupo sa loob ng Simbahan.) Paano natin kung minsan nagagawa ang ganitong pagkakamali? Ano ang mga bunga ng ganitong uri ng mga pagkakahati-hati? Paano naaapektuhan ng pagkakahati-hati at pagtatalu-talo ang ating pagkakapatiran bilang mga disipulo ni Cristo? (Tingnan sa Mosias 18:21–22; 3 Nephi 11:29–30; Doktrina at mga Tipan 38:27.)
- Ano ang ipinayo ni Pablo na dapat gawin ng mga Banal upang higit na magkaisa? (Tingnan sa Mga Taga Corinto 1:10. Habang binabasa ng isang miyembro ng klase ang talatang ito, isulat sa pisara ang bawat bahagi ng payo ni Pablo tulad ng nakapakita sa ibaba.) Paano natin maisasagawa ang payong ito sa tahanan at sa Simbahan?

  a. "Mangagsalita ng isa lamang bagay."
  b. "Huwag magkakaroon sa inyo ng mga pagkakabaha-bahagi."
  c. "Mangalubos sa isa lamang [na] pag-iisip at isa lamang [na] paghatol."

- Bakit ang "gatas" lamang ng ebanghelyo ang natanggap ng mga Banal sa Corinto? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 3:1–4.) Bakit humahadlang ang pagtatalu-talo sa pagtanggap natin ng "laman" ng ebanghelyo? Paano natin maihahanda ang ating sarili sa pagkain ng "laman" ng ebanghelyo?

- Itinuro ni Pablo na maraming ministro (tagapaglingkod) ang ebanghelyo ngunit si Jesucristo ang siyang tanging tiyak na saligan (I Mga Taga Corinto 3:5–11). Bakit mahalagang ang Tagapagligtas ang siyang saligan ng ating pananampalataya? (Tingnan sa Helaman 5:12.)

**2. Umasa sa Espiritu sa halip na magtiwala sa karunungan ng daigdig.**

Talakayin ang I Mga Taga Corinto 1:17–31; 2:1–16. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga piling talata.

- Itinuro ni Pablo na "gagawing mangmang" ng karunungan ng Diyos ang karunungan ng daigdig (I Mga Taga Corinto 1:18–21). Paano naiiba ang karunungan ng Diyos sa karunungan ng daigdig? (Tingnan sa Isaias 55:8–9; Doktrina at mga Tipan 38:1–2.) Ano ang ilang halimbawa na ginagawang mangmang ng karunungan ng Diyos ang karunungan ng daigdig?

- Sa anong mga paraan nagiging pagpapala sa atin ang sekular na kaalaman? (Kung kailangan, ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *sekular* ay hindi nauukol sa relihiyon.) Sa anong mga paraan magiging batong kinatitisuran ito sa atin? Paano natin mapagtitimbang ang sekular at espirituwal na pagkatuto? (Tingnan sa 2 Nephi 9:28–29.)

  Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball na: "May pagkakataon para makamtan kapwa ang [sekular at espirituwal na pagkatuto] nang magkasabay. . . . Kung gugugulin natin ang ating mga araw sa buhay na ito sa pagkakamit ng sekular na kaalaman at isasaisantabi ang espirituwal, kung gayon tayo ay hindi susulong, dahil ito ang panahon para maghanda ang mga tao sa pagharap sa Diyos; ito ang panahon para patatagin ang pananampalataya, para isagawa ang pagbibinyag, para tanggapin ang Espiritu Santo, para isagawa ang mga ordenansa. Maaaring maging kasabay ng programang ito ang sekular na kaalaman, dahil kahit na maging sa daigdig ng mga espiritu pagkatapos ng kamatayan ang ating mga espiritu ay maaaring magpatuloy sa pagkatuto" (*The Teachings of Spencer W. Kimball*, inedit ni Edward L. Kimball [1982], 390).

- Ano ang ibig sabihin ni Pablo nang sabihin niya na pinili ng Diyos "ang mga bagay na kamangmangan ng sanglibutan, upang hiyain niya ang mga marurunong" at "ang mga bagay na mahihina ng sanglibutan, upang hiyain niya ang . . . malalakas"? (I Mga Taga Corinto 1:27). Bakit madalas piliin ng Diyos ang "mahihinang bagay ng sanglibutan" upang maisakatuparan ang kanyang mga layunin?

- Anong mga kahinaan ang kinaharap ni Pablo habang itinuturo niya ang ebanghelyo? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:1–3.) Paano ginawang mga kalakasan ang kanyang mga kahinaan? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:2, 4–5.) Paano kayo tinulungan ng Panginoon nang madama ninyong hindi ninyo kaya o natatakot kayong gawin ang kanyang gawain?

- Sang-ayon kay Pablo, paano natin malalaman ang "mga bagay ng Diyos"? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:10–13.) Bakit kung minsan ay mas nagtitiwala tayo sa ating karunungan at katalinuhan kaysa sa paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu? Anong mga pagkakaiba ang napansin ninyo sa pagitan ng pagkatuto na nagmumula sa Espiritu at sa pagkatuto na nagmumula sa katalinuhan lamang?

Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie na: "Ang dalisay na relihiyon ay bagay na may kaugnayan sa Espiritu at hindi sa katalinuhan lamang, at ang mga katotohanan nito ay kailangang maipadama sa mga puso ng mga tagapakinig sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, dahil kung hindi, ang kaluluwa ng tao ay hindi mababago . . . at ang naghahanap ng kaligtasan ay hindi nagiging buhay kay Cristo" (*Doctrinal New Testament Commentary*, 3 tomo [1966–73], 2:318).

- Itinuro ni Pablo na imposibleng tanggapin ng "likas na tao" ang mga bagay ng Diyos (I Mga Taga Corinto 2:14). Bakit ganito sa palagay ninyo? Ano ang kailangan nating gawin upang mapaglabanan ang likas na tao? (Tingnan sa Mosias 3:19.)

**3. Maging malinis sa pagkatao.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa I Mga Taga Corinto 3:16–17; 5; 6:9–20.

- Sa ano inihambing ni Pablo ang ating mga katawan? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 3:16–17; 6:19–20.) Bakit sa palagay ninyo naaangkop ang paghahambing na ito? Anong mga bagay ang maaaring makasama sa ating katawan? Ano ang dapat nating gawin upang maituring na mga templo ang ating mga katawan?
- Sa pagbabala niya laban sa maraming mabibigat na kasalanan noong kanyang kapanahunan ay isinama ni Pablo ang ilang seksuwal na kasalanan (I Mga Taga Corinto 6:9). Ano ang batas ng Diyos tungkol sa seksuwal na moralidad? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 42:23; 59:6.)

  Sinabi ni Elder Richard G. Scott na: "Ang anumang seksuwal na pagtatalik sa labas ng buklod ng kasal—ang ibig kong sabihin ay anumang sinasadyang pagdaiti sa sagrado at pribadong mga bahagi ng katawan ng isang tao, mayroon mang saplot o wala—ay kasalanan at ipinagbabawal ng Diyos. Paglabag din ang sadyaing pukawin ang mga damdaming nasa loob ng inyong sariling katawan" (sa Conference Report, Okt. 1994, 51; o *Ensign*, Nob. 1994, 38).

- Bakit napakabigat ng mga kasalanang seksuwal? (Tingnan ang sumusunod na mga siping-banggit.) Ano ang mga biyaya ng pagkakaroon ng malinis na pagkatao?

  Itinuro ni Elder Joseph B. Wirthlin na: "Ang isa sa mga pinakalaganap na panlilinlang sa mga nakaraang taon ay ang pagpapalagay na ang imoralidad ay normal at katanggap-tanggap at walang negatibong mga ibubunga. Sa katotohanan, ang imoralidad ang siyang pangunahing dahilan ng karamihan sa mga paghihirap at iba pang mga problemang umiiral sa ngayon, kabilang na ang lumalaganap na sakit, pagpapalaglag, mga sirang tahanan, mga pamilyang walang ama, at mga ina na pawang mga bata pa" (sa Conference Report, Okt. 1994, 100–101; o *Ensign*, Nob. 1994, 76).

  Itinuro ni Elder Boyd K. Packer na: "Alam ni [Satanas] na ang kapangyarihan ng paglikha ay hindi lamang nagkataon sa plano, kundi ito ang susi rito. Alam niya na kung matutukso niya kayong gamitin ang kapangyarihang ito nang wala sa panahon, na gamitin ito kaagad-agad, o gamitin ito sa maling paraan, ay maaaring mawala sa inyo ang mga pagkakataon para sa walang hanggang pag-unlad" (sa Conference Report, Abr. 1972, 137; o *Ensign*, Hulyo 1972, 112).

- Pinayuhan ni Pablo ang mga Banal na "huwag kayong [makisama] sa mga mapakiapid" (I Mga Taga Corinto 5:9). Paano maaaring iangkop ang payong ito sa atin? (Talakayin kung paano makaaapekto ang mga kaibigan at uri ng libangan na ating pinipili sa ating mithiin at kakayahang maging malinis sa pagkatao.) Paano natin maiiwasan ang mahahalay na impluwensiya?
- Anong mga paraan ang ginagamit ni Satanas sa pagsisikap na hikayatin tayo na may mga hindi kasali sa mga batas ng Diyos tungkol sa moralidad? (Tingnan ang siping-banggit sa ibaba.) Paano natin mapaglalabanan ang mga tuksong ito? Anong katiyakan ang ibinibigay sa atin ng I Mga Taga Corinto 10:13 habang sinisikap nating paglabanan ang tukso na makagawa ng kasalanang seksuwal? Paano kayo pinagpala sa paghahangad ninyo ng tulong mula sa Panginoon upang mapaglabanan ang tukso?

  Sinabi ni Elder Richard G. Scott na: "Tinutukso ni Satanas ang isang tao na maniwala na may mga katanggap-tanggap na antas ng pisikal na pagdadaiti sa pagitan ng sumasang-ayong mga indibiduwal na naghahangad ng matinding pagkapukaw ng mga damdaming likha ng mga ito, at kung hindi lalampas sa mga hangganan, ay walang masamang ibubunga. Bilang saksi ni Jesucristo, pinatototohanan ko na ito ay malaking kamalian. . . . Magpasiya kung ano ang inyong gagawin at kung ano ang hindi. Kapag dumating ang tukso, huwag ninyong baguhin ang inyong mga pamantayan" (sa Conference Report, Okt. 1994, 51; o *Ensign*, Nob. 1994, 38).
- Anong pangako ang ipinaaabot ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa mga nagsisisi sa mga seksuwal na kasalanang ginawa? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 6:11; Isaias 1:18; Doktrina at mga Tipan 58:42.)

---

Katapusan

Magpatotoo na tulad ni Pablo, ang mga apostol at propeta sa ating panahon ay patuloy na nagtuturo sa atin kung ano ang dapat nating gawin upang manatili sa mga hangganang itinakda ng Panginoon. Maaari ninyong naising talakayin nang sandali ang isang talumpati sa kamakailan lamang ginanap na komperensiya kung saan ang propeta o ang isa sa mga apostol ay nagsalita tungkol sa isang paksa na tinalakay ni Pablo sa kanyang liham sa mga taga Corinto, tulad ng pag-iwas sa pagtatalo, pagtitiwala sa Espiritu, o pananatiling malinis sa pagkatao. Kung naaangkop, ibahagi kung paano kayong pinagpala sa pagsunod ninyo sa payong mula kay Pablo o sa isa sa mga apostol o propeta ng mga huling araw.

---

**Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. "Anumang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya" (I Mga Taga Corinto 2:9)**

- Ano ang pinakakahanga-hanga o pinakamagandang bagay na nakita na ninyo o naranasan?

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang I Mga Taga Corinto 2:9. Magpatotoo na ang mga biyayang inihanda ng Diyos para sa atin kung mahal natin siya at sinusunod ang kanyang mga kautusan ay higit na kahanga-hanga kaysa anumang bagay na maiisip natin.

**2. “Ang kapatid ay nakikipag-usapin laban sa kapatid” (I Mga Taga Corinto 6:6)**

Basahin at talakayin ang I Mga Taga Corinto 6:1–8.

- Paano nilutas ng karamihan sa mga Banal sa Corinto ang kanilang mga pagtatalu-talo? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 6:1–8.) Paano ito lumikha ng higit na pagkakahati-hati? Paano nakikita ang problemang ito sa ngayon? Ano ang matututuhan natin mula sa payo ni Pablo?

# “Iniingatan Ninyong Matibay ang mga Turo, na Gaya ng Ibinigay Ko”

Aralin
34

*I Mga Taga Corinto 11–16*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na kilalanin ang kahalagahan ng pamumuhay nang naaayon sa mga doktrina ng ebanghelyo at pagtanggap ng mga ordenansa ng pagkasaserdote.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. I Mga Taga Corinto 11:1–3, 11–12. Itinuro ni Pablo ang ugnayan ng mga mag-asawa sa isa’t isa at sa Panginoon.
   b. I Mga Taga Corinto 11:17–29. Itinuro ni Pablo na ang sakramento ay isang sagisag ng sakripisyo ng Tagapagligtas at dapat na tanggapin bilang pag-alaala sa Kanya.
   c. I Mga Taga Corinto 12–14. Itinuro ni Pablo na maraming espirituwal na kaloob at ang lahat ng mga ito ay mahalaga sa Simbahan. Itinuro niya na ang pag-ibig sa kapwa-tao ay mas mahalaga kaysa alinman sa ibang mga kaloob o katangian. Itinuro niya na ang mga espirituwal na kaloob ay dapat gamitin para sa kapakanan ng lahat.
   d. I Mga Taga Corinto 15. Itinuro ni Pablo na dahil kay Jesucristo, lahat tayo ay mabubuhay na mag-uli. Binanggit din niya ang pagbibinyag para sa mga patay at ang tatlong antas ng kaluwalhatian.

2. Karagdagang pagbabasa: 3 Nephi 18:1–14; Moroni 7:44–48; 10:8–18; Doktrina at mga Tipan 46:1–26; 76:50–119; 88:27–32, 95–102.

3. Kung makukuha ang sumusunod na mga larawan, gamitin ang ilan sa mga ito sa aralin upang ilarawan ang pag-ibig sa kapwa-tao: Waiting Our Turn (62316), Sharing the Tricycle (62317); Family Fun (62384); Administering to the Sick (62342; Gospel Art Picture Kit 613); Home Teaching (Gospel Art Picture Kit 614); Serving One Another (Gospel Art Picture Kit 615).


4. Mungkahi sa pagtuturo: Upang mabisang maituro ang ebanghelyo, kailangan ng mga guro ang kaloob na maunawaing puso. Upang higit na maunawaan ang mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase, ang mga guro ay dapat na magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao at magabayan ng Espiritu Santo. Dapat ay buong panalanging isaalang-alang ng mga guro ang mga pangangailangan ng bawat miyembro ng klase at kung paano makatutulong sa pagtugon sa mga pangangailangang iyon. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit B, Paksa 1, “Isang Maunawaing Puso,” 33–34.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Tanungin ang mga miyembro ng klase kung alam nila kung ano ang padila (railroad switch point). Gumuhit ng isa sa pisara (tulad ng nakapakita sa ibaba), at ipaliwanag na ang padila ay isang lugar sa riles ng tren kung saan maaaring ilipat ang tren mula sa isang riles patungo sa isa pang riles.



Ibahagi ang sumusunod na karanasan na isinalaysay ni Elder Gordon B. Hinckley:

"Maraming taon na ang nakalilipas nang magtrabaho ako sa punong tanggapan ng isa sa ating mga istasyon ng tren. Nakatanggap ako ng tawag sa telepono isang araw mula sa aking kasama sa trabaho sa Newark, New Jersey, na nagsabing isang pampasaherong tren ang dumating nang hindi kasama ang lalagyan ng mga bagahe. Nagalit ang mga pasahero.

"Natuklasan namin na ang tren ay ginawa nang maayos sa Oakland, California, at dinala nang maayos sa St. Louis, at mula sa istasyong ito ay dadalhin naman ito sa patutunguhan nito sa silangang bahagi [ng Estados Unidos]. Ngunit sa bakuran ng St. Louis, isang lalaki na tagapindot (switchman) ang naglipat ng isang piraso ng bakal na may tatlong pulgada ang haba. Ang kapirasong bakal na iyon ang siyang padila (switch point), at ang lalagyan [ng bagahe] na dapat na nasa Newark, New Jersey, ay nasa New Orleans, Louisiana, na dalawang libo at siyamnapung kilometro ang layo" (sa Conference Report, Okt. 1972, 106–7; o *Ensign*, Ene. 1973, 91).

Kapag natapos na ninyo ang kuwento, ituro ang padila na nasa pisara at itanong ang mga sumusunod:

- Paano nagkaroon ng gayon kalaking epekto sa kinahantungan ng tren ang gayong tila napakaliit na pagbabago? Ano ang ilang maaaring padila [switch point] sa ating buhay? (Maaaring maibilang sa mga sagot ang mga kaganapan, pasiya, bagong kaalaman, o anumang mga pagbabago sa direksiyon ng ating buhay. Ang mga padila ay maaaring maging negatibo kung aakayin tayo ng mga ito palayo sa katotohanan o kaya ay positibo kung ibabalik tayo ng mga ito sa tamang landas.)

Ang mga huling kabanata ng unang liham ni Pablo sa mga taga Corinto ay nakapatungkol sa apat na padila sa doktrina kung saan nalayo sa katotohanan ang mga taga Corinto. Ipaliwanag na habang pinag-aaralan natin ang mga turo ni Pablo sa mga kabanatang ito, ay mapatatatag natin ang ating pangako na sundin ang landas ng kabutihan na aakay sa atin patungo sa ating Ama sa Langit.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

**1. Ang mga ugnayan ng mag-aasawa sa isa't isa at sa Panginoon**

Basahin at talakayin ang I Mga Taga Corinto 11:1–3, 11–12.

- Anong tatlong ugnayan ang binabanggit ni Pablo sa I Mga Taga Corinto 11:3? Bakit sa palagay ninyo pinagsama-sama ni Pablo ang lahat ng mga ugnayang ito? Anong mga katangian ang umiiral sa ugnayan sa pagitan ni Jesucristo at ng kanyang Ama? (Tingnan sa Juan 5:20; 8:29; 17:21–22.) Paano maaaring mapasaatin ang mga katangiang ito sa ating ugnayan kay Jesucristo? Paano maaaring mapaunlad ng mga mag-asawa ang mga katangiang ito sa kanilang ugnayan?
- Ano ang ibig sabihin ng "ang babae ay di maaaring walang lalake at ang lalake ay di maaaring walang babae sa Panginoon"? (I Mga Taga Corinto 11:11). Bakit napakahalaga ng ugnayan ng mag-asawa sa kaharian ng Diyos? Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa kung paano dapat pakitunguhan ng mag-asawa ang bawat isa?

  Itinuro ni Pangulong Marion G. Romney na: "Ang [mag-asawa] ay dapat na magkasundo, may paggalang, at may konsiderasyon sa isa't isa. Wala ni isa sa kanila ang dapat magbalak o sumunod sa isang nagsasariling hakbangin. Dapat silang magsanggunian, manalangin, at magpasiya na magkasama. . . . Tandaan na ni ang babae o lalaki ay hindi alipin ng isa. Ang mga mag-asawa ay pantay sa lahat ng bagay" ("In the Image of God," *Ensign*, Mar. 1978, 2, 4).

Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, talakayin kung paano magsisilbing positibo o negatibong padila [switch point] sa ating buhay ang mga ugnayang ito.

**2. Ang layunin ng sakramento**

Basahin at talakayin ang I Mga Taga Corinto 11:17–29. Ipaliwanag na marami sa mga Banal sa Corinto ang hindi sumusunod sa layunin ng pulong-sakramento. Sa halip na ituon ang pansin sa ordenansa ng sakramento, sila ay nagtatalu-talo at kumakain at nag-iinuman nang labis (I Mga Taga Corinto 11:18–22).

- Ano ang pangunahing layunin ng pulong-sakramento? (Tingnan ang Joseph Smith Translation ng 1 Corinthians 11:20, kung saan sinasabing ang layunin ay upang kainin ang hapunan ng Panginoon?)

  Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland na: "Dahil sa laki ng nakataya [ang sakramento] ay dapat na tanggapin nang mas taimtim kaysa sa dati. Ito ay dapat na maging makapangyarihan, mapitagan, at sandali ng pagmumuni-

muni. Dapat itong humimok ng espirituwal na damdamin at impresyon. Dahil dito kung kaya hindi ito dapat madaliin. Hindi ito isang bagay na dapat 'mairaos lamang' upang ang tunay na layunin ng pulong-sakramento ay maisagawa. Ito *ang* tunay na layunin ng pulong" (sa Conference Report, Okt. 1995, 89; o *Ensign*, Nob. 1995, 68).

- Sang-ayon kay Pablo, ano ang mga layunin ng sakramento? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 11:23–26; tingnan din sa Lucas 22:19–20.) Paano natin higit na maitutuon ang ating mga puso at isipan kay Jesus habang tinatanggap natin ang sakramento?
- Ano ang itinuro ni Pablo tungkol sa kahalagahan ng pagtanggap ng sakramento nang karapat-dapat? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 11:27–29.) Ano ang ibig sabihin ng tanggapin ang sakramento nang hindi karapat-dapat? Bakit mahalagang bahagi ng sakramento ang pagsusuri ng ating pagiging karapat-dapat?
- Paano kayo nabiyayaan ng pagtanggap ng sakramento? Paano magagawang higit na makabuluhan ang ordenansang ito sa ating buhay?

Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, talakayin kung paanong ang ating saloobin sa sakramento ay maaaring maging padila (switch point) sa ating buhay.

**3. Ang kahalagahan ng lahat ng espirituwal na kaloob**

Talakayin ang I Mga Taga Corinto 12–14. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata. Ipaliwanag na iminumungkahi ng liham ni Pablo na ang mga Banal sa Corinto ay maaaring nagbigay ng labis na pagpapahalaga sa kaloob ng mga wika (I Mga Taga Corinto 14:2–14, 27–28). Sa mga kabanata 12–14, ipinaliwanag ni Pablo na ang lahat ng mga kaloob ng Espiritu ay mahalaga, ngunit dapat hangarin ng mga Banal ang mga kaloob na magiging kapaki-pakinabang sa lahat.

- Ano ang mga espirituwal na kaloob? (Mga espirituwal na kaloob o kakayahan na ibinibigay sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:7–11; Doktrina at mga Tipan 46:11.) Bakit nagbibigay ang Diyos ng mga espirituwal na kaloob? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 46:26.)
- Anong mga kaloob ng Espiritu ang naranasan o namalas na ninyo? (Maaari ninyong naising ilista at talakayin ang ilan sa mga espirituwal na kaloob na inihayag sa I Mga Taga Corinto 12:8–10, Moroni 10:8–17, at Doktrina at mga Tipan 46:13–25.) Paano kayo nabiyayaan ng mga kaloob na ito o kaya'y ang ibang mga tao?
- Bakit kaya inihambing ni Pablo ang mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang bahagi ng katawan? (I Mga Taga Corinto 12:12–25. Upang ipakita na ang bawat miyembro ay mahalaga sa ibang mga miyembro at sa Simbahan sa kabuuan.) Paano natin maiaangkop ang paghahambing na ito sa iba't ibang kaloob ng Espiritu?
- Pinapayuhan tayo ng mga banal na kasulatan na hangarin ang mga espirituwal na kaloob (I Mga Taga Corinto 12:31; Doktrina at mga Tipan 46:8). Ano ang dapat na maging dahilan natin sa paghahangad ng mga espirituwal na kaloob? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 14:12; Doktrina at mga Tipan 46:9.

Kung kailangan, ipaliwanag na ang ibig sabihin ng pagtibayin ay patatagin, turuan, pagbutihin, at bigyang-kaliwanagan.)

- Ano ang itinuro ni Pablo na pinakadakila sa lahat ng espirituwal na kaloob? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 13. Bigyang-kahulugan ang bawat katangian ng pag-ibig sa kapwa-tao na binabanggit sa mga talata 4–7, at talakayin kung paano natin magagawa ang mga ito sa ating buhay. Maaari ninyong naising ilista sa pisara ang mga katangian.) Bakit mas mahalaga ang pag-ibig sa kapwa-tao kaysa sa iba pang espirituwal na kaloob? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 13:1–3, 8–13.)
- Paano kayo pinagpala ng isa pang tao na nagpakita sa inyo ng pagkakawanggawa? Paano tayo magkakaroon ng higit pang pag-ibig sa kapwa-tao? (Tingnan sa Moroni 7:44–48.)

Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, talakayin kung paano maaaring maging padila [switch point] sa ating buhay ang pag-ibig sa kapwa-tao.

**4. Ang Pagkabuhay na Mag-uli at ang mga antas ng kaluwalhatian**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa I Mga Taga Corinto 15. Ipaliwanag na marami sa mga taga Corinto ang nagsimulang magtalu-talo tungkol sa katotohanan ng Pagkabuhay na Mag-uli (I Mga Taga Corinto 15:12).

- Anong mga patunay ng Pagkabuhay na Mag-uli ang binanggit ni Pablo? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:5–8.) Bakit sa palagay ninyo nagbanggit si Pablo ng napakaraming saksi ng Pagkabuhay na Mag-uli? (Tingnan sa II Mga Taga Corinto 13:1.) Bakit mahalaga sa inyo ang mga patunay tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli?
- Ano ang itinuro ni Pablo tungkol sa kaugnayan ng Pagkahulog ni Adan at ng Pagkabuhay na Mag-uli? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:20–23.)
- Paano ginamit ni Pablo ang doktrina ng pagbibinyag para sa mga patay upang ituro ang Pagkabuhay na Mag-uli? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:29. Ang ordenansa ng pagbibinyag para sa mga patay ay mawawalan ng kabuluhan kung wala ang Pagkabuhay na Mag-uli.)
- Ano ang itinuro ni Pablo tungkol sa mga kaharian ng kaluwalhatian? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:35–44. Mabubuhay tayong mag-uli sa iba’t ibang kaharian ng kaluwalhatian—selestiyal, terestriyal, o telestiyal. Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 88:27–32.) Paano naiimpluwensiyahan ang uri ng inyong pamumuhay ng inyong kaalaman tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli at sa mga kaharian ng kaluwalhatian?

---

Katapusan

Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng pagsunod sa mga doktrina na aakay sa atin pabalik sa ating Ama sa Langit. Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, anyayahan ang mga miyembro ng klase na suriin ang kanilang sariling buhay sa anumang mga padila [switch point]—mga saloobin at kilos, na kung susundin, ay makapagpapabago sa direksiyon ng kanilang buhay. Himukin silang piliin ang mga direksiyon na positibong makaaapekto sa kanilang buhay.

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. "Ang Dios ay hindi Dios ng kaguluhan" (I Mga Taga Corinto 14:33)**

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang I Mga Taga Corinto 14:33. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang ilang paksa na kung saan ay maraming pagkalito at pagtatalu-talo sa daigdig? Bakit kaya sa palagay ninyo napakarami ng kalituhan sa daigdig? Paanong ang Diyos ang siyang "may-akda . . . ng kapayapaan"?

**2. Gawaing pangkabataan**

Bago magklase, mag-isip ng ilang situwasyon sa pang-araw-araw na buhay ng mga kabataan kung saan mayroon silang pagkakataon na magpakita ng pag-ibig sa kapwa-tao (halimbawa, pagkakita sa isang tao na nangangailangan ng tulong sa paaralan, hindi pagsang-ayon sa isang kapatid na lalaki o babae, o pagkakaroon ng kaibigan na malungkot o hindi pinapansin). Ilahad ang mga situwasyong ito sa mga kabataan, at itanong kung paano nila magagamit ang mga katangian ng pag-ibig sa kapwa-tao, na tulad ng itinuro ni Pablo sa I Mga Taga Corinto 13, upang mapabuti ang situwasyon.

# “Kayo’y Makipagkasundo sa Dios”

Aralin
35

*II Mga Taga Corinto*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na maging tunay na mga disipulo ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagsasagawa sa payo ni Pablo sa II Mga Taga Corinto.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. II Mga Taga Corinto 1:3–11; 4; 6:1–10; 11:21–33; 12:1–10. Itinuro ni Pablo ang tungkol sa pagtitiis sa malaking pagdurusa.
   b. II Mga Taga Corinto 2:5–11. Hinimok ni Pablo ang mga Banal na patawarin ang bawat isa.
   c. II Mga Taga Corinto 7:8–10. Itinuro ni Pablo ang tungkol sa pagkadama ng kalumbayang mula sa Diyos para sa mga kasalanan.
   d. II Mga Taga Corinto 5:17–21. Hinimok ni Pablo ang mga Banal na makipagkasundo sa Diyos.
2. Kung may makukuhang kopya ng *New Testament Video Presentations* (53914), ipalabas ang “Godly Sorrow,” isang labing-isang minutong yugto, sa kasalukuyan ng aralin.
3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala ng kaunting buhangin sa klase.
4. Mungkahi sa pagtuturo: Mag-ukol ng oras sa bandang huli ng klase upang ibuod ang inyong itinuro. Ang maingat na naiplanong buod ay makatutulong sa mga miyembro ng klase upang maisaayos at malinawan ang kanilang natutuhan at maisaalang-alang kung paano ito isasagawa sa kanilang buhay. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit E, Paksa 4, “Pagbubuod ng Aralin,” 101, para sa ilang paraan ng pagbubuod.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang masimulan ang aralin.

Ipakita sa mga miyembro ng klase ang buhangin na dinala ninyo sa klase.

- Kung inabutan kayo ng buhangin ng isang taong pinagkakatiwalaan ninyo at nangakong naglalaman ito ng ginto, ano ang gagawin ninyo?

Hayaang sumagot ang mga miyembro ng klase sa tanong. Pagkatapos ay basahin ang sumusunod na pangungusap ni Elder Henry B. Eyring tungkol sa pagtanggap ng payo mula sa mga propeta:

"Huwag ipagwalang bahala ang payo, at sa halip ay pahalagahan ito. Kung aabutan kayo ng buhangin ng isang taong pinagkakatiwalaan ninyo at mangangakong naglalaman ito ng ginto, maaari ninyong buong talinong hawakan ito sa inyong kamay sa loob ng ilang saglit, na iniaalog ito nang marahan. Sa tuwing gagawin ko ang gayon sa payo ng isang propeta, pagkatapos ng ilang sandali ay nagsisimulang lumitaw ang maninipis na piraso ng ginto at nagpapasalamat ako" (sa Conference Report, Abr. 1997, 35; o *Ensign*, Mayo 1997, 26).

- Ano ang ibig sabihin ng pangungusap ni Elder Eyring?

Ipaliwanag na ang aklat ng II Mga Taga Corinto ay naglalaman ng mga payo ng propeta na angkop sa ating panahon. Ang mga turo ni Pablo sa liham na ito ay katulad ng mga turo na madalas nating marinig sa pangkalahatang komperensiya. Napansin din ni Elder Eyring na, "Kapag tila paulit-ulit ang mga salita ng propeta, ay dapat nating ituon nang mabuti ang ating pansin sa [mga ito]" (sa *Conference Report*, Abr. 1997, 32; o *Ensign*, Mayo 1997, 25). Himukin ang mga miyembro ng klase na tanggapin ang payo sa araling ito at "pahalagahan ito."

---

## Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Ang araling ito ay nahahati sa apat na bahagi na nagtutuon ng pansin sa mahahalagang paksa sa II Mga Taga Corinto. Buong panalanging piliin kung alin sa mga paksang ito ang tatalakayin sa mga miyembro ng klase.

**1. Pagtitiis sa matinding pagdurusa**

Basahin at talakayin ang II Mga Taga Corinto 1:3–11; 4; 6:1–10; 11:21–33; 12:1–10. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Ang liham ni Pablo sa mga taga Corinto ay isinulat matapos ang panahon ng matinding pag-uusig nang sina Pablo at Timoteo ay "nawalan na ng pag-asa sa buhay" (II Mga Taga Corinto 1:8). Bakit nagawang iwasan nina Pablo at Timoteo ang kawalan ng pag-asa sa kabila ng sila ay nababagabag, nalilito, inuusig, at inilulugmok? (Tingnan sa II Mga Taga Corinto 1:3–5; 4:5–15.) Bakit ang Ama sa Langit at si Jesucristo ang pinakamainam na pagmumulan ng ating kapanatagan ng kalooban?

  Tiniyak ni Elder Neal A. Maxwell sa atin na tutulungan tayo ni Jesucristo sa ating mga paghihirap:

  "Kapag dinadala natin ang pamatok ni Jesus, ito ang nagbibigay pahintulot sa atin sa bandang huli sa tinatawag ni Pablo na 'pakikisama ng kanyang [Cristo] kahirapan' (Mga Taga Filipos 3:10). Maging ito man ay karamdaman o pag-iisa, kawalang katarungan o pagtanggi, . . . ang ating tila maliliit na pagdurusa, kung mababa ang ating kalooban, ay titimo sa pinakakaloob-looban ng kaluluwa. Kung gayon mas mainam na pasalamatan natin hindi lamang ang mga pagdurusa ni Jesus para sa atin, kundi maging ang Kanyang hindi mapapantayang pagkatao, na nagbibigay inspirasyon sa atin tungo sa higit na pagsamba at pagtulad sa kanya.

  "Inihayag ni Alma na alam na alam ni Jesus kung paano tayo tutulungan sa gitna ng ating mga kapighatian at karamdaman dahil pinagtiisan na ni Jesus ang ating mga kapighatian at karamdaman (tingnan sa Alma 7:11–12). Naranasan niya ang mga ito; kung kaya ang kanyang pakikiramay sa ating

mga pagdurusa ay naramdaman niya sa pamamagitan ng mga bagay na Kanyang pinagtiisan. Siyempre, hindi natin mauunawaan ito nang mabuti na tulad ng hindi rin naman natin mauunawaan kung paano niya tiniis ang lahat ng mga kasalanan ng tao, ngunit ang Kanyang Pagbabayad-sala ay nananatiling tunay na makapagliligtas at nakapagbibigay katiyakan" (sa Conference Report, Abr. 1997, 13; o *Ensign*, Mayo 1997, 12).

- Paano kayo natulungan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo sa panahon ng kahirapan?
- Ipinahiwatig ni Pablo ang pagnanais na tulungan ang iba na matanggap ang kapanatagan ng kalooban na tinanggap niya mula sa Diyos (II Mga Taga Corinto 1:4). Paano natin matutulungan ang iba na tumanggap ng kapanatagan ng kalooban mula sa Diyos?
- Pinasalamatan ni Pablo ang mga Banal na nanalangin para sa kanya at kay Timoteo sa panahon ng kanilang paghihirap (II Mga Taga Corinto 1:11). Bakit mahalagang ipanalangin natin ang bawat isa? Paano naging biyaya sa inyo o sa isang kakilala ninyo ang panalangin ng iba? Paano tayo nabibiyayaan kapag nananalangin tayo para sa iba?
- Paano makatutulong sa atin ang mga turo sa II Mga Taga Corinto 4:17–18 sa panahon ng kahirapan? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 121:7–8.) Bakit makatutulong na tingnan natin ang ating mga pagsubok mula sa walang hanggang pananaw? Paano natin matututuhang tingnan ang ating mga pagsubok mula sa isang walang hanggang pananaw?
- Ikinuwento ni Pablo sa mga taga Corinto ang mga pagsubok na tiniis niya at ng mga Banal dahil sa kanilang paniniwala kay Jesucristo (II Mga Taga Corinto 6:4–5; 11:23–33). Anong mga katangian ang itinuro ni Pablo na dapat mapasaatin upang matulungan tayong tiisin ang mga pagsubok? (Tingnan sa II Mga Taga Corinto 6:4, 6–7.) Paano nakatulong sa inyo ang isa o higit pa sa mga katangiang ito sa panahon ng pagsubok?
- Sinabi ni Pablo na binigyan siya ng Panginoon ng kapansanan—isang "tinik sa laman" (II Mga Taga Corinto 12:7). Bakit ibinigay ng Panginoon kay Pablo ang kapansanang ito? (Tingnan sa II Mga Taga Corinto 12:7.) Ano ang natutuhan ni Pablo nang hindi inalis ng Panginoon ang kanyang "tinik sa laman" na tulad ng kanyang kahilingan? (Tingnan sa II Mga Taga Corinto 12:8–10.) Paano makatutulong sa atin ang ating mga kahinaan upang makatanggap ng kalakasan mula kay Jesucristo? (Tingnan sa Eter 12:27.) Paano ninyo nakita ang katotohanan ng pahayag ni Pablo na "Pagka ako'y mahina, ako nga'y malakas"?

### 2. Pagpapatawad sa iba

Basahin at talakayin ang II Mga Taga Corinto 2:5–11.

- Hinimok ni Pablo ang mga Banal na patawarin ang isa't isa (II Mga Taga Corinto 2:5–8). Bakit mahalagang patawarin natin ang iba? (Tingnan sa Mateo 6:14–15; II Mga Taga Corinto 2:7–8; Doktrina at mga Tipan 64:9–10. Talakayin kung paano tayo—at ang iba—naaapektuhan kapag tayo ay nagpapatawad at kapag hindi tayo nagpapatawad.)

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Nakikita natin ang pangangailangan ng [pagpapatawad] sa mga tahanan ng mga tao, kung saan ang maliliit na mga hindi pagkakaunawaan ay nagiging malaking pagtatalo. Nakikita natin ito sa mga magkakapitbahay, kung saan ang maliliit na di-pagkakaunawaan ay humahantong sa walang katapusang kapaitan. Nakikita natin ito sa mga magkakasosyo sa negosyo na nangag-aaway at tumatangging magkasundo at magpatawad samantalang, sa maraming pagkakataon, kung magkukusang loob na magsiupo at mangag-usap nang mahinahon, ang suliranin ay malulutas sa kapakinabangan ng lahat. Sa halip, ginugugol nila ang kanilang mga araw sa pagkimkim ng galit at pagpaplano na makapaghiganti. . . .

"Kung mayroon sinumang nagkikimkim sa kanilang puso ng nakapipinsalang damdamin ng pagkakagalit sa isa't isa, nagsusumamo ako sa inyo na humiling sa Panginoon ng lakas upang makapagpatawad. Ang pagpapahayag na ito ng pagnanais ang siyang pagmumulan ng inyong pagsisisi. Maaaring hindi madali, at maaaring hindi ito dumating kaagad. Ngunit kung hahangarin ninyo ito nang taos-puso at pagyayamanin ito, *tiyak* na darating ito. . . .

" . . . Walang katahimikan sa pagsasariwa sa sakit na dulot ng mga sugat noong nakaraan. Tanging sa pagsisisi at pagpapatawad may kapayapaan. Ito ang matamis na kapayaan ng Cristo, na nagsabing, 'mapalad ang mga mapagpayapa; sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios.' (Mat. 5:9.)" ("Of You It Is Required to Forgive," *Ensign*, Hunyo 1991, 2, 5).

- Ano ang maaari nating magawa upang maging higit na mapagpatawad?

**3. Pagkadama ng kalumbayang mula sa Diyos para sa ating mga kasalanan**

Basahin at talakayin ang II Mga Taga Corinto 7:8–10.

- Matapos marinig na ang isa sa kanyang mga liham ay "nakapagpalumbay [sa mga taga Corinto], si Pablo ay nagalak (II Mga Taga Corinto 7:8–9). Bakit ganito ang naging pagtugon ni Pablo sa pagkalumbay ng mga taga Corinto? (Tingnan sa II Mga Taga Corinto 7:9–10.) Ano ang ibig sabihin ng makadama ng "kalumbayang mula sa Diyos" para sa ating mga kasalanan?

Kung gagamitin ninyo ang pagpapalabas ng video na "Godly Sorrow," ipalabas na ito ngayon.

- Ano ang pagkakaiba ng kalumbayang mula sa Diyos at ng "kalumbayang ayon sa sanglibutan"? Bakit mahalagang bahagi ng pagsisisi ang kalumbayang mula sa Diyos?

  Ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball na: "Kung ang isang tao ay nagsisisi dahil lamang sa natuklasan ng isa pang tao ang kanyang kasalanan, ang kanyang pagsisisi ay hindi kumpleto. Ang kalumbayang mula sa Diyos ang dahilan upang naisin ng isang tao na magsisi, kahit na hindi siya nahuli ng iba, at ginagawa siyang determinado nito upang gawin ang tama anuman ang mangyari. Ang ganitong uri ng pagsisisi ang nagdudulot ng kabutihan at magbibigay daan sa kapatawaran" (*Repentance Brings Forgiveness* [polyeto, 1984], 8).

**4. Pakikipagkasundo sa Diyos**

Basahin at talakayin ang II Mga Taga Corinto 5:17–21.

- Pinayuhan nina Pablo at Timoteo ang mga taga Corinto na "makipagkasundo sa Diyos" (II Mga Taga Corinto 5:20). Ano ang ibig sabihin ng makipagkasundo sa Diyos?

  Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie na: "Ang pakikipagkasundo ang proseso ng pagtubos sa tao mula sa kanyang makasalanang kalagayan at sa espirituwal na kadiliman at sa pagpapanumbalik sa kanya sa katayuan ng pagkakasundo at pakikiisa sa Maykapal. . . .  Ang tao, na minsa'y naging makalaman at masama, na namuhay sa makamundong pamamaraan, ay naging bagong nilalang ng Espiritu Santo; siya ay muling isinilang; at kahit na munting bata, siya ay buhay kay Cristo" (*Doctrinal New Testament Commentary*, 3 tomo [1965–73], 2:422–23).

- Paano tayo magiging kasundo ng Diyos? (Tingnan sa II Mga Taga Corinto 5:17–19, 21; 2 Nephi 25:23; Jacob 4:10–11.)

---

Katapusan

Patotohanan ang mga katotohanan na inyong tinalakay. Himukin ang mga miyembro ng klase na alalahanin at sundin ang payo ni Pablo sa II Mga Taga Corinto.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay mga karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ang "pagkataong labas" at ang "pagkataong loob" (II Mga Taga Corinto 4:16)**

- Nagsalita si Pablo tungkol sa "pagkataong labas" at sa "pagkataong loob" (II Mga Taga Corinto 4:16). Ano kaya ang ibig sabihin ng dalawang katagang ito? Paano [maaaring] mabago sa araw-araw ang "pagkataong loob"? (II Mga Taga Corinto 4:16).

**2. "Mga sugo sa pangalan ni Cristo" (II Mga Taga Corinto 5:20)**

- Sinabi ni Pablo na siya at si Timoteo ay "mga sugo sa pangalan ni Cristo" (II Mga Taga Corinto 5:20). Ano ang isang sugo? (Ang sugo ay isang opisyal na kinatawan na nagsasalita sa ngalan ng pamunuan ng isang bansa o samahan. Ang sugo ay gumagawa upang magtatag ng mabuting pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao na kanyang kinakatawan at ng iba pang mga tao.) Paano naging mga sugo sa pangalan ni Jesucristo sina Pablo at Timoteo? Paano magiging sugo sa pangalan ni Jesucristo ang bawat isa sa atin?

Aralin
# 36
# "Mga Iniibig ng Dios, Tinawag na mga Banal"

*Mga Taga Roma*

**Layunin**

Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na sila ay mga anak ng Diyos at himukin silang mamuhay nang karapat-dapat sa kanilang banal na mamanahin.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Mga Taga Roma 2–5. Itinuro ni Pablo na ang lahat ng tao ay inaaring-ganap sa pananampalataya kay Jesucristo, na ipinapakita sa pamamagitan ng mabubuting gawa.
   b. Mga Taga Roma 6; 8. Itinuro ni Pablo na ang mga anak ng Diyos ay maaaring isilang na muli at maging mga kasamang tagapagmana ni Cristo.
   c. Mga Taga Roma 12–13; 15:1–7. Pinayuhan ni Pablo ang mga taga Roma na mabuhay na tulad ng mga Banal.

2. Karagdagang pagbabasa: *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Awa; Maawain," 16 at "Sulat ni Pablo, Mga: I at 2 Mga Taga Corinto, Mga Taga Galacia, Mga Taga Roma," 234–235.

3. Maaari ninyong naising anyayahan ang isang soloista o maliit na grupo na awitin o tugtugin ang "Ako ay Anak ng Diyos" (*Mga Himno*, o *Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*). Kung hindi ito maaari, maaari ninyong naising maghanda upang awitin ang isa o ang dalawang awiting ito na kasama ang mga miyembro ng klase.

4. Mungkahi sa pagtuturo: Sa kanyang liham sa mga taga Roma, pinaalalahanan ni Pablo ang mga guro na mahalagang ipamuhay ang mga alituntuning kanilang itinuturo (Mga Taga Roma 2:21–22). Ang inyong halimbawa ay higit na makapagtuturo sa mga miyembro ng klase kaysa sa inyong mga salita. Ipakita sa mga miyembro ng klase na ang inyong patotoo tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay nagmumula sa pamumuhay ng mga alituntuning iyon sa araw-araw (Juan 7:17). (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit A, Paksa 6, "Mamuhay Batay sa Inyong Itinuturo," 11–12; at Yunit E, Paksa 8, "Pagpapayaman sa Inyong mga Aralin sa Pamamagitan ng mga Halimbawa," ika-8 pamagat [sa ilalim nito], "Ang Sarili Bilang Halimbawa," 110.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Mga Taga Roma 3:10. Ipaliwanag na sa talatang ito ay hindi naman ipinahihiwatig ni Pablo na walang sinumang gumagawa ng matwid; sa halip, binibigyang-diin niya na walang sinuman sa ibabaw ng mundo ang ganap na matwid. Si Cristo lamang ang tanging tao na namuhay sa mundo na talagang hindi nagkasala. Ang lahat ay nakagawa ng kasalanan kahit paano (tingnan din sa Mga Taga Roma 3:23).

- Kapag nagkasala tayo, ano ang kailangan nating gawin upang muling maging malinis? (Pairalin ang pananampalataya kay Cristo at pagsisihan ang ating mga kasalanan upang matanggap natin ang nakalilinis na kapangyarihan ng kanyang Pagbabayad-sala.)

Ipaliwanag na minsang makagawa tayo ng kasalanan, hindi na tayo muling magiging lubusang malinis nang tayo lamang. Tatalakayin ng araling ito kung paano tayo magiging malinis sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, isang paraan na tinawag ni Pablo na inaaring-ganap.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Buong panalanging piliin ang mga talata at tanong sa banal na kasulatan na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga patotoo tungkol sa mga doktrina at alituntuning tinalakay sa aralin.

**1. Tayo ay inaaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo.**

Basahin at talakayin ang Mga Taga Roma 2–5. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata. Ipaliwanag na sumusulat si Pablo sa mga miyembro ng Simbahan sa ilang lugar na nanumbalik sa pagsunod sa batas ni Moises, na naniniwalang ang mahigpit na pagtupad sa batas na ito ay kailangan para sa kaligtasan. Kahit na ang mga Banal sa Roma ay matatag sa ebanghelyo (Mga Taga Roma 1:8), isinulat ni Pablo ang liham na ito upang bigyang-diin na ang pag-aring-ganap at kaligtasan ay nagmumula sa pananampalataya kay Cristo, at hindi sa pamamagitan ng mga gawa ng batas ni Moises.

- Sa kanyang liham, sinikap ni Pablo na tulungan ang mga Banal na taga Roma na maunawaan ang doktrina ng pag-aring-ganap. Ano ang ibig sabihin ng ariing-ganap? (Makipagkasundo sa Diyos, mapatawad sa kaparusahan ng kasalanan, at maipahayag na matwid at walang-sala.)
- Bakit kailangan tayong ariing-ganap? (Tingnan sa Mga Taga Roma 3:10–12, 23; tingnan din sa Alma 7:21. Nasaktan nating lahat ang damdamin ng Diyos at naging marumi dahil sa kasalanan. Dahil sa walang maruming bagay na makapananahan sa piling ng Diyos, kailangan tayong ariing-ganap upang makabalik sa kanya.)
- Ano ang itinuro ni Pablo tungkol sa kung paano tayo inaaring-ganap? (Tingnan sa Mga Taga Roma 3:24, 28; 5:1–2; tingnan din sa 2 Nephi 2:6. Tayo ay inaaring-ganap sa pamamagitan ng awa ni Jesucristo at ng ating pananampalataya sa kanya.) Ano ang awa? (Tulong o lakas na mula sa langit; tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Awa,” 16). Paano mapapasaatin ang tulong na ito mula sa langit? (Tingnan sa Mga Taga Roma 5:8–11; 2 Nephi 2:7–8. Ang awa ni Jesucristo ay napapasaatin sa

pamamagitan ng kanyang Pagbabayad-sala.) Bakit kailangan nating magkaroon ng pananampalataya upang lubusang matanggap ang awa ng Tagapagligtas?

- Ipinaliwanag ni Pablo na ang pag-aring-ganap ay nagmumula sa awa ni Jesucristo, hindi sa pamamagitan ng "mga gawa ng kautusan" (Mga Taga Roma 3:20, 24, 28). Bakit hindi tayo maaaring ariing-ganap at tumanggap ng kaligtasan kung sa pamamagitan lamang ng ating mga gawa? (Tingnan sa Mosias 2:20–21; Alma 22:14.)
- Maraming tao ang nagpakahulugan na ang ibig sabihin ng mga sulat ni Pablo ay maaari tayong ariing-ganap sa pamamagitan lamang ng pananampalataya at walang kasamang mabubuting gawa. Ano ang kaugnayan sa pagitan ng ating mga kilos (o mga gawa) at ng pag-aring-ganap sa pamamagitan ng awa ni Cristo? (Tingnan sa Mga Taga Roma 3:31; Santiago 2:14–18, 24; 2 Nephi 25:23; Doktrina at mga Tipan 88:38–39.)

  Sinabi ni Propetang Joseph Smith na: "Upang ariing-ganap sa harapan ng Diyos ay kailangan nating mahalin ang bawat isa; kailangan nating paglabanan ang masama; kailangan nating dalawin ang mga ulila at mga babaing balo sa kanilang kapighatian, at pag-ingatang walang dungis ang ating sarili sa sanlibutan: dahil ang gayong mga katangian ay dumadaloy mula sa dakilang bukal ng dalisay na relihiyon, na pinatatatag ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagdaragdag ng bawat mabuting katangian na pumupuspos sa mga anak ng pinagpalang Jesus. Maaari tayong manalangin sa oras ng panalangin; maaari nating mahalin ang ating kapwa na tulad ng ating sarili, at maging matapat sa oras ng pagsubok, na nalalaman na ang gantimpala sa gayon ay mas higit pa sa kaharian ng langit. Anong laking kasiyahan! Anong laking kagalakan!" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 76).

**2. Maaari tayong isilang na muli at maging kasamang tagapagmana ni Cristo.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mga Taga Roma 6 at 8.

- Inihambing ni Pablo ang pagbibinyag sa kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli. Paano sumisimbolo ang pagbibinyag sa kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli (bagong pagsilang)? (Tingnan sa Mga Taga Roma 6:3–4; Doktrina at mga Tipan 76:50–52.) Paano naging bagong pagsilang para sa inyo ang pagbibinyag?

Ipaliwanag na ang binyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig ay simbolo ng ating espirituwal na pagsilang muli. Kapag inilubog na tayo sa tubig, ito ay isang simbolo na inililibing natin ang ating lumang pagkatao sa isang libingan. Kapag umahon na tayo mula sa tubig, sagisag ito na hinugasan na tayo at malinis. Tayo ay naging bagong tao na nakipagtipan na sundan si Cristo.

- Paano natin mapananatili ang kalinisan at "panibagong buhay" (Mga Taga Roma 6:4) na naranasan natin sa binyag? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagsariwa sa ating mga tipan sa pagbibinyag habang tumatanggap tayo ng sakramento tuwing linggo, sa pamamagitan ng pagsisisi at paghahangad ng kapatawaran mula sa Panginoon, at sa pagsisimula sa bawat araw na may panibagong determinasyon na paglingkuran ang Diyos.)

- Ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng "kaisipan ng laman"? (Tingnan sa Mga Taga Roma 8:5–6.) Ano ang mga bunga ng pagkakaroon ng kaisipan ng laman o mahalay na pag-iisip? (Tingnan sa Mga Taga Roma 8:6–8, 13.) Paano natin maaalis sa ating mga isipan at puso ang mahalay na bagay? Paano kayo pinagpala sa pagpili ninyong maging espirituwal ang kaisipan?
- Nagpatotoo si Pablo "na tayo'y mga anak ng Dios" (Mga Taga Roma 8:16). Paano kayo naaapektuhan ng kaalaman na kayo ay anak ng Diyos? Ano ang ipinahihiwatig nito tungkol sa inyong mga kakayahan at potensiyal?

  Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks na: "Isaalang-alang ang kapangyarihan ng ideya na itinuturo sa ating kinagigiliwang awitin na 'Ako ay Anak ng Diyos' (*Mga Himno*). . . .  Narito ang sagot sa isa sa mga malaking katanungan sa buhay, 'Sino Ako?' Ako ay anak ng Diyos na may espiritung nagmula sa makalangit na mga magulang. Ang ating pinagmulan ang naglalarawan sa ating walang hanggang potensiyal. Ang makapangyarihang ideyang ito ay mabisang pampasigla. Mapatatatag nito ang bawat isa sa atin upang makagawa ng mga mabuting pagpapasiya at hangarin ang pinakamabuti sa magagawa natin. Buuin sa isipan ng isang kabataan ang makapangyarihang ideya na siya ay isang anak ng Diyos, at nabigyan ninyo ang kabataang iyon ng paggalang sa sarili at panghihikayat na labanan ang mga suliranin ng buhay" (sa Conference Report, Okt. 1995, 31; o *Ensign*, Nob. 1995, 25).

  Kung nakipag-ayos kayo upang awitin o tugtugin ang "Ako ay Anak ng Diyos" bilang natatanging bilang na musikal, hayaang itanghal na ito ngayon ng soloista o ng maliit na grupo. O awitin ito na kasama ang mga miyembro ng klase (tingnan sa bahaging "Paghahanda").
- Anong dakilang pangako ang sinabi ni Pablo na tatanggapin ng mga anak ng Diyos? (Tingnan sa Mga Taga Roma 8:17.) Ano ang ibig sabihin ng maging kasamang tagapagmana ni Cristo? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:50, 54–70.) Ano ang kailangan nating gawin upang matanggap ang dakilang pamanang ito? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:51–53.)
- Paano makatutulong sa atin ang kaalaman na tayo ay mga anak ng Diyos at potensiyal na kasamang tagapagmana ni Cristo sa pagtitiis sa mga pagsubok ng daigdig na ito? (Tingnan sa Mga Taga Roma 8:18, 28, 31; tingnan din sa Mga Taga Roma 5:3–5.) Paano ninyo nakitang "ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios"? (Mga Taga Roma 8:28).
- Ano ang itinuro ni Pablo sa Mga Taga Roma 8:35–39 tungkol sa pag-ibig ni Jesucristo? Paano ninyo nadama ang pag-ibig ng Tagapagligtas sa inyong buhay? Anong kaibahan ang nagawa ng kanyang pag-ibig sa inyong buhay?

Kung nakipag-ayos kayo na ipaawit o ipatugtog ang "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo" bilang isang natatanging bilang na musikal, ipatanghal na ito ngayon sa soloista o sa maliit na grupo. O awitin ito na kasama ang mga miyembro ng klase (tingnan sa bahaging "Paghahanda").

**3. Dapat tayong mamuhay na tulad ng mga Banal.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mga Taga Roma 12–13; 15:1–7.

- Hinikayat ni Pablo ang mga Banal na taga Roma na ihandog ang kanilang mga sarili bilang "isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios" (Mga Taga Roma 12:1). Paano natin maihahandog ang ating sarili bilang mga haing buhay sa Diyos? (Tingnan sa 3 Nephi 9:20; Doktrina at mga Tipan 59:8.)

  Ipinaliwanag ni Elder Bruce R. McConkie na, "Ang ng ihandog [ang sarili] bilang isang haing buhay ay lumapit nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu sa pamamagitan ng pagsunod" (*Doctrinal New Testament Commentary*, 3 tomo [1966–73], 2:292).

- Pinayuhan ni Pablo ang mga Banal na taga Roma na "huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito" (Mga Taga Roma 12:2). Ano ang ilang paraan kung paano sinusubukan nating makiayon sa sanlibutan ngayon? Paano natin maiiwasan ang ganitong pagkahilig? (Tingnan sa Mga Taga Roma 12:2.)

- Nakatala sa Mga Taga Roma 12 at 13 ang maraming katangian ng tunay na mga Banal. Ipatukoy sa mga miyembro ng klase ang mga katangiang ito, at isulat ang mga ito sa pisara. (Maaari ninyong naising hatiin ang klase sa maliliit na pangkat at atasan ang bawat grupo na saliksikin ang bahagi ng isang kabanata.) Pagkatapos ay talakayin ang sumusunod na mga tanong tungkol sa ilan sa mga katangiang ito: Bakit mahalagang paunlarin ang katangiang ito? Ano ang maaari nating gawin ngayong linggong ito upang higit pang mapaunlad ang katangiang ito?

- Paano tayo tinagubilinan ni Pablo tungkol sa pakikitungo sa ating mga kaaway? (Tingnan sa Mga Taga Roma 12:19–21.) Anong mga biyaya ang darating sa ating buhay kung pakikitunguhan natin sa ganitong paraan ang ating mga kaaway? Anong mga halimbawa ang nakita ninyo sa isang tao na gumagamit ng kabaitan upang labanan ang kasamaan o poot?

- Anong kautusan ang sinabi ni Pablo na kinabibilangan ng lahat ng iba pang mga kautusan? (Tingnan sa Mga Taga Roma 13:8–9.) Paano kabilang sa kautusang ito ang iba pang mga kautusan? (Tingnan sa Mga Taga Roma 13:10.)

- Ano ang itinuro ni Pablo tungkol sa kung paano dapat tumugon ang mga miyembrong may matatag na pananampalataya sa mga miyembrong mahina ang pananampalataya? (Tingnan sa Mga Taga roma 15:1–7.) Paano matutulungan ng isang taong may malakas na pananampalataya ang isang taong mahina?

---

Katapusan

Bigyang-diin na sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at sa matwid na pamumuhay tayo ay maaaring ariing-ganap—ipinahayag na mabuti at kasundo ng Diyos. Magpatotoo na tayo ay mga anak ng Diyos at may potensiyal na maging mga kasamang tagapagmana ni Cristo kung may pananampalataya tayo sa kanya at namumuhay tulad ng ipinag-uutos niya sa atin.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay mga karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. “Hindi ko ikinahihiya ang evangelio [ni Cristo]” (Mga Taga Roma 1:16)**

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Mga Taga Roma 1:16.

- Paano natin maipapakita na hindi natin ikinahihiya ang ebanghelyo ni Jesucristo? (Tingnan sa I Ni Pedro 3:15 para sa isang mungkahi. Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase, at himukin ang bawat miyembro ng klase na gawin ang kahit isa man lamang sa mga bagay na ito sa darating na linggo.)

**2. Gawaing pangkabataan**

Bigyan ng isang piraso ng papel at bolpen o lapis ang bawat miyembro ng klase. Ipasulat sa papel ng mga miyembro ng klase ang sumusunod na tanong mula sa Mga Taga Roma 8:31:

“Kung nasa panig natin ang Diyos, sino ang mananaig sa atin?” (Maaari ninyong naising gamitin ang mga salita mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith, na sa huling bahagi ng pangungusap ay nagsasabing sino ang mananaig sa atin?)

Talakayin kung paano mapalalakas ng pangungusap na ito ang mga miyembro ng klase sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na ilagay ang kard sa lugar kung saan madalas nila itong makikita.

Aralin
37

# Jesucristo: “Ang Gumawa at Sumakdal ng Ating Pananampalataya”

*Sa Mga Hebreo*

**Layunin**

Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ang kaligtasan ay makakamit sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at pagsunod sa kanyang mga kautusan.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Sa Mga Hebreo 1–4. Nagpatotoo si Pablo na si Jesucristo, ang Bugtong na Anak ng Ama sa Langit, ang ating Tagapagligtas.
   b. Sa Mga Hebreo 5; 6:20; 7. Ipinaliwanag ni Pablo na ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ay bahagi ng kaganapan ng ebanghelyo.
   c. Sa Mga Hebreo 8:1-10:18. Itinuro ni Pablo na ang batas ni Moises ay ang lumang tipan sa pagitan ng Diyos at ng kanyang mga anak, samantalang ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ang bagong tipan. Ang lumang tipan ay isang uri, o parisan, ng bagong tipan, ngunit tanging ang bagong tipan ang may kapangyarihang magligtas.
   d. Sa Mga Hebreo 10:19–11:40. Hinikayat ni Pablo ang mga Banal na pairalin ang pananampalataya kay Jesucristo upang magmana sila ng lugar sa kaharian ng Diyos.

2. Karagdagang pagbabasa: Sa mga Hebreo 6; 12–13; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Sulat ni Pablo, Mga: Mga Taga-Filipos, Mga Taga-Colosas, Mga Taga-Efeso, Kay Filemon, Sa Mga Hebreo,” 234–235.

3. Mungkahi sa pagtuturo: Mag-ingat na huwag maging tagapaglektyur. Kung minsan ay kakailanganin ninyo ang maikling paglelektyur upang ilahad ang impormasyon, ngunit nawawala ang bisa ng paglelektyur kapag ito lamang ang paraan na gamit sa pagtuturo. Matapos ninyong ibigay ang impormasyon o maipaliwanag ang isang alituntunin, tiyaking bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase upang sumagot at magbahagi. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit F, Paksa 4, “Pagtatalakay [Lecturing],” 156–157.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ilarawan ang sumusunod na mga situwasyon, at hilingan ang mga miyembro ng klase na hanapin ang isang banal na kasulatan na maaaring gamitin sa isa sa mga situwasyon. (May ilang banal na kasulatan na iminumungkahi sa loob ng panaklong.)

1. Isang batang kakilala ninyo ang ngayon pa lamang nalaman sa Primarya na si Jesucristo ang lumikha sa daigdig at nais niyang malaman kung saan ito ipinapaliwanag sa mga banal na kasulatan. (Sa Mga Hebreo 1:2; Juan 1:1–3, 10; Mga Taga Efeso 3:9; Mosias 3:8)
2. Isang kaibigan ang nagkakaroon ng ilang personal na problema at nag-iisip kung paano siya mismo mapagmamalasakitan ng Tagapagligtas o kung paano niya mauunawaan ang kanyang dinaranas. (Sa Mga Hebreo 2:6–8, 18; 2 Nephi 1:15; Alma 7:11–12)
3. Isang kaibigan na hindi miyembro ang nag-iisip kung talagang kailangang magkaroon ng pagkasaserdote ang isang tao upang makapagsagawa ng mga pagbibinyag at iba pang mga ordenansa. (Sa Mga Hebreo 5:1, 4; Exodo 28:41; Juan 15:16)

Anyayahan ang isa o dalawang miyembro ng klase na basahin ang mga banal na kasulatan na pinili nila para sa bawat situwasyon. Bigyang-diin na ang liham ni Pablo sa mga Hebreo ay naglalaman ng mga banal na kasulatan na maaaring kapaki-pakinabang sa bawat isa sa tatlong situwasyon. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na pakinggan ang mga banal na kasulatang ito habang tinatalakay ninyo ang aklat ng Mga Hebreo.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

Ipaliwanag na sa kabuuan ng kanyang paglalakbay bilang misyonero ay sinikap ni Pablo na kumbinsihin ang mga miyembro ng Simbahan na hindi na nila dapat sundin ang batas ni Moises. Kahit na ang mga Kristiyanong Judio ay naturuan na ang kaligtasan ay makakamit sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, marami pa rin sa kanila ang naniwala na ang pagsunod sa batas ni Moises ay mahalaga sa kanilang kaligtasan. Isinulat ni Pablo ang liham sa mga Hebreo upang muling bigyang-diin na ang batas ni Moises ay natupad kay Cristo.

**1. Si Jesucristo, na Bugtong na Anak ng Ama sa Langit, ang ating Tagapagligtas.**

Talakayin ang Sa Mga Hebreo 1–4. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga piling talata.

- Ano ang natututuhan natin tungkol kay Jesucristo mula sa Mga Hebreo 1? (Isulat ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara. Maaaring maibilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba.)

  a. Nilikha niya ang daigdig (mga talata 2, 10).
  b. Siya ay nasa wangis ng Diyos Ama (talata 3).
  c. Tinubos niya ang ating mga kasalanan (talata 3).

d. Siya ang Panganay na Anak ng Diyos Ama (mga talata 5–6).
e. Ang kanyang kaluwalhatian at kapangyarihan ay walang hanggan at hindi nagbabago (mga talata 8, 12).

- Sinabi ni Pablo na ang Anak ng Diyos na "naging lalong mabuti kaysa mga anghel" (Sa Mga Hebreo 1:4), ay "ginawang mababa ng kaunti kaysa mga anghel" (Sa Mga Hebreo 2:9). Sa anong paraan ginawang "mababa ng kaunti kaysa mga anghel" si Jesus? (Tingnan sa Mosias 13:34–35. Nagpunta siya sa daigdig bilang isang mortal at dumanas ng sakit at kamatayan.) Bakit kinailangan ito? (Tingnan sa Mga Hebreo 2:9–10, 16–18; 4:15–16; tingnan din sa Mateo 23:10–11.)
- Hinikayat ni Pablo ang mga Banal na mamuhay nang matwid upang makapasok sila sa kinaroroonan ng Diyos (Mga Hebreo 3:7–19; 4:1–11). Ano ang ibig sabihin ng mapunta sa kinaroroonan ng Diyos? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:23–24; 3 Nephi 27:19.) Ano ang paliwanag ni Pablo hinggil sa kung bakit hindi nakapasok sa kinaroroonan ng Diyos ang ilan sa mga anak ni Israel noong kapanahunan ni Moises? (Tingnan sa Mga Hebreo 3:7–11, 16–19; 4:1–2.) Paano natin matutulungan ang bawat isa na maging karapat-dapat na pumasok sa kinaroroonan ng Diyos? (Tingnan sa Mga Hebreo 3:13–14; 4:11; Alma 13:12–13, 16.)

**2. Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ay bahagi ng kaganapan ng ebanghelyo.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mga Hebreo 5; 6:20; 7.

- Ano ang itinuro ni Pablo tungkol sa kung paano kailangang tanggapin at gamitin ng isang lalaki ang awtoridad ng pagkasaserdote? (Tingnan sa Mga Hebreo 5:1–4.) Bakit kailangang "tawagin ng Diyos" ang isang maytaglay ng pagkasaserdote sa halip na "[tanggapin] sa kaniyang sarili [ang] karangalang ito"?
- Anong awtoridad ng pagkasaserdote ang kaakibat ng batas ni Moises? (Ang Pagkasaserdoteng Aaron, na tinatawag ding pagkasaserdote ng mga Levita, mas mababa, o paghahanda para sa mas mataas na pagkasaserdote. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:25–27.) Anong awtoridad ng pagkasaserdote ang hawak ni Jesucristo? (Tingnan sa Mga Hebreo 5:5–6; 6:20.) Ipaliwanag na nang dumating si Jesus at tuparin niya ang batas ni Moises ay ipinanumbalik din niya ang Pagkasaserdoteng Melquisedec. Bakit kailangan ito? (Tingnan sa Mga Hebreo 7:11. Ang Pagkasaserdoteng Aaron ay walang awtoridad na magsagawa ng lahat ng mga ordenansang kinakailangan para sa kaligtasan.)

  "Kahit na ang batas ni Moises ni ang pagkasaserdote ni Aaron na nangasiwa nito ay hindi magagawang akayin sa kaganapan ang mga anak ng Diyos. Ang Pagkasaserdoteng Aaron ay mas mababang awtoridad, at ang ebanghelyo na maghahanda para sa mas mataas na awtoridad ang siya lamang pinangangasiwaan nito. Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec, sa kabilang dako, ang mas mataas na pagkasaserdote, na inatasang mangasiwa sa mga ordenansa ng ebanghelyo sa kabuuan ng mga ito at kayang padalisayin ang ating buhay upang muli tayong makapasok sa kinaroroonan ng Panginoon" (*The Life and Teachings of Jesus and His Apostles* [manwal ng Sistemang Pang-Edukasyon ng Simbahan, 1979], 385–86; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 107:18–20).

- Bakit tinatawag nating mas nakatataas na pagkasaserdote ang Pagkasaserdoteng Melquisedec? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:2–4.) Paano pinagpapala ang mga miyembro ng Simbahan sa ngayon sa pagkakaroon ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at gayundin ng Pagkasaserdoteng Aaron? Paano pinagpala ng pagkasaserdote ang inyong buhay?

**3. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ang bagong tipan sa pagitan ng Diyos at ng kanyang mga anak.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mga Hebreo 8:1–10:18. Ipaliwanag na pinaalalahanan ni Pablo ang mga miyembro ng Simbahan na ang pagsamba sa ilalim ng batas ni Moises ay nakatuon sa Panginoong Jesucristo.

- Sang-ayon sa Mga Hebreo 8:5, ano ang ipinagawa ng Panginoon kay Moises habang itinatayo ang tabernakulo na gagamitin ng mga Israelita sa pagsamba? (Ipaliwanag na ang mga seremonya sa tabernakulo ay sumisimbolo sa "makalangit na mga bagay," na tulad ng nakabalangkas sa ibaba.)

| Ordenansa sa tabernakulo: | Ano ang isinisimbolo nito: |
|---|---|
| a. Ang mga saserdote ay nag-aalay ng mga hayop bilang mga hain sa Diyos (Sa Mga Hebreo 10:1–4, 11). | Inalay ni Jesus ang kanyang sarili bilang hain para sa ating mga kasalanan (Sa Mga Hebreo 9:26–28; 10:4–12). |
| b. Inilalagay ng mga saserdote sa altar ang dugong mula sa inihaing mga hayop upang isagisag ang paglilinis at pagdadalisay ng mga tao (Sa Mga Hebreo 9:6–7, 19–23). | Ang dugo ni Jesus, na natigis sa Pagbabayad-sala, ang naglilinis at nagpapadalisay sa atin mula sa kasalanan (Sa Mga Hebreo 9:11–15). |
| c. Ang mataas na saserdote ay dumaraan sa tabing patungo sa Dakong Banal (Sa Mga Hebreo 9:1–7). | Si Jesus, ang dakilang mataas na saserdote, ay dumaan sa tabing patungong langit mismo (Sa Mga Hebreo 9:24). |

- Ipinaliwanag ni Pablo na ang batas ni Moises ang matandang tipan sa pagitan ng Diyos at ng kanyang mga tao (Sa Mga Hebreo 8:9; tingnan din sa Mga Taga Galacia 3:24–25). Ano ang bagong tipan na dala ni Jesucristo? (Tingnan sa Mga Hebreo 8:6–8, 10–13. Ang kaganapan ng ebanghelyo.) Bigyang-diin na ang matandang tipan ay inilarawan sa Lumang Tipan ng Biblia, samantalang ang bagong tipan ay inilarawan sa Bagong Tipan.
- Bakit hindi nagawang gawing sakdal ng matandang tipan ang mga taong naging bahagi nito? (Tingnan sa Mga Hebreo 10:1–4.) Bakit binibigyan tayo ng bagong tipan ng higit pang pag-asa sa pagiging sakdal? (Tingnan sa Mga Hebreo 10:9–18.)

**4. Ang mga nagpapairal ng pananampalataya kay Jesucristo ay magmamana ng lugar sa kaharian ng Diyos.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mga Hebreo 10:19–11:40. Bigyang-diin na matapos ipaliwanag ni Pablo ang mga paraan kung saan ang kaganapan ng ebanghelyo ay mas mataas, mas kumpletong batas na pumalit sa batas ni Moises ay hinikayat niya ang mga Banal na sundin ang "daang bago at buhay" na ito sa pamamagitan ng pagtutuon ng kanilang pananampalataya kay Jesucristo (Sa Mga Hebreo 10:19–22).

- Ano ang una, o pinakapangunahing, alituntunin ng ebanghelyo? (Tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4.) Ano ang pananampalataya? (Tingnan sa Mga Hebreo 11:1; Alma 32:21; Eter 12:6.) Paanong higit pa sa paniniwala ang pananampalataya? Bakit mahalaga sa ating kaligtasan ang pananampalataya kay Jesucristo?

- Si Pablo ay nagbigay ng maraming halimbawa ng mga taong nakagawa ng mga dakilang bagay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo. Sinu-sino ang kanyang binanggit? (Tingnan sa Mga Hebreo 11:4–12, 17–34.) Isulat sa pisara ang mga pangalan ng mga binanggit, at talakayin kung sa paanong paraan nangailangan ng pananampalataya ang mga nagawa ng bawat tao.

  Maaari ninyong naising hatiin sa maliliit na grupo ang mga miyembro ng klase para sa talakayang ito. Atasan ang bawat grupo na isaalang-alang ang ilan sa mga taong binanggit sa Mga Hebreo 11. Bigyan ang mga grupo ng ilang minuto upang mapag-usapan kung paano nangailangan ng pananampalataya ang mga nagawa ng mga tao, at pagkatapos ay hayaang ilahad nang maikli ng bawat grupo ang kanilang mga pangwakas na puna sa klase.

- Itinuro rin ni Pablo na matutulungan tayo ng pananampalataya sa mga panahon ng kahirapan o pakikilaban (Sa Mga Hebreo 11:32–38). Paano kayo natulungan ng pananampalataya na mapaglabanan ang kahirapan? Ano pa ang ibang mga biyaya na natanggap ninyo (o ng isang taong kilala ninyo) sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo?

---

Katapusan

Bigyang-diin na pinagpala tayong mabuhay sa panahon na ang kaganapan ng ebanghelyo ay narito sa lupa. Magpatotoo na ang kaligtasan ay nakakamit sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at pagsunod sa kanyang mga kautusan. Himukin ang mga miyembro ng klase na tuparin ang mga tipan at kautusan ng ipinanumbalik na ebanghelyo.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay mga karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o dalawa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Tutuparin ng Diyos ang kanyang mga pangako**

- Ano ang itinuturo sa Mga Hebreo 6:10–19 tungkol sa mga pangako ng Diyos sa Kanyang mga anak? Ano ang itinuturo ng talata 15 tungkol sa kaugnayan sa pagitan ng pagtitiis ng mga pagsubok at pagtanggap ng mga pangako mula sa Diyos? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 82:10.) Ano ang mga naging karanasan na ninyo sa pagtupad ng Diyos sa kanyang mga pangako sa inyo?

**2. “Pinarurusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig” (Sa Mga Hebreo 12:6)**

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Sa Mga Hebreo 12:5–11.

- Paano tayo pinarurusahan ng Panginoon? Paanong “para sa ating kapakinabangan” ang parusang nagmumula sa Panginoon? (Tingnan sa Mga Hebreo 12:10; Doktrina at mga Tipan 61:8; 95:1; 101:5.) Paano natin magagamit ang pagpaparusa bilang pagkakataon na matuto at lumago? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magkuwento ng mga pagkakataon nang sila ay parusahan ng Panginoon at kung ano ang natutuhan nila mula sa karanasang iyon.

Aralin
# 38

# "Nagpatotoo Ka sa Akin"

*Ang Mga Gawa 21–28*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na sundan ang halimbawa ni Pablo at maging matapat na mga saksi ni Jesucristo maging sa gitna ng mga pagsubok at kahirapan.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Ang Mga Gawa 21:1–22:21. Sa kabila ng mga pagtutol ng kanyang mga kasama, na natatakot na baka siya mamatay, ay naglakbay pa rin si Pablo patungong Jerusalem. Nag-ulat siya sa mga kapatid na naroon tungkol sa kanyang paglalakbay bilang misyonero. Nagpunta siya sa templo at kinuha ng galit na lupon ng mga tao. Dinakip siya ng punong kapitan ngunit pinahintulutan siyang makapagsalita sa mga tao. Isinalaysay ni Pablo ang tungkol sa kanyang pagbabalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo.

   b. Ang Mga Gawa 22:22–23:35. Tinanggihan ng mga tao si Pablo at tinangka siyang patayin. Inilayo ng punong kapitan si Pablo mula sa mga tao at inilagay siya sa isang kastilyo. Kinabukasan ay dinala ng punong kapitan si Pablo sa harapan ng Sanhedrin. Nagkaroon ng isa pang malaking pag-aalsa, at muling inilayo ng punong kapitan si Pablo at ipinadala sa kastilyo. Kinagabihan ay nagpakita ang Panginoon kay Pablo at sinabi sa kanyang tinatawag siya upang magbigay patotoo sa Roma at gayundin sa Jerusalem. Mahigit sa 40 mga Judio ang nagbalak na pumatay kay Pablo, at dinala siya kay Felix na gobernador, upang doon ay maging ligtas siya.

   c. Ang Mga Gawa 26. Makalipas ang ilang taon na pag-uusig at pagkakulong, si Pablo ay dinala sa harapan ni Haring Agripa upang magpatotoo. Hindi tinanggap ni Agripa ang patotoo ni Pablo at ipinadala siya sa Roma upang makipagkita kay Cesar.

   d. Ang Mga Gawa 27–28. Nasiraan ang barkong sinasakyan ni Pablo patungong Roma matapos ipagwalang-bahala ng kapitan ng barko ang kanyang payo. Nang makarating siya sa Roma, ikinulong siya, ngunit nangaral siya sa lahat ng mga nais makinig.

2. Kung makukuha ang sumusunod na mga materyal, gamitin ang mga ito sa aralin:

   a. "Paul—A Chosen Vessel," isang labing-isang minutong yugto ng *New Testament Video Presentations* (53914). Panoorin muna ang yugtong ito kung maaari, upang malaman ninyo kung kailan ititigil ang video para sa talakayan.

   b. Mapa ng paglalakbay ni Pablo sa Roma (mapa 8 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*).

3. Mungkahi sa pagtuturo: "Mahalagang pakainin ang inyong mga tinuturuan, upang maturuan sila ng isang bagay. Sa tuwing darating sila, dapat ay may kahit isa man lamang na kaisipan, ideya, inspirasyon na mapapasakanila dahil

sa pagdalo sa klase. Ito ay maaaring isang kaisipan, kaisipang pangkaraniwan lamang—sa katunayan, habang ito ay nagiging mas simple ay lalo mong nagagawa ang dapat mong isagawa" (Boyd K. Packer, *Teach Ye Diligently* [1975], 154).

---

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

- May isang tao ba sa banal na kasulatan na nadarama ninyong katulad din ninyo, dahil sa magkatulad ang inyong mga kaisipan, karanasan, o kalagayan? Bakit nadarama ninyong malapit kayo sa taong ito?

Hayaang magbigay puna ang ilang miyembro ng klase. Pagkatapos ay bigyang-diin na sa kanyang pagbabalik tanaw sa kanyang mga karanasan matapos ang Unang Pangitain, ay nadama ng Propetang Joseph Smith na ang kanyang mga karanasan ay katulad ng kay Apostol Pablo. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:23–25 upang matuklasan kung bakit.

Ipaliwanag na ang pagharap ni Apostol Pablo kay Haring Agripa ay isa sa mga kaganapan na tatalakayin sa araling ito. Sa kalagayang ito at sa kabuuan ng kanyang mga paglalakbay bilang misyonero, sa kabila ng pagtakwil at pang-uusig sa kanya, si Pablo ay nanatiling matatag sa pananampalataya at buong tapang na nagbigay ng patotoo tungkol kay Jesucristo.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano tayo magkakaroon ng lakas ng loob at pananampalataya na kasingtatag ng kay Pablo. Himukin ang mga miyembro ng klase na magkuwento ng mga pagkakataon kung saan ay buong tapang silang nagbigay ng patotoo sa pamamagitan ng kanilang mga salita o kilos.

**1. Nag-ulat si Pablo tungkol sa kanyang mga paglalakbay at hinarap ang galit na grupo ng mga tao sa Jerusalem.**

Kung gagamitin ninyo ang pagpapalabas ng video na "Paul—A Chosen Vessel," ay ipakita na ngayon ang unang bahagi nito. Itigil ang video matapos sabihin ng tagapagsalaysay na, "He fulfilled the Lord's words that he would bear His name before kings and rulers" (habang binabanggit ang mga salitang ito, si Pablo ay may bantay na ilang sundalo sa pasilyo).

Talakayin ang Ang Mga Gawa 21:1–22:21. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga piling talata. Ipaliwanag na matapos ang tatlong matatagumpay na paglalakbay bilang misyonero na nagdala sa kanya sa buong imperyo ng Roma, si Pablo ay nagbalik sa Jerusalem, kahit na alam niyang mapanganib gawin ang gayon.

- Bakit tinangkang pigilan si Pablo ng kanyang mga kaibigan sa pagbabalik sa Jerusalem? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 21:10–12.) Paano tumugon si Pablo sa pag-aalala ng kanyang mga kaibigan? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 21:13.) Paano nito ipinakita ang tapat na pangako ni Pablo kay Cristo?

- Ano ang ginawa ni Pablo noong araw na makarating siya sa Jerusalem? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 21:17–19.) Paano ito katulad ng ginagawa ng mga misyonero ngayon matapos silang makabalik mula sa kanilang misyon? (Iniuulat nila ang kanilang mga karanasan sa misyon sa pangulo ng istaka at mataas na kapulungan at kadalasan sa mga miyembro ng purok o sangay sa araw ng pulong-sakramento.) Paano kayo nakinabang sa pakikinig sa mga karanasan ng ibang misyonero?
- Maraming Kristiyanong Judio ang nagalit kay Pablo dahil itinuro niya na ang kaligtasan ay dumating sa pamamagitan ni Jesucristo, at hindi sa batas ni Moises (Ang Mga Gawa 15:1–35). Upang mabigyang kasiyahan ang mga taong ito, hinilingan ng mga kapatid sa Jerusalem si Pablo na magpunta sa templo at sumailalim sa rituwal na paglilinis bilang tanda na sinusunod pa rin niya ang batas (Ang Mga Gawa 21:20–25). Ano ang nangyari habang nasa templo si Pablo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 21:26–30. Hinabol siya ng lupon ng mga tao na nagparatang na nagtuturo siya ng labag sa batas ni Moises at dinudungisan ang templo sa pamamagitan ng pagpapapasok ng hindi Judio sa loob nito.) Paano nailigtas si Pablo mula sa mga taong ito? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 21:31–36.) Ano ang ginawa ni Pablo nang pahintulutan siya ng punong kapitan na magsalita sa mga tao? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 21:37–22:21. Bakit nangailangan ito ng tapang?

Maaari ninyong naising simulang isulat sa pisara ang lahat ng mga naitala sa Ang Mga Gawa 21–28 tungkol sa mga pagpapakita ng tapang ni Pablo bilang saksi ni Jesucristo. Magdagdag sa listahan sa oras ng aralin kung naaangkop.

- Kailan kayo nakapagbahagi ng inyong patotoo sa isang kalagayan na nangailangan ng tapang? Paano kayo nagkaroon ng lakas ng loob na gawin ito? Paano makatutulong sa atin ang pagkaalam sa mga ginawa ni Pablo upang magkaroon tayo ng higit na lakas ng loob na ibahagi ang ating mga patotoo sa ibang tao?

**2. Si Pablo ay iniharap sa Sanhedrin.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Ang Mga Gawa 22:22–23:35.

- Ano ang naging reaksiyon ng mga tao sa labas ng templo sa salaysay ni Pablo tungkol sa kanyang pagbabalik-loob? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 22:22.) Ano ang pangunahing layunin ng punong kapitan sa paglalayo kay Pablo mula sa mga lupon ng mga tao? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 22:24.) Paano naiwasan ni Pablo ang paghampas (pagpalo) sa kanya? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 22:25–26. Binigyang-diin niya na siya ay mamamayan ng Roma. Ito ay nagbigay sa kanya ng natatanging mga karapatan at pribilehiyo sa imperyong Romano, kung saan naging bahagi ang Jerusalem.)
- Ano ang kauna-unahang sinabi ni Pablo nang iharap siya sa Sanhedrin (ang kapulungan ng mga Judio)? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 23:1; tingnan din sa Ang Mga Gawa 24:16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 135:4 para sa katulad na pahayag na ginawa ng Propetang si Joseph Smith.) Paano sa palagay ninyo nakatulong kay Pablo sa oras na ito ang “malinis na konsiyensiya sa harap ng Diyos”? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isaalang-alang ang mga pagbabagong kailangan nilang gawin sa kanilang sariling buhay upang magkaroon ng “malinis na konsiyensiya sa harap ng Diyos.”

- Ano ang sinabi ng Panginoon nang magpakita siya kay Pablo pagkatapos siyang siyasatin ng Sanhedrin? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 23:11.) Paano kayo natulungan ng Panginoon na "magkaroon ng lakas ng loob" sa panahon ng kahirapan?
- Kinabukasan matapos magpakita ang Panginoon kay Pablo, mahigit sa 40 mga Judio ang nagtangkang pumatay kay Pablo, at nangagsipangakong hindi kakain o iinom hangga't hindi sila nagtatagumpay (Ang Mga Gawa 23:12–15). Paano naprotektahan si Pablo mula sa kanilang plano? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 23:16–35. Maaari ninyong naising bigyang-diin na ito ang ikatlong pagkakataon sa loob lamang ng ilang araw kung saan ay naligtas si Pablo mula sa kamatayan.)

**3. Nagpatotoo si Pablo kay Agripa, ngunit tinanggihan ang kanyang patotoo.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Ang Mga Gawa 26. Maaari ninyong naising ibuod ang sumusunod na impormasyon mula sa Ang Mga Gawa 24–25: Si Pablo ay ipinadala kay Felix, ang gobernador, at nagpatotoo nang buong tapang sa kanyang harapan. Nanatiling nakabilanggo si Pablo sa loob ng dalawang taon samantalang umasa si Felix na tatanggap ng salapi upang palayain siya. Nang si Felix ay palitan ni Festo bilang gobernador, hiniling ng mga Judio kay Festo na ipadala si Pablo sa Jerusalem para litisin. Tumangging magpunta si Pablo, nalalaman na hindi patas ang paglilitis na isasagawa doon. Sa halip ay umapela si Pablo kay Cesar, dahil karapatan niya iyon bilang mamamayan ng Roma. Pumayag si Festo na ipadala si Pablo sa Roma, ngunit kailangan munang humarap si Pablo kay Herod Agripa, ang hinirang ng Roma na mamuno sa Judea.

Kung ginagamit ninyo ang pagpapalabas ng video, ipakita na ngayon ang ikalawang bahagi. Itigil ang video pagkatapos ng pahayag ni Pablo na "I would to God that not only thou, but also all who hear me this day, were such as I am, except these bonds" (bago pa samahan ng mga sundalo si Pablo mula sa bakuran ni Haring Agripa).

- Ano ang hinangaan ninyo sa mga salita ni Pablo kay Haring Agripa? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 26:2–27.) Paano tinugon ni Agripa ang mga salita ni Pablo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 26:28.) Ano ang maaaring humahadlang kay Agripa sa pagiging isang Kristiyano? Anong mga saloobin o iba pang mga problema ang humahadlang sa mga tao sa ngayon sa pagtanggap ng ebanghelyo ni Jesucristo?
- Paano nagkaiba ang reaksiyon nina Festo at Agripa kay Pablo? Paano nagkatulad ang mga ito? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 26:24, 28. Bigyang-diin na walang katanggap-tanggap sa Panginoon maliban sa pagbibigay ng buong debosyon. Kahit na para kay Agripa ay halos kapani-paniwala ang mensahe ni Pablo at kahit na tahasan namang itong tinanggihan ni Festo, kapwa sila hindi nakapasa sa pagsubok ng pananampalataya na inalok sa kanila ni Pablo.)

**4. Nasiraan ang barkong sinasakyan ni Pablo patungong Roma.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Ang Mga Gawa 27–28. Ipaliwanag na kusang-loob sanang pawawalan ni Agripa si Pablo (Ang Mga Gawa 26:32), ngunit umapela si Pablo kay Cesar at dahil dito ay ipinadala siya

sa Roma. Habang tinatalakay ninyo ang paglalakbay ni Pablo patungong Roma, ipakita ang mapa at ituro ang mga lugar na pinangyarihan, tulad ng Mabubuting Daongan, kung saan pinayuhan ni Pablo ang mga kalalakihan na manatili para sa taglamig, at ang Melita, kung saan lumangoy patungo sa dalampasigan ang mga pasaherong lulan ng nasirang barko.

- Ano ang nangyari nang tanggihan ng pinuno ng barko ang babala ni Pablo na lubhang mapanganib ang maglayag mula sa Mabubuting Daongan? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 27:7–20.) Ano ang nag-udyok sa senturyon upang ipagwalang-bahala ang payo ni Pablo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 27:11–12.) Bakit kung minsan ay ipinagwawalang-bahala ng ilan sa atin ang payo ng mga pinuno ng Simbahan? Paano ninyo nalaman ang kahalagahan ng pagsunod sa payo ng mga pinuno ng Simbahan?
- Paano nalaman ni Pablo na ang lahat ng mga pasahero ay makararating sa lupa nang matiwasay, kahit na masisira sa bagyo ang barko? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 27:21–26.) Paano natupad ang propesiyang ito? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 27:27–44.)
- Paano ginamit ni Pablo ang kanyang kapangyarihan ng pagkasaserdote samantalang nasa isla ng Melita? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 28:7–9.) Ano ang ipinahihiwatig ng pangyayaring ito tungkol sa layunin ng kapangyarihan ng pagkasaserdote? Paano nakatutulong ang paggalang sa pagkasaserdote sa ating paglilingkod bilang mga saksi ni Cristo?
- Sa wakas, makalipas ang ilang buwan ay narating ni Pablo ang Roma, kung saan muli siyang ibinilanggo. Paano niya ginawang kapaki-pakinabang sa kanya ang tila hadlang na ito? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 28:16–31. Binigyan siya ng kaukulang kalayaan, kung kaya ginugol niya ang kanyang panahon sa pagtuturo ng ebanghelyo at pagpapatotoo hinggil kay Cristo.) Ano ang matututuhan natin mula kay Pablo tungkol sa pagiging matapat na saksi ni Jesucristo? (Kung nakagawa na kayo sa pisara ng listahan ng mga pagkakataon kung kailan nagpakita ng tapang si Pablo sa pagiging matapat na saksi, tukuyin ito.)

Kung ginagamit ninyo ang pagpapalabas ng video, ipakita ang karugtong nito ngayon.

---

**Katapusan**

Ipaliwanag na ipinagpalagay ng mga manunulat ng kasaysayan na si Pablo ay namatay na martir sa Roma noong dakong A.D. 65. Sa buong buhay niya ay tinupad niya ang kanyang tungkulin bilang isang Apostol na "magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa" (Mateo 28:19). Tinupad din niya ang propesiya ng Panginoon na ipapangaral niya ang ebanghelyo sa "harapan ng mga Gentil at ng mga hari, at ng mga anak ni Israel" (Ang Mga Gawa 9:15). Isa siyang matapat na saksi ni Cristo sa kabila ng mga masasakit na salita at pisikal na pagsalakay, hindi makatarungang pagkakakulong, at mga kalamidad.

Magpatotoo na kung susundan natin ang halimbawa ni Pablo sa pamamagitan ng pagiging matapat na mga saksi ni Jesucristo sa lahat ng kalagayan, tayo ay bibigyan Niya ng lakas upang mapagtiisan ang ating mga pagsubok.

## Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay mga karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**Pagbabalik-aral sa buhay ni Pablo**

Upang matulungan ang mga miyembro ng klase na mapahalagahan kung paano tinupad ni Pablo ang kanyang misyon sa buhay na ito upang magpatotoo hinggil kay Cristo, hayaang tunghayan nila ang salitang "Pablo" sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* . Papiliin ang bawat miyembro ng klase ng isang pangyayari sa buhay ni Pablo nang magpatotoo siya hinggil kay Cristo. (Ang mga kaganapang hindi nakalista sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* ay maaari ding gamitin.) Anyayahan ang bawat miyembro ng klase na ibahagi sa klase ang kanyang napili, at ilista ang lahat ng mga kaganapan sa pisara. Pagkatapos ay hayaang tunghayan ng mga miyembro ng klase ang mga mapa ng paglalakbay ni Pablo (mga mapa 6–8 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*) at tukuyin kung saan naganap ang bawat pangyayari. Tulungan ang mga miyembro ng klase na pagbalik-aralan ang angkop na mga banal na kasulatan kung kinakailangan upang malaman ang lugar na pinangyarihan.

Aralin
# 39

# "Sa Ikasasakdal ng mga Banal"

*Mga Taga Efeso*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na ang proseso ng paggawang "sakdal . . . ng mga banal" (Mga Taga Efeso 4:12) ay nangangailangan ng dagdag nating pananampalataya kay Cristo, pagsunod sa mga turo ng mga apostol at propeta, at pangangalaga sa ating sarili mula sa kasamaan ng daigdig.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Mga Taga Efeso 1:9–10. Itinuro ni Pablo na ang layunin ng dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon ay "tipunin ang lahat ng bagay na kay Cristo."
   b. Mga Taga Efeso 2:12–22; 4:1–16. Itinuro ni Pablo na si Jesucristo ang ating batong panulok. Itinuro niya na binigyan tayo ng Panginoon ng mga apostol at propeta upang tulungan tayong maging perpekto at dumating sa "pagkakaisa ng pananampalataya."
   c. Mga Taga Efeso 5:22–29; 6:1–4. Itinuro ni Pablo na kailangan ang pagkakaisa sa pagitan ng mag-asawa at sa pagitan ng mga magulang at mga anak.
   d. Mga Taga Efeso 4:21–32; 6:10–18. Itinuro ni Pablo na dapat tayong "mangagbihis ng bagong pagkatao" at "mangagbihis ng kagayakan ng Dios" upang mapangalagaan tayo mula sa kasamaan ng daigdig.

2. Karagdagang pagbabasa: Juan 17:11; Mosias 18:21–22; Doktrina at mga Tipan 27:15–18; 38:25–27; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Dispensasyon, Mga," 45.

3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala sa klase ng isang piraso ng sinulid (mga 1 hanggang 3 talampakan ang haba) at isang putol ng pisi na halos ganoon din ang haba.

4. Mungkahi sa pagtuturo: Ang pagmamarka ng mga banal na kasulatan ay nakatutulong sa mga guro at miyembro ng klase na tandaan ang mahahalagang salita, ideya, mga tao, at mga pangyayari. Maaari ninyong himukin ang mga miyembro ng klase na markahan ang kanilang mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng pagtuturo sa mahahalagang alituntunin, pagbibigay ng iba pang sanggunian, o pagsasabi ng kung ano ang isinulat ninyo sa gilid ng inyong mga banal na kasulatan.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita sa mga miyembro ng klase ang sinulid at pisi (tingnan sa bahaging "Paghahanda").

- Anong bagay ang parehong mayroon ang sinulid at pisi? (Kapwa yari sa mga hibla ng mga materyal ang mga ito.) Paano nagkakaiba ang mga ito? (Ang sinulid ay isang hibla lamang, samantalang ang pisi ay yari sa maraming hibla na pinagsala-salabid.) Alin sa mga bagay na ito ang mas matibay?

Ipaliwanag na, tulad ng isang piraso ng sinulid, tayo ay mahina kapag sa ating sarili lamang tayo umaasa. Gayunman, tulad ng pisi, maaari tayong maging matibay kapag nagkakaisa tayo sa pananampalataya at kabutihan. Sa kanyang liham sa mga taga Efeso, binigyang-diin ni Pablo ang kahalagahan ng paggawang "sakdal . . . ng mga banal" at pagkakaroon ng "pagkakaisa ng pananampalataya" (Mga Taga Efeso 4:12–13). Tinatalakay ng araling ito kung paano tayo bilang mga pamilya at Simbahan ay makagagawa tungo sa pagiging perpekto at pagkakaisa sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Tagapagligtas, pagsunod sa mga apostol at mga propeta, pagkakaroon ng matatag na mga pamilya, at pagbibihis ng buong kagayakan ng Dios.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Buong panalanging piliin ang mga talata ng banal na kasulatan at mga tanong na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

**1. Ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon**

Basahin at talakayin ang Mga Taga Efeso 1:9–10.

- Sa unang kabanata ng Mga Taga Efeso, nagsalita si Pablo tungkol sa "dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon" (Mga Taga Efeso 1:10). Ano ang isang dispensasyon ng ebanghelyo? (Isang kapanahunan kung saan ang Panginoon ay may isang tagapaglingkod sa lupa na may hawak ng mga susi ng pagkasaserdote at binigyang karapatan upang pangasiwaan ang ebanghelyo. Tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Dispensasyon, Mga."
- Ano ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon? (Ang dispensasyon na nagsimula sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo at organisasyon ng Simbahan sa pamamagitan ni Joseph Smith.) Bakit tinaguriang kaganapan ng mga panahon ang ating dispensasyon?

  Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley na: "Ikaw at ako ay nakararanas ng napakalaki at kahanga-hangang mga pagpapala ng dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon. Sa araw at panahong ito ay naipanumbalik sa lupa ang lahat ng alituntunin, kapangyarihan, biyaya, at susi ng lahat ng nangaunang dispensasyon" (sa Conference Report, Abr. 1992, 98; o *Ensign*, Mayo 1992, 70).
- Ano ang sinabi ni Pablo na gagawin ng ating Ama sa Langit sa dispensasyong ito? (Tingnan sa Mga Taga Efeso 1:9–10.) Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo"? Ano ang ilang bagay na magkakasamang tinitipon sa ating kapanahunan? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang mga banal na kasulatan, mga miyembro ng Simbahan, mga talaan ng mga patay, at mga pamilyang naibuklod sa templo.) Paano tayo makatutulong sa prosesong ito ng pagtitipon?

## 2. Si Jesucristo bilang ating batong panulok

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Mga Taga Efeso 2:12–22 at 4:1–16.

- Paghambingin ang Mga Taga Efeso 2:12 at 2:19. Paano inilarawan ni Pablo ang mga pagbabagong naganap sa mga tumanggap at sumunod sa Tagapagligtas? Paano ninyo nakita ang ganito ring mga pagbabago sa inyong sarili at sa iba? Paano pinagpala ang inyong buhay ng inyong pakikisalamuha sa ibang mga miyembro ng Simbahan bilang "mga kababayan" sa ebanghelyo?
- Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa pagtuturo niya na si Jesucristo ang "pangulong batong panulok" ng Simbahan? (Mga Taga Efeso 2:20). (Kung kinakailangan, ipaliwanag na ang batong panulok ay isang pundasyong bato na inilalagay sa sulok kung saan nagtatagpo ang dalawang dingding. Ang batong panulok ay mahalaga sa katatagan at pagkakabuo ng istruktura.) Paano si Jesucristo naging batong panulok ng inyong pananampalataya?
- Ano ang itinuro ni Pablo sa Mga Taga Efeso 2:20 at 4:11–14 tungkol sa kahalagahan ng mga apostol at propeta? Bakit mahalaga sa tunay na Simbahan ang buhay na mga apostol at propeta? Ano ang ilang turo mula sa mga apostol at propeta ng mga huling araw na tumutulong sa ating umunlad tungo sa kasakdalan at pagkakaisa? (Maaari ninyong naising isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase.)

  Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer na: "Ang ministeryo ng mga propeta at apostol ay palagi at kailanma'y aakay sa kanila tungo sa tahanan at sa pamilya. . . . Ang pinakalayunin ng lahat ng ating itinuturo ay pagsamahin ang mga magulang at mga anak sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, na sila ay masaya sa tahanan, ibinuklod sa isang walang hanggang kasal, naiugnay sa kanilang mga henerasyon, at binigyang katiyakan na tatanggap ng kadakilaan sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit" (sa Conference Report, Abr. 1995, 8; o *Ensign*, Mayo 1995, 8).
- Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa pagtuturo na may "isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo"? (Mga Taga Efeso 4:5). Bakit mahalagang magkaisa tayo sa ating pag-unawa at pagtuturo ng mga pangunahing doktrina ng Simbahan?

## 3. Pagkakaisa sa pagitan ng mag-asawa at sa pagitan ng mga magulang at anak

Basahin at talakayin ang Mga Taga Efeso 5:22–29; 6:1–4.

- Anong paghahambing ang ginamit ni Pablo nang ilarawan niya ang ugnayan sa pagitan ng mag-asawa? (Tingnan sa Mga Taga Efeso 5:22–29.) Ano ang matututuhan ng mga mag-asawa mula sa paghahambing na ito upang matulungan silang magkaroon ng higit na pagmamahal at pagkakaisa sa kanilang pagiging mag-asawa? (Talakayin ang mga tiyak na paraan kung paano ipinamalas ni Jesus ang kanyang pagmamahal sa Simbahan at kung paano maiaangkop ang bawat paraan sa kasal. Maaari ninyong naising isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase.)

  Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball na: ""May makikita ba kayo sa mga sagradong banal na kasulatan kung saan binigo ng Panginoong Jesucristo ang

kanyang simbahan? . . .  Naging matapat ba siya? Naging totoo ba siya? Mayroon bang anumang mabuti at karapat-dapat na bagay na hindi niya ibinigay? Kung gayon iyon ang ating hinahanap—ang kanyang hinahanap sa isang asawang lalaki. . . .

" . . . Naiisip ba ninyo kung gaano niya kamahal ang Simbahan? Mahalaga sa kanya ang bawat hininga nito. Ang bawat pag-unlad, ang bawat indibiduwal nito, ay mahalaga sa kanya. Ibinigay niya sa mga taong iyon ang lahat ng kanyang lakas, lahat ng kanyang kapangyarihan, lahat ng kanyang interes. Ibinuwis niya ang kanyang buhay—ano pa ang maaaring ibigay ng isang tao na hihigit pa rito?" (*Men of Example* [talumpating ibinigay sa mga guro ng relihiyon, ika-12 ng Set. 1975], 4–5).

- Ano ang payo ni Pablo sa mga anak sa Mga Taga Efeso 6:1–3? Bakit mahalaga ang payong ito sa ngayon? Paano kayo pinagpala sa paggalang ninyo sa inyong mga magulang?

- Ano ang ibig sabihin ni Pablo nang payuhan niya ang mga magulang na palakihin ang isang anak sa "saway at aral ng Panginoon"? (Mga Taga Efeso 6:4). Paano espirituwal na mapapangalagaan ng mga magulang ang mga anak? Paano masusunod ng mga magulang ang halimbawa ng Panginoon kapag nangangaral sa mga anak?

- Paano makatutulong sa pagpapatatag ng mga ugnayan ng pamilya at pagpapanatili ng pagkakaisa sa tahanan ang payo ni Pablo sa mga magulang at sa anak? Anong payo ang ibinigay sa atin ng mga apostol at propeta sa mga huling araw tungkol sa mga pamilya? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na talakayin ang payo na kamakailan lamang ibinigay sa mga pangkalahatang komperensiya, sa iba pang mga pulong o *fireside*, at sa mga lathalain ng magasin ng Simbahan.

  Sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," ay itinuro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol na ang "kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahal, awa, gawa, at mga kapaki-pakinabang na gawaing panlibangan" (Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo 35538 893).

**4. Pagbibihis ng "bagong pagkatao" at ng "buong kagayakan ng Dios"**

Basahin at talakayin ang Mga Taga Efeso 4:21–32 at 6:10–18.

- Ano ang ibig sabihin ni Pablo nang hikayatin niya ang mga taga Efeso na "mangagbihis ng bagong pagkatao"? (Mga Taga Efeso 4:24). Ano ang ilang katangian ng mga taong naging "bago" sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Tingnan sa Mga Taga Efeso 4:21–32.)

- Habang hinihikayat ang mga Banal na isuot ang buong kagayakan ng Diyos, sila ay binalaan ni Pablo tungkol sa maraming uri ng masasamang impluwensiya (Mga Taga Efeso 6:10–12). Ano ang ilan sa mga masasamang impluwensiya sa buhay na ito?

- Ano ang iba't ibang piraso ng tinatawag ni Pablo na kagayakan ng Diyos? Ano ang isinasagisag ng bawat piraso? (Tingnan sa Mga Taga Efeso 6:13–18; Doktrina at mga Tipan 27:15–18. Maaari ninyong naising isulat ang mga sagot sa pisara sa ilalim ng mga pamagat na *Kagayakan* at *Sagisag*.) Paano tayo mapangangalagaan ng bawat piraso ng kagayakan ng Diyos laban sa impluwensiya ni Satanas? Ano ang maaari nating gawin upang maisuot araw-araw ang kagayakang ito?

---

Katapusan

Magpatotoo na itinatag ng Panginoon ang kanyang Simbahan, na may mga apostol at propeta, upang tulungan tayong maging katulad niya at makabalik upang mamuhay sa kanyang piling. Himukin ang mga miyembro ng klase na sama-samang magsikap para sa "ikasasakdal ng mga Banal" sa pamamagitan ng pagsunod sa mga turo ni Pablo sa mga taga Efeso.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. "Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios" (Mga Taga Efeso 6:11)**

Ipalabas ang "The Whole Armor of God," isang labintatlong minutong yugto mula sa *New Testament Video Presentations* (53914). Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Anong mga panganib ang nakaharap ng mga sundalo sa video? Anong mga panganib ang nakaharap ng mga kabataan? Paano pinagpala ang mga miyembro ng bawat grupo sa pagsusuot ng kanilang kagayakan?

**2. Pananalangin para sa mga pinuno ng Simbahan**

- Basahin ang Mga Taga Efeso 6:18–20. Bakit sa palagay ninyo hiniling ni Pablo sa mga taga Efeso na manalangin para sa kanya? Kailan kayo napalakas ng mga panalangin ng ibang tao? Bakit mahalaga na manalangin tayo para isa't isa at para sa mga pinuno ng Simbahan?

**3. "Sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya" (Mga Taga Efeso 2:8)**

- Ano ang itinuro ni Pablo sa Mga Taga Efeso 2:8–9 tungkol sa kung paano nakatatanggap ng kaligtasan ang isang tao? Bakit imposible para sa atin ang iligtas ang ating sarili sa pamamagitan ng ating mga gawa? (Tingnan sa Mga Taga Roma 3:23; Mosias 3:17; Alma 22:14. Maaari ninyong naising bigyang-diin na kinailangang madalas na paalalahanan ni Pablo ang mga Banal na mga Judio na ang mga gawa ng batas ni Moises ay hindi maaaring magligtas sa kanila. Para sa mas madetalyeng talakayan tungkol sa awa at mga gawa, tingnan sa aralin 36.)

# “Lahat ng mga Bagay ay Aking Magagawa [sa Pamamagitan ni Cristo]”

Aralin
# 40

*Mga Taga Filipos; Mga Taga Colosas; Filemon*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na taglayin ang mga katangian ng tunay na mga tagasunod ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Mga Taga Filipos. Pinasalamatan ni Pablo ang mga Banal sa Filipos para sa tulong na kanilang ipinadala sa kanya at hinimok silang magkaisa, at maging matapat na mga tagasunod ni Cristo.
   b. Mga Taga Colosas 1. Pinaalalahanan ni Pablo ang mga Banal sa Colosas na ang pagkatubos ay makakamit lamang sa pamamagitan ni Jesucristo.
   c. Mga Taga Colosas 2:1–8, 16–23; 3; 4. Itinuro ni Pablo sa mga Banal sa Colosas ang tungkol sa mga bagay na dapat nilang gawin at mga katangiang dapat nilang taglayin bilang mga hinirang ng Diyos.
   d. Filemon. Hinikayat ni Pablo si Filemon na maging mapagpatawad kay Onesimo, na isang takas na alipin.

2. Karagdagang pagbabasa: *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Sulat ni Pablo, Mga: Mga Taga Filipos, Mga Taga Colosas, Mga Taga Efeso, Filemon, Mga Hebreo,” 234–235.

3. Mungkahi sa pagtuturo: Ang isang balangkas ng aralin o ilang talata ng banal na kasulatan ay maaaring maglaman ng materyal na labis sa oras na magagamit ninyo sa klase. Habang inihahanda ninyo ang bawat aralin, buong panalanging magpasiya kung aling mga doktrina at alituntunin ang pinakakapaki-pakinabang sa inyong klase. Planuhing ituro muna ang mga ito, kasama ang iba pang mga bahagi ng aralin kung may oras pa. Habang nagtuturo kayo, gayunman, maging sensitibo sa Espiritu at nakababagay nang sapat upang mabago ninyo ang inyong plano kung madarama ninyong dapat gawin ang gayon. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit E, Paksa 19, “Paggamit at Pangangalaga sa Oras ng Aralin,” 139–140.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isulat sa pisara ang ilang susing salita mula sa ikalabintatlong saligan ng pananampalataya, gaya ng *matapat*, *tunay*, *marangal*, at *maipagkakapuri*.

- Aling saligan ng pananampalataya ang naglalaman ng mga salitang ito? (Kung hindi alam ng mga miyembro ng klase, patingnan ito sa kanila sa Mga Saligan ng Pananampalataya, na matatagpuan sa hulihan ng Mahalagang Perlas.)

Kapag tama ang sagot ng mga miyembro ng klase, hilingan ang isang miyembro ng klase na bigkasin o basahin ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya. Pagkatapos ay ipabigkas muli sa miyembro ng klase ang unang kalahati ng saligan ng pananampalataya, hanggang sa "ang payo ni Pablo."

- Ano ang "payo ni Pablo"? Saan ito matatagpuan?

Ipabuklat sa mga miyembro ng klase ang Mga Taga Filipos 4:8 at ihambing ito sa ikalabintatlong saligan ng pananampalataya. Ipaliwanag na noong banggitin ni Joseph Smith ang payo ni Pablo sa ikalabintatlong saligan ng pananampalataya, ang tinutukoy niya ay ang Taga Filipos 4:8, na bahagi ng isang liham na isinulat ni Pablo sa mga Banal sa Filipos. Tatalakayin ng aralin ngayong araw na ito ang pabalat ng liham na ito at ang mga liham ni Pablo sa mga taga Colosas at kay Filemon, na isinulat lahat noong nakakulong si Pablo sa Roma. Tinatalakay ng mga liham na ito ang mga katangian na dapat nating hangaring taglayin bilang matatapat na tagasunod ni Jesucristo.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa atin sa ngayon tulad ng kung paano naangkop ang mga ito sa mga Banal noong kapanahunan ni Pablo. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

**1. Hinimok ni Pablo ang mga Banal na taga Filipos na sundin si Jesucristo.**

Talakayin ang liham ni Pablo sa mga taga Filipos. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Si Pablo ay nakakulong sa Roma nang sumulat siya sa mga taga Filipos. Ano ang naging reaksiyon ng ibang mga miyembro ng Simbahan sa pagkakakulong ni Pablo? (Tingnan sa Mga Taga Filipos 1:12–18.) Paano kayo natulungan nang makita o marinig ninyo ang iba na naging malakas ang loob sa paglilingkod sa Panginoon?
- Sa Mga Taga Filipos 2:2–3, ano ang hinikayat ni Pablo na gawin ng mga miyembro ng Simbahan? Sa anong mga paraan dapat "mangagkaisa ng kaluluwa [sa kaisipan]" ang mga miyembro ng Simbahan? (Tingnan sa Mga Taga Filipos 1:27; 2:14–15.) Bakit kung minsan ginagawa natin ang mga bagay para sa "pagpapalalo"? Bakit sa palagay ninyo nagpayo si Pablo ng laban dito? Bakit mahalagang hindi natin isipin na mas mabuti tayo kaysa sa ibang tao? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 38:24–26.)
- Ano ang itinuro ni Pablo tungkol kay Jesus sa Mga Taga Filipos 2:5–8? Paano ipinakita ni Jesus ang perpektong halimbawa ng pagiging mapagpakumbaba at masunurin sa kalooban ng kanyang Ama? (Tingnan sa Juan 8:29.) Paano tayo higit na magiging mapagpakumbaba at pasasailalim sa kalooban ng Ama sa Langit?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig ipakahulugan ni Pablo nang sabihin niya sa mga taga Filipos na, "Lubusin ninyo ang gawain ng inyong sariling pagkaligtas na may takot at panginginig"? (Mga Taga Filipos 2:12).

Ipinaliwanag ni Pangulong David O. McKay na: "Ang 'Gawin ang inyong sariling kaligtasan' ay isang panghihikayat na ipakita sa pamamagitan ng gawain, ng pinag-isipan, at masunuring pagsisikap ang katotohanan ng pananampalataya. Ngunit kailangan itong gawin nang may lubos na kabatiran na ang lubusang pag-asa sa sarili ay maaaring maging sanhi ng kapalaluan at kahinaan na hahantong sa kabiguan. Dapat nating hangarin ang lakas at awa ng Diyos nang 'may takot at panginginig' para sa inspirasyon na makamtan ang tagumpay sa wakas" (sa Conference Report, Abr. 1957, 7).

- Paulit-ulit na pinayuhan ni Pablo ang mga taga Filipos na "mangagalak sa Panginoon" (Mga Taga Filipos 3:1; 4:4). Paano tayo mangagagalak sa Panginoon?
- Sinabi ni Pablo sa mga taga Filipos na naisakripisyo niya ang lahat ng bagay para kay Cristo (Mga Taga Filipos 3:7–8). Ano ang naisakripisyo ni Pablo? Bakit mahalagang magsakripisyo tayo para kay Cristo? (Tingnan sa Mga Taga Filipos 3:9–12.)

  Itinuro ni Propetang Joseph Smith na: "Ang isang relihiyon na hindi nangangailangan ng sakripisyo ng lahat ng bagay ay hindi kailanman magkakaroon ng sapat na kapangyarihan upang lumikha ng pananampalatayang kinakailangan tungo sa buhay at kaligtasan; dahil, mula pa sa unang pag-iral ng tao, ang pananampalatayang kailangan tungo sa pagtatamasa ng buhay at kaligtasan ay hindi kailanman makakamtan kung wala ang pagsasakripisyo ng lahat ng bagay sa mundo" (*Lectures on Faith* [1985], 69).

- Paano natin makakamtan ang "kapayapaan ng Dios" na binabanggit sa Mga Taga Filipos 4:7? (Tingnan sa Mga Taga Filipos 4:6–7.) Kailan ninyo nadama ang kapayapaan ng Diyos?
- Paano natin maisasagawa ang payo ni Pablo sa Mga Taga Filipos 4:8? (Tingnan din sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13.) Paano tayo pinagpapala kapag sinusunod natin ang payong ito?
- Nagpatotoo si Pablo na, "Lahat ng mga bagay ay aking magagawa doon [kay Cristo] sa nagpapalakas sa akin" (Mga Taga Filipos 4:13). Paano sa palagay ninyo nakamtan ni Pablo ang patotoong ito tungkol kay Cristo? Paano ninyo nakitang makakaya ninyong "gawin ang lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Cristo"?

**2. Pinaalalahanan ni Pablo ang mga taga Colosas na ang pagkatubos ay makakamit lamang sa pamamagitan ni Cristo.**

Talakayin ang Mga Taga Colosas 1. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata. Ipaliwanag na ang mga Banal sa Colosas, na isang maliit na lungsod sa gawing silangan ng Efeso, ay naimpluwensiyahan ng mga turo na hindi gaanong nagpapahalaga sa Tagapagligtas at nakatuon sa pagkakamit ng kaganapan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ordenansa at pagsamba sa mga anghel. Sa kanyang liham sa mga taga Colosas ay nagbabala si Pablo laban sa mga turo na ito, na hinihikayat ang mga Banal na magpatuloy na "nababaon at matitibay" (Mga Taga Colosas 1:23; tingnan din sa Mga Taga Colosas 2:5–7) sa kaalaman na ang pagkatubos ay makakamit lamang sa pamamagitan ni Jesucristo.

- Anong mga katotohanan tungkol kay Jesucristo ang itinuro ni Pablo sa mga taga Colosas? (Tingnan sa Mga Taga Colosas 1:12–22. Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase.) Bakit mahalaga para sa mga taga Colosas na maunawaan ang mga katotohanang ito? Paano naaapektuhan ng inyong kaalaman at patotoo tungkol kay Jesucristo ang paraan ng inyong pamumuhay?
- Ano ang "mana ng mga banal" na maaari nating tanggapin mula sa ating Ama sa Langit? (Tingnan sa Mga Taga Colosas 1:12; 2 Nephi 9:18; Doktrina at mga Tipan 50:5.) Sino ang gumawa ng paraan upang maging posible ang manang ito? (Tingnan sa Mga Taga Colosas 1:12–14.) Ano ang kailangan nating gawin upang matanggap ang manang ito? (Tingnan sa Mga Taga Colosas 1:10–12; 2 Nephi 9:18; Alma 5:51; Doktrina at mga Tipan 50:5.)
- Ano ang ibig sabihin ni Pablo nang hikayatin niya ang mga taga Colosas na manatiling "nababaon at matitibay" sa ebanghelyo? (Tingnan sa Mga Taga Colosas 1:23.) Ano ang mga dahilan kung bakit ang mga tao ay "nalalayo sa pag-asa ng ebanghelyo"? (Mga Taga Colosas 1:23). Ano ang maaari nating gawin upang mapatatag ang ating mga patotoo?

**3. Itinuro ni Pablo sa mga taga Colosas ang dapat nilang gawin bilang mga hinirang ng Diyos.**

Talakayin ang Mga Taga Colosas 2:1–8, 16–23; 3; 4. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Nais ni Pablo na ang mga puso ng mga Banal ay maging "magkakalakip sa pag-ibig" at sa kaalaman tungkol sa Diyos Ama at kay Jesucristo (Mga Taga Colosas 2:2–3). Paano natin ito maisasagawa sa ating sariling purok o sangay?
- Ano ang ibig sabihin ng "nangauugat at nangatatayo" kay Cristo? (Tingnan sa Mga Taga Colosas 2:7.) Paano tayo mauugat kay Cristo? Paano tayo matutulungan ng "pagkaugat at pagkatayo" kay Cristo sa panahon ng pagsubok? (Maaari ninyong naising ihambing ang punong may maiikli at mababaw ang na ng mga ugat sa isang puno na mahahaba at malalim ang mga ugat. Talakayin kung aling puno ang higit na makatatagal sa mga pagsubok na tulad ng mga bagyo at tagtuyot.)
- Anong mga katangian ng "mga hinirang ng Diyos" ang nakalista sa Mga Taga Colosas 3:12–15? (Ilista sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase.) Paano ipinakita ni Jesucristo ang halimbawa ng mga katangiang ito? (Hilingan ang mga miyembro ng klase na mag-isip ng mga tiyak na pangyayari kung saan nakita kay Jesus ang bawat katangian.) Paano natin mas lalong mapauunlad ang mga katangiang ito?
- Paano natin mahahayaang manatili sa atin ang salita ni Cristo, tulad ng payo ni Pablo? (Tingnan sa Mga Taga Colosas 3:16–17; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 1:37; 18:34–36.) Paano mapalalakas ng mga himno ang ating pang-unawa at patotoo tungkol sa salita ni Cristo? Paano natin higit na magagamit ang mga himno at iba pang sagradong musika?

  Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks na: "Kailangan nating gamitin pa nang husto ang ating mga himno upang makaayon tayo sa Espiritu ng Panginoon, upang mapag-isa tayo, at upang tulungan tayong maituro at matutuhan ang ating doktrina. Kailangan nating gamitin pa nang husto ang ating mga himno sa

pagtuturo ng mga misyonero, sa mga klase ng ebanghelyo, sa pulong ng korum, sa gabing pantahanan, at sa pagdalaw ng mga pagtuturo ng tahanan. Ang musika ay mabisang paraan ng pagsamba sa ating Ama sa Langit at sa kanyang Anak na si Jesucristo. Dapat nating gamitin ang mga himno kapag kailangan natin ng espirituwal na kalakasan at inspirasyon" (sa Conference Report, Okt. 1994, 13; o *Ensign*, Nob. 1994, 12).

- Paulit-ulit na binigyang-diin ni Pablo ang kahalagahan ng pagiging mapagpasalamat (Mga Taga Colosas 2:7; 3:15, 17). Bakit mahalagang magpasalamat tayo? Paano natin maipakikita ang pasasalamat sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa lahat ng pagkakataon?

**4. Hinimok ni Pablo si Filemon na maging mapagpatawad kay Onesimo.**

Talakayin ang liham ni Pablo kay Filemon. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata. Ipaliwanag na sumulat si Pablo ng personal na liham kay Filemon, isang miyembro ng Simbahan sa Colosas, tungkol sa alipin ni Filemon na si Onesimo. Ninakawan ni Onesimo si Pablo at tumakas papuntang Roma, kung saan niya nakilala si Filemon at nagbalik-loob sa Simbahan. Hiniling ni Pablo kay Filemon na patawarin si Onesimo at tanggapin siya bilang kapatid sa ebanghelyo.

- Ano ang malalaman natin tungkol kay Pablo mula sa kanyang liham kay Filemon?
- Paano ipinakita ni Pablo ang paggalang niya sa kalayaan sa pagpili ni Filemon? (Tingnan sa Filemon 1:14.) Paano niya ipinakita ang kanyang pagmamalasakit sa kapakanan ni Onesimo?
- Ano ang matututuhan natin mula sa liham na ito tungkol sa kapangyarihan ng ebanghelyo na baguhin ang mga ugnayan ng mga tao? (Tingnan sa Filemon 1:16.) Paano naaapektuhan ng ebanghelyo ang inyong pakikipag-ugnayan sa mga taong nakapaligid sa inyo?

---

Katapusan

Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng pagtataglay ng mga katangian na nakatutulong sa atin na maging higit na katulad ni Jesucristo, gaya ng mga binanggit sa mga liham ni Pablo sa mga taga Filipos, sa mga taga Colosas, at kay Filemon. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang Mga Taga Filipos 4:8 at Mga Taga Colosas 3:12–15 at pumili ng isang katangian mula sa mga talatang iyon na pagsisikapan na taglayin sa linggong ito.

---

## Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Mga ugnayan sa pagitan ng mga magulang at mga anak**

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Mga Taga Colosas 3:20–21.

- Sang-ayon kay Pablo, ano ang tungkulin ng isang anak sa kanyang mga magulang? Ano ang tungkulin ng mga magulang sa isang anak? Paano ninyo mapagbubuti ang ugnayan sa pagitan ng mga magulang at mga anak sa inyong pamilya?

**2. “Naglilingkod kayo sa Panginoong Jesucristo” (Mga Taga Colosas 3:24)**

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Mga Taga Colosas 3:23–24.

- Paano natin masusunod ang mga tagubilin ni Pablo sa mga talatang ito? (Tingnan din sa Mateo 25:34–40.) Anong kaibahan ang maaaring ibunga ng saloobing ito sa paraan ng ating paglilingkod?

# “Natapos Ko na ang Aking Takbo”

Aralin
# 41

*I at II Kay Timoteo; Kay Tito*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na pag-aralan at ituro ang tunay na doktrina at maging mabubuting halimbawa sa ibang tao.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

    a. I Kay Timoteo 4; II Kay Timoteo 1–4; Kay Tito 1. Inilarawan ni Pablo ang mga palatandaan ng lubusang pagtalikod sa katotohanan. Itinuro niyang ang pag-aaral at pagtuturo ng tunay na doktrina ay nakatutulong upang makaiwas sa lubusang pagtalikod sa katotohanan.
    b. I Kay Timoteo 4:12. Itinuro ni Pablo na dapat tayong maging “halimbawa ng mga nananampalataya.”
    c. I Kay Timoteo 6; Kay Tito 2–3. Itinuro ni Pablo na dapat tayong “sumunod . . . sa katuwiran” at tanggihan ang kalikuan.

2. Karagdagang pagbabasa: *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Sulat ni Pablo, Mga: 1 at 2 Kay Timoteo, Kay Tito,” “Timoteo,” at “Tito,” 234–235.

3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, maghanda ng mga papel na sinulatan ng mga sumusunod na pangungusap, o maghandang isulat ang mga ito sa pisara:

    *Upang matapos ko ang aking takbo, kailangan kong:*
    *Pag-aralan at ituro ang tamang doktrina*
    *Maging halimbawa ng mga nananampalataya*
    *sumunod . . . sa katuwiran at tanggihan ang kalikuan*.

4. Mungkahi sa pagtuturo: Gumamit ng iba-ibang materyal at pamamaraan sa pagtuturo. Halimbawa, maaari kayong gumamit ng mga larawan o audiovisual na mga materyal, isang kakaibang paraan ng talakayan, o kakaibang pagkakaayos ng mga upuan. Ang iba’t ibang paraan ay makatutulong sa pagpapanatili ng interes sa mga aralin. Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit C, Paksa 8, “Pagiging Malikhain sa Silid-aralan,” 73–74; at Yunit E, Paksa 12, “Pagtuturo nang may Pagkakaiba-iba,” 117-118, para sa mga materyal at pamamaraan na maaaring angkop para sa inyong mga aralin.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

- Ano ang huling karera (paligsahan) na nilahukan o pinanood ninyo? Ano ang kaibahan ng *pananalo* at *pagtapos* ng isang mahigpitang karerahan? Ilan ang

mga nananalo sa isang karaniwang paligsahan? Ano ang kailangan ninyong gawin upang manalo?

- Paano katulad ng isang paligsahan ang ating buhay? Paano ito hindi katulad ng isang paligsahan? (Lahat ng tao ay maaaring manalo sa "karera" ng buhay.) Ano ang kailangan nating gawin upang matapos nang matagumpay ang karera ng buhay?

Hilingan ang isang miyembro ng klase na basahin ang II Kay Timoteo 4:7. (Maaari ninyong naising bigyang-diin na ang isang "karera" ay maaari ding tawaging isang "takbuhan.") Ipaliwanag na ang Apostol Pablo ay namuhay sa paraan na kung saan ay maaari niyang taglayin ang pahayag na ito hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay. Tinatalakay ng araling ito ang ilang turo ni Pablo na makatutulong sa atin habang nagsisikap tayong tapusin nang matagumpay ang ating pagtakbo.

Ipakita ang papel na sinulatan ng *Upang matapos ko ang aking pagtakbo, kailangan kong:*

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

Ipaliwanag na sina Timoteo at Tito ay mga pinagkakatiwalaang kasama ni Pablo na tumulong sa kanya sa pangangaral ng ebanghelyo. Paglaya ni Pablo sa una niyang pagkabilanggo sa Roma ay ipinagpatuloy niya ang kanyang mga paglalakbay bilang misyonero. Iniwan niya sa Efeso si Timoteo upang pangasiwaan ang Simbahan, at iniwan niya sa Creta si Tito na may gayunding tungkulin. Sa pagpapatuloy ni Pablo sa kanyang paglalakbay ay nagsulat siya ng mga liham upang patatagin ang mga kapatid na ito at payuhan sila sa kanilang mga pananagutan bilang mga pastor o pastol sa mga Banal. Ito ang dahilan kung bakit madalas tawagin ang mga liham na ito na liham ng pastor sa kanyang nasasakupan.

**1. Pag-aralan at ituro ang tamang doktrina.**

Talakayin ang I Kay Timoteo 4; II Kay Timoteo 1–4; at Kay Tito 1. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Anong mga palatandaan ng lubusang pagtalikod sa katotohanan ang inilarawan ni Pablo sa kanyang mga liham kina Timoteo at Tito? (Tingnan sa I Kay Timoteo 4:1–3; II Kay Timoteo 3:1–7, 13; 4:3–4; Kay Tito 1:10–11.) Paano nakikita ang mga palatandaang ito ng lubusang pagtalikod sa katotohanan sa ngayon? (Tingnan sa 2 Nephi 28:3–9; Doktrina at mga Tipan 1:15–16.) Paano natin mapoprotektahan ang ating sarili laban sa mga kasamaang ito?
- Bakit ang ilang tao ay "laging nagsisipag-aral, at kailan pa man ay hindi nakararating sa pagkaalam ng katotohanan"? (II Kay Timoteo 3:7). Paano tayo makatitiyak na ang ating pag-aaral ay umaakay sa atin tungo sa kaalaman ng katotohanan"?
- Ano ang itinuro ni Pablo kay Timoteo tungkol sa pananagutan ng mga taong nangangaral ng ebanghelyo? (Tingnan sa I Kay Timoteo 4:6–7, 13–16; II Kay

Timoteo 2:16, 23–25; 3:14–17; 4:2, 5. Maaari ninyong naising isulat sa pisara ang mga pananagutang ito.) Anong mga pagkakataon mayroon tayo upang maituro ang ebanghelyo? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang pagtuturo sa mga miyembro ng pamilya, pagtupad sa mga tungkulin sa Simbahan, at pagtatalakayan tungkol sa ebanghelyo na kasama ang mga kaibigan at kakilala. Bigyang-diin na ang bawat isa sa atin kahit paano ay isang guro ng ebanghelyo.) Paano natin mas mabisang maituturo ang ebanghelyo?

- Binigyang-diin ni Pablo ang kahalagahan ng pagtuturo at pag-aaral ng tamang doktrina (I Kay Timoteo 1:3; 4:6, 13; Kay Tito 2:1). Paano tayo matutulungan ng pag-aaral ng tamang doktrina na makaiwas sa lubusang pagtalikod sa katotohanan? Ano ang ilan sa mga panganib ng mga maling turo? Paano pinagpala ng pag-aaral ng tamang mga doktrina ng ebanghelyo ang inyong buhay?

  Sa pagsasalita tungkol sa kapangyarihan ng tamang doktrina ay ganito ang sinabi ni Elder Boyd K. Packer: "Ang tamang doktrina, kapag naunawaan, ay nakapagpapabago ng pag-uugali at saloobin. Ang pag-aaral ng mga doktrina ng ebanghelyo ay mas mabilis na makapagpapabuti ng pag-uugali kaysa sa pagpapabuting magagawa ng pag-aaral ng pag-uugali. . . . Ito ang dahilan kung bakit labis nating binibigyan ng diin ang pag-aaral ng mga doktrina ng ebanghelyo" (sa Conference Report, Okt. 1986, 20; o *Ensign*, Nob. 1986, 17).

- Paano tayo makatitiyak na ang itinuturo natin ay tamang doktrina? (Tingnan sa Mosias 18:19–20; Doktrina at mga Tipan 52:9.)

  Si Elder Joseph B. Wirthlin ay nagpayo na: "Inihayag ng Diyos ang lahat ng bagay na kailangan para sa ating kaligtasan. Dapat nating ituro at talakayin ang mga bagay na naihayag at iwasan ang pag-uusisa sa mga tinatawag na bagay na misteryo. Ang payo ko sa mga guro sa Simbahan, nagtuturo man sila sa mga purok at istaka, sa mga institusyon ng Simbahan sa mas mataas na pag-aaral, sa mga dalubhasaan ng relihiyon, seminary, o maging bilang mga magulang sa kanilang mga tahanan, ay ang ibatay ang kanilang mga pagtuturo sa mga banal na kasulatan at sa salita ng mga propeta ng mga huling araw" (sa Conference Report, Okt. 1994, 101; o *Ensign*, Nob. 1994, 77).

- Ano ang ipinayo ni Pablo na gawin natin minsang natanggap natin ang magaling na aral? (Tingnan sa II Kay Timoteo 1:13; Kay Tito 1:9.) Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "kumapit"? (Tingnan sa 1 Nephi 15:23–24.)

Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, ipakita ang papel na sinulatan ng *Pag-aralan at ituro ang tamang doktrina*.

**2. "Maging uliran ng mga nagsisisampalataya."**

Basahin at talakayin ang I Kay Timoteo 4:12.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "maging uliran ng mga nagsisisampalataya"? (I Kay Timoteo 4:12). Paano kayo naimpluwensiyahan ng isang taong naging "uliran ng mga nagsisisampalataya"?

Isulat ang bawat paraan na sinabi ni Pablo kay Timoteo upang maging isang uliran (halimbawa). Hilingin sa mga miyembro ng klase na ilarawan kung paano tayo magiging uliran sa bawat isa sa mga paraan na ito.

Salita
Pakikipag-usap (maaaring mangahulugan din ng kilos o pag-uugali)
Pag-ibig sa kapwa-tao
Espiritu
Pananampalataya
Kadalisayan

Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, ipakita ang papel na sinulatan ng *Maging uliran ng mga nagsisisampalataya*.

**3. "Sumunod . . . sa katuwiran" at tanggihan ang kalikuan.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa I Kay Timoteo 6 at Kay Tito 2–3.

- Ano ang itinuro ni Pablo tungkol sa pag-ibig sa salapi? (Tingnan sa I Kay Timoteo 6:7–10.) Sa anong paraan nagiging "ugat ng lahat ng kasamaan" ang pag-ibig sa salapi? Paano tayo makatitiyak na hindi natin masyadong pinagtutuunan ng pansin ang salapi at ang iba pang materyal na kayamanan? (Tingnan sa I Kay Timoteo 6:17–19; Jacob 2:18–19.)

  Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks na: "Hindi naman likas na masama ang salapi. Ang ginamit na salapi ng Mabuting Samaritano sa paglilingkod sa kanyang kapwa-tao ay katulad ng salaping ginamit ni Judas sa pagkakanulo sa Guro. Ang '*pag-ibig sa salapi* ang [siyang] ugat ng lahat ng kasamaan.' (I Kay Timoteo 6:10; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik.) Ang malaking kaibahan ay ang antas ng espirituwalidad na pinaiiral sa pagtanaw, pagtimbang, at pangangasiwa ng mga bagay ng daigdig na ito" (sa Conference Report, Okt. 1985, 78; o *Ensign*, Nob. 1985, 63).

- Sa kanyang mga sulat kina Timoteo at Tito ay nagbigay si Pablo ng maraming tagubilin tungkol sa matwid na pamumuhay. Anong payo ang ibinigay ni Pablo sa sumusunod na mga talata: I Kay Timoteo 6:11–12; II Kay Timoteo 2:22; Kay Tito 2:1–8, 12; 3:1–2, 8? (Ibuod sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Talakayin kung ano ang ibig sabihin ng mga tagubiling ito at kung paano maiaangkop ang mga ito sa ating buhay.)

Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, ipakita ang papel na sinulatan ng *Sumunod . . . sa katuwiran at tanggihan ang kalikuan*.

---

Katapusan

Ipaliwanag na alam ni Pablo na hindi magtatagal at papatayin siya dahil sa kanyang patotoo tungkol kay Jesucristo. Ngunit alam din niyang dahil sa ipinamuhay niya ang ebanghelyo, ay "natataan sa [kanya] ang putong na katuwiran" (II Kay Timoteo 4:8). Magbigay ng patotoo hinggil sa kahalagahan ng paggawa ng tamang mga bagay araw-araw at pananatili sa landas upang masabi nating tulad ni Pablo na, "Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananampalataya" (II Kay Timoteo 4:7).

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Karagdagang talakayan tungkol sa I Kay Timoteo**

- Anong payo ang ibinigay ni Pablo tungkol sa panalangin sa I Kay Timoteo 2:1–3? Bakit dapat nating ipanalangin ang lahat ng tao? Paano natin ito magagawa nang makabuluhan? Bakit dapat nating ipanalangin nang lubos ang mga pinuno ng mga bansa?
- Sa I Kay Timoteo 3:1–7 ay itinakda ni Pablo ang mga katangian ng isang obispo. Bakit mahalaga ang mga katangiang ito sa isang obispo?
- Ano ang itinuro ni Pablo sa I Kay Timoteo 5:8 tungkol sa pangangalaga sa ating mga pamilya? Bakit sa palagay ninyo madiin ang pagsasalita ni Pablo laban sa mga hindi tumutupad sa pananagutang ito?

**2. "Hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan" (II Kay Timoteo 1:7)**

Hilingan ang isang miyembro ng klase na basahin ang II Kay Timoteo 1:7.

- Ano ang ilang mga bagay na kinatatakutan ng mga tao sa mundo sa ngayon? Anong katiyakan ang ibinigay ni Pablo kay Timoteo hinggil sa "espiritu ng katakutan"? Paano ninyo napatunayan na totoo ang pangakong ito sa inyong sariling buhay?

**3. Pagiging mabubuting empleyado**

Basahin at talakayin ang Kay Tito 2:9–10.

- Paano naaangkop sa mga empleyado ang payo ni Pablo sa mga alipin sa mga talatang ito? (Bigyang-diin na ang ibig sabihin ng *mangagdaya* ay magnakaw o maling paglalaan ng salapi.) Paano kung minsan ninanakawan ng empleyado ang kanilang amo? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang paglulustay ng salapi, pagkuha ng mga gamit ng opisina para sa sariling paggamit, o hindi pagtatrabaho nang sapat sa maghapon.)
- Ano ang sinabi ni Pablo na dapat nating gawin sa halip na mandaya? (Magpakita ng "buting pagtatapat," o maging matapat at mapagkakatiwalaan.) Ano na ang nakita ninyong ibinunga ng pagpapakita ng "buting pagtatapat" sa pinagtatrabahuhan?

Aralin
# 42

# "Dalisay na Relihion"

*Santiago*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang mga katangian na dapat nating taglayin upang maipamuhay nang lubusan ang ating relihiyon.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. Santiago 1:1–4; 5:10–11. Itinuro ni Santiago na dapat nating pagtiisan nang buong tiyaga ang kahirapan.
   b. Santiago 1:5–7; 4:8. Itinuro ni Santiago na dapat tayong manalangin sa Diyos nang may pananampalataya.
   c. Santiago 1:19–20, 26; 3:2–18. Itinuro ni Santiago na dapat nating pigilan ang ating mga dila at "magmakupad sa pagkagalit."
   d. Santiago 1:22–25, 27; 2:14–26; 4:17. Itinuro ni Santiago na dapat tayong maging "tagatupad . . . ng salita," na ipinakikita ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng ating mga gawa.

2. Karagdagang Pagbabasa: *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Santiago, Kapatid ng Panginoon" 225–226.

3. Mungkahi sa pagtuturo: "Ituro na mayroong personal na komunikasyon mula sa Diyos at patungo sa Diyos. Tulungan ang bawat indibiduwal na maunawaan kung paano manalangin nang karapat-dapat at kung paano makatatanggap at makakikilala ng mga sagot mula sa Diyos" (Richard G. Scott, "Four Fundamentals for Those Who Teach and Inspire Youth," sa *CES Old Testament Symposium Speeches, 1987* [1987], 3).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Isulat sa pisara ang *Dalisay na Relihiyon*, at itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang ibig sabihin ng salitang *dalisay*? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang tunay, totoo, kumpleto, at perpekto.) Ano ang ibig sabihin ng *relihiyon*? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang paglilingkod at pagsamba sa Diyos, isang sistema ng mga pinaniniwalaan at kaugalian, at tapat na pangako o debosyon sa isang partikular na paraan ng pamumuhay.)
- Paano ninyo ipaliliwanag ang dalisay na relihiyon?

Hilingan ang isang miyembro ng klase na basahin ang Santiago 1:27. Ipaliwanag na tinatalakay ng araling ito kung paano natin maisasagawa ang mga turo ni Santiago upang matulungan tayong ipamuhay ang "dalisay na relihion" at maging "walang dungis sa harapan ng ating Dios."

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang tinatalakay ninyo ang mga turo sa aklat ni Santiago, ilista ang mga ito sa pisara sa ilalim ng pamagat na *Dalisay na relihiyon*. Talakayin kung paano makatutulong sa atin ang bawat konsepto na itinuro ni Santiago upang maipamuhay ang isang dalisay na relihiyon.

Ipaliwanag na ang sumulat ng aklat ni Santiago ay karaniwang iniisip na siyang kapatid na lalaki ni Jesucristo. Pagkatapos na mabuhay na mag-uli si Jesucristo, si Santiago ay naglingkod bilang Apostol at isang mahalagang pinuno ng sinaunang Simbahan (Mga Gawa 12:17; 15:13–20).

**1. Dapat nating pagtiisan nang may pagtitiyaga ang kahirapan.**

Basahin at talakayin ang Santiago 1:1–4; 5:10–11.

- Ano ang itinuro ni Santiago tungkol sa pagharap sa mga pagsubok ng ating pananampalataya? (Tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Santiago 1:2 na nagpapakita na ang pariralang *sari-saring tukso* ay binago at ginawang *maraming paghihirap*.) Paano makatutulong sa atin ang mga pagsubok sa pagkakaroon natin ng pagtitiis? Paano tayo nabibiyayaan kapag buong pagtitiis nating pinagtitiisan ang mga kahirapan? (Tingnan sa Santiago 1:4; Mga Taga Roma 5:3–5; Alma 36:3.)

  Isinulat ni Elder Orson F. Whitney na: "Wala tayong sakit na tinitiis, walang tayong pagsubok na dinaranas na nasasayang lamang. Nakadaragdag ito sa ating edukasyon, sa pagkakaroon ng mga katangiang tulad ng pagtitiis, pananampalataya, katatagan ng loob, at kabaang-loob. Ang lahat ng ating nararanasan at pinagtitiisan, lalo na kapag pinagtitiisan natin ito nang buong tiyaga ay nagpapatatag sa ating pagkatao, nagpapadalisay sa ating mga puso, nagpapalawak sa ating kaluluwa, at ginagawang tayong mas maawain at mapagmahal sa kapwa tao, higit na karapat-dapat na tawaging mga anak ng Diyos" (sinipi sa Spencer W. Kimball, *Faith Precedes the Miracle*, [1972], 98).

- Sino ang binanggit ni Santiago na mabubuting halimbawa ng pagtitiis sa kahirapan? (Tingnan sa Santiago 5:10–11.) Paano ninyo nakita sa mga propeta ng mga huling araw ang pagtitiis na ito? Paano nakatulong sa inyo ang kanilang halimbawa?

**2. Dapat tayong manalangin sa Diyos nang may pananampalataya.**

Basahin at talakayin ang Santiago 1:5–7 at 4:8.

- Anong payo ang ibinigay ni Santiago sa mga "nagkukulang ng karunungan"? (Tingnan sa Santiago 1:5–6.) Ano ang gagawin ng Ama sa Langit kung hihiling tayo nang may pananampalataya? Ano ang mga naging karanasan ninyo sa pagtanggap ng mga kasagutan sa panalangin?

- Paano naimpluwensiyan si Propetang Joseph Smith ng payo na nasa Santiago 1:5? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–13.) Ano ang matututuhan natin mula sa kanyang karanasan? Paano nakaaapekto sa atin ang pasiya ni Joseph na sundin ang payo sa Santiago 1:5? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:14–20.)

  Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na: "Dahil nagpunta ang labing-apat na taong gulang na batang lalaki sa kakahuyan upang manalangin, tulad ng pagkabasa niya sa mga banal na kasulatan, . . . dahil ipinamuhay niya ang mga

paghahayag mula sa kaitaasan, ay nasa atin sa ngayon Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nasa atin lahat ang biyaya na lubos ng makapagpapaligaya sa atin sa buong daigdig, dahil nagpunta sa kakahuyan ang isang batang lalaki na labing-apat na taong gulang upang manalangin" (sa Conference Report, Melbourne Australia Area Conference 1976, 23).

Kung kabataan ang inyong tinuturuan, magpatotoo na ang paghiling sa Diyos nang may pananampalataya at ang pagtanggap ng karunungan ay hindi limitado sa edad o sa iba pang mga kalagayan. Si Joseph Smith ay 14 na taong gulang nang subukin niyang gawin ang mga salita ni Santiago at natanggap ang Unang Pangitain. Siya ay 17 taong gulang nang dalawin siya ng anghel na si Moroni at ihayag kung saan nakatago ang mga laminang ginto.

- Paano inilarawan ni Santiago ang mga nananalangin nang walang pananampalataya? (Tingnan sa Santiago 1:6–7.) Ano ang maaari nating gawin upang palakasin ang ating pananampalataya?
- Itinuro ni Santiago na, "Magsilapit kayo sa Dios, at siya'y lalapit sa inyo" (Santiago 4:8). Paano tayo mas inilalapit sa Dios ng taos-pusong panalangin?

**3. Dapat nating pigilan ang ating dila at "magmakupad sa pagkagalit."**

Talakayin ang Santiago 1:19–20, 26; 3:2–18. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata.

- Itinuro ni Santiago na dapat tayong "magmaliksi sa pakikinig, magmakupad sa pananalita" (Santiago 1:19). Anong mga karanasan sa inyong buhay ang nakapagpatibay sa karunungan ng payo na ito? Paano tayo magiging higit na mabuting tagapakinig at mas maalalahaning tagapagsalita?
- Itinuro din ni Santiago na dapat tayong "magmakupad sa pagkagalit" (Santiago 1:19). Ano ang ilang nagiging bunga ng pagsasalita o pagkilos nang galit? Anong mga karanasan sa inyong buhay ang nagpatibay sa karunungan ng payo ni Santiago? Paano natin mapaglalabanan o mapipigilan ang damdamin ng pagkagalit?
- Itinuro ni Santiago na dapat nating pigilin ang ating dila (Santiago 1:26). Ano ang layon ng preno sa kabayo? (Upang magabayan at makontrol ang kabayo.) Paano natin maisasagawa ang payo ni Santiago na "pigilan" natin ang ating dila? (Tingnan sa Santiago 4:11. Maaaring kabilang sa mga sagot ang pag-iwas sa tsismis, kasinungalingan, pakikipag-away, pagmumura, at mga galit na salita. Sa halip, dapat nating gamitin ang ating dila na maging magalang, pagsasabi ng katotohanan, pananalangin, at paglikha ng kapayapaan.)
- Basahin ang Santiago 3:3–5. Sa ano inihambing ni Santiago ang dila sa mga talatang ito? (Sa pangkagat sa preno ng kabayo, at sa ugit ng daong. Maaari ninyong naising ipaliwanag na ang pangkagat ay ang bakal na bahagi ng preno na ipinapasok sa bibig ng kabayo.) Ano ang matututuhan natin mula sa mga paghahambing na ito? Paano makatutulong sa atin na kontrolin ang ibang aspeto ng ating buhay ang pagkatutong kontrolin ang ating mga salita?
- Basahin ang Santiago 3:9–13. Ano ang itinuro ni Santiago sa mga talatang ito tungkol sa pagpigil sa ating mga pananalita? (Talakayin ang mga pagsasagawa ng payong ito sa mga miyembro ng klase. Halimbawa, kung may saserdote sa

mga miyembro ng klase, maaari ninyong talakayin ang kahalagahan ng pagpapanatiling malinis ng kanilang pananalita sa buong linggo upang maging karapat-dapat sila na magbasbas ng sakramento sa Linggo. Maaaring gawin din ang gayong pagsasagawa ng mga nagtuturo ng ebanghelyo.)

- Paano nakatutulong sa pagkakaroon ng kapayapaan ang pagpigil sa ating dila? (Tingnan sa Santiago 3:16–18.) Bakit mahalagang bahagi ng dalisay na relihiyon ang pagpipigil sa ating mga dila?

**4. Dapat tayong maging "mga tagatupad ng salita," sa pamamagitan ng pagpapakita ng ating pananampalataya sa ating mga gawa.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Santiago 1:22–25, 27; 2:14–26; 4:17.

- Ano ang ibig sabihin ng maging "mga tagapakinig lamang" ng salita? (Santiago 1:22). Sa anong paraan dinadaya ng "mga tagapakinig lamang" ang kanilang sarili? (Tingnan sa Santiago 1:22–25; 4:17.) Ano ang mga pagpapala ng pagiging "mga tagatupad ng salita"?
- Ano ang itinuro ni Santiago tungkol sa kaugnayan ng pananampalataya at mga gawa? (Tingnan sa Santiago 2:14–26.) Bakit patay ang pananampalataya na walang gawa? Paano pinalalakas ng mabubuting gawa ang ating pananampalataya kay Jesucristo?
- Ano ang binigyang-diin ni Santiago na dapat nating gawin upang ipamuhay ang dalisay na relihiyon? (Tingnan sa Santiago 1:27 o ipaalala sa mga miyembro ng klase ang gawaing pantawag-pansin.) Bakit sa palagay ninyo bahagi ng dalisay na relihiyon ang pagdalaw at pagtulong sa mga taong nangangailangan?
- Ano ang maaari nating gawin upang manatiling "walang dungis ang sarili . . . sa sanglibutan" (Santiago 1:27; tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:9). Paano nakatutulong sa atin na ating mapanatiling walang dungis ang ating sarili sa sanglibutan ang pagdalo sa simbahan at pagtanggap ng sakramento?

---

Katapusan

Magpatotoo tungkol sa katotohanan ng mga turo ni Santiago. Bigyang-diin na maaari nating ipamuhay nang higit pang dalisay ang ating relihiyon sa pamamagitan ng pagiging matiisin sa mga pagsubok, pananalangin sa Diyos nang may pananampalataya, pagdisiplina sa ating mga sarili at paggawa ng mabubuting bagay.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Mga pagtatanghal ng mga miyembro ng klase**

Isang linggo bago ituro ang araling ito ay hilingan ang limang miyembro ng klase na pag-aralan ang magkakaibang kabanata sa Santiago. Sa pagsisimula ng klase (pagkatapos na pagkatapos ng gawaing pantawag-pansin, kung ginamit ninyo ito), ipabahagi sa mga taong ito ang kanilang mga ideya tungkol sa mga kabanatang kanilang pinag-aralan.

**2. Pagpapalabas ng video**

Basahin ang Santiago 1:27 at pagkatapos ay ipalabas ang "The Body Is a Temple, isang anim na minutong yugto mula sa *New Testament Video Presentations* (53914). Talakayin kung ano ang itinuturo ng pagtatanghal na ito ng video tungkol sa pagpapanatiling walang dungis ng ating sarili sa sanglibutan.

**3. Karagdagang talakayan tungkol sa aklat ni Santiago**

- Sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Santiago 1:12, ang salitang *nagtitiis* ay pinalitan ng salitang *lumalaban*. Ano ang pagkakaiba ng pagtitiis ng tukso at paglaban sa tukso? Ano ang mga pangako sa mga lumalaban sa tukso? (Tingnan sa Santiago 1:12; 4:7.)
- Ano ang itinuro ni Santiago tungkol sa paghatol sa iba? (Tingnan sa Santiago 2:1–9.) Bakit hinuhusgahan ng ilang tao ang iba sa pamamagitan ng kanilang mga katayuan sa lupa o materyal na ari-arian? Paano natin matututuhang hindi tingnan ang panlabas na kaanyuan ng tao at sa halip ay tingnan ang kanyang puso, tulad ng ginagawa ng Diyos? (Tingnan sa I Samuel 16:7; Doktrina at mga Tipan 38:24–27.)
- Ano ang itinuro ni Santiago tungkol sa mga epekto ng pag-iimbot at pagnanasa? (Tingnan sa Santiago 3:16; 4:1–6.) Paano natin mapaglalabanan ang damdamin ng pag-iimbot o pagnanasa? (Tingnan sa Santiago 4:7–10.)
- Ano ang itinuro ni Santiago tungkol sa pangangasiwa sa mga maysakit? (Tingnan sa Santiago 5:14–15.) Paano kayo pinagpala o kaya ay nakita ninyong pinagpala ang iba sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote na magpagaling?
- Binigyang-diin ni Santiago ang kahalagahan ng pagtulong sa mga taong "nalilihis sa katotohanan" (Santiago 5:19–20). Paano natin magagawa ito?

# "Isang Lahing Hirang"

Aralin
# 43

*I at II Ni Pedro; Judas*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na mamuhay sa kabanalan at maging isang lahing hirang.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. I Ni Pedro 1; 2:1–10. Itinuro ni Pedro na kailangan nating magkaroon ng pananampalataya at mamuhay sa kabanalan. Itinuro niya na ang mga Banal ay isang lahing hirang, na tinawag upang ipakita ang mga pagpuri ng Tagapagligtas.
   b. I Ni Pedro 2:19–24; 3:13–17; 4:12–19. Itinuro ni Pedro na kailangan nating sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagbabata ng mga pagsubok at pag-uusig.
   c. II Ni Pedro 1. Hinikayat tayo ni Pedro na makibahagi tayo sa kabanalang mula sa Diyos at pagsikapang mabuti na mangapanatag tayo sa pagkatawag at pagkahirang sa atin.
   d. II Ni Pedro 2–3; Judas. Sina Pedro at Judas ay nagbabala laban sa mga bulaang guro at sa mga nagtatatuwa sa Ikalawang Pagparito. Hinikayat nila ang mga tagasunod ni Cristo na manatiling matapat.

2. Karagdagang pagbabasa: I Ni Juan 3:2–3; 3 Nephi 12:48; Doktrina at mga Tipan 122:7–8.

3. Mungkahi para sa pagtuturo: Pag-aralang mabuti ang bawat aralin upang maituro ito nang hindi madalas na tumitingin sa manwal. Kapag alam ninyo ang inyong materyal ay makatitingin kayo sa mga mata ng mga miyembro ng klase habang kayo ay nagtuturo. Ang palagiang pagtingin sa mata ay nakapagpapabuti sa pakikilahok at pag-uugali ng mga miyembro ng klase at nakatutulong sa pagpapahiwatig ninyo sa kanila ng inyong pagmamahal at pagmamalasakit. (*Tingnan sa Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit E, Paksa 17, "Panatilihin ang Pagtingin sa Mata," 131–133.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ibahagi ang sumusunod na kuwento na isinalaysay ni Obispo Vaughn J. Featherstone:

"Maraming taon na ang nakalilipas nang marinig ko ang kuwento tungkol sa anak ni Haring Louis XVI ng Pransiya. Si Haring Louis ay inalis sa kanyang trono at ikinulong. Ang kanyang batang anak na lalaki, ang prinsipe, ay tinangay ng

mga nagpaalis sa hari sa trono. Inakala nila na dahil sa ang anak ng hari ang magmamana ng kaharian, at kung masisira nila ang kanyang pagkatao, ay hindi na niya kailanman malalaman ang dakila at magiting na hinaharap na ipinagkaloob sa kanya ng buhay.

"Siya ay dinala sa isang malayong pamayanan, at doon ay inilantad nila ang batang lalaki sa lahat ng uri ng masama at kasuklam-suklam na bagay na maiaalok ng buhay. . . . Siya ay pinakitunguhan nang ganito sa loob ng anim na buwan—ngunit ni minsan ay hindi napatukso ang batang lalaki. Sa bandang huli, makaraan ang matitinding tukso, siya ay tinanong nila. Bakit hindi siya napatukso sa mga bagay na ito—bakit hindi siya tumikim? Ang mga bagay na ito ay makapagdudulot ng kasiyahan, makapagbibigay kasiyahan sa kanyang mga pagnanasa, at kanais-nais ang mga ito; ang lahat ng ito ay sa kanya. Ang sabi ng batang lalaki ay, 'Hindi ko magagawa ang ipinagagawa ninyo dahil isinilang ako upang maging isang hari' " ("The King's Son," *New Era*, Nob. 1975, 35).

Ganito ang naging puna ni Obispo Featherstone:

"Ang ating Ama ay isang hari, at tulad ng anak ng hari na nalantad sa bawat kasuklam-suklam at tiwaling bagay sa buhay, ay gayundin naman na malalantad kayo sa napakaraming kasamaan at kababaan ng pagkatao ng ating salinlahi. Ngunit kayo . . . ay isinilang din upang maging mga hari at reyna, mga lalaki at babaeng saserdote" (*New Era,* Nob. 1975, 35).

- Ano ang ating potensiyal bilang mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit? Paano maimpluwensiyahan ng kaalaman tungkol sa ating banal na potensiyal ang paraan ng ating pamumuhay?

Bigyang-diin na bilang mga anak ng ating Ama sa Langit, tayo ay maaaring maging katulad niya at maaari nating manahin ang lahat ng mayroon siya. Ang mga liham nina Pedro at Judas ay nag-aalok ng mahahalagang turo na makatutulong sa atin upang mamuhay nang karapat-dapat bilang mga anak ng Diyos.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Buong panalanging piliin ang mga talata ng banal kasulatan, tanong, at iba pang materyal sa aralin na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Talakayin kung paano naaangkop ang mga banal na kasulatang ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

**1. Mamuhay nang may pananampalataya at kabanalan bilang isang lahing hirang.**

Talakayin ang I Ni Pedro 1 at 2:1–10. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga piling talata.

- Ano ang itinuro ni Pedro sa kabanata 1 tungkol sa misyon ni Jesucristo? (Tingnan sa I Ni Pedro 1:3–4, 18–21.) Paano dapat makaapekto sa ating pang-araw-araw na kilos ang kaalaman tungkol sa misyon at sakripisyo ng Tagapagligtas? (Tingnan sa I Ni Pedro 1:8, 13–16, 22–23; 2:5. Maaari ninyong naising isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase.)

- Bakit "lalong mahalaga kaysa ginto" ang pananampalataya, tulad ng sinabi ni Pedro? (Tingnan sa I Ni Pedro 1:7; Sa Mga Hebreo 11:6; 1 Nephi 7:12.) Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng pagsubok sa ating pananampalataya sa pamamagitan ng apoy? Ano ang pinakalayunin ng ating pananampalataya? (Tingnan sa I Ni Pedro 1:5, 9.)
- Itinuro ni Pedro na ang mga propetang nagpatotoo hinggil kay Jesucristo ay "nagsikap at nagsiyasat na maigi" (I Ni Pedro 1:10; tingnan din sa talata 11). Paano mapalalakas ng masigasig na panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan ang ating mga patotoo tungkol sa Tagapagligtas?
- Sino ang lahing hirang na binanggit ni Pedro? (Tingnan sa I Ni Pedro 2:9–10 at ang siping-banggit sa ibaba.) Ano ang ating pananagutan bilang isang lahing hirang? (Tingnan sa I Ni Pedro 2:9.) Paano natin matutupad ang pananagutang ito? (Tingnan sa Mateo 5:16.)

  Inilarawan ni Elder Bruce R. McConkie ang lahing hirang bilang, "hindi sila mga taong nabubuhay sa isang partikular na kapanahunan, kundi . . . ang sambahayan ni Israel noong sinauna, sa kalagitnaan ng panahon, at sa ngayong mga huling araw. . . . [Kabilang dito] ang matatapat na miyembro ng Simbahan na tinaglay sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo at inampon sa kanyang pamilya" (*Doctrinal New Testament Commentary*, 3 tomo [1966–73], 3:294).

**2. Sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagtitiis ng mga pagsubok at pag-uusig.**

Basahin at talakayin ang I Ni Pedro 2:19–24; 3:13–17; 4:12–19.

- Isinulat ni Pedro na si "Cristo . . . ay nagbata dahil sa inyo [atin], na kayo'y [tayo] iniwanan ng halimbawa" (I Ni Pedro 2:21). Ano ang maaari nating gawin upang masundan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagtugon sa mga pagsubok at pag-uusig? (Tingnan sa I Ni Pedro 2:19–23.) Anong mga halimbawa ang nakita ninyo sa mga taong tulad ni Cristo sa pagbabata ng mga pagsubok? Paano tayo pinagpapala sa pagsunod natin sa halimbawa ng Tagapagligtas sa pagtugon sa mga pagsubok?
- Kailan kayo (o ang isang kakilala ninyo) pinag-usig dahil sa pagsunod sa kalooban ng Panginoon? Paano tayo pinayuhan ni Pedro na tumugon sa gayong mga kalagayan? (Tingnan sa I Ni Pedro 3:13–17; 4:12–19. Maaari ninyong naising isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase.) Sa anong mga paraan tayo binibigyan ng pagkakataon ng mga pagsubok na maging mas malapit sa Panginoon at luwalhatiin siya?

**3. Makibahagi tayo sa kabanalang mula sa Diyos at pagsikapang mangapanatag tayo sa pagkatawag at pagkahirang sa atin.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa II Ni Pedro 1.

- Aling mga katangian ang inilarawan ni Pedro na bahagi ng kabanalang mula sa Diyos? (Tingnan sa II Ni Pedro 1:4–7. Isulat ang mga katangian sa pisara.) Bakit mahalagang taglayin natin ang mga katangiang ito? (Tingnan sa II Ni Pedro 1:8.) Paano ninyo nakita ang mga katangiang ito sa ibang tao?

- Hinikayat ni Pedro ang mga Banal na "pagsikapan [ninyo] na mangapanatag [kayo] sa pagkatawag at pagkahirang [sa inyo]" (II Ni Pedro 1:10). Ano ang ibig sabihin ng mapanatag sa pagkatawag at pagkahirang sa inyo? (Tanggapin mula sa Diyos ang katiyakan o pangako ng kadakilaan sa kahariang selestiyal. Ang isang tao na panatag sa pagkatawag at pagkahirang sa kanya ay nalalaman na siya ay "ibinuklod sa buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng paghahayag at ng diwa ng propesiya" [Doktrina at mga Tipan 131:5]. Tinanggap ni Joseph Smith ang pangakong ito mula sa Panginoon, tulad ng nakatala sa Doktrina at mga Tipan 132:49.)
- Ano ang kailangan nating gawin upang matiyak ang ating pagkatawag at pagkahirang?

  Itinuro ni Propetang Joseph Smith na: "Matapos magkaroon ng pananampalataya ang isang tao kay Cristo, magsisi ng kanyang mga kasalanan, at mabinyagan para sa ikapagpapatawad ng kanyang mga kasalanan, at matanggap ang Espiritu Santo (sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay), . . . sa gayon patuloy siyang magpakumbaba sa harapan ng Diyos, na nauuhaw at nagugutom sa kabutihan, at nabubuhay sa bawat salita ng Diyos, at hindi magtatagal ay sasabihin sa kanya ng Panginoon na, Anak, ikaw ay tatanggap ng kadakilaan. Kapag lubusan na siyang nasubukan ng Panginoon, at napagtantong buo ang kalooban ng tao na maglingkod sa Kanya sa kabila ng mga panganib, kung magkagayon ay maseseguro ng tao ang katiyakan ng kanyang pagkatawag at pagkahirang" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 150).

**4. Iwasan ang mga bulaang guro at ang mga nagtatatuwa sa Ikalawang Pagparito.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa II Ni Pedro 2–3 at Judas. Ipaliwanag na si Judas ay anak nina Jose at Maria at kapatid ni Jesus.

- Sina Pedro at Judas ay nagbabala na magkakaroon ng mga bulaang guro sa kalipunan ng mga miyembro ng Simbahan. Ayon sa kanila ano ang ilan sa mga katangian ng mga huwad na guro? (Tingnan sa II Ni Pedro 2:1–3, 10, 12–19; Judas 1:4, 8, 10–13, 16, 18–19.) Paano natin makikilala ang mga huwad na guro sa ngayon?
- Anong payo ang ibinigay nina Pedro at Judas na makatutulong sa atin upang maiwasan ang mga huwad na turo at manatiling matapat habang naghahanda tayo para sa Ikalawang Pagparito? (Tingnan sa II Ni Pedro 3:11–14, 17–18; Judas 1:3, 20–21; tingnan din sa Moroni 7:12–17; Doktrina at mga Tipan 45:57; 46:7–8.)

---

Katapusan

Patotohanan ang mga katotohanang inyong tinalakay. Himukin ang mga miyembro ng klase na sundin ang mga turo nina Pedro at Judas habang sinisikap nilang mamuhay nang may pananampalataya at kabanalan.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o ang dalawang ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Karagdagang talakayan ng I Ni Pedro**

- Sa I Ni Pedro 1, anong mga paghahambing ang ginawa ni Pedro sa pagitan ng nasisira o naglalaho at sa hindi nasisira o walang katapusan? (Tingnan sa I Ni Pedro 1:4, 7, 18–19, 23–25. Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa ilalim ng dalawang pamagat na: *Nasisira o Naglalaho* at *Hindi Nasisira o Walang Katapusan*.) Ano ang matututuhan natin mula sa mga paghahambing na ito?
- Itinuro ni Pedro na si Jesus ay "nakilala [naordenan] nga nang una bago itinatag ang sanglibutan" upang maging Tagapagligtas (I Ni Pedro 1:20; tingnan din sa Apocalipsis 13:8). Bakit mahalaga ang katotohanang ito? Ano ang idinaragdag ng mga banal na kasulatan na inihayag sa mga huling araw sa ating pang-unawa tungkol sa pagkaordena noon pa ng Tagapagligtas? (Tingnan sa Moises 4:1–4; Abraham 3:27–28.)
- Anong payo ang ibinigay ni Pedro tungkol sa mga batas ng lupain? (Tingnan sa I Ni Pedro 2:13–15.) Anong payo ang inihayag ng Panginoon sa mga huling araw tungkol sa mga batas ng lupain? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 58:21–22; 98:4–10; 134:5; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12.)
- Ano ang itinuro ni Pedro tungkol sa gawain ng pangangaral ng ebanghelyo sa mga patay? (Tingnan sa I Ni Pedro 3:18–20; 4:6.) Kailan nagpunta si Jesus sa daigdig ng mga espiritu upang ayusin ang pangangaral ng ebanghelyo sa mga patay? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:27.) Bakit niya ginawa ito? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:29–37.) Ano ang inihahayag ng ministeryo ng Tagapagligtas sa daigdig ng mga espiritu tungkol sa gawain ng Diyos? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang dahil sa perpektong katarungan at awa ng Diyos, ang lahat ng tao na nabuhay sa mundo ay magkakaroon ng pagkakataong tanggapin ang ebanghelyo at tamasahin ang kaganapan ng mga pagpapala nito.)
- Anong payo ang ibinigay ni Pedro sa mga pinuno ng Simbahan sa I Ni Pedro 5:1–4? Paano magagawa ng mga pinuno ng Simbahan na "pangalagaan ang kawan ng Diyos"? (I Ni Pedro 5:2; tingnan sa II Ni Pedro 1:12–15; Doktrina at mga Tipan 42:12–14). Paano kayo napagpala ng mga pinuno ng Simbahan na nakasunod sa payong ito?

**2. "Alinmang hula ng kasulatan ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag" (II Ni Pedro 1:20)**

- Basahin ang II Ni Pedro 1:20–21. Ano ang itinuro ni Pedro sa mga talatang ito tungkol sa pinagmulan ng mga banal na kasulatan? Ano ang itinuro ni Pedro tungkol sa pagpapakahulugan sa mga banal na kasulatan? Paano natin matitiyak na tama ang pagpapakahulugan natin sa mga banal na kasulatan? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang paghahangad ng may inspirasyong pagpapakahulugan ng mga pinuno ng Simbahan at sa pamamagitan ng paghahangad ng patnubay ng Espiritu Santo.) Paano nakatulong sa inyo ang mga turo ng Simbahan o ang patnubay ng Espiritu upang maunawaan ang isang partikular na banal na kasulatan?

Aralin
# 44
# "Ang Dios ay Pag-ibig"

*I, II, at III Juan*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano ipinapakita ng Ama at ng Anak ang kanilang pagmamahal sa atin at kung paano natin dapat ipakita ang ating pagmamahal sa kanila.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. I Ni Juan 2:28–29; 3:1–2; 4:7–19; 5:1, 11–15. Itinuro ni Juan na ipinapakita ng Ama sa Langit ang kanyang pagmamahal sa atin sa pamamagitan ng paglalaan ng paraan upang tayo ay maging katulad niya at magmana ng buhay na walang hanggan.
   b. I Ni Juan 1:7–9; 2:1–2; 3:5–8, 16; 5:11–13. Itinuro ni Juan na ipinakita ni Jesus ang kanyang pagmamahal sa atin sa pamamagitan ng kanyang pagbabayad-salang sakripisyo, na nagpapahintulot sa atin na maging katulad tayo ng ating Ama sa Langit.
   c. 1 Juan 2:3–17; 3:9–24; 4:4–21; 5:1–10; II Ni Juan; III Ni Juan. Itinuro ni Juan na ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pamamagitan ng ating pagkamasunurin at ating pagmamahal sa bawat isa.

2. Karagdagang pagbabasa: Moroni 7:48; Doktrina at mga Tipan 45:3–5.

3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala ng isang larawan ng pamilya o isa sa sumusunod na mga larawan: A Family Working Together (62313); Family Fun (62384); o Family Togetherness (Gospel Art Picture Kit 616).

4. Mungkahi sa pagtuturo: "Ang pagmamahal, pagmamalasakit, katapatan sa tungkulin, hindi pagiging makasarili, pag-aaral ng banal na kasulatan, at panalangin ang nagbibigay ng espirituwal na pundasyon sa inyong pagtuturo. Ang pagsasama-sama ng mga elementong ito sa paghahanda ninyo ng mga aralin ay tutulong sa inyo upang malikha ang mga aralin nang espirituwal sa inyong puso at isipan bago ninyo ituro ang mga ito sa mga miyembro ng inyong klase" (*Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Paunang Salita, talata 6, (iii).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang larawan ng isang pamilya.

- Ano ang ilan sa mga paraan ng pagpapakita ng mga magulang ng kanilang pagmamahal sa kanilang mga anak? Paano ipinapakita ng mga anak ang kanilang pagmamahal sa kanilang mga magulang at kapatid?
- Sa anong paraan tayong lahat ay miyembro ng iisang pamilya?

Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na bilang karagdagan sa pagiging kabilang sa isang pamilya sa lupa, ang bawat isa sa atin ay espiritung anak na lalaki o babae ng ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa atin at nagnanais na pagpalain tayo. Sa kanyang mga liham ay paulit-ulit na binigyang-diin ni Juan kung paano ipinapakita ng Ama at ng Anak ang kanilang pagmamahal sa atin at kung paano natin maipapakita ang ating pagmamahal para sa kanila.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin ng banal na kasulatan.

**1. Mga pagpapahiwatig ng pamamahal ng Ama sa Langit para sa atin**

Talakayin ang mga talatang nakalista sa ibaba. Maaari ninyong naising ibuod sa pisara ang talakayan sa pamamagitan ng pagsusulat dito ng mga pagpapakita ng pag-ibig ng Diyos.

- Kung gagamit kayo ng isang salita upang ilarawan ang Ama sa Langit, ano kaya ang salitang ito? Anong salita ang ginamit ni Juan upang ilarawan ang Ama sa Langit sa I Ni Juan 4:8, 16? Bakit angkop ang salitang ito?
- Basahin ang 1 Juan 3:1–2. Anong pagpapahiwatig ng pag-ibig ng Diyos ang binanggit ni Juan sa mga talatang ito? (Tatawagin tayo ng Diyos na kanyang mga anak [na lalaki] at gagawin tayong tulad ni Cristo—niluwalhati, dinakila, at kasamang tagapagmana [ni Cristo]; tingnan din sa Mga Taga Roma 8:14–17.) Ano ang kailangan nating gawin upang matawag na mga anak [na lalaki] ng Diyos? (Tingnan sa I Ni Juan 2:28–29; 4:7; 5:1; Mga Taga Galacia 3:26–27; Mosias 5:5–9; Moroni 7:48. Ipaliwanag na samantalang tayong lahat ay mga espiritung anak ng Diyos, ang gamit ng salitang "mga anak [na lalaki] ng Diyos" sa I Ni Juan 3:1–2 ay tumutukoy sa mga nagtataglay ng pangalan ni Cristo sa pamamagitan ng pagpapabinyag at gumagalang sa kanyang pangalan sa pamamagitan ng pananampalataya at kabutihan.)
- Basahin ang I Ni Juan 4:9–10. Anong pagpapahiwatig ng pag-ibig ng Diyos ang binanggit ni Juan sa mga talatang ito? (Tingnan din sa Juan 3:16; I Ni Juan 5:11; II Nephi 9:10. Ipaliwanag na ang salitang *pangpalubagloob* sa I Ni Juan 4:10 ay tumutukoy sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo.) Paano pagpapahiwatig ng pag-ibig sa atin ng Ama sa Langit ang pagsusugo ng kanyang Anak upang tubusin ang ating mga kasalanan?
- Basahin ang I Ni Juan 4:13. Anong mga pagpapahiwatig ng pag-ibig ng Diyos ang binanggit ni Juan sa talatang ito? Paano naging mahalagang kaloob ang Espiritu sa inyong buhay?
- Itinuro ni Juan na sasagutin ng Ama sa Langit ang ating mga panalangin kung hihiling tayo ayon sa Kanyang kalooban (I Ni Juan 5:14–15). Paano nakatulong ang panalangin upang madama ninyo ng pag-ibig ng Ama sa

Langit? Bakit mahalaga ang panalangin upang maging katulad tayo ng ating Ama sa Langit?

- Itinuro ni Juan na "tayo'y nagsisiibig [sa Diyos], sapagka't siya'y unang umibig sa atin" (I Ni Juan 4:19). Ano ang ilan sa mga paraan kung paano ipinakita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa inyo? Ano ang nadarama ninyo kapag isinasaalang-alang ninyo ang mga paraan ng Diyos sa pagpapahiwatig ng kanyang pagmamahal sa inyo?

  Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson na: "Ang plano ng ating Ama sa Langit ay naglalaman ng sukdulang mga pagpapakita ng tunay na pagmamahal. Ang lahat ng ating pinakamamahal—maging ang ating mga pamilya, ating mga kaibigan, ating kasiyahan, ating kaalaman, ating mga patotoo—ay maglalaho kung hindi dahil sa ating Ama at sa Kanyang Anak, ang Panginoong Jesucristo. . . . Ang mundo ay hindi kailanman nakasaksi ng mas dakilang kaloob, ni nakakilala kailanman ng higit na wagas na pagmamahal" (sa Conference Report, Abr. 1993, 77; o *Ensign*, Mayo 1993, 62–63).

**2. Mga pagpapahiwatig ng pag-ibig ng Tagapagligtas sa atin**

Talakayin ang mga talatang nakasulat sa ibaba.

- Basahin ang I Ni Juan 3:16. Anong pagpapahiwatig ng pag-ibig ng Tagapagligtas ang binanggit ni Juan sa mga talatang ito? Anong mga biyaya ang matatanggap natin dahil sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas? (Tingnan sa I Ni Juan 1:7–9; 5:11–13; II Nephi 9:11–13; Alma 11:40–44. Maaari ninyong naising isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase habang tinatalakay ninyo ang mga talatang ito.)
- Basahin ang I Ni Juan 2:1–2. Anong pagpapahiwatig ng pag-ibig ng Tagapagligtas ang binanggit ni Juan sa mga talatang ito? Ano ang isang tagapamagitan? (Isang taong nagsusumamo para sa kapakanan ng isa pang tao.) Ano ang ginagawa ni Jesus, bilang ating tagapamagitan, para sa atin? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:3–5.)
- Itinuro ni Juan na ang Anak ng Diyos ay dumating upang sirain ang mga gawain ng diyablo (I Ni Juan 3:8). Paano sinisira ng buhay at mga turo ng Tagapagligtas ang mga gawain ng diyablo?

**3. Pagpapakita ng ating pagmamahal sa Ama sa Langit, kay Jesucristo, at sa iba**

Talakayin ang mga talatang nakalista sa ibaba. Maaari ninyong naising ibuod ang talakayan sa pisara sa pamamagitan ng paglilista ng mga paraan kung paano natin maipakikita ang ating pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

- Basahin ang I Ni Juan 2:3–6. Ano ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa kung paano maipapakita ang ating pagmamahal sa Diyos? (Tingnan din sa Juan 14:15; I Ni Juan 3:24; 5:3; II Ni Juan 1:6.) Paano ipinapakita ng pagkamasunurin ang ating pagmamahal sa Diyos?
- Basahin ang II Ni Juan 1:4 at III Ni Juan 1:4. Paano makapagdudulot ng kagalakan sa ating Ama sa Langit ang ating katapatan?

- Basahin ang I Ni Juan 2:15–17. Ano ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa kung paano natin maipapakita ang ating pagmamahal sa Diyos? Paano tayo kung minsan nagpapakita ng pagmamahal sa daigdig sa halip na pagmamahal sa Diyos? Paano tayo naaapektuhan kapag nagpapakita tayo ng pagmamahal sa daigdig? Paano natin mapaglalabanan ang pagmamahal sa mga makamundong bagay?
- Basahin ang I Ni Juan 4:7–8, 11. Ano ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa kung paano natin maipapakita ang ating pagmamahal sa Diyos? (Tingnan din sa I Ni Juan 3:11, 23; 4:21.) Paano inilarawan ni Juan ang mga taong nagsasabing mahal nila ang Diyos subalit hindi "nagmamahalan sa isa't isa"? (Tingnan sa I Ni Juan 2:9, 11; 3:14–15, 17; 4:20.) Bakit sukatan ng ating pagmamahal sa Diyos ang ating pagmamahal sa ibang tao? Paano natin madarama at maipadarama ang higit na pagmamahal para sa isa't isa? Paano kayo napagpala ng pagmamahal ng ibang tao sa inyo?

Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, ipakita muli ang larawan ng pamilya at itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang mga biyaya ng pamumuhay sa isang pamilya na kung saan ang mga miyembro nito ay nagmamahalan at minamahal nila ang Diyos? Paano natin matutulungan ang iba na matamasa ang gayunding mga pagpapala bilang bahagi ng pamilya ng Diyos?

---

Katapusan

Magpatotoo tungkol sa dakilang pagmamahal sa atin ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Himukin ang mga miyembro ng klase na alalahanin ang mga turo ni Juan habang nagsisikap silang ipakita ang kanilang pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa iba pang mga tao.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. "Nagsisilakad sa liwanag" (I Ni Juan 1:7)**

Basahin ang I Ni Juan 1:6–7.

- Ano ang ibig sabihin ng "nagsisilakad sa kadiliman"? Ano ang ibig sabihin ng "nagsisilakad sa liwanag"? (Bilang bahagi ng inyong talakayan sa mga tanong na ito, maaari ninyong naising ipaawit sa mga miyembro ng klase ang "Turuang Lumakad sa Liwanag." Tingnan sa *Mga Himno* o *Aklat ng mga Awit Pambata*.)

**2. Nagbabala si Juan laban sa espiritu ng anti-Cristo**

- Sa kanyang mga liham ay paulit-ulit na binalaan ni Juan ang mga Banal na iwasan ang mga anti-Cristo. Ano ang sinabi ni Juan na pinagsisikapang gawin ng mga anti-Cristo? (Tingnan sa I Ni Juan 2:22–23; 4:1–3; II Ni Juan 1:7). Bakit sa palagay ninyo sinisikap ng kalaban na sirain ang ating mga patotoo tungkol sa Tagapagligtas? Ano ang maaari nating gawin upang mapanatiling malakas ang ating mga patotoo?

Itinuro ni Elder M. Russell Ballard na: "Ang indibiduwal at personal na patotoo tungkol sa katotohanan ng ebanghelyo, lalo na tungkol sa banal na buhay at misyon ng Panginoong Jesucristo, ay mahalaga sa ating buhay na walang hanggan. . . . Ang buhay na walang hanggan ay nakasalalay sa ating sariling indibiduwal at personal na kaalaman tungkol sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Banal na Anak. Ang pagkakaroon lamang ng kaalaman tungkol sa kanila ay hindi sapat. Kailangan tayong magkaroon ng personal at espirituwal na mga karanasan upang maging matatag tayo sa ating patotoo. Ang mga ito ay matatamo sa pamamagitan ng paghahanap sa mga ito nang buong sigasig na tulad ng paghahanap ng pagkain ng isang taong nagugutom" (sa Conference Report, Abr. 1996, 111; o *Ensign*, Mayo 1996, 80).

**3. "Sinoman ay hindi nakakita kailan man sa Dios" (I Ni Juan 4:12)**

Kung ang iniisip ng mga miyembro ng klase na ang ibig sabihin ng I Ni Juan 4:12 ay hindi maaaring makita ng tao ang Diyos, pasangguniin sila sa katugmang talata sa Pagsasalin ni Joseph Smith, na mababasa nang ganito, "Walang sinumang tao ang nakakita sa Diyos kailanman, maliban sa kanila na naniniwala" sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, I Ni Juan 4:12. Bigyang-diin na maraming propeta ang nakakita sa Diyos. Tingnan sa Exodo 33:9–11; Juan 6:46; Ang Mga Gawa 7:55–56; Doktrina at mga Tipan 67:10–12; Moises 1:1–2; Abraham 3:11; Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17.

**4. Talakayan ng mga kabataan**

Sundan ang gawaing pantawag-pansin sa pamamagitan ng higit na madetalyeng talakayan tungkol sa kung paano makapagpapakita ang kabataan ng higit na pagmamahal sa kanilang mga magulang. Himukin ang mga miyembro ng klase na sundan ang kanilang mga ideya, at hilingin sa kanilang maghandang ibahagi ang kanilang mga karanasan sa susunod na linggo.

**5. Mga himno tungkol sa pagmamahal**

Pumili ng isang himno tungkol sa pagmamahal. Makipag-ayos upang awitin ng maliit na grupo ng mga miyembro ng klase ang himno, o ipaawit sa buong klase ang himno, basahin ang mga salita nito, o patugtugin ito.

# "Ang Matagumpay ay Magmamana ng mga Bagay na Ito"

Aralin
45

*Apocalipsis 1–3; 12*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang ilan sa mga biyaya na darating sa mga nakagagapi sa mga pagsubok ng buhay na ito sa pamamagitan ng kanilang patotoo tungkol kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
    a. Apocalipsis 1:1–3, 9–20. Si Juan ay tinagubilinan na itala ang paghahayag na tinatanggap niya mula sa Panginoon sa pamamagitan ng isang anghel. Nakita ni Juan sa paghahayag ang ilang simbolo na sumasagisag sa mga bahagi ng Simbahan ni Jesucristo.
    b. Apocalipsis 2–3. Sa pamamagitan ni Juan ay itinuro ng Panginoon sa pitong sangay ng Simbahan sa Asia ang tungkol sa dakilang mga pagpapala na naghihintay sa mga nakagagapi sa mga pagsubok at tukso ng buhay na ito.
    c. Apocalipsis 12. Nakita ni Juan ang pangitain tungkol sa Digmaan sa Langit at ang pagpapatuloy nito sa daigdig. Napag-alaman niya na nagagapi ng mga Banal si Satanas sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at ng kanilang mga patotoo.
2. Karagdagang pagbabasa: Apocalipsis 21:7; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Paghahayag ni Juan," 180–181.
3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, maghandang gamitin ang mga paglalarawan sa pahina 00 (191). Maaari ninyong naising gumuhit ng mas malaking paglalarawan ng mga ito sa pisara o sa isang malaking papel upang makita ng mga miyembro ng klase ang mga ito.
4. Mungkahi sa pagtuturo: Ang mabubuting guro ay mabubuting tagapakinig. Ang pakikinig ay kinapapalooban hindi lamang ng pagdinig kundi maging ng pagsisikap na maunawaan kung ano ang sinasabi. Ang mga guro na nakikinig ay maingat na ipinapakita na nauunawaan nila at pinahahalagahan ang bawat miyembro ng klase. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit H, Paksa 3, "Pakikinig," 211–214.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Hilingan ang mga miyembro ng klase na mag-isip ng mga simbolo na ginamit ng Panginoon sa kanyang pagtuturo noong kasalukuyan siyang nagmiministeryo sa lupa. (Maaaring kabilang sa mga sagot ang asin, trigo at mapanirang damo, tinapay, at mga punong olibo.)

- Bakit kapaki-pakinabang sa pagtuturo ang mga simbolo? (Matutulungan ng mga ito ang nag-aaral na maunawaan at matandaan ang aralin sa pamamagitan ng paghahambing ng mga hindi pangkaraniwang ideya o bagay sa mga mas pangkaraniwan; maaaring magkaroon ang mga ito ng iba't ibang antas ng kahulugan; mahihikayat ng mga ito ang nag-aaral na pag-isipan nang mas mabuti ang itinuturo.)

Ipaliwanag na ang mga simbolo ay ginagamit sa kabuuan ng mga banal na kasulatan, ngunit lalung-lalo na sa aklat ng Apocalipsis. Ipakita ang mga paglalarawan sa pahina 251, at bigyang-diin na ang mga paglalarawang ito ay nagpapakita ng mga simbolo na tinatalakay sa kabanata 1 ng Apocalipsis. Ang bawat isa sa mga simbolong ito ay tatalakayin sa araling ito.

Maaari ninyong naising ipaliwanag na si Apostol Juan, ang may-akda ng aklat ng Apocalipsis, ay nabuhay sa isang kultura na malawakang gumamit ng simbolismo sa lengguwahe at literatura nito. Ang mga mambabasa sa ngayon ay madalas na nahihirapan sa simbolismo sa mga isinulat ni Juan. Kung literal nating bibigyan ng pakahulugan ang mga bagay, ang aklat ng Apocalipsis ay tila magiging kakaiba at nakalilito. Kung tatandaan natin na marami sa bagay ay may simbolo at sumasagisag sa mga tao, bagay, o konsepto na kung saan ay pamilyar na tayo, ang aklat ay nagiging mas madaling maunawaan.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Buong panalanging isaalang-alang kung aling mga talata ng banal na kasulatan at mga tanong mula sa araling ito ang pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Gugulin ang karamihan sa oras ng klase sa pagtalakay ng mga talata at tanong na ito. Tulungan ang mga miyembro ng klase na makita na ang aklat ng Apocalipsis ay angkop at kapaki-pakinabang sa atin sa ngayon.

**1. Nakita ni Juan ang ilang simbolo na sumasagisag sa mga bahagi ng Simbahan ni Jesucristo.**

Basahin at talakayin ang Apocalipsis 1:1–3, 9–20.

Kasama ang klase ay pagbalik-aralan ang sumusunod na pangkalahatang impormasyon tungkol sa aklat ng Apocalipsis.

Si Juan ay isa sa mga orihinal na apostol ng Tagapagligtas. Itinapon siya ng pamahalaang Romano sa Patmos, isang maliit na isla sa kanlurang bahagi ng Turkey sa ngayon, dahil sa pagpapatotoo kay Jesucristo. Samantalang naroon ay dinalaw si Juan ng isang anghel at binigyan ng paghahayag na itinala niya sa kanyang mga liham sa pitong sangay ng Simbahan sa Asia (Apocalipsis 1:1, 9–11). Ang mga liham na ito ang naging aklat ng Apocalipsis.

Ang aklat ng Apocalipsis ay unang isinulat sa masimbulong lengguwahe. Ang paksa nito ay "magkakaroon ng tagumpay sa bandang huli sa mundong ito ng Diyos laban sa diyablo; isang permanenteng tagumpay ng mabuti sa masama, ng mga banal laban sa mga umusig sa kanila, ng kaharian ng Diyos laban sa mga kaharian ng mga tao at ni Satanas. . . . Ang mga detalye tungkol sa mga halimaw, ang mga digmaan, ang mga anghel, ang mga tao, atbp., ay tumutulong sa ikauunlad ng paksang ito. Sa pamamagitan ng kaunting pag-aaral, ang paksa ay mauunawan kahit na hindi lubusang natukoy ang mga detalye" (*Bible Dictionary,* "Revelation of John," 762).

Nakatala sa tatlong pambungad na kabanata ng aklat ang patotoo ni Juan tungkol sa katotohanan ng paghahayag, ang mga tagubilin ni Juan mula sa Panginoon, at ang payo ni Juan sa pitong sangay ng Simbahan sa Asia. Nakatala sa kabanata 4 ang pangitain ni Juan tungkol sa langit, at sa kabanata 5 hanggang 20 ay nakatala ang kanyang pangitain tungkol sa matagumpay na patutunguhan ng kaharian ng Diyos. Ipinakikita ng pangitaing ito ang mga pakikipagdigmaan laban sa kaharian ni Satanas, ang pagkawasak ng kaharian ni Satanas, at ang mga huling tagpo sa kasaysayan ng daigdig. Pagkatapos nito ay ang pangitain tungkol sa bagong kalangitan at bagong mundo—ang daigdig sa selestiyal na kalagayan nito (Apocalipsis 21:1–5). Ang aklat ng Apocalipsis ay nagtatapos sa patotoo ng anghel at karagdagang payo mula sa Panginoon.

- Ano ang unang anyo, o simbolo, na nakita ni Juan sa paghahayag na ito? (Tingnan sa Apocalipsis 1:12.) Ano ang isinagisag ng mga kandelero? (Tingnan sa Apocalipsis 1:20.) Bakit angkop na simbolo para sa mga sangay ng Simbahan ang mga kandelero? (Tingnan sa 3 Nephi 18:24 at ang siping-banggit sa ibaba.) Paano maaaring maging katulad ng mga kandelero ang mga purok at sangay sa ngayon?

  Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie na: "Ang mga kandelero ay naghahatid ng liwanag; hindi sila ang may likha nito. Ang gamit ng mga ito ay magbigay tanglaw, hindi para lumikha ng liwanag. Kung kaya sa paggamit ng pitong kandelero upang katawanin ang pitong simbahan na bibigyan ngayon ni Juan ng payo, ay ipinapakita ng Panginoon na ang kanyang mga kongregasyon sa mundo ay nararapat na dalhin ang kanyang liwanag sa mundo" (*Doctrinal New Testament Commentary*, 3 tomo [1966–73], 3:442).

- Saan naroon ang Tagapagligtas kung iuugnay sa pitong kandelero? (Tingnan sa Apocalipsis 1:13.) Paano nasa gitna ng kanyang Simbahan sa ngayon ang Tagapagligtas? Bakit mahalaga para sa atin ang malaman na siya ay nasa gitna ng kanyang mga tao?

- Ano ang hawak ng Tagapagligtas sa kanyang kanang kamay nang tumayo siya sa gitna ng pitong kandelero? (Tingnan sa Apocalipsis 1:16.) Ano ang isinasagisag ng pitong bituin? (Tingnan sa Apocalipsis 1:20, tingnan din sa Apocalipsis 2:1, at Apocalipsis 3:1. Sa kabuuan ng Pagsasalin ni Joseph Smith ng Apocalipsis 1–3, ang salitang *mga anghel* ay pinalitan ng salitang *mga tagapaglingkod*, nililinaw na ang mga bituin ay sumasagisag sa mga pinuno ng pitong sangay ng Simbahan.) Paanong tulad ng mga bituin ang mga pinuno ng Simbahan? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang hindi nagbabago ang mga ito at nagbibigay direksiyon sa mga tumitingin dito.)

- Ano ang lumabas sa bibig ng Tagapagligtas sa pangitaing ito? (Tingnan sa Apocalipsis 1:16.) Ano ang isinagisag ng tabak na ito? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:2.) Sa paano mga paraan tulad ng isang tabak ang salita ng Panginoon? (Tingnan sa Mga Hebreo 4:12; Helaman 3:29.)

- Anong iba pang simbolo ang tinaglay ng Panginoon sa paghahayag na ito? (Tingnan sa Apocalipsis 1:18.) Ano ang gagawin ng Tagapagligtas sa mga susing ito? (Ililigtas niya ang lahat ng tao mula sa pisikal na kamatayan, at ililigtas niya ang mabubuti mula sa espirituwal na kamatayan. Tingnan sa 2 Nephi 9:10–13.)

2. **Sinabi ng Panginoon sa pitong sangay sa Asia ang tungkol sa mga biyayang ipinangako sa mga nagtatagumpay.**

Talakayin ang Apocalipsis 2–3. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata. Ipaliwanag na ang mga kabanata 2 at 3 ay naglalaman ng mga salita ng Panginoon sa bawat isa sa pitong sangay ng Simbahan sa Asia. Binalikan ng Panginoon ang ilan sa mga kalakasan at kahinaan ng bawat sangay at binalaan ang mga Banal na itama ang kanilang mga kahinaan.

- Kung paano pinuri at itinama ng Panginoon ang mga miyembro ng Simbahan sa Asia ay gayon din naman na pinupuri at itinatama niya tayo sa ngayon. Sa anong bagay tayo maaaring papurihan ng Panginoon? Ano ang sinabi ng Panginoon sa atin na itama?

Ipaliwanag na sa kanyang mga tagubilin sa mga sangay ng Simbahan sa Asia ay ipinangako din ng Panginoon ang dakilang mga pagpapala sa mga makagagapi sa mga pagsubok at tukso ng buhay na ito. Isulat sa pisara ang *Mga Pangako sa mga Nagtatagumpay*. Habang tinatalakay ninyo ang bawat pangako, isulat ito sa pisara sa ilalim ng pamagat na ito.

*Sa Efeso (Apocalipsis 2:1–7)*

- Binalaan ng Panginoon ang mga taga Efeso na kailangan nilang magsisi, ngunit ipinangako din niya na, “Ang magtagumpay, ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay.” Ano ang isinasagisag ng punong kahoy ng buhay? (Tingnan sa 1 Nephi 11:21–22.) Bakit ito ang pinakakanais-nais sa lahat ng biyaya?

*Sa Smirna (Apocalipsis 2:8–11)*

- Binalaan ng Panginoon ang mga Banal sa Smirna na daranas sila ng kahirapan, ngunit ipinangako din niya na, “Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan.” Ano ang ikawalang kamatayan? (Tingnan sa Alma 12:16, 32; Helaman 14:18.) Paano makatutulong sa ating an pangako ng Panginoon sa mga Banal sa Smirna upang makita ang ating mga paghihirap sa tamang pananaw?

*Sa Pergamo (Apocalipsis 2:12–17)*

- Binatikos ng Panginoon ang ilan sa mga tao sa Pergamo sa pagsunod sa doktrina ni Balaam, isang propeta sa Lumang Tipan na mas naghangad ng mga papuri at gantimpala ng daigdig sa halip na hangarin niyang sundin ang kalooban ng Panginoon. Anong mga papuri at gantimpala ng daigdig ang maaaring kailanganin nating talikuran upang masunod ang kalooban ng Panginoon?
- Sa mga Banal sa Pergamo ay ipinangako ng Panginoon na, “Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago.” (Ang ibig sabihin ng salitang *natatago* sa kontekstong ito ay sagrado, o hindi nakikita ng sinuman.) Ano kaya ang isinasagisag ng natatagong mana? (Tingnan sa Juan 6:35, 49–51.)

*Sa Tiatira (Apocalipsis 2:18–29)*

- Sa kanyang mga salita sa mga Banal sa Tiatira, ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga nagtatagumpay? (Tingnan sa Apocalipsis 2:26–28. Ipaliwanag na ang mga pangakong ito ay tumutukoy sa mga pagpapala ng

kadakilaan at buhay na walang hanggan, kapag pamumunuan na ng mga matwid ang mga makalangit na kaharian.) Ano ang gabay na bakal na gagamitin ng mga matwid sa pamumuno sa mga bansa? (Tingnan sa 1 Nephi 11:25; Pagsasalin ni Joseph Smith, Apocalipsis 2:27.) Paano natin magagamit ang salita ng Diyos upang mapamunuan ang ating sariling buhay?

- Sino ang tala sa umaga na binanggit sa Apocalipsis 2:28? (Tingnan sa Apocalipsis 22:16.) Ano ang maaaring ibig sabihin ng mabigyan ng tala sa umaga? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang tanggapin si Cristo sa ating buhay at tanggapin ang mga pagpapala ng kanyang Pagbabayad-sala.)

*Sa Sardis (Apocalipsis 3:1–6)*

- Anong mga biyaya ang ipinangako ng Panginoon sa mga Banal sa Sardis? (Tingnan sa Apocalipsis 3:5.) Paano tayo inihahanda ng pakikilahok sa mga ordenansa sa templo upang "madamitan ng mapuputing damit" sa walang hanggan? Ano ang aklat ng buhay? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 128:7; tingnan din sa Exodo 32:33; Alma 5:58; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Aklat ng Buhay," 4.) Ano ang mangyayari sa mga taong ang pangalan ay nakasulat sa aklat at hindi binura dahil sa kasamaan? (Tingnan sa Apocalipsis 21:10, 23–27; Alma 5:58; Doktrina at mga Tipan 88:2.)

*Sa Filadelfia (Apocalipsis 3:7–13)*

- Ano ang sinabi ng Panginoon na gagawin niya para sa mga Banal sa Filadelfia dahil sa kanilang "tinupad . . . ang [kanyang] salita, at . . . hindi . . . ikinaila ang [kanyang] pangalan"? (Tingnan sa Apocalipsis 3:10.) Bakit mas madaling mapaglabanan ang tukso kapag matwid ang pamumuhay?
- Ipinangako ng Panginoon sa mga nagtatagumpay na, "Isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking Dios, at ang pangalan ng bayan ng aking Dios." Ano ang ibig sabihin ng maisulat sa atin ang pangalan ng Diyos at ang pangalan ng kanyang lungsod? (Magiging katulad tayo ng Diyos at mga nagiging mga mamamayan ng kanyang walang hanggang kaharian.)

*Sa Laodicea (Apocalipsis 3:14–22)*

- Isinumpa ng Panginoon ang mga Banal sa Laodicea na "[malahininga at] hindi malamig o mainit man" (Apocalipsis 3:15–16). Paano tayo kung minsan "malahininga" sa espirituwal? Paano natin madaragdagan ang ating taos na pangako sa ebanghelyo ni Jesucristo?
- Ipinangako ng Panginoon sa mga taga Laodicea na, "Ang magtatagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan" (Apocalipsis 3:21). Anong mga pagpapala ang isinasagisag ng pangakong mauupo kasama ng Panginoon sa kanyang luklukan? (Tingnan sa Mga Taga Roma 8:16–17.)

Sumangguni sa talaan ng mga pangako sa pisara, at ipaliwanag na kapag ang lahat ng pangakong ito ay magkakasamang isinasaalang-alang, ay inilalarawan ng mga ito ang walang hanggang patutunguhan ng mga mabubuti. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 132:20 bilang buod ng mga pangakong ito.

**3. Nalaman ni Juan na napagtagumpayan ng mga Banal si Satanas sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ng kanilang mga patotoo.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Apocalipsis 12. Ipaliwanag na bilang bahagi ng kanyang paghahayag ay nakita ni Juan ang isang masimbulong pangitain tungkol sa Digmaan sa Langit at ang pagpapatuloy nito sa mundo.

Ipaliwanag na ang babaing inilalarawan sa Apocalipsis 12:1–2, 5 ay sumasagisag sa Simbahan ng Diyos. Ang batang kanyang isinilang ay sumasagisag sa kaharian ng Diyos—ang pamahalaan na iiral sa mundo sa panahon ng pamumuno ni Jesucristo sa milenyo. (Tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Apocalipsis 12:7.)

- Sino ang isinasagisag ng dragon sa Apocalipsis 12? (Tingnan sa Apocalipsis 12:9.) Ano ang nangyari sa dragon at sa kanyang mga tagasunod sa Digmaan sa Langit? (Tingnan sa Apocalipsis 12:3–4, 7–9.) Ano ang ginawa ng dragon matapos siyang itaboy? (Tingnan sa Apocalipsis 12:17.) Sino ang kinakalaban ni Satanas sa ngayon? (Tingnan sa Apocalipsis 12:12.)

  Sinabi ni Pangulong Wilford Woodruff na: "May dalawang kapangyarihan sa ibabaw ng mundo at sa kalipunan ng mga naninirahan sa mundo—ang kapangyarihan ng Diyos at ang kapangyarihan ng diyablo. . . . Noong magkaroon ang Diyos ng mga tao sa mundo, sa kahit na alin pang kapanahunan, si Lucifer, ang anak ng umaga, at ang milyun-milyon na mga nahulog na espiritu na itinaboy mula sa langit, ay nakipagdigmaan sa Diyos, laban kay Cristo, laban sa gawain ng Diyos, at laban sa mga tao ng Diyos. At hindi sila atubili sa paggawa nito sa ating panahon at salinlahi. Sa tuwing ilaladlad ng Panginoon ang Kanyang kamay upang isagawa ang anumang gawain, ang mga kapangyarihang iyon ay kumikilos upang ibagsak ito" (sa *Deseret Evening News*, ika-17 ng Okt. 1896, 9; sinipi ni Gordon B. Hinckley, sa Conference Report, Okt. 1986, 56; o *Ensign*, Nob. 1986, 43).

- Paano mapagtatagumpayan ng Simbahan at ng kaharian ng Diyos si Satanas sa bandang huli? (Tingnan sa Apocalipsis 12:11.) Paano makatutulong sa atin ang Pagbabayad-sala ni Cristo at ang ating mga patotoo sa ating kani-kanyang pakikipagtunggali laban kay Satanas?

---

Katapusan

Magpatotoo na ang mga nagtatagumpay laban sa mga tukso at pagsubok ng daigdig ay magmamana ng mga biyaya ng buhay na walang hanggan. Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay nagbibigay-daan upang magtagumpay tayo kung magsisisi tayo at magiging matapat.

---


## Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang ideyang ito bilang bahagi ng aralin.


**"Narito, ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok" (Apocalipsis 3:20)**


Ipakita ang larawang Si Jesus na Nasa Pintuan (62170 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 237).

- Ano ang itinuturo ng Apocalipsis 3:20 tungkol sa Panginoon? (Tingnan din sa Apocalipsis 22:17.) Paano ninyo napatunayan na totoo ito?









Aralin
# 46

# "Siya'y Mananahan sa Kanila, at Sila'y Magiging mga Bayan Niya"

*Apocalipsis 5–6; 19–22*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na harapin ang bukas nang may pag-asa dahil alam nilang ang mga puwersa ng masama ay magagapi at ang Tagapagligtas ay matagumpay na maghahari.

**Paghahanda**

1. Basahin, pagnilay-nilayin, at ipanalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. Apocalipsis 5:1–5; 6. Nakita ni Juan sa pamamagitan ng paghahayag ang isang aklat na may pitong tatak at napanood ang ilan sa mga kaganapan ng unang anim na tatak, o kapanahunan. Nakita niyang nakipaglaban si Satanas sa mabubuting tao sa lahat ng panahon.
   b. Apocalipsis 19:1–9; 20:1–11. Nakita ni Juan na igagapos si Satanas at matagumpay na maghahari si Cristo sa Milenyo.
   c. Apocalipsis 20:12–22:21. Nalaman ni Juan na pagkatapos ng huling paghuhukom, ang mga mabubuti ay maninirahan sa piling ng Diyos.

2. Karagdagang pagbabasa: Doktrina at mga Tipan 77; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Paghahayag ni Juan," 180–181.

3. Mungkahi sa pagtuturo: "Higit sa lahat, ang pinakamahalagang paghahanda ay ang sa inyong sarili. Maghanda upang mapasainyo ang impluwensiya ng Espiritu Santo" (Boyd K. Packer, *Teach Ye Diligently* [1975], 219). Ang bawat isa sa atin ay dapat na magsikap na mamuhay tulad ng pamumuhay ng Tagapagligtas at magturo tulad ng ginawa niyang pagtuturo. Buong panalanging isaalang-alang kung ano ang magagawa ninyo upang makatiyak na nagtuturo kayo sa pamamagitan ng impluwensiya ng Espiritu Santo. (Tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, Yunit A, Paksa 6, "Mamuhay Batay sa Inyong Itinuturo," 11–12; at Yunit A, Paksa 9, "Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu," 17–18.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Kung naaangkop, gamitin ang sumusunod na gawain o ang sariling gawa ninyo upang simulan ang aralin.

Ipakita ang isang bagong pahayagan, at bigyang-diin ang dalawa o tatlong nakagagambalang mga lathalain, kagaya ng mga pangyayari tungkol sa mga krimen o kalamidad.

- Ano ang nadarama ninyo kapag nakakabasa kayo ng mga pangyayaring tulad ng mga ito? (Huwag talakayin nang detalyado ang bawat pangyayari.)

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang II Kay Timoteo 3:1.

Bigyang-diin na nabubuhay tayo sa mga huling araw, sa panahon na inilarawan ni Apostol Pablo na "mapanganib." Ipaliwanag na ang isa sa mga hamon ng pamumuhay sa mga huling araw ay pagkatutong gapiin ang takot at kawalan ng pag-asa upang mapagtagumpayan natin ang mga pagsubok at tukso. Tatalakayin ng araling ito kung paano natin masusumpungan ang pag-asa at lakas ng loob sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga pangyayaring magaganap sa mga huling araw.

---

## Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Talakayin kung paano makatutulong sa atin ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan upang magkaroon ng pag-asa habang hinaharap ang mga kahirapan sa mga huling araw. Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na hindi kailangang katakutan ng mga mabubuting tao ang Ikalawang Pagparito.

**1. Nakikipaglaban si Satanas sa mga mabubuti.**

Talakayin ang Apocalipsis 5:1–5; 6. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin nang malakas ang mga piling talata. Ipaliwanag na ang unang tatlong kabanata ng aklat ng Apocalipsis ay nakapatungkol sa kapanahunan ni Juan (tingnan sa aralin 45). Ang nalalabing bahagi ng aklat ay tumatalakay sa mga pangyayari na hindi magaganap sa kapanahunan ni Juan kundi sa hinaharap pa, mula sa Lubusang Pagtalikod [sa katotohanan] na naganap matapos ang pagkamatay ng mga Apostol hanggang sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo at sa huling paghuhukom.

Ipaliwanag na ginamit ng mga kabanata 5 at 6 ng Apocalipsis ang simbulo ng isang aklat na "tinatakang mahigpit ng pitong tatak" (Apocalipsis 5:1). Ang bawat tatak ay sumasagisag sa isang libong taon na kapanahunan ng temporal na pag-iral ng mundo (Doktrina at mga Tipan 77:6–7); tayo ay nabubuhay sa kapanahunang isinasagisag ng ikaanim na tatak. (Tingnan ang ikatlong karagdagang ideya sa pagtuturo para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pitong tatak.) Sa kabanata 6 ay binuksan ng Kordero (Jesucristo) ang unang anim na tatak, na nagpapakita ng ilan sa mga pangyayaring may kaugnayan sa bawat isa sa mga kapanahunan.

- Ang isang bagay na natutuhan natin mula sa kabanata 6 ay ang nakipaglaban si Satanas sa mabubuti sa kabuuan ng kasaysayan ng mundo. Ayon sa Apocalipsis 6:4–11, ano ang ilang paraan kung paano niya ginawa ito? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang mga nakalista sa ibaba.)

  a. Karahasan at digmaan (Apocalipsis 6:4, 8)
  b. Kagutuman at taggutom (Apocalipsis 6:5–6, 8. Ipaliwanag na ang salaping Romano ay katamtamang sahod sa maghapon at ang isang takal ng trigo ay katumbas ng isang araw na pagkain ng isang tao; isinasaad ng talata 6 na ang sahod sa maghapon ay makabibili lamang ng katumbas na pagkain sa isang araw para sa isang tao.)
  c. Pag-uusig (Apocalipsis 6:9–11)

- Anong mga paraan (taktika) ang ginagamit ni Satanas ngayon sa pagsisikap na tuksuhin ang mabubuting tao?

Isinaad ni Pangunong Gordon B. Hinckley na:

"Ang digmaang iyon, na napakapait, at napakatindi, ay nagpatuloy pa rin, at hindi kailan man natigil. Ito ang digmaan sa pagitan ng katotohanan at kamalian, sa pagitan ng kalayaang pumili at pamumuwersa, sa pagitan ng mga tagasunod ni Cristo at ng mga nagtatuwa sa Kanya. Ginagamit ng kanyang mga kaaway ang bawat pamamaraan sa tunggaliang iyon. Nagpapasasa sila sa pagsisinungaling at panlilinlang. Ginagamit nila ang salapi at kayamanan. Nalilinlang nila ang kaisipan ng mga tao. Pumapatay sila at naninira at ginagawa ang bawat makasalanan at masamang gawain upang hadlangan ang gawain ni Cristo. . . .

"Ang [pagsalungat] ay nadarama sa bawat walang-tigil na pagsisikap ng marami, kapwa sa loob at sa labas ng Simbahan, upang sirain ang pananampalataya, maliitin, hamakin, pasinungalingan, tuksuhin at akitin at ganyakin ang ating mga tao sa mga gawaing hindi naaayon sa mga turo at pamantayan ng gawaing ito ng Diyos. . . .

"Ang digmaan ay nagpapatuloy. Ito ay pinagtatalunan sa buong daigdig sa mga isyu tungkol sa kalayaang pumili at pamumuwersa. Ito ay pinagtatalunan ng hukbo ng mga misyonero sa mga isyu tungkol sa katotohanan at kamalian. Ito ay pinagtatalunan sa ating sariling buhay, araw-araw, sa ating mga tahanan, sa ating trabaho, sa ating mga samahan sa paaralan; pinagtatalunan ito sa mga tanong na ukol sa pag-ibig at paggalang, sa katapatan, sa pagkamasunurin at integridad. Lahat tayo ay kasangkot dito" (sa Conference Report, Okt. 1986, 55–58; o *Ensign*, Nob. 1986, 42, 44–45).

- Matapos ibigay ang mga puna na binanggit sa itaas ay idinagdag ni Pangulong Hinckley na, "Napapanalunan natin [ang pakikipagdigmaan laban kay Satanas], at ang hinaharap ay hindi kailanman naging mas maliwanag" (sa Conference Report, Okt. 1986, 58; o *Ensign*, Nob. 1986, 45). Paano natin mapananatili ang pag-asa at ang isang positibong pananaw habang nakikipaglaban tayo sa digmaan laban kay Satanas? Ano ang mga mapagkukunan natin na makapagpapalakas sa atin laban sa kapangyarihan ni Satanas at ng kanyang mga tagasunod? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang mga banal na kasulatan at ang mga turo ng mga buhay na propeta, awtoridad ng pagkasaserdote, mga templo, at pakikisalamuha sa iba pang mga miyembro ng Simbahan.)

**2. Si Satanas ay igagapos, at si Cristo ay matagumpay na maghahari sa Milenyo.**

Basahin at talakayin ang Apocalipsis 19:1–9 at 20:1–11.

- Binanggit ni Juan ang maraming salot, digmaan, at paghuhukom na magaganap bago sumapit ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo (Apocalipsis 8–16). Pagkatapos, sa Apocalipsis 19 ay inilarawan niya ang pagdating ng Panginoon, na isinagisag ng hapunan ng isang kasalan (Apocalipsis 19:7–9). Ano ang isinasagisag ng asawa ng Cordero? (Ang Simbahan ni Jesucristo.) Ano ang ipinahihiwatig ng simbulo ng hapunan ng kasalan, kung saan si Cristo ang kasintahang lalaki at ang Simbahan ang kasintahang babae, tungkol sa ugnayan sa pagitan ng Panginoon at ng kanyang Simbahan?

- Ano ang kailangan nating gawin upang maanyayahan sa hapunan ng kasalang ito?

  Ipinaliwanag ni Elder Bruce R. McConkie na: "Ipinararating na ngayon ng mga elder ng Israel ang mga paanyaya sa hapunan ng kasal ng Panginoon; ang mga naniniwala at sumusunod sa ebanghelyo ay tinatanggap ang paanyaya at mauupo sa takdang oras . . . sa hapag ng kasal" (*Doctrinal New Testament Commentary*, 3 tomo [1966–73], 3:563–64).

- Ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo ang magpapasimula sa Milenyo, isang libong taong panahon kung kailan personal na maghahari si Cristo sa mundo. Ano ang mangyayari kay Satanas sa Milenyo? (Tingnan sa Apocalipsis 20:1–3.) Ano na ang magiging kalagayan ng buhay kapag naigapos na si Satanas? (Tingnan sa 1 Nephi 22:26; Doktrina at mga Tipan 45:55, 58.) Paano natin malilimitahan ang kapangyarihan ni Satanas sa ating buhay sa ngayon?

- Pagkatapos ng Milenyo ay pawawalan si Satanas sa loob ng maikling panahon, at isang kahuli-hulihang digmaan ang paglalabanan ng mga hukbo ng Diyos at ng mga hukbo ni Satanas (Apocalipsis 20:7–8; Doktrina at mga Tipan 88:111–13). Ito ay tinatawag kung minsan na digmaan sa Gog at sa Magog. Ano ang magiging resulta ng malaking digmaang ito sa dakong huli ng Milenyo? (Tingnan sa Apocalipsis 20:9–11; Doktrina at mga Tipan 88:114–15.) Dahil sa alam na ang magiging resulta ng digmaan, ano ang ating pananagutan tungkol sa tagumpay na ito?

  Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na: "Araw-araw ay nadaragdagan ang mga bagong kasapi ng mga puwersa ng masama at ng puwersa ng mabuti. Araw-araw ay personal tayong gumagawa ng mga pagpapasiya na nagpapakita kung aling mithiin ang ating itinataguyod. Ang kahihinatnan ay natitiyak na—ang mga puwersa ng kabutihan ay magwawagi. Ngunit ang nananatiling aabangan ay kung *saan* papanig ang bawat isa sa atin, ngayon at sa hinaharap, sa digmaang ito—at kung gaano kalakas ang ating loob na manindigan. Mananatili ba tayong matapat sa ating nalalabing mga araw at tutuparin ang ating mga misyon na inordena noon pa mang una?" ("In His Steps," *Ensign*, Set. 1988, 2).

**3. Pagkatapos ng huling paghuhukom, ang mabubuti ay mananahan sa piling ng Diyos.**

Basahin at talakayin ang mga piling talata mula sa Apocalipsis 20:12–22:21.

- Pagkatapos ng huli at malaking digmaan ay magaganap ang huling paghuhukom. Ano ang matututuhan natin mula sa Apocalipsis 20:12 tungkol sa kung paano tayo huhusgahan? Anong mga pagpapala ang darating sa mga mahahatulang mabubuti? (Tingnan sa Apocalipsis 21:3–7. Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Maaaring kabilang sa mga sagot ang mga nakalista sa kasunod na pahina.)

  Ang mabubuti ay:

  a. Mananahan sa piling ng Diyos (Apocalipsis 21:3).
  b. Hindi na makararanas ng kamatayan, kalungkutan, pag-iyak, o sakit (Apocalipsis 21:4).
  c. Mamanahin ang lahat ng bagay bilang mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos (Apocalipsis 21:7).

- Paano makatutulong ang kaalaman tungkol sa mga dakilang pagpapalang ito sa pagharap natin sa mga kahirapan sa buhay na ito?
- Inilalarawan ng Apocalipsis 21:10–22:5 ang kaluwalhatiang selestiyal ng mundo at ng lungsod na titirahan ng mga nagkamit ng kaluwalhatiang selestiyal. Bakit walang templo sa lungsod na selestiyal? (Tingnan sa Apocalipsis 21:22. Ang layunin ng templo ay ilapit tayo sa Diyos at ituro sa atin ang kanyang plano. Kapag nanirahan na tayong muli sa kanyang piling ay hindi na kakailanganin ang mga templo.) Ano ang sinasabi sa atin ng Apocalipsis 22:14 na kailangan nating gawin upang makapasok sa tarangkahan ng lungsod na walang hanggan?

  Ikinuwento ni Pangulong David O. McKay ang isang pangitain kung saan nakakita siya ng isang magandang lungsod, ng maraming taong nakasuot ng puting kasuotan, at ang Tagapagligtas:

  "Sa pagkaunawa ko ang lungsod ay [sa Tagapagligtas]. Iyon ang Lungsod na Walang Hanggan; at ang mga taong sumusunod sa kanya ay maninirahan doon sa kapayapaan at walang hanggang kaligayahan.

  "Ngunit sino sila?

  "Tila nabasa ng Tagapagligtas ang aking kaisipan, sumagot siya sa pamamagitan ng pagtuturo sa isang pabilog na noo'y lumitaw sa may itaas nila, at kung saan ay nasusulat sa ginto ang mga salitang: *Ito ang mga Tao na Napagtagumpayan ang Daigdig—Na Tunay na Isinilang na Muli!"* (*Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay*, tinipon ni Clare Middlemiss [1976], 60).

---

Katapusan

Bigyang-diin na ang Bagong Tipan ay nagtatapos sa isang mensahe ng malaking pag-asa. Nakita ng mga propetang tulad ni Juan na Tagapagpahayag ang mga bagay na darating at sinabi niya sa atin ang mga biyayang matatanggap natin kung mananatili tayong mabuti at magtitiis hanggang sa wakas. Magpatotoo na ang mabubuti ay magtatagumpay sa katapusan ng mundo. Himukin ang mga miyembro ng klase na magkaroon ng lakas ng loob at pag-asa mula sa kaalamang ito habang naninindigan sila laban sa kasamaan at hangaring mapagtagumpayan ang mga balakid sa buhay na ito.

---

**Karagdagang mga Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay karagdagan sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ang mga panganib ng pagtutuon ng ating mga puso sa mga ari-arian sa mundo**

- Itinuturo ng Apocalipsis 18:11–18 na ang masasama ay tatangisan ang paglaho ng kanilang mga ari-arian sa mundo at mamamangha sa pagkawasak ng malaking kaharian ng mundo sa napakaikling panahon. Kailan kayo nakakita ng nawasak o naglahong mga ari-arian sa mundo sa napakadaling panahon?

- Ano ang mga panganib ng pagtutuon ng ating mga puso sa mga makamundong bagay? Sa anong mga paraan tayo ginugulo at inilalayo ng makamundong mga bagay mula sa espirituwal na mga bagay?

### 2. Ang Unang Pagkabuhay na Mag-uli

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Apocalipsis 20:4–6. Upang matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang mga talatang ito, ibahagi ang sumusunod na impormasyon (nasa ibaba):

Ang Unang Pagkabuhay na Mag-uli, o ang pagkabuhay na mag-uli ng mga matwid, ay magsisimula sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Ang mga tatanggap ng selestiyal o kaya'y terestriyal na gantimpala ay magbabangon sa pagkabuhay na mag-uling ito (Doktrina at mga Tipan 88:98–99). Ang Ikalawang Pagkabuhay na Mag-uli, o ang pagkabuhay na mag-uli ng masasama, ay hindi magsisimula hangga't hindi natatapos ang Milenyo. Ang mga tatanggap ng telestiyal na gantimpala at ang mga anak na lalaki ng kapahamakan ay magbabangon sa pagkabuhay na mag-uling ito (Doktrina at mga Tipan 88:100–102).

### 3. Ang pitong tatak sa aklat ng Apocalipsis

Ang kasunod na tsart ay naglalaan ng karagdagang impormasyon tungkol sa bawat isa sa pitong tatak. Ang tsart ay maaaring maging kapaki-pakinabang din sa pag-unawa ng istruktura ng aklat ng Apocalipsis.

| Tatak | Mga Panguhaning Pangyayari |
|---|---|
| **Unang tatak** | Ang paglikha at ang pagkahulog nina Adan at Eva; ang ministeryo ni Enoc at ang pagbabagong kalagayan ng kanyang lungsod patungo sa langit (Apocalipsis 6:1–2). |
| **Ikalawang tatak** | Si Noe at ang Baha (Apocalipsis 6:3–4). |
| **Ikatlong tatak** | Ang ministeryo nina Abraham, Isaac, Jacob, at Jose (Apocalipsis 6:5–6). |
| **Ikaapat na tatak** | Ang ministeryo ni Moises; ang Exodo; ang kapanahunan ng pamumuno ng mga hukom; ang kapanahunan ng pamumuno ng mga hari; ang pagkakahati ng kaharian; ang paggapi sa mga kaharian (Apocalipsis 6:7–8). |
| **Ikalimang tatak** | Ang pagsilang, ministeryo, pagpapako, at pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo; ang pagkakatatag ng kanyang Simbahan at ang ministeryo ng mga Apostol; pagpaslang sa mga Apostol; ang Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan (Apocalipsis 6:9–11). |
| **Ikaanim na tatak** | Pagpapatuloy ng Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan; pagpapanumbalik ng ebanghelyo sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith; mga palatandaan ng panahon ay ipinakikita (Apocalipsis 6:12–17; 7:1–8). |
| **Ikapitong tatak** | Mga digmaan, salot, at kapanglawan; Ikalawang Pagparito ng Panginoon (Apocalipsis 8:1–19:21). Milenyo ng kapayapaan (Apocalipsis 20:1–6). Pawawalan ng sandaling panahon si Satanas, ang huling malaking digmaan, at ang huling paghuhukom (Apocalipsis 20:7–15). |
| **Pagkatapos ng ikapitong tatak** | Ang mundo ay magiging selestiyal (Apocalipsis 21:1–22:6). |

- Bigyang-diin na ang unang limang tatak ay tinalakay sa 11 talata, ang ikaanim na tatak ay tinalakay sa 14 na mga talata, at ang ikapitong tatak ay tinalakay sa 226 na mga talata. Ano ang itinuturo sa atin ng pagbibigay-diin na ito?

Bigyang-diin na pinagtuunan ni Juan ng matamang pansin ang mga kaganapan sa ating kapanahunan at sa kapanahunang darating. Ang aklat ng Apocalipsis ay isinulat para sa ating panahon, at ang ating buhay ay pagpapalain habang pinag-aaralan natin ito at naghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

35681 893